13At magmula roon gumuhit ang kidlat, at sa harap niya'y biglang nagliwanag.
14Nagpakulog si Yahweh mula sa langit, tinig ng Kataas-taasang Diyos ay narinig.
15Mga palaso niya'y pinakawalan, dahil sa kidlat mga kaaway niya'y nagtakbuhan.
16Sa sigaw ni Yahweh sa mga kaaway, sa apoy ng galit niyang nag-aalab, ang tubig sa dagat ay halos maparam, mga pundasyon ng mundo'y naglitawan.
17"Mula sa ilalim ng tubig sa dagat, iniahon ako't kanyang iniligtas.

18Iniligtas ako sa mga kaaway na di ko makayang mag-isang labanan.

19Sa kagipitan ko, ako'y sinalakay, subalit para sa akin si Yahweh ang lumaban.

20Sapagkat sa akin siya'y nasiyahan, iniligtas niya ako sa kapahamakan.
21"Ginantimpalaan ako ni Yahweh pagkat ako'y nasa katuwiran, pinagpapala niya ako dahil ako'y walang kasalanan.
22Sapagkat ang tuntunin ni Yahweh ay aking sinunod, hindi ako lumihis sa landas ng aking Diyos.

23Aking sinunod ang buong kautusan, isa mang utos niya'y hindi ko sinuway.

24Nalalaman niyang ako'y walang sala, sa gawang masama'y lumalayo tuwina.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

25 Daí, retribuir-me o SENHOR segundo a
minha justiça, segundo a minha pureza
diante dos seus olhos.
26 Para com o benigno, benigno te mostras;
com o íntegro, também íntegro.
27 Com o puro, puro te mostras; com o
perverso, inflexível.
28 Tu salvas o povo humilde, mas, com um
lance de vista, abates os altivos.
29 Tu, SENHOR, és a minha lâmpada; o
SENHOR derrama luz nas minhas trevas.
30 Pois contigo desbarato exércitos, com o
meu Deus, salto muralhas.
31 O caminho de Deus é perfeito; a palavra
do SENHOR é provada; ele é escudo para
todos os que nele se refugiam.
32 Pois quem é Deus, senão o SENHOR? E
quem é rochedo, senão o nosso Deus?
33 Deus é a minha fortaleza e a minha força
e ele perfeitamente desembaraça o meu
caminho.
34 Ele deu a meus pés a ligeireza das corças
e me firmou nas minhas alturas.
35 Ele adestrou as minhas mãos para o
combate, de sorte que os meus braços
vergaram um arco de bronze.
36 Também me deste o escudo do teu
salvamento, e a tua clemência me
engrandeceu.

25Kaya't ginantimpalaan ako ni Yahweh
pagkat ako'y nasa katuwiran; pinagpapala
niya ako dahil ako'y walang kasalanan.
26"Sa mga taong tapat, ikaw rin ay tapat,
sa mga matuwid, matuwid kang ganap.
27Sa pusong malinis, bukás ka at tapat,
ngunit sa mga baluktot, hatol mo'y
marahas.
28Mga nagpapakumbabá'y iyong
inililigtas, ngunit ang palalo'y iyong
ibinabagsak.
29Ikaw po, O Yahweh, ang aking tanglaw,
pinawi mong lubos ang aking kadiliman.
30Sa tulong mo'y nalulupig ko ang mga
kaaway, sa pamamagitan mo, Diyos,
anumang pader ay nahahakbang.
31Mga paraan ng Diyos ay walang
kapintasan; pangako ni Yahweh ay
sadyang maaasahan. Sa nagpapakupkop,
siya ay kalasag.
32"Maliban kay Yahweh, may Diyos pa
bang iba? Iisang tanggulan, hindi ba't siya
na?
33Ang Diyos ang aking muog na
kanlungan, ang nag-iingat sa aking
daraanan.
34Tulad ng sa usa, paa ko'y pinatatag, sa
mga bundok iniingatan akong ligtas.
35Sinanay niya ako sa pakikipagdigma,
matigas na pana kaya kong mahila.
36"Ako'y iniligtas mo, Yahweh, ng iyong
kalinga, at sa tulong mo ako'y naging
dakila.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

37 Alongaste sob meus passos o caminho, e os meus pés não vacilaram.
38 Persegui os meus inimigos, e os derrotei, e só voltei depois de haver dado cabo deles.
39 Acabei com eles, esmagando-os a tal ponto, que não puderam levantar-se; caíram sob meus pés.
40 Pois de força me cingiste para o combate e me submeteste os que se levantaram contra mim.
41 Também puseste em fuga os meus inimigos, e os que me odiaram, eu os exterminei.
42 Olharam, mas ninguém lhes acudiu, sim, para o SENHOR, mas ele não respondeu.
43 Então, os moí como o pó da terra; esmaguei-os e, como a lama das ruas, os amassei.

44 Das contendas do meu povo me livraste e me fizeste cabeça das nações; povo que não conheci me serviu.

45 Os estrangeiros se me sujeitaram; ouvindo a minha voz, me obedeceram.

46 Sumiram-se os estrangeiros e das suas fortificações saíram espavoridos.
47 Vive o SENHOR, e bendita seja a minha Rocha! Exaltado seja o meu Deus, a Rocha da minha salvação!
48 O Deus que por mim tomou vingança e me submeteu povos;

37Binigyan mo ako ng pagtataguan, kaya di mahuli ng mga kalaban.

38Mga kaaway ko ay aking tinugis, hanggang sa malipol, di ako nagbalik.

39Nilipol ko sila at saka sinaksak, at sa paanan ko sila ay bumagsak!

40Pinalakas mo ako para sa labanan, kaya't nagsisuko ang aking kalaban.

41Mga kaaway ko'y iyong itinaboy, mga namumuhi sa aki'y pawang nalipol.

42Humanap sila ng saklolo, ngunit walang matagpuan. Hindi sila pinansin ni Yahweh nang sila'y nanawagan.
43Tinapakan ko sila hanggang sa madurog, pinulbos ko silang parang alikabok; sa mga lansangan, putik ang inabot.
44"Sa mga naghimagsik, ako'y iyong iniligtas, pamamahala sa mga bansa sa aki'y iniatas; at marami pang ibang sumuko't nabihag.
45Ang mga dayuhan sa aki'y yumuyukod, kapag narinig ang tinig ko, sila'y sumusunod.
46Sa laki ng takot ay naglalabasan sa kanilang kutang pinagtataguan.
47"Mabuhay si Yahweh! Purihin ang aking batong tanggulan. Dakilain ang aking Diyos! Ang bato ng aking kaligtasan.
48Nilulupig niya ang aking kalaban at pinapasuko sa aking paanan.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

49 o Deus que me tirou dentre os meus inimigos; sim, tu que me exaltaste acima dos meus adversários e me livraste do homem violento.

50 Celebrar-te-ei, pois, entre as nações, ó SENHOR, e cantarei louvores ao teu nome.

51 É ele quem dá grandes vitórias ao seu rei e usa de benignidade para com o seu ungido, com Davi e sua posteridade, para sempre.

2 Samuel 23

As últimas palavras de Davi

1 São estas as últimas palavras de Davi: Palavra de Davi, filho de Jessé, palavra do homem que foi exaltado, do ungido do Deus de Jacó, do mavioso salmista de Israel.

2 O Espírito do SENHOR fala por meu intermédio, e a sua palavra está na minha língua.
3 Disse o Deus de Israel, a Rocha de Israel a mim me falou: Aquele que domina com justiça sobre os homens, que domina no temor de Deus,

4 é como a luz da manhã, quando sai o sol, como manhã sem nuvens, cujo esplendor, depois da chuva, faz brotar da terra a erva.

5 Não está assim com Deus a minha casa? Pois estabeleceu comigo uma aliança

49Iniligtas ako sa aking kaaway, ako'y inilayo sa sumasalakay; sa taong marahas, ipinagsanggalang.

50"Sa lahat ng bansa ika'y aking pupurihin, ang karangalan mo'y aking aawitin, ang iyong pangalan, aking sasambahin.
51Pinagkaloobang magtagumpay lagi, ang abang lingkod mong piniling hari; di mo kailanman pababayaan ang iyong pinili, na si Haring David at ang kanyang mga susunod na lahi."

2 Samuel 23

Mga Huling Pangungusap ni David

1Ginawang dakila ng Diyos si David, anak ni Jesse. Siya ang lalaking pinili ng Diyos ni Jacob upang maging hari. Siya rin ang may-akda ng magagandang awit para sa Israel. Ito ang kanyang mga huling pangungusap:
2"Nagsasalita sa pamamagitan ko ang Espiritu ni Yahweh, ang salita niya'y nasa aking mga labi.
3Nagsalita ang Diyos ng Israel, ganito ang sinabi niya sa akin: 'Ang haring namamahalang may katarungan at namumunong may pagkatakot sa Diyos,
4ay tulad ng araw sa pagbukang-liwayway, parang araw na sumisikat kung umagang walang ulap, at nagpapakislap sa dahon ng damo pagkalipas ng ulan. '
5"Gayon pagpapalain ng Diyos ang aking sambahayan, dahil sa aming tipan na

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

eterna, em tudo bem definida e segura. Não me fará ele prosperar toda a minha salvação e toda a minha esperança?

6 Porém os filhos de Belial serão todos lançados fora como os espinhos, pois não podem ser tocados com as mãos,
7 mas qualquer, para os tocar, se armará de ferro e da haste de uma lança; e a fogo serão totalmente queimados no seu lugar.

Os valentes de Davi
1 Crônicas 11.10-47

8 São estes os nomes dos valentes de Davi: Josebe-Bassebete, filho de Taquemoni, o principal de três; este brandiu a sua lança contra oitocentos e os feriu de uma vez.

9 Depois dele, Eleazar, filho de Dodô, filho de Aoí, entre os três valentes que estavam com Davi, quando desafiaram os filisteus ali reunidos para a peleja. Quando já se haviam retirado os filhos de Israel,

10 ele se levantou e feriu os filisteus, até lhe cansar a mão e ficar pegada à espada; naquele dia, o SENHOR efetuou grande livramento; e o povo voltou para onde Eleazar estava somente para tomar os despojos.

11 Depois dele, Sama, filho de Agé, o hararita, quando os filisteus se ajuntaram em Leí, onde havia um pedaço de terra

walang katapusan, kasunduang mananatili magpakailanman. Siya ang magbibigay sa akin ng tagumpay, ano pa ang dapat kong hangarin?
6Ngunit ang mga walang takot sa Diyos ay matutulad sa mga tinik na itinatapon. Walang mangahas dumampot sa kanila;
7at upang sila'y ipunin, kailangan ang kasangkapang bakal. Kapag naipon naman, sila'y tutupukin.”

Mga Magigiting na Kawal ni David
(1 Cro. 11:10-41)

8Ito ang mga pangalan ng mga magigiting na kawal ni David: ang una'y si Yosev-basevet na taga-Taquemon. Siya ang pinuno ng pangkat na kung tawagi'y “Ang Tatlo.” Sa isang labanan, nakapatay siya ng 800 kalaban sa pamamagitan lamang ng kanyang sibat.
9Ang pangalawa'y si Eleazar na anak ni Dodo, mula sa lahi ni Ahohi. Siya ang kasama ni David sa Pas-dammim nang sila'y lusubin ng mga Filisteo. Natalo ang mga Israelita, at nagsiatras,
10liban kay Eleazar. Hinarap niyang mag-isa ang mga Filisteo hanggang sa manigas ang kanyang kamay sa paghawak sa espada. Ngunit pinagtagumpay siya ni Yahweh nang araw na iyon. Pagkatapos ng labanan, saka pa lamang bumalik ang kanyang mga kasamang kawal para samsaman ang mga kaaway na napatay niya.
11Ang pangatlo ay si Samma na anak ni Age, isang taga-Arar. Sa Lehi ay may isang bukid na may tanim na gisantes.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

cheio de lentilhas; e o povo fugia de diante dos filisteus.

12 Pôs-se Sama no meio daquele terreno, e o defendeu, e feriu os filisteus; e o SENHOR efetuou grande livramento.

13 Também três dos trinta cabeças desceram e, no tempo da sega, foram ter com Davi, à caverna de Adulão; e uma tropa de filisteus se acampara no vale dos Refains.

14 Davi estava na fortaleza, e a guarnição dos filisteus, em Belém.

15 Suspirou Davi e disse: Quem me dera beber água do poço que está junto à porta de Belém!

16 Então, aqueles três valentes romperam pelo acampamento dos filisteus, e tiraram água do poço junto à porta de Belém, e tomaram-na, e a levaram a Davi; ele não a quis beber, porém a derramou como libação ao SENHOR.

17 E disse: Longe de mim, ó SENHOR, fazer tal coisa; beberia eu o sangue dos homens que lá foram com perigo de sua vida? De maneira que não a quis beber. São estas as coisas que fizeram os três valentes.

18 Também Abisai, irmão de Joabe, filho de Zeruia, era cabeça de trinta; e alçou a

Dumating ang mga Filisteo at doon nagtipon. Natakot ang mga tagaroon at sila'y tumakas.

12Ngunit dumating si Samma, at tumayo sa gitna ng bukid upang ipagtanggol ito. Napatay niya ang mga Filisteo sa tulong ni Yahweh.

13Pagsisimula ng anihan, tatlo sa “Magigiting na Tatlumpu” ang nagpunta kay David sa yungib ng Adullam. Nagkakampo noon ang isang pangkat ng mga Filisteo sa Libis ng Refaim.

14Nang panahong iyon, si David ay nagkukubli sa isang kuta samantalang nagkakampo sa Bethlehem ang mga kawal na Filisteo.

15Dala ng matinding pananabik, nabigkas ni David ang ganito, “Sana'y makainom ako ng tubig buhat sa balon sa may pintuang-bayan ng Bethlehem!”

16Nang marinig nila iyon, nangahas silang lumusot sa mga bantay na Filisteo, at kumuha ng tubig sa balong nabanggit. Dinala nila ito kay David, ngunit hindi niya ito ininom. Sa halip, ang tubig ay ibinuhos niya sa lupa bilang handog kay Yahweh.

17Sinabi niya, “Hindi ko ito kayang inumin, Yahweh! Para ko na ring iinumin ang dugo ng mga nagtaya ng kanilang buhay upang makuha ito.” Minsan pang nakilala ang tapang ng tatlong magigiting na kawal na ito sa ginawa nilang iyon.

18Ang pinuno ng pangkat na binubuo ng “Tatlumpu” ay si Abisai, kapatid ni Joab

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

sua lança contra trezentos e os feriu. E tinha nome entre os primeiros três.

19 Era ele mais nobre do que os trinta e era o primeiro deles; contudo, aos primeiros três não chegou.

20 Também Benaia, filho de Joiada, era homem valente de Cabzeel e grande em obras; feriu ele dois heróis de Moabe. Desceu numa cova e nela matou um leão no tempo da neve.

21 Matou também um egípcio, homem de grande estatura; o egípcio trazia uma lança, mas Benaia o atacou com um cajado, arrancou-lhe da mão a lança e com ela o matou.

22 Estas coisas fez Benaia, filho de Joiada, pelo que teve nome entre os primeiros três valentes.

23 Era mais nobre do que os trinta, porém aos três primeiros não chegou, e Davi o pôs sobre a sua guarda.

24 Entre os trinta figuravam: Asael, irmão de Joabe; Elanã, filho de Dodô, de Belém;

na anak naman ni Zeruias. Kinikilala siya ng mga ito sapagkat minsa'y pinuksa niya sa pamamagitan lamang ng sibat ang 300 kaaway.

19Ito ang dahilan kaya ginawa siyang pinuno ng pangkat, ngunit kahit kinikilala siya sa tatlumpu, hindi pa rin siya kasintanyag ng “Tatlong Magigiting.”

20Si Benaias na anak ni Joiadang taga-Kabzeel ay isa ring magiting na kawal sa maraming pakikipaglaban. Siya ang pumatay sa dalawang lalaki na ipinagmamalaki ng Moab. Minsan, nang panahong madulas ang lupa dahil sa yelo, lumusong siya sa balon at pinatay ang isang leon na naroon.

21Siya rin ang pumatay sa isang higanteng Egipcio, kahit ang sandata niya'y isa lamang pamalo. Naagaw niya ang sibat ng Egipcio, at iyon na ang ipinampatay rito.

22Iyan ang kasaysayan ng bantog na si Benaias, ang labis na hinahangaan at kaanib ng “Tatlumpu.”

23Sa pangkat na ito, siya ay talagang kinikilala, ngunit hindi pa rin siya kasintanyag ng grupong “Ang Tatlo.” Dahil sa kanyang tapang, ginawa siyang sariling bantay ni David sa kanyang palasyo.

24Ang iba pang kabilang sa pangkat ng “Tatlumpu” ay si Asahel na kapatid ni Joab; si Elhanan na anak ni Dodo na taga-Bethlehem;

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

25 Sama, harodita; Elica, harodita;

26 Heles, paltita; Ira, filho de Iques, tecoíta;

27 Abiezer, anatotita; Mebunai, husatita;

28 Zalmom, aoíta; Maarai, netofatita;

29 Helebe, filho de Baaná, netofatita; Itai, filho de Ribai, de Gibeá, dos filhos de Benjamim;

30 Benaia, piratonita; Hidai, do ribeiro de Gaás;

31 Abi-Albom, arbatita; Azmavete, barumita;

32 Eliaba, saalbonita; os filhos de Jasém; Jônatas;

33 Sama, hararita; Aião, filho de Sarar, ararita;

34 Elifelete, filho de Aasbai, filho de um maacatita; Eliã, filho de Aitofel, gilonita;

35 Hezrai, carmelita; Paarai, arbita;

36 Igal, filho de Natã, de Zobá; Bani, gadita;

37 Zeleque, amonita; Naarai, beerotita, o que trazia as armas de Joabe, filho de Zeruia;

38 Ira, itrita; Garebe, itrita;

39 Urias, heteu; ao todo, trinta e sete.

2 Samuel 24

O levantamento do censo

1 Crônicas 21.1-6

25si Samma na isang Harodita; si Elica na Harodita rin;

26si Helez na isang Peleteo; si Ira na anak ni Ekis na taga-Tekoa;

27si Abiezer na taga-Anatot; si Mebunai na taga-Husa;

28si Zalmon na taga-Aho; si Maharai na taga-Netofa;

29si Heleb, anak ni Baana, taga-Netofa rin; si Itai, anak ni Ribai na taga-Gibea sa lupain ng Benjamin;

30si Benaias na taga-Piraton; si Hidai na buhat sa mga libis ng Gaas;

31si Abi-albon na taga-Araba; si Azmavet na taga-Bahurim;

32si Eliaba na taga-Saalbon; si Jasen na taga-Gimzo:

33si Jonatan, anak ni Samma, taga-Arar; si Ahiam, anak ni Sarar, taga-Arar din;

34si Elifelet, anak ni Ahasbai, taga-Maaca; si Eliam na anak ni Ahitofel na taga-Gilo;

35si Hezrai na taga-Carmel; si Paarai na taga-Arab;

36si Igal na anak ni Natan, taga-Soba; si Bani na mula sa Gad;

37si Selec na taga-Ammon; si Naharai na taga-Beerot, tagapagdala ng kasuotang pandigma ni Joab na anak ni Zeruias;

38sina Ira at Jareb na taga-Jatir;

39at si Urias na Heteo. May tatlumpu't pitong magigiting na kawal si David.

2 Samuel 24

Nagsagawa ng Sensus si David

(1 Cro. 21:1-27)

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

1 Tornou a ira do SENHOR a acender-se contra os israelitas, e ele incitou a Davi contra eles, dizendo: Vai, levanta o censo de Israel e de Judá.

2 Disse, pois, o rei a Joabe, comandante do seu exército: Percorre todas as tribos de Israel, de Dã até Berseba, e levanta o censo do povo, para que eu saiba o seu número.

3 Então, disse Joabe ao rei: Ora, multiplique o SENHOR, teu Deus, a este povo cem vezes mais, e o rei, meu senhor, o veja; mas por que tem prazer nisto o rei, meu senhor?

4 Porém a palavra do rei prevaleceu contra Joabe e contra os chefes do exército; saiu, pois, Joabe com os chefes do exército da presença do rei, a levantar o censo do povo de Israel.

5 Tendo eles passado o Jordão, acamparam-se em Aroer, à direita da cidade que está no meio do vale de Gade, e foram a Jazer.

6 Daqui foram a Gileade e chegaram até Cades, na terra dos heteus; seguiram a Dã-Jaã e viraram-se para Sidom;

7 chegaram à fortaleza de Tiro e a todas as cidades dos heveus e dos cananeus, donde saíram para o Neguebe de Judá, a Berseba.

1Dumating ang panahong muling nagalit sa Israel si Yahweh, at ginamit niya si David upang sila'y parusahan. Sinabi niya, “Lumakad ka at bilangin mo ang mga taga-Israel at mga taga-Juda.”
2Kaya't inutusan ni David si Joab, ang pinuno ng kanyang hukbo, “Pumunta ka kasama ng iyong mga opisyal sa lahat ng lipi ng Israel mula sa Dan hanggang Beer-seba, at bilangin ninyo ang sambayanan. Gusto kong malaman kung gaano sila karami.”
3Sumagot si Joab, “Sana'y loobin ni Yahweh, na paramihin ng sandaang ulit ang bilang ng sambayanan. At sana'y makita ninyo ang katuparan nito. Ngunit bakit gusto pa ninyong malaman ang bagay na ito?”

4Ngunit iginiit ni David ang kanyang utos, kaya't lumakad sila upang isagawa ang pagbilang sa sambayanang Israel.

5Tumawid sila ng Jordan at nagsimula sila sa Aroer tuloy sa lunsod sa gitna ng kapatagan patungong Gad hanggang sa Jazer.
6Pagkatapos, tumuloy sila sa Gilead at sa Kades, sa lupain ng mga Heteo at nagtuloy hanggang sa Dan. Mula roo'y nagpunta sila sa Sidon at nagpatuloy
7hanggang sa makarating sila sa may pader na lunsod ng Tiro. Nilibot nila ang lahat ng bayan ng mga Hivita at Cananeo

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

8 Assim, percorreram toda a terra e, ao cabo de nove meses e vinte dias, chegaram a Jerusalém.

9 Deu Joabe ao rei o recenseamento do povo: havia em Israel oitocentos mil homens de guerra, que puxavam da espada; e em Judá eram quinhentos mil.

Davi escolhe o castigo
1 Crônicas 21.7-17

10 Sentiu Davi bater-lhe o coração, depois de haver recenseado o povo, e disse ao SENHOR: Muito pequei no que fiz; porém, agora, ó SENHOR, peço-te que perdoes a iniqüidade do teu servo; porque procedi mui loucamente.

11 Ao levantar-se Davi pela manhã, veio a palavra do SENHOR ao profeta Gade, vidente de Davi, dizendo:

12 Vai e dize a Davi: Assim diz o SENHOR: Três coisas te ofereço; escolhe uma delas, para que ta faça.

13 Veio, pois, Gade a Davi e lho fez saber, dizendo: Queres que sete anos de fome te venham à tua terra? Ou que, por três meses, fujas diante de teus inimigos, e eles te persigam? Ou que, por três dias, haja peste na tua terra? Delibera, agora, e vê que resposta hei de dar ao que me enviou.

14 Então, disse Davi a Gade: Estou em grande angústia; porém caiamos nas mãos do SENHOR, porque muitas são as suas

at nagtapos sila sa Beer-seba sa katimugan ng Juda.

8Nagbalik sila sa Jerusalem pagkatapos na malibot nila ang buong lupain sa loob ng siyam na buwan at dalawampung araw.

9Iniulat ni Joab sa hari ang kabuuan ng lahat ng mga lalaking maaaring maglingkod sa hukbong sandatahan. Sa Israel ay 800,000 at sa Juda naman ay 500,000.

10Matapos ipabilang ni David ang mga tao, inusig siya ng kanyang budhi. Sinabi niya kay Yahweh, “Nagkasala ako nang malaki sa ginawa kong ito, patawarin po ninyo ako sa aking kahangalan.”

11Kinaumagahan, pagkagising ni David, sa utos ni Yahweh ay pumunta sa kanya ang propetang si Gad. Sinabi nito kay David,

12“Ito po ang ipinapasabi sa inyo ni Yahweh, ‘Mamili ka kung alin sa tatlong parusang ito ang gusto mong gawin ko sa iyo:

13Tatlong taóng taggutom sa iyong lupain, tatlong buwang pag-uusig ng iyong mga kaaway o tatlong araw na salot! Alin ang gusto ninyo para masabi ko sa nagsugo sa akin?”

14Sumagot si David, “Hirap na hirap ang aking kalooban sa nangyaring ito. Sapagkat mahabagin si Yahweh, ang pipiliin ko'y ang tuwirang parusa niya,

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

misericórdias; mas, nas mãos dos homens, não caia eu.

15 Então, enviou o SENHOR a peste a Israel, desde a manhã até ao tempo que determinou; e, de Dã até Berseba, morreram setenta mil homens do povo.

16 Estendendo, pois, o Anjo do SENHOR a mão sobre Jerusalém, para a destruir, arrependeu-se o SENHOR do mal e disse ao Anjo que fazia a destruição entre o povo: Basta, retira a mão. O Anjo estava junto à eira de Araúna, o jebuseu.

17 Vendo Davi ao Anjo que feria o povo, falou ao SENHOR e disse: Eu é que pequei, eu é que procedi perversamente; porém estas ovelhas que fizeram? Seja, pois, a tua mão contra mim e contra a casa de meu pai.

Davi erige um altar na eira de Araúna

1 Crônicas 21.18-27

18 Naquele mesmo dia, veio Gade ter com Davi e lhe disse: Sobe, levanta ao SENHOR um altar na eira de Araúna, o jebuseu.

19 Davi subiu segundo a palavra de Gade, como o SENHOR lhe havia ordenado.

20 Olhou Araúna do alto e, vendo que vinham para ele o rei e os seus homens, saiu e se inclinou diante do rei, com o rosto em terra.

21 E perguntou: Por que vem o rei, meu senhor, ao seu servo? Respondeu Davi: Para comprar de ti esta eira, a fim de edificar nela um altar ao SENHOR, para que cesse a praga de sobre o povo.

kaysa ako'y mahulog pa sa kamay ng mga tao."

15Kaya't si Yahweh ay nagpadala ng salot sa Israel, at mula sa Dan hanggang Beer-seba ay 70,000 tao ang namatay. Nangyari ito mula nang umagang iyon hanggang sa itinakdang panahon.

16Nang iunat ng anghel ang kanyang kamay upang puksain ang mga taga-Jerusalem, pinigil siya ni Yahweh. Nagbago ang pasya nito at sinabi, "Tama na! Huwag mo nang ituloy." Ang anghel ni Yahweh ay nakatayo noon sa giikan ni Arauna, isang Jebuseo.

17Nang makita ni David ang anghel, sinabi niya kay Yahweh, "Napakalaki ng pagkakasalang nagawa ko sa inyo at ang mga walang malay na tupang ito ang nagdurusa. Ako at ang aking sambahayan ang parusahan ninyo."

18Nang araw ring iyon, lumapit si Gad kay David at sinabi, "Gumawa kayo ng altar para kay Yahweh sa giikan ni Arauna."

19Sinunod ni David ang utos ni Yahweh.

20Nang makita ni Arauna na dumarating ang hari kasama ang kanyang mga lingkod, sumalubong siya at nagpatirapa sa harapan niyon.

21"Ano po kaya ang inyong pakay, Kamahalan, at dumalaw sa inyong abang lingkod?" tanong ni Arauna. Sumagot si David, "Bibilhin ko ang iyong giikan para

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

22 Então, disse Araúna a Davi: Tome e ofereça o rei, meu senhor, o que bem lhe parecer; eis aí os bois para o holocausto, e os trilhos, e a apeiragem dos bois para a lenha.

23 Tudo isto, ó rei, Araúna oferece ao rei; e ajuntou: Que o SENHOR, teu Deus, te seja propício.

24 Porém o rei disse a Araúna: Não, mas eu to comprarei pelo devido preço, porque não ofererecerei ao SENHOR, meu Deus, holocaustos que não me custem nada. Assim, Davi comprou a eira e pelos bois pagou cinqüenta siclos de prata.

25 Edificou ali Davi ao SENHOR um altar e apresentou holocaustos e ofertas pacíficas. Assim, o SENHOR se tornou favorável para com a terra, e a praga cessou de sobre Israel.

pagtayuan ng altar ni Yahweh, upang mahinto na ang salot."

22"Hindi na po kailangang bilhin ito; gamitin na po ninyo sa paghahandog, " tugon naman ni Arauna. Sinabi pa niya, "Mayroon po akong mga toro dito. Ito na po ang inyong ihandog. Ang kariton po namang ito at mga pamatok ay gawin na ninyong panggatong."

23Nang maibigay niya ang lahat ng ito ay idinugtong pa niya, "Maging kalugud-lugod nawa ang inyong handog kay Yahweh na inyong Diyos."

24Ngunit sinabi ng hari, "Hindi maaari; babayaran kita, sapagkat hindi ako maghahandog kay Yahweh nang anumang walang halaga sa akin." Kaya't binayaran ni David ang giikang iyon at ang toro sa halagang limampung pirasong pilak.

25Gumawa nga siya ng altar at nagdala roon ng handog na susunugin at handog pangkapayapaan. Pinakinggan ni Yahweh ang panalangin ni David para sa bansa at tumigil na nga ang salot sa Israel.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

O primeiro livro dos Reis

1 Reis 1

A velhice de Davi

1 Sendo o rei Davi já velho e entrado em dias, envolviam-no com roupas, porém não se aquecia.

2 Então, lhe disseram os seus servos: Procure-se para o rei, nosso senhor, uma jovem donzela, que esteja perante o rei, e tenha cuidado dele, e durma nos seus braços, para que o rei, nosso senhor, se aqueça.

3 Procuraram, pois, por todos os limites de Israel uma jovem formosa; acharam Abisague, sunamita, e a trouxeram ao rei.

4 A jovem era sobremaneira formosa; cuidava do rei e o servia, porém o rei não a possuiu.

Adonias usurpa o trono

5 Então, Adonias, filho de Hagite, se exaltou e disse: Eu reinarei. Providenciou carros, e cavaleiros, e cinqüenta homens que corressem adiante dele.

6 Jamais seu pai o contrariou, dizendo: Por que procedes assim? Além disso, era ele de aparência mui formosa e nascera depois de Absalão.

7 Entendia-se ele com Joabe, filho de Zeruia, e com Abiatar, o sacerdote, que, seguindo-o, o ajudavam.

8 Porém Zadoque, o sacerdote, e Benaia, filho de Joiada, e Natã, o profeta, e Simei,

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil

1 Mga Hari

1 Mga Hari 1

Si David nang Matanda na

1Matandang-matanda na noon si Haring David. Kahit kumutan ng makapal ay giniginaw pa rin siya.

2Kaya't sinabi ng kanyang mga lingkod, “Kung ipapahintulot po ninyo, Kamahalan, ihahanap namin kayo ng isang dalaga na dito titira at mag-aalaga sa inyo. Matutulog siya sa tabi ninyo upang mabigyan kayo ng init.”

3At naghanap nga sila sa buong Israel ng isang magandang dalaga, at natagpuan nila si Abisag na taga-Sunem. Siya'y kanilang dinala sa hari.

4Tumira siya sa piling ng hari at inalagaan ito. Bagama't siya'y napakaganda, hindi siya ginalaw ng hari.

Binalak ni Adonias na Maging Hari

5Samantala, ipinamamalita ni Adonias na anak ni Haguit na siya ang susunod na hari. May inihanda na siyang mga karwahe, mga mangangabayo at limampung alalay na kawal.

6Ni minsa'y hindi siya pinagsabihan o sinaway ng hari sa mga ginagawa niya. Si Adonias ay nakababatang kapatid ni Absalom, at napakakisig ding tulad nito.

7Kinausap na niya si Joab na anak ni Zeruias at ang paring si Abiatar, at sumang-ayon ang mga ito na siya'y tutulungan.

8Ngunit hindi pumanig sa kanya ang paring si Zadok at ang propetang si Natan,

Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society

e Reí, e os valentes que Davi tinha não apoiavam Adonias.

9 Imolou Adonias ovelhas, e bois, e animais cevados, junto à pedra de Zoelete, que está perto da fonte de Rogel, e convidou todos os seus irmãos, os filhos do rei, e todos os homens de Judá, servos do rei,

10 porém a Natã, profeta, e a Benaia, e os valentes, e a Salomão, seu irmão, não convidou.

Natã e Bate-Seba advogam a causa de Salomão

11 Então, disse Natã a Bate-Seba, mãe de Salomão: Não ouviste que Adonias, filho de Hagite, reina e que nosso senhor, Davi, não o sabe?

12 Vem, pois, e permite que eu te dê um conselho, para que salves a tua vida e a de Salomão, teu filho.

13 Vai, apresenta-te ao rei Davi e dize-lhe: Não juraste, ó rei, senhor meu, à tua serva, dizendo: Teu filho Salomão reinará depois de mim e se assentará no meu trono? Por que, pois, reina Adonias?
14 Eis que, estando tu ainda a falar com o rei, eu também entrarei depois de ti e confirmarei as tuas palavras.

15 Apresentou-se, pois, Bate-Seba ao rei na recâmara; era já o rei mui velho, e Abisague, a sunamita, o servia.

pati si Benaias na anak ni Joiada, gayundin sina Simei at Rei at ang magigiting na bantay ni David.
9Naghandog si Adonias ng maraming tupa, baka at pinatabang toro sa Bato ng Zohelete na malapit sa En-rogel. Inanyayahan niya roon ang kanyang mga kapatid, ang mga anak ng hari, at ang mga opisyal ng hari mula sa lipi ni Juda.
10Ngunit hindi niya inanyayahan ang propetang si Natan, si Benaias at ang mga bantay ng hari at ang kapatid niyang si Solomon.

11Kaya kinausap ni Natan si Batsheba na ina ni Solomon. Sabi niya, “Hindi ba ninyo alam na ipinahayag na ni Adonias na siya na ang hari at ito ay lingid sa kaalaman ni Haring David?
12Kung gusto ninyong iligtas ang sarili ninyong buhay at pati ang buhay ng inyong anak na si Solomon, ito ang maipapayo ko:
13pumunta agad kayo sa hari at sabihin sa kanya, “Hindi ba't ipinangako ninyo sa akin na si Solomon ang maghahari na kahalili ninyo? Bakit si Adonias ngayon ang naging hari?
14At samantalang kausap ninyo ang hari, papasok ako at patutunayan ko ang inyong sinabi.”
15Pumunta nga si Batsheba sa silid ng hari. Ang hari noon ay matandang-matanda na at si Abisag, ang dalagang taga-Sunem ang nag-aalaga sa kanya.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

16 Bate-Seba inclinou a cabeça e prostrou-se perante o rei, que perguntou: Que desejas?
17 Respondeu-lhe ela: SENHOR meu, juraste à tua serva pelo SENHOR, teu Deus, dizendo: Salomão, teu filho, reinará depois de mim e ele se assentará no meu trono.
18 Agora, eis que Adonias reina, e tu, ó rei, meu senhor, não o sabes.

19 Imolou bois, e animais cevados, e ovelhas em abundância. Convidou todos os filhos do rei, a Abiatar, o sacerdote, e a Joabe, comandante do exército, mas a teu servo Salomão não convidou.

20 Porém, ó rei, meu senhor, todo o Israel tem os olhos em ti, para que lhe declares quem será o teu sucessor que se assentará no teu trono.
21 Do contrário, sucederá que, quando o rei, meu senhor, jazer com seus pais, eu e Salomão, meu filho, seremos tidos por culpados.

22 Estando ela ainda a falar com o rei, eis que entra o profeta Natã.

23 E o fizeram saber ao rei, dizendo: Aí está o profeta Natã. Apresentou-se ele ao rei, prostrou-se com o rosto em terra perante ele
24 e disse: Ó rei, meu senhor, acaso disseste: Adonias reinará depois de mim e ele é quem se assentará no meu trono?

16Yumuko si Batsheba at nagpatirapa sa harapan ng hari. “Anong kailangan mo?” tanong ng hari.
17Sumagot siya, “Mahal kong hari, ipinangako po ninyo sa akin sa pangalan ng Diyos ninyong si Yahweh na ang anak kong si Solomon ang magiging hari kapalit ninyo.
18Subalit naghahari na ngayon si Adonias nang hindi ninyo nalalaman.
19Nagpatay po siya ng maraming baka, tupa at pinatabang toro. Inanyayahan po niya sa pagdiriwang na iyon ang mga anak ng hari, ang paring si Abiatar at si Joab, ang pinakamataas na pinuno ng inyong hukbo. Ngunit hindi niya inanyayahan ang inyong lingkod na si Solomon.
20Kaya po, mahal na hari, hinihintay ng buong bayang Israel na sabihin ninyo kung sino talaga ang hahalili sa inyo bilang hari.

21At kung hindi, pagkamatay po ninyo'y manganganib ang buhay ko at ng anak kong si Solomon.”

22Samantalang magkausap ang hari at si Batsheba, dumating naman ang propetang si Natan.
23May nagsabi sa hari na ito'y naghihintay, kaya't ito'y kanyang ipinatawag. Lumapit ang propeta, nagpatirapa sa harapan ng hari,
24at ang sabi, “Mahal na hari, ipinahayag na po ba ninyo na si Adonias ang papalit sa inyo?

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

25 Porque, hoje, desceu, imolou bois, e animais cevados, e ovelhas em abundância e convidou todos os filhos do rei, e os chefes do exército, e a Abiatar, o sacerdote, e eis que estão comendo e bebendo perante ele; e dizem: Viva o rei Adonias!

26 Porém a mim, sendo eu teu servo, e a Zadoque, o sacerdote, e a Benaia, filho de Joiada, e a Salomão, teu servo, não convidou.

27 Foi isto feito da parte do rei, meu senhor? E não fizeste saber a teu servo quem se assentaria no teu trono, depois de ti?

28 Respondeu o rei Davi e disse: Chamai-me a Bate-Seba. Ela se apresentou ao rei e se pôs diante dele.

29 Então, jurou o rei e disse: Tão certo como vive o SENHOR, que remiu a minha alma de toda a angústia,

30 farei no dia de hoje, como te jurei pelo SENHOR, Deus de Israel, dizendo: Teu filho Salomão reinará depois de mim e se assentará no meu trono, em meu lugar.

31 Então, Bate-Seba se inclinou, e se prostrou com o rosto em terra diante do rei, e disse: Viva o rei Davi, meu senhor, para sempre!

Salomão é constituído rei

32 Disse o rei Davi: Chamai-me Zadoque, o sacerdote, e Natã, o profeta, e Benaia, filho de Joiada. E eles se apresentaram ao rei.

25Ngayon po'y nasa labas siya ng lunsod at nagpapatay ng maraming baka, tupa at pinatabang toro. Inanyayahan po niya ang mga anak ng hari, si Joab na pinakamataas na pinuno ng hukbo at ang paring si Abiatar. Naroon po sila't nagkakainan at nag-iinuman, at ang isinisigaw ay ‘Mabuhay si Haring Adonias! ’

26Ngunit ako pong inyong lingkod, at ang paring si Zadok, si Benaias na anak ni Joiada, at ang anak ninyong si Solomon ay hindi niya inanyayahan.

27Ito po ba'y utos ng mahal na hari? Bakit po walang nagsabi sa inyong lingkod kung sino ang susunod sa inyo bilang hari?”

28Kaya't nagsalita si Haring David, “Tawagin ninyo si Batsheba.” Paglapit ni Batsheba

29ay sinabi ng hari, “Saksi si Yahweh, ang buháy na Diyos ng Israel na nagligtas sa akin sa lahat kong mga kaaway!

30Nanumpa ako noon sa pangalan niya, na ang anak mong si Solomon ang siyang hahalili sa akin. Tutuparin ko ngayon ang aking pangako.”

31Nagpatirapa si Batsheba sa harapan ng hari bilang paggalang. “Mabuhay ang Haring David magpakailanman, ” sabi niya.

32Pagkatapos, sinabi ni Haring David: “Tawagin ninyo ang paring si Zadok, ang propetang si Natan at si Benaias.” Kaya't humarap sa hari ang mga tinawag.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

33 Disse-lhes o rei: Tomai convosco os servos de vosso senhor, e fazei montar meu filho Salomão na minha mula, e levai-o a Giom.

34 Zadoque, o sacerdote, com Natã, o profeta, ali o ungirão rei sobre Israel; então, tocareis a trombeta e direis: Viva o rei Salomão!

35 Subireis após ele, e virá e se assentará no meu trono, pois é ele quem reinará em meu lugar; porque ordenei seja ele príncipe sobre Israel e sobre Judá.

36 Então, Benaia, filho de Joiada, respondeu ao rei e disse: Amém! Assim o diga o SENHOR, Deus do rei, meu senhor.

37 Como o SENHOR foi com o rei, meu senhor, assim seja com Salomão e faça que o trono deste seja maior do que o trono do rei Davi, meu senhor.

38 Então, desceu Zadoque, o sacerdote, e Natã, o profeta, e Benaia, filho de Joiada, e a guarda real, fizeram montar Salomão a mula que era do rei Davi e o levaram a Giom.

39 Zadoque, o sacerdote, tomou do tabernáculo o chifre do azeite e ungiu a Salomão; tocaram a trombeta, e todo o povo exclamou: Viva o rei Salomão!

33Sila naman ang inutusan ng hari, “Isama ninyo ang aking mga opisyal, pasakayin ninyo ang anak kong si Solomon sa aking sariling mola at samahan ninyo siya patungo sa Gihon.
34Bubuhusan siya roon ng langis bilang hari ng Israel ng paring si Zadok at ng propetang si Natan. Pagkatapos ay hipan ninyo ang trumpeta at isigaw ninyo, ‘Mabuhay si Haring Solomon! ’
35Sundan ninyo siya pabalik dito at paupuin sa aking trono, sapagkat siya ang papalit sa akin bilang hari. Siya ang aking pinili na magiging hari sa Israel at sa Juda.”
36Sumagot si Benaias, “Matutupad po! At pagtibayin nawa ito ni Yahweh, ang Diyos ng mahal na hari.
37At kung paanong pinagpala ni Yahweh ang mahal kong hari, nawa'y pagpalain din niya si Solomon. Nawa'y maging mas dakila ang kanyang paghahari kaysa paghahari ng mahal kong haring si David.”
38Lumakad nga ang paring si Zadok, ang propetang si Natan at si Benaias at ang mga Kereteo at Peleteo. Pinasakay nila si Solomon sa mola ni Haring David at sinamahan siya patungong Gihon.
39Kinuha ng paring si Zadok sa tolda ang sungay na lalagyan ng langis, at binuhusan ng langis si Solomon bilang hari. Hinipan nila ang trumpeta at nagsigawan ang lahat, “Mabuhay si Haring Solomon!”

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

40 Após ele, subiu todo o povo, tocando
gaitas e alegrando-se com grande alegria,
de maneira que, com o seu clamor, parecia
fender-se a terra.

Adonias e seus adeptos alarmam-se

41 Adonias e todos os convidados que com
ele estavam o ouviram, quando acabavam
de comer; também Joabe ouviu o sonido
das trombetas e disse: Que significa esse
ruído de cidade alvoroçada?

42 Estando ele ainda a falar, eis que vem
Jônatas, filho de Abiatar, o sacerdote;
disse Adonias: Entra, porque és homem
valente e trazes boas-novas.

43 Respondeu Jônatas e disse a Adonias:
Pelo contrário, nosso senhor, o rei Davi,
constituiu rei a Salomão.

44 E Davi enviou com ele a Zadoque, o
sacerdote, e a Natã, o profeta, e a Benaia,
filho de Joiada, e aos da guarda real; e o
fizeram montar a mula que era do rei.

45 Zadoque, o sacerdote, e Natã, o profeta,
o ungiram rei em Giom e dali subiram
alegres, e a cidade se alvoroçou; esse é o
clamor que ouviste.

46 Também Salomão já está assentado no
trono do reino.

47 Ademais, os oficiais do rei Davi vieram
congratular-se com ele e disseram: Faça
teu Deus que o nome de Salomão seja mais
célebre do que o teu nome; e faça que o

40Inihatid siya ng mga tao pabalik sa
lunsod. Habang daa'y nagsisigawan sila sa
tuwa at nagtutugtugan ng mga plauta, at
halos mayanig ang lupa sa lakas ng ingay.

41Tapos nang kumain noon ang mga
panauhin ni Adonias, at ang ingay ay
narinig nilang lahat. Narinig din ni Joab
ang tunog ng trumpeta, kaya naitanong
niya, “Ano iyon? Bakit maingay sa
lunsod?”
42Nagsasalita pa siya nang dumating si
Jonatan, anak ng paring si Abiatar.
“Halika rito, ” tawag ni Adonias. “Narito
ang isang mabuting tao at tiyak na mabuti
rin ang dala niyang balita.”
43Sumagot si Jonatan, “Hindi po!
Ipinahayag na po ni Haring David na si
Solomon na ang hari.
44Pinasama ng hari kay Solomon ang
paring si Zadok, ang propetang si Natan,
si Benaias na anak ni Joiada at ang mga
Kereteo at Peleteo at pinasakay nila ito sa
mola ng hari.
45Binuhusan na siya ng langis bilang hari
ng paring si Zadok at ng propetang si
Natan sa Gihon. Siya ay inihatid nila sa
lunsod at nagsisigawan sa tuwa ang mga
tao. Iyon po ang ingay na naririnig ninyo.
46At ngayon po, nakaupo na si Solomon sa
trono.
47Pati ang matataas na opisyal ng hari ay
pumunta na po kay Haring David at siya'y
binati. Sabi po nila, ‘Loobin nawa ng
inyong Diyos na ang pangalan ni Solomon
ay maging higit na dakila kaysa inyong

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

seu trono seja maior do que o teu trono. E o rei se inclinou sobre o leito.

48 Também disse o rei assim: Bendito o SENHOR, Deus de Israel, que deu, hoje, quem se assente no meu trono, vendo-o os meus próprios olhos.

49 Então, estremeceram e se levantaram todos os convidados que estavam com Adonias, e todos se foram, tomando cada um seu caminho.

Adonias pede indulto

50 Porém Adonias, temendo a Salomão, levantou-se, foi e pegou nas pontas do altar.

51 Foi dito a Salomão: Eis que Adonias tem medo de ti, porque pega nas pontas do altar, dizendo: Jure-me, hoje, o rei Salomão que não matará a seu servo à espada.

52 Respondeu Salomão: Se for homem de bem, nem um de seus cabelos cairá em terra; porém, se se achar nele maldade, morrerá.

53 Enviou o rei Salomão mensageiros, e o fizeram descer do altar; então, veio ele e se prostrou perante o rei Salomão, e este lhe disse: Vai para tua casa.

1 Reis 2

pangalan. At ang paghahari niya'y maging higit na dakila kaysa inyong paghahari. ’
Yumuko ang hari sa kanyang pagkakahiga,
48at ganito ang sinabi: ‘Purihin si Yahweh, ang Diyos ng Israel, sapagkat minarapat niyang makita ko sa araw na ito ang isa sa aking mga anak na nakaupo sa aking trono. ’”

49Nang marinig ito, natakot ang lahat ng panauhin ni Adonias at nagkanya-kanyang takas.

50Natakot din si Adonias kay Solomon, kaya't tumakbo siya sa altar ng Toldang Tipanan at kumapit sa mga sungay nito.
51May nagsabi kay Solomon, “Takot na takot po sa inyong Kamahalan si Adonias. Nakakapit siya sa mga sungay ng altar at ipinapasabi na hindi siya aalis doon kung hindi muna kayo mangangako na hindi ninyo siya papatayin.” Sumagot si Solomon,
52“Kung mapapatunayan niyang siya'y tapat, hindi siya mamamatay, wala ni isang hibla ng kanyang buhok ang malalaglag sa lupa. Ngunit kung hindi, siya'y mamamatay.”
53Kaya't pinapuntahan siya ni Haring Solomon at ipinakuha sa altar. Paglapit ni Adonias, nagpatirapa ito sa harapan ni Haring Solomon. Sinabi naman sa kanya ni Solomon, “Umuwi ka na sa inyo.”

1 Mga Hari 2

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

Davi dá instruções a Salomão e morre

1 Aproximando-se os dias da morte de
Davi, deu ele ordens a Salomão, seu filho,
dizendo:

2 Eu vou pelo caminho de todos os
mortais. Coragem, pois, e sê homem!

3 Guarda os preceitos do SENHOR, teu
Deus, para andares nos seus caminhos,
para guardares os seus estatutos, e os seus
mandamentos, e os seus juízos, e os seus
testemunhos, como está escrito na Lei de
Moisés, para que prosperes em tudo
quanto fizeres e por onde quer que fores;
4 para que o SENHOR confirme a palavra
que falou de mim, dizendo: Se teus filhos
guardarem o seu caminho, para andarem
perante a minha face fielmente, de todo o
seu coração e de toda a sua alma, nunca te
faltará sucessor ao trono de Israel.

5 Também tu sabes o que me fez Joabe,
filho de Zeruia, e o que fez aos dois
comandantes do exército de Israel, a
Abner, filho de Ner, e a Amasa, filho de
Jéter, os quais matou, e, em tempo de paz,
vingou o sangue derramado em guerra,
manchando com ele o cinto que trazia nos
lombos e as sandálias nos pés.

6 Faze, pois, segundo a tua sabedoria e não
permitas que suas cãs desçam à sepultura
em paz.
7 Porém, com os filhos de Barzilai, o
gileadita, usarás de benevolência, e

Mga Huling Habilin ni Haring David

1Nang malapit nang mamatay si David,
pinagbilinan niya si Solomon ng ganito:

2“Malapit na akong mamatay.
Magpakatatag ka at lakasan mo ang iyong
loob.
3Tuparin mo ang iyong tungkulin kay
Yahweh na iyong Diyos, at mamuhay ka
ayon sa kanyang kalooban. Sundin mo ang
kanyang mga batas, utos, hatol at
tuntunin ayon sa nakasulat sa Kautusan ni
Moises. Sa gayon, magtatagumpay ka sa
lahat mong gawain,
4at tutuparin ni Yahweh ang pangako niya
sa akin: ‘Kapag ang iyong mga anak at
susunod na salinlahi ay nanatiling tapat sa
akin at sumunod sa akin nang buong
puso't kaluluwa, magpapatuloy ang iyong
angkan sa trono ng Israel. ’
5“Alam mo ang ginawa sa akin ni Joab na
anak ni Zeruias, nang patayin niya ang
dalawang pinakamataas na pinuno ng
hukbo ng Israel na si Abner at si Amasa na
anak ni Jeter. Sa pagpatay niya sa
dalawang ito, ipinaghiganti sa panahon ng
kapayapaan ang dugong dumanak sa
panahon ng digmaan. Sa gayo'y
dinungisan niya ang aking pangalan
bilang marangal na mandirigma.
6Gawin mo sa kanya ang inaakala mong
dapat gawin. Huwag mong hahayaang
mamatay siya nang mapayapa.
7“Ipagpatuloy mo ang magandang
pakikitungo sa angkan ni Barzilai na taga-

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

estarão entre os que comem à tua mesa, porque assim se houveram comigo, quando eu fugia por causa de teu irmão Absalão.
8 Eis que também contigo está Simei, filho de Gera, filho de Benjamim, de Baurim, que me maldisse com dura maldição, no dia em que ia a Maanaim; porém ele saiu a encontrar-se comigo junto ao Jordão, e eu, pelo SENHOR, lhe jurei, dizendo que o não mataria à espada.
9 Mas, agora, não o tenhas por inculpável, pois és homem prudente e bem saberás o que lhe hás de fazer para que as suas cãs desçam à sepultura com sangue.
10 Davi descansou com seus pais e foi sepultado na Cidade de Davi.
11 Foi o tempo que Davi reinou sobre Israel quarenta anos: sete anos em Hebrom e em Jerusalém trinta e três.

12 Salomão assentou-se no trono de Davi, seu pai, e o seu reino se fortificou sobremaneira.

Morte de Adonias

13 Então, veio Adonias, filho de Hagite, a Bate-Seba, mãe de Salomão; disse ela: É de paz a tua vinda? Respondeu ele: É de paz.

14 E acrescentou: Uma palavra tenho que dizer-te. Ela disse: Fala.

15 Disse, pois, ele: Bem sabes que o reino era meu, e todo o Israel esperava que eu reinasse, ainda que o reino se transferiu e

Gilead. Paglaanan mo sila ng upuan sa iyong hapag-kainan, sapagkat tinulungan nila ako noong ako'y tumatakas sa kapatid mong si Absalom.
8“Huwag mo ring kalilimutan si Simei na taga-Bahurim, ang anak ni Gera na mula sa lipi ni Benjamin. Pinagmumura niya ako noong ako'y umalis patungo sa Mahanaim. Nang masalubong ko siya sa Jordan, ipinangako ko sa pangalan ni Yahweh na hindi ko siya papatayin.
9Ngunit tiyakin mong siya'y mapaparusahan. Matalino kang tao at alam mo ang dapat gawin. Iparanas mo sa kanya ang lupit ng kamatayan.”
10Namatay si Haring David at inilibing sa Lunsod ni David.
11Apatnapung taon siyang naghari: pitong taon sa Hebron at tatlumpu't tatlong taon naman sa Jerusalem.

Si Solomon ay Naging Hari

12Kaya't nang maupo na si Solomon sa trono ni David bilang bagong hari, matatag na ang kanyang kaharian.

13Samantala, nilapitan naman ni Adonias na anak ni Haguit ang ina ni Solomon na si Batsheba. “Kapayapaan ba ang pakay mo?” tanong ni Batsheba. “Opo! Kapayapaan po!” tugon ni Adonias,
14at idinugtong niya, “May sasabihin po ako sa inyo!” “Magpatuloy ka, ” sagot ni Batsheba.
15Nagsalita si Adonias, “Alam po naman ninyo, na ako sana ang naging hari; ito ang inaasahan ng bayan. Ngunit nawala sa

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

veio a ser de meu irmão, porque do SENHOR ele o recebeu.

16 Agora, um só pedido te faço; não mo rejeites. Ela lhe disse: Fala.

17 Ele disse: Peço-te que fales ao rei Salomão (pois não to recusará) que me dê por mulher a Abisague, sunamita.

18 Respondeu Bate-Seba: Bem, eu falarei por ti ao rei.

19 Foi, pois, Bate-Seba ter com o rei Salomão, para falar-lhe por Adonias. O rei se levantou a encontrar-se com ela e se inclinou diante dela; então, se assentou no seu trono e mandou pôr uma cadeira para sua mãe, e ela se assentou à sua mão direita.

20 Então, disse ela: Só um pequeno pedido te faço; não mo rejeites. E o rei lhe disse: Pede, minha mãe, porque to não recusarei.

21 Disse ela: Dê-se Abisague, a sunamita, a Adonias, teu irmão, por mulher.

22 Então, respondeu o rei Salomão e disse a sua mãe: Por que pedes Abisague, a sunamita, para Adonias? Pede também para ele o reino (porque é meu irmão

akin ang korona at napunta sa aking kapatid, sapagkat iyon ang kagustuhan ni Yahweh.

16Mayroon po akong hihilingin sa inyo. Huwag ninyo sanang ipagkakait sa akin!”
“Sabihin mo, ” wika uli ni Batsheba.

17At nagpatuloy si Adonias, “Alam ko pong hindi siya makakatanggi sa inyo, maaari po bang hingin ninyo sa Haring Solomon na ipagkaloob sa akin na maging asawa ko si Abisag, ang dalagang taga-Sunem?”

18“Sige! Kakausapin ko ang hari, ” sagot ni Batsheba.

19Kaya't pumunta si Batsheba kay Haring Solomon upang sabihin ang kahilingan ni Adonias. Tumayo ang hari upang siya'y salubungin, yumuko sa kanya, at saka naupo sa kanyang trono. Nagpakuha ng isa pang trono, inilagay sa kanyang kanan at doon pinaupo ang ina.

regozijo e alegria se acharão nela, ações
de graças e som de música.

4 Atendei-me, povo meu, e escutai-me,
nação minha; porque de mim sairá a lei, e
estabelecerei o meu direito como luz dos
povos.

5 Perto está a minha justiça, aparece a
minha salvação, e os meus braços
dominarão os povos; as terras do mar me
aguardam e no meu braço esperam.

6 Levantai os olhos para os céus e olhai
para a terra embaixo, porque os céus
desaparecerão como a fumaça, e a terra
envelhecerá como um vestido, e os seus
moradores morrerão como mosquitos,

1Ang sabi ni Yahweh, “Dinggin ninyo ako,
kayo, na naghahanap ng kaligtasan, at
humihingi ng tulong. Pagmasdan ninyo
ang batong malaki na inyong pinagmulan,
tingnan ninyo ang pinaghuhukayan ng
bato na inyong pinanggalingan.
2Inyong alalahanin ang ninuno ninyong si
Abraham, at ang asawa niyang si Sara na
sa lahi ninyo'y nagluwal. Nang aking
tawagin si Abraham, siya'y walang anak.
Ngunit pinagpala ko siya at pinarami ang
kanyang lahi.
3Aking aaliwin ang Jerusalem; at ang
lahat ng nakatira sa gumuhong lunsod.
Mula sa pagiging tila disyerto, gagawin ko
itong tulad ng Halamanan ng Eden.
Maghahari roon ang kagalakan at
pagpupuri, ang awitan at pasasalamat
para sa akin.

4“Pakinggan ninyo ako aking bayan,
ihahayag ko ang kautusan at katarungan
na magsisilbing tanglaw para sa lahat.

5Ang pagliligtas ko ay agad na darating,
hindi na magtatagal at ako'y
magtatagumpay. Ako'y maghahari sa
lahat ng bansa. Ang malalayong bansa ay
naghihintay sa akin, at ang pagliligtas ko
ang kanilang inaasahan.
6Sa dakong itaas, sa kalangitan kayo ay
tumingin, sa dakong ibaba, dito sa daigdig
ay magmasid din. Katulad ng usok, itong
kalangita'y pawang maglalaho, at itong
daigdig mawawasak namang parang
kasuotan. Ang mga naroon, lahat ng

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

mas a minha salvação durará para sempre,
e a minha justiça não será anulada.

7 Ouvi-me, vós que conheceis a justiça,
vós, povo em cujo coração está a minha lei;
não temais o opróbrio dos homens,
nem vos turbeis por causa das suas injúrias.

8 Porque a traça os roerá como a um vestido,
e o bicho os comerá como à lã;
mas a minha justiça durará para sempre,
e a minha salvação, para todas as gerações.

9 Desperta, desperta, arma-te de força,
braço do SENHOR;
desperta como nos dias passados,
como nas gerações antigas;
não és tu aquele que abateu o Egito
e feriu o monstro marinho?

10 Não és tu aquele que secou o mar,
as águas do grande abismo?
Aquele que fez o caminho no fundo do mar,
para que passassem os remidos?

11 Assim voltarão os resgatados do SENHOR
e virão a Sião com júbilo,
e perpétua alegria lhes coroará a cabeça;
o regozijo e a alegria os alcançarão,
e deles fugirão a dor e o gemido.

12 Eu, eu sou aquele que vos consola;
quem, pois, és tu,
para que temas o homem, que é mortal,
ou o filho do homem, que não passa de erva?

nilikha ay parang langaw na mamamatay.
Ngunit ang pagliligtas ko ay walang hanggan,
ang tagumpay ay walang katapusan.
7“Ang nakakaalam tungkol sa matuwid, sa aki'y makinig,
kayong lingkod ko na tagapag-ingat ng aking kautusan.
Hindi kayo dapat matakot sa puna ng tao,
o manlupaypay man kung laitin kayo.
8Katulad ng damit ang mga taong iyan ay masisira,
sila'y tulad ng tela na kakainin ng uod;
ngunit walang hanggan at para sa lahat ng salinlahi
ang aking tagumpay at pagliligtas.”
9Gumising ka, O Yahweh, at tulungan po ninyo kami!
Gamitin mo ang iyong kapangyarihan at iligtas mo po kami,
tulad noong una.
Hindi ba't kayo ang pumuksa kay Rahab,
na dambuhala ng karagatan?
10Kayo rin po ang nagpatuyo sa dagat at gumawa ng daan
sa gitna ng tubig, kaya nakatawid nang maayos
ang bayang iyong iniligtas.
11Ang mga tinubos ninyo'y babalik sa Jerusalem,
magsisigawan sa galak, umaawit sa tuwa.
Ang mamamalas sa kanilang mukha ay walang hanggang galak,
at sa puso nila ang lungkot at hapis ay mawawalang lahat.
12Sinabi ni Yahweh, “Ako ang nagbibigay ng iyong lakas.
Bakit ka matatakot sa kapwa mo tao?
Mamamatay rin silang tulad ng damo.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

13 Quem és tu que te esqueces do SENHOR,
que te criou, que estendeu os céus e
fundou a terra, e temes continuamente
todo o dia o furor do tirano, que se
prepara para destruir? Onde está o furor
do tirano?
14 O exilado cativo depressa será libertado,
lá não morrerá, lá não descerá à sepultura;
o seu pão não lhe faltará.

15 Pois eu sou o SENHOR, teu Deus, que
agito o mar, de modo que bramem as suas
ondas – o SENHOR dos Exércitos é o meu
nome.

16 Ponho as minhas palavras na tua boca e
te protejo com a sombra da minha mão,
para que eu estenda novos céus, funde
nova terra e diga a Sião: Tu és o meu povo.

17 Desperta, desperta, levanta-te, ó
Jerusalém, que da mão do SENHOR
bebeste o cálice da sua ira, o cálice de
atordoamento, e o esgotaste.

18 De todos os filhos que ela teve nenhum
a guiou; de todos os filhos que criou
nenhum a tomou pela mão.

19 Estas duas coisas te aconteceram; quem
teve compaixão de ti? A assolação e a
ruína, a fome e a espada! Quem foi o teu
consolador?
20 Os teus filhos já desmaiaram, jazem nas
estradas de todos os caminhos, como o

13Bakit mo nilimot si Yahweh na lumikha
sa iyo— siya na naglatag ng kalangitan at
naglagay ng pundasyon sa mundo? Bakit
lagi kang takot sa nang-aalipin? Dahil ba
sa galit sila sa iyo, at gusto kang puksain?
Ang galit nila'y huwag mong pansinin.
14Hindi na magtatagal at ang mga bihag
ay palalayain, mabubuhay sila nang
matagal at hindi magkukulang sa pagkain.
15Ako nga si Yahweh, ang Diyos na sa iyo'y
lumalang. Aking hinahalo ang pusod ng
dagat kaya umiingay ang mga alon. Ang
pangalan ko'y Yahweh na
Makapangyarihan sa lahat.
16Itinuro ko na sa iyo ang aking salita,
upang ito'y maipahayag mo; at iingatan ka
ng aking mga kamay. Ako ang naglatag
nitong kalangitan, pati mga pundasyon ng
buong daigdig, ako rin ang naglagay; sabi
ko sa Jerusalem, 'Ikaw ang aking bayan. '"

Ang Katapusan ng Paghihirap ng Jerusalem

17Gumising ka Jerusalem! Ikaw ay
magbangon, ikaw na umiinom sa kopa ng
Diyos na napopoot. Inubos mo hanggang
sa masaid ang laman niyon. Kaya ikaw ay
susuray-suray ngayon.
18Sa mga anak mo, wala kahit isang sa
iyo'y umaalalay, matapos palakihin, at
wala man lang humahawak sa iyong mga
kamay.
19Dalawang sakuna ang dumating sa iyo;
winasak ng digmaan ang iyong lupain at
nagkagutom ang mga tao. Wala isa mang
umaliw sa iyo.
20Lupaypay na nakahandusay sa
lansangan ang mga tao. Tulad nila'y usang

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

antílope, na rede; estão cheios da ira do SENHOR e da repreensão do teu Deus.

21 Pelo que agora ouve isto, ó tu que estás aflita e embriagada, mas não de vinho.

22 Assim diz o teu SENHOR, o SENHOR, teu Deus, que pleiteará a causa do seu povo: Eis que eu tomo da tua mão o cálice de atordoamento, o cálice da minha ira; jamais dele beberás;
23 pô-lo-ei nas mãos dos que te atormentaram, que disseram à tua alma: Abaixa-te, para que passemos sobre ti; e tu puseste as costas como chão e como rua para os transeuntes.

Isaías 52

1 Desperta, desperta, reveste-te da tua fortaleza, ó Sião; veste-te das tuas roupagens formosas, ó Jerusalém, cidade santa; porque não mais entrará em ti nem incircunciso nem imundo.

2 Sacode-te do pó, levanta-te e toma assento, ó Jerusalém; solta-te das cadeias de teu pescoço, ó cativa filha de Sião.

3 Porque assim diz o SENHOR: Por nada fostes vendidos; e sem dinheiro sereis resgatados.
4 Porque assim diz o SENHOR Deus: O meu povo no princípio desceu ao Egito, para nele habitar, e a Assíria sem razão o oprimiu.

nahuli sa bitag ng mangangaso; nadarama nila ang tindi ng poot ni Yahweh, ang galit ng inyong Diyos.
21Kaya ako'y inyong dinggin, kayong lupasay sa matinding hirap, at wari'y lasing gayong hindi uminom ng alak,
22ganito ang sabi ni Yahweh, na inyong Diyos at Tagapagtanggol, “Aalisin ko na ang kopa ng aking poot sa inyong mga kamay, at magmula ngayon hindi ka na iinom ng alak na iyan.

23Aking ililipat ang inuming ito sa inyong mga kaaway, na nagpahandusay sa inyo sa mga lansangan at pagkatapos kayo'y tinapakan.”

Isaias 52

Ililigtas ng Diyos ang Jerusalem

1Gumising ka Jerusalem, magpanibagong-lakas ka! O banal na lunsod, muli mong isuot ang mamahalin mong kasuotan, sapagkat mula ngayon ay hindi na makakapasok diyan ang mga hindi kumikilala sa Diyos.
2Malaya ka na, Jerusalem! Tumindig ka mula sa kinauupuang alabok, at umupo sa iyong trono. Kalagin mo ang taling nakagapos sa iyo!
3Ito ang sabi ni Yahweh sa kanyang bayan: “Ipinagbili kayo nang walang bayad, kaya tutubusin din kayo nang walang bayad.”

4Ganito ang sabi ng Panginoong Yahweh: “Sa simula, ang mga hinirang ko'y nanirahan sa Egipto bilang mga dayuhan.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

5 Agora, que farei eu aqui, diz o SENHOR, visto ter sido o meu povo levado sem preço? Os seus tiranos sobre ele dão uivos, diz o SENHOR; e o meu nome é blasfemado incessantemente todo o dia.
6 Por isso, o meu povo saberá o meu nome; portanto, naquele dia, saberá que sou eu quem fala: Eis-me aqui.

7 Que formosos são sobre os montes os pés do que anuncia as boas-novas, que faz ouvir a paz, que anuncia coisas boas, que faz ouvir a salvação, que diz a Sião: O teu Deus reina!

8 Eis o grito dos teus atalaias! Eles erguem a voz, juntamente exultam; porque com seus próprios olhos distintamente vêem o retorno do SENHOR a Sião.

9 Rompei em júbilo, exultai à uma, ó ruínas de Jerusalém; porque o SENHOR consolou o seu povo, remiu a Jerusalém.

10 O SENHOR desnudou o seu santo braço à vista de todas as nações; e todos os confins da terra verão a salvação do nosso Deus.

11 Retirai-vos, retirai-vos, saí de lá, não toqueis coisa imunda; saí do meio dela, purificai-vos, vós que levais os utensílios do SENHOR.

Pagkatapos, inalipin kayo ng mga taga-Asiria na hindi man lamang binayaran.
5Ganyan din ang nangyari sa inyo nang kayo'y bihagin sa Babilonia. Binihag kayo at hindi binayaran. Nagmamayabang ang mga bumihag sa inyo. Walang humpay ang kanilang paglait sa aking pangalan.
6Kaya darating ang araw, malalaman ninyong ako ang Diyos na nagsalita sa inyo.”
7O kay gandang pagmasdan sa mga kabundukan, ang sugong dumarating upang ipahayag ang kapayapaan, at nagdadala ng Magandang Balita. Ipahahayag niya ang tagumpay at sasabihin: “Zion, ang Diyos mo ay naghahari!”
8Narito! Sisigaw ang nagbabantay, dahil sa galak, sama-sama silang aawit; makikita nila si Yahweh na babalik sa Zion.
9Magsiawit kayo, mga guhong pader nitong Jerusalem; sapagkat inaliw ng Diyos ang hinirang niyang bayan; iniligtas na niya itong Jerusalem.
10Sa lahat ng bansa, makikita ng mga nilalang, ang kamay ni Yahweh na tanda ng kalakasan; at ang pagliligtas ng ating Diyos tiyak na mahahayag.
11Lisanin ninyo ang Babilonia, mga tagapagdala ng kasangkapan ng Templo. Huwag kayong hihipo ng anumang bagay na ipinagbabawal. Manatili kayong malinis at kayo ay mag-alisan.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

12 Porquanto não saireis apressadamente,
nem vos ireis fugindo; porque o SENHOR
irá adiante de vós, e o Deus de Israel será
a vossa retaguarda.

O sofrimento vicário do Servo do Senhor

13 Eis que o meu Servo procederá com
prudência; será exaltado e elevado e será
mui sublime.
14 Como pasmaram muitos à vista dele
(pois o seu aspecto estava mui
desfigurado, mais do que o de outro
qualquer, e a sua aparência, mais do que
a dos outros filhos dos homens),

15 assim causará admiração às nações, e os
reis fecharão a sua boca por causa dele;
porque aquilo que não lhes foi anunciado
verão, e aquilo que não ouviram
entenderão.

Isaías 53

1 Quem creu em nossa pregação? E a
quem foi revelado o braço do SENHOR?

2 Porque foi subindo como renovo perante
ele e como raiz de uma terra seca; não
tinha aparência nem formosura; olhamo-
lo, mas nenhuma beleza havia que nos
agradasse.

3 Era desprezado e o mais rejeitado entre
os homens; homem de dores e que sabe o
que é padecer; e, como um de quem os

12Ngayon ay lalakad kayong hindi na
nagmamadali. Hindi na kayo
magtatangkang tumakas. Papatnubayan
kayo ni Yahweh; at iingatan sa lahat ng
saglit ng Diyos ng Israel.

Ang Nagdurusang Lingkod

13Sinabi ni Yahweh, “Ang lingkod ko'y
magtatagumpay sa kanyang gawain;
mababantog siya at dadakilain.

14Marami ang nagulat nang siya'y makita,
dahil sa pagkabugbog sa kanya, halos
hindi makilala kung siya ay tao.

15Ngayo'y marami rin ang mga bansang
magugulantang; pati mga hari kapag
siya'y nakita ay matitigilan. Makikita nila
ang hindi nabalita kahit na kailan, at
mauunawaan ang hindi pa narinig
ninuman!”

Isaias 53

1Sumagot ang mga tao, “Sino ang
maniniwala sa ibinabalita naming ito?
Kanino mo ipinakita ang iyong
kapangyarihan?
2Kalooban ni Yahweh na matulad sa isang
halaman ang kanyang lingkod, parang
ugat na natanim sa tuyong lupa. Walang
katangian o kagandahang makatawag-
pansin, walang taglay na pang-akit para
siya ay lapitan.
3Hinamak siya ng mga tao at itinakwil.
Nagdanas siya ng hapdi at hirap. Wala
man lang pumansin sa kanya. Binale-wala
natin siya, na parang walang kabuluhan.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

homens escondem o rosto, era desprezado,
e dele não fizemos caso.
4 Certamente, ele tomou sobre si as nossas
enfermidades e as nossas dores levou
sobre si; e nós o reputávamos por aflito,
ferido de Deus e oprimido.
5 Mas ele foi traspassado pelas nossas
transgressões e moído pelas nossas
iniqüidades; o castigo que nos traz a paz
estava sobre ele, e pelas suas pisaduras
fomos sarados.
6 Todos nós andávamos desgarrados como
ovelhas; cada um se desviava pelo
caminho, mas o SENHOR fez cair sobre ele
a iniqüidade de nós todos.

7 Ele foi oprimido e humilhado, mas não
abriu a boca; como cordeiro foi levado ao
matadouro; e, como ovelha muda perante
os seus tosquiadores, ele não abriu a boca.

8 Por juízo opressor foi arrebatado, e de
sua linhagem, quem dela cogitou?
Porquanto foi cortado da terra dos
viventes; por causa da transgressão do
meu povo, foi ele ferido.
9 Designaram-lhe a sepultura com os
perversos, mas com o rico esteve na sua
morte, posto que nunca fez injustiça, nem
dolo algum se achou em sua boca.

10 Todavia, ao SENHOR agradou moê-lo,
fazendo-o enfermar; quando der ele a sua
alma como oferta pelo pecado, verá a sua
posteridade e prolongará os seus dias; e a

4“Tunay ngang inalis niya ang ating mga
kahinaan, pinagaling niya ang ating mga
karamdaman. Subalit inakala nating iyo'y
parusa ng Diyos sa kanya.
5Ngunit dahil sa ating mga kasalanan kaya
siya nasugatan; siya ay binugbog dahil sa
ating kasamaan. Tayo ay gumaling dahil
sa pahirap na dinanas niya at sa mga
hampas na kanyang tinanggap.
6Tayong lahat ay tulad ng mga tupang
naliligaw; nagkanya-kanya tayo ng lakad.
Ngunit ipinataw ni Yahweh sa kanya ang
kaparusahang tayo ang dapat tumanggap.
7“Siya ay binugbog at pinahirapan, ngunit
hindi kumibo kahit isang salita; tulad ay
tupang nakatakdang patayin, parang
korderong hindi tumututol kahit na
gupitan, at hindi umiimik kahit kaunti
man.

8Nang siya'y hulihin at hatulan upang
mamatay, wala man lamang nagtanggol sa
kanyang kalagayan. Siya ay pinatay dahil
sa sala ng sangkatauhan.

9Siya'y inilibing na kasama ng masasama
at mayayaman, kahit na siya'y walang
kasalanan o nagsabi man ng
kasinungalingan.”
10Sinabi ni Yahweh, “Ang kanyang
paghihirap ay kalooban ko; ang kanyang
kamatayan ay handog para sa
kapatawaran ng kasalanan. Dahil dito'y
mabubuhay siya nang matagal, makikita

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

vontade do SENHOR prosperará nas suas mãos.

11 Ele verá o fruto do penoso trabalho de sua alma e ficará satisfeito; o meu Servo, o Justo, com o seu conhecimento, justificará a muitos, porque as iniqüidades deles levará sobre si.

12 Por isso, eu lhe darei muitos como a sua parte, e com os poderosos repartirá ele o despojo, porquanto derramou a sua alma na morte; foi contado com os transgressores; contudo, levou sobre si o pecado de muitos e pelos transgressores intercedeu.

Isaías 54

O futuro glorioso de Sião

1 Canta alegremente, ó estéril, que não deste à luz; exulta com alegre canto e exclama, tu que não tiveste dores de parto; porque mais são os filhos da mulher solitária do que os filhos da casada, diz o SENHOR.

2 Alarga o espaço da tua tenda; estenda-se o toldo da tua habitação, e não o impeças; alonga as tuas cordas e firma bem as tuas estacas.

3 Porque transbordarás para a direita e para a esquerda; a tua posteridade possuirá as nações e fará que se povoem as cidades assoladas.

ang lahing susunod sa kanya. At sa pamamagitan niya'y maisasagawa ang aking panukala.

11Pagkatapos ng mahabang pagdurusa, muli siyang lalasap ng ligaya; malalaman niyang hindi nawalan ng kabuluhan ang kanyang pagtitiis. Ang tapat kong lingkod na lubos kong kinalulugdan ang siyang tatanggap sa parusa ng marami, at alang-alang sa kanya sila'y aking patatawarin.

12Dahil dito siya'y aking pararangalan, kasama ng mga dakila at makapangyarihan; sapagkat kusang-loob niyang ibinigay ang sarili at nakibahagi sa parusa ng masasama. Inako niya ang mga makasalanan at idinalanging sila'y patawarin.”

Isaias 54

Ang Pag-ibig ni Yahweh sa Israel

1“Umawit ka Jerusalem, ang babaing hindi magkaanak! Sumigaw ka sa galak, ikaw na hindi pa nakakaranas manganak. Magiging mas marami ang iyong mga anak kaysa sa kanya na may asawa, sabi ni Yahweh.”

2Gumawa ka ng mas malaking tolda, palaparin mo ang kurtina niyon. Huwag mong lagyan ng hangganan ang dakong iyon, pahabain mo ang mga tali. Ibaon mo ng malalim ang mga pantulos.

3Sapagkat kakalat kayo sa buong daigdig, aangkinin ng inyong lahi ang ibang mga bansa; at pananahanan nila ang mga lunsod doon, na iniwanan.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

4 Não temas, porque não serás envergonhada; não te envergonhes, porque não sofrerás humilhação; pois te esquecerás da vergonha da tua mocidade e não mais te lembrarás do opróbrio da tua viuvez.

5 Porque o teu Criador é o teu marido; o SENHOR dos Exércitos é o seu nome; e o Santo de Israel é o teu Redentor; ele é chamado o Deus de toda a terra.

6 Porque o SENHOR te chamou como a mulher desamparada e de espírito abatido; como a mulher da mocidade, que fora repudiada, diz o teu Deus.

7 Por breve momento te deixei, mas com grandes misericórdias torno a acolher-te;

8 num ímpeto de indignação, escondi de ti a minha face por um momento; mas com misericórdia eterna me compadeço de ti, diz o SENHOR, o teu Redentor.

9 Porque isto é para mim como as águas de Noé; pois jurei que as águas de Noé não mais inundariam a terra, e assim jurei que não mais me iraria contra ti, nem te repreenderia.

10 Porque os montes se retirarão, e os outeiros serão removidos; mas a minha misericórdia não se apartará de ti, e a

4Huwag kang matakot o panghinaan man ng loob, sapagkat hindi ka na mapapahiya. Malilimot mo na ang kahihiyang dinanas mo noong iyong kabataan; hindi mo na maaalala ang matinding kalungkutan ng pagiging isang biyuda.
5Sapagkat ang Lumalang sa iyo ay ang asawa mo, ang pangalan niya'y Yahweh na Makapangyarihan sa lahat. Ang tagapagligtas mo ay ang Banal na Diyos ng Israel, kung tawagin siya'y Diyos ng buong sanlibutan.
6Israel, ang katulad mo'y asawang iniwan at ngayo'y nagdurusa, isang babaing maagang nag-asawa at pagkatapos ay itinakwil. Ngunit pinababalik ka ngayon ni Yahweh at sa iyo'y sinasabi,
7"Sandaling panahon kitang iniwanan; ngunit dahil sa tapat kong pag-ibig, muli kitang kakalingain.
8Sa tindi ng aking galit, sandali akong lumayo sa iyo, ngunit ipadarama ko sa iyo ang aking kahabagan sa pamamagitan ng pag-ibig na wagas." Iyan ang sabi ni Yahweh na magliligtas sa iyo.
9"Noong panahon ni Noe, ako ay sumumpang hindi na mauulit na ang mundong ito'y gunawin sa tubig. Aking ipinapangako ngayon, hindi na ako magagalit sa iyo, at hindi na kita paparusahan muli.
10Maguguho ang mga bundok at ang mga burol ay mayayanig, ngunit ang wagas na pag-ibig ko'y hindi maglalaho, at

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

aliança da minha paz não será removida,
diz o SENHOR, que se compadece de ti.

11 Ó tu, aflita, arrojada com a tormenta e
desconsolada! Eis que eu assentarei as tuas
pedras com argamassa colorida e te
fundarei sobre safiras.

12 Farei os teus baluartes de rubis, as tuas
portas, de carbúnculos e toda a tua
muralha, de pedras preciosas.
13 Todos os teus filhos serão ensinados do
SENHOR; e será grande a paz de teus
filhos.
14 Serás estabelecida em justiça, longe da
opressão, porque já não temerás, e
também do espanto, porque não chegará a
ti.
15 Eis que poderão suscitar contendas, mas
não procederá de mim; quem conspira
contra ti cairá diante de ti.

16 Eis que eu criei o ferreiro, que assopra
as brasas no fogo e que produz a arma
para o seu devido fim; também criei o
assolador, para destruir.

17 Toda arma forjada contra ti não
prosperará; toda língua que ousar contra
ti em juízo, tu a condenarás; esta é a
herança dos servos do SENHOR e o seu
direito que de mim procede, diz o
SENHOR.

Isaías 55

mananatili ang kapayapaang aking
ipinangako." Iyan ang sinasabi ni Yahweh,
na nagmamahal sa iyo.

Ang Jerusalem sa Panahong Darating

11Sinabi ni Yahweh, "O Jerusalem,
nagdurusang lunsod na walang umaliw sa
kapighatian. Muling itatayo ang mga
pundasyon mo, ang gagamitin ko'y
mamahaling bato.
12Rubi ang gagamitin sa iyong mga tore,
batong maningning ang iyong pintuan at
sa mga pader ay mga hiyas na makinang.
13Ako mismo ang magtuturo sa iyong mga
anak. Sila'y magiging payapa at uunlad
ang buhay.

14Patatatagin ka ng katuwiran, magiging
ligtas ka sa mga mananakop, at wala kang
katatakutang anuman.

15Kung may sumalakay sa iyo, hindi ito
mula sa akin; ngunit mabibigo ang
sinumang sa iyo ay lumaban.
16Ako ang lumikha ng mga panday, na
nagpapaapoy sa baga at gumagawa ng
mga sandata. Ako rin ang lumikha sa mga
mandirigma, na gumagamit sa mga
sandata upang pumatay.
17Ngunit mula ngayon, wala nang
sandatang gagamitin laban sa iyo, at
masasagot mo ang anumang ibibintang sa
iyo. Ang mga lingkod ko'y aking
ipagtatanggol, at sila'y bibigyan ng
pagtatagumpay." Ito ang sinabi ni
Yahweh.

Isaias 55

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

Graça oferecida gratuitamente a todos

1 Ah! Todos vós, os que tendes sede, vinde
às águas; e vós, os que não tendes
dinheiro, vinde, comprai e comei; sim,
vinde e comprai, sem dinheiro e sem
preço, vinho e leite.

2 Por que gastais o dinheiro naquilo que
não é pão, e o vosso suor, naquilo que não
satisfaz? Ouvi-me atentamente, comei o
que é bom e vos deleitareis com finos
manjares.

3 Inclinai os ouvidos e vinde a mim; ouvi,
e a vossa alma viverá; porque convosco
farei uma aliança perpétua, que consiste
nas fiéis misericórdias prometidas a Davi.

4 Eis que eu o dei por testemunho aos
povos, como príncipe e governador dos
povos.

5 Eis que chamarás a uma nação que não
conheces, e uma nação que nunca te
conheceu correrá para junto de ti, por
amor do SENHOR, teu Deus, e do Santo de
Israel, porque este te glorificou.

6 Buscai o SENHOR enquanto se pode
achar, invocai-o enquanto está perto.

7 Deixe o perverso o seu caminho, o
iníquo, os seus pensamentos; converta-se
ao SENHOR, que se compadecerá dele, e

Ang Habag ng Diyos

1Sinabi ni Yahweh, “Narito ang tubig,
kayong mga nauuhaw. Ang mga walang
salapi ay lumapit din dito, bumili kayo ng
pagkain at ito'y kainin ninyo! Bumili kayo
ng alak at gatas kahit walang salaping
pambayad.
2Bakit gumugugol kayo ng salapi sa mga
bagay na hindi nakakabusog? Bakit ninyo
inuubos ang perang kinita sa mga bagay
na sa inyo ay hindi nagbibigay kasiyahan?
Makinig kayong mabuti sa akin at sundin
ang utos ko, at matitikman ninyo ang
pinakamasasarap na pagkain.
3Makinig kayo at lumapit sa akin. Sundin
ninyo ako at magkakaroon kayo ng buhay!
Isang walang hanggang kasunduan ang
gagawin natin; pagtitibayin ko ang aking
walang hanggang pag-ibig kay David.
4Masdan ninyo! Ginawa ko siyang saksi sa
mga bansa, pinuno at tagapagmana sa
mga bayan.
5Iyong tatawagin ang mga bansang hindi
mo kilala, mga bansang hindi ka kilala'y
sa iyo pupunta. Darating sila alang-alang
sa iyong Diyos na si Yahweh, ang Banal na
Diyos ng Israel, sapagkat pinaparangalan
ka niya.”
6Hanapin mo si Yahweh habang siya'y
matatagpuan, manalangin ka sa kanya
habang siya'y malapit pa.
7Dapat nang talikuran ang mga gawain ng
taong masama, at dapat magbago ng pag-
iisip ang taong liko. Sila'y dapat
manumbalik, at lumapit kay Yahweh

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

volte-se para o nosso Deus, porque é rico em perdoar.
8 Porque os meus pensamentos não são os vossos pensamentos, nem os vossos caminhos, os meus caminhos, diz o SENHOR,
9 porque, assim como os céus são mais altos do que a terra, assim são os meus caminhos mais altos do que os vossos caminhos, e os meus pensamentos, mais altos do que os vossos pensamentos.

10 Porque, assim como descem a chuva e a neve dos céus e para lá não tornam, sem que primeiro reguem a terra, e a fecundem, e a façam brotar, para dar semente ao semeador e pão ao que come,

11 assim será a palavra que sair da minha boca: não voltará para mim vazia, mas fará o que me apraz e prosperará naquilo para que a designei.

12 Saireis com alegria e em paz sereis guiados; os montes e os outeiros romperão em cânticos diante de vós, e todas as árvores do campo baterão palmas.

13 Em lugar do espinheiro, crescerá o cipreste, e em lugar da sarça crescerá a murta; e será isto glória para o SENHOR e memorial eterno, que jamais será extinto.

Isaías 56

upang kahabagan; at mula sa Diyos, makakamit nila ang kapatawaran.

8Ang sabi ni Yahweh, “Ang aking kaisipa'y hindi ninyo kaisipan, ang inyong kaparaanan ay hindi ko kaparaanan.

9Kung paanong ang langit ay mas mataas kaysa lupa, ang aking kaparaanan ay higit kaysa inyong kaparaanan, at ang aking kaisipan ay hindi maaabot ng inyong kaisipan.
10“Ang ulan at yelo na bumabagsak mula sa langit ay hindi na nagbabalik, kundi dinidilig nito ang lupa, kaya lumalago ang mga halaman at namumunga at nagbibigay ng butil na panghasik, at tinapay upang maging pagkain.
11Gayundin naman ang mga salita na lumalabas sa aking bibig, ang mga ito'y hindi babalik sa akin na walang katuturan. Tutuparin nito ang aking mga balak, at gagawin nito ang aking ninanais.
12“May galak na lilisanin ninyo ang Babilonia, mapayapa kayong aakayin palabas ng lunsod. Aawit sa tuwa ang mga bundok at mga burol, sisigaw sa galak ang mga punongkahoy.
13Sa halip na mga tinik, kahoy na mayabong ang siyang tutubo; sa halip na dawag, mga kakahuyan ay muling darami at magsisilago. Ang lahat ng ito'y parangal kay Yahweh, walang hanggang tanda sa lahat ng kanyang mga ginawa.”

Isaias 56

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

A vocação dos gentios

1 Assim diz o SENHOR: Mantende o juízo
e fazei justiça, porque a minha salvação
está prestes a vir, e a minha justiça,
prestes a manifestar-se.

2 Bem-aventurado o homem que faz isto, e
o filho do homem que nisto se firma, que
se guarda de profanar o sábado e guarda a
sua mão de cometer algum mal.

3 Não fale o estrangeiro que se houver
chegado ao SENHOR, dizendo: O
SENHOR, com efeito, me separará do seu
povo; nem tampouco diga o eunuco: Eis
que eu sou uma árvore seca.

4 Porque assim diz o SENHOR: Aos
eunucos que guardam os meus sábados,
escolhem aquilo que me agrada e abraçam
a minha aliança,

5 darei na minha casa e dentro dos meus
muros, um memorial e um nome melhor
do que filhos e filhas; um nome eterno
darei a cada um deles, que nunca se
apagará.

6 Aos estrangeiros que se chegam ao
SENHOR, para o servirem e para amarem
o nome do SENHOR, sendo deste modo
servos seus, sim, todos os que guardam o
sábado, não o profanando, e abraçam a
minha aliança,

Ang Lahat ng Bansa ay Mapapasama sa Bayan ng Diyos

1Ang sabi ni Yahweh sa kanyang bayan:
"Panatilihin ang katarungan at gawin ang
tama, sapagkat ang pagliligtas ko'y hindi
na magtatagal, at ang aking tagumpay ay
mahahayag na.

2Mapalad ang taong nagsasagawa nito,
siya na tumatalima sa tuntuning ito.
Iginagalang niya ang Araw ng
Pamamahinga, at lumalayo sa gawang
masama."

3Hindi dapat sabihin ng isang dayuhang
nakipagkaisa sa bayan ng Diyos, na siya'y
hindi papayagan ni Yahweh na makisama
sa pagsamba ng kanyang bayan. Hindi
dapat isipin ng mga eunuko na hindi sila
karapat-dapat na mapabilang sa bayan ng
Diyos sapagkat hindi sila magkakaanak.

4Ang sabi ni Yahweh: "Sa mga eunukong
gumagalang sa Araw ng Pamamahinga, na
gumagawa ng mga bagay na nakalulugod
sa akin at tapat na iniingatan ang aking
kasunduan.

5Ang pangalan mo'y aalalahanin sa aking
Templo at sa gitna ng aking bayan nang
mas matagal kaysa paggunita sa iyo, kung
ikaw ay nagkaroon ng mga anak. Hindi ka
malilimot kahit kailan."

6Ito naman ang sabi ni Yahweh sa mga
dating dayuhan na ngayo'y kabilang sa
kanyang bayan, buong pusong
naglilingkod sa kanya, iginagalang ang
Araw ng Pamamahinga, at matapat na
nag-iingat sa kanyang tipan:

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

7 também os levarei ao meu santo monte e
os alegrarei na minha Casa de Oração; os
seus holocaustos e os seus sacrifícios serão
aceitos no meu altar, porque a minha casa
será chamada Casa de Oração para todos
os povos.

8 Assim diz o SENHOR Deus, que congrega
os dispersos de Israel: Ainda congregarei
outros aos que já se acham reunidos.

Ai dos guias cegos de Israel!

9 Vós, todos os animais do campo, todas as
feras dos bosques, vinde comer.

10 Os seus atalaias são cegos, nada sabem;
todos são cães mudos, não podem ladrar;
sonhadores preguiçosos, gostam de
dormir.

11 Tais cães são gulosos, nunca se fartam;
são pastores que nada compreendem, e
todos se tornam para o seu caminho, cada
um para a sua ganância, todos sem
exceção.
12 Vinde, dizem eles, trarei vinho, e nos
encharcaremos de bebida forte; o dia de
amanhã será como este e ainda maior e
mais famoso.

Isaías 57

Condenada a idolatria de Israel

7"Dadalhin ko kayo sa banal na bundok.
Ipadarama ko sa inyo ang kagalakan sa
aking Templo. Malulugod ako sa inyong
mga handog; at ang aking tahanan ay
tatawaging bahay-dalanginan ng lahat ng
bansa."
8Ipinangako pa ng Panginoong Yahweh, sa
mga Israelitang ibinalik niya mula sa
pagkatapon, na marami pa siyang isasama
sa kanila para mapabilang sa kanyang
bayan.

Hinatulan ang mga Pinuno ng Israel

9Tinawag ni Yahweh ang ibang mga bansa
upang salakayin at wasakin ang kanyang
bayan, tulad ng pagsalakay ng
mababangis na hayop mula sa kagubatan.
10Ang sabi niya, "Bulag ang mga pinuno
na dapat magpaalala sa mga tao. Wala
silang nalalaman. Para silang mga asong
hindi marunong tumahol. Ang alam lang
nila'y magyabang at mangarap. Ang ibig
ay laging matulog.
11Para silang asong gutom, walang
kabusugan; sila'y mga pastol na walang
pang-unawa. Ginagawa nila ang anumang
magustuhan at walang iniisip kundi
sariling kapakanan.
12Ang sabi nila, "Halikayo, at kumuha
kayo ng alak, uminom tayo hanggang
mayroon. Mag-iinuman muli tayo bukas
nang mas marami kaysa ngayon!"

Isaias 57

Hinatulan ang Maling Pagsamba

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

1 Perece o justo, e não há quem se impressione com isso; e os homens piedosos são arrebatados sem que alguém considere nesse fato; pois o justo é levado antes que venha o mal

2 e entra na paz; descansam no seu leito os que andam em retidão.

3 Mas chegai-vos para aqui, vós, os filhos da agoureira, descendência da adúltera e da prostituta.

4 De quem chasqueais? Contra quem escancarais a boca e deitais para fora a língua? Porventura, não sois filhos da transgressão, descendência da falsidade,

5 que vos abrasais na concupiscência junto aos terebintos, debaixo de toda árvore frondosa, e sacrificais os filhos nos vales e nas fendas dos penhascos?

6 Por entre as pedras lisas dos ribeiros está a tua parte; estas, estas te cairão em sorte; sobre elas também derramas a tua libação e lhes apresentas ofertas de manjares. Contentar-me-ia eu com estas coisas?

7 Sobre monte alto e elevado pões o teu leito; para lá sobes para oferecer sacrifícios.

8 Detrás das portas e das ombreiras pões os teus símbolos eróticos, puxas as cobertas, sobes ao leito e o alargas para os adúlteros; dizes-lhes as tuas exigências,

1Ang taong matuwid kapag namamatay, walang nakakaunawa at walang nakikialam; ngunit siya'y kinukuha upang iligtas sa kapahamakan.

2Mapayapa ang buhay, ng taong lumalakad sa katuwiran kahit siya'y mamatay.

3Halikayo, mga makasalanan upang hatulan. Wala kayong pagkakaiba sa mga mangkukulam, nangangalunya at babaing masasama.

4Sino ba ang inyong pinagtatawanan? Sino ba ang inyong hinahamak? Mga anak kayo ng sinungaling.

5Sinasamba ninyo ang mga diyus-diyosan sa pamamagitan ng pakikipagtalik habang nasa ilalim ng mga punong ensina na ipinalalagay ninyong sagrado. Sinusunog ninyo bilang handog ang inyong mga anak, sa mga altar sa may libis, sa loob ng mga yungib.

6Makinis na bato'y sinasamba ninyo na tulad ng diyos, kayo'y kumukuha ng pagkain at alak upang ihandog; sa gawa bang ito, ako'y malulugod?

7Sa tuktok ng bundok, kayo'y umaahon upang maghandog, at makipagtalik.

8Pagpasok ng pinto, nagtayo kayo roon ng diyus-diyosan, ako'y nilimot ninyo at inyong nilayasan. Lubos kayong nag-alis ng suot ninyong damit; sa inyong higaa'y

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

amas-lhes a coabitação e lhes miras a nudez.

9 Vais ao rei com óleo e multiplicas os teus perfumes; envias os teus embaixadores para longe, até à profundidade do sepulcro.

10 Na tua longa viagem te cansas, mas não dizes: É em vão; achas o que buscas; por isso, não desfaleces.

11 Mas de quem tiveste receio ou temor, para que mentisses e não te lembrasses de mim, nem de mim te importasses? Não é, acaso, porque me calo, e isso desde muito tempo, e não me temes?

12 Eu publicarei essa justiça tua; e, quanto às tuas obras, elas não te aproveitarão.

13 Quando clamares, a tua coleção de ídolos que te livre! Levá-los-á o vento; um assopro os arrebatará a todos, mas o que confia em mim herdará a terra e possuirá o meu santo monte.

Mensagem de paz para os arrependidos

nakipagtalik sa mga lalaking inyong inupahan. Kayo ay natulog na kasama nila para pagbigyan ang inyong pagnanasa.
9Kayo ay nagtungo sa hari na may dalang langis ng olibo, at dinagdagan ninyo ang inyong pabango; kayo ay nagsugo sa malayong lugar at kayo mismo ang lumusong sa daigdig ng mga patay.
10Lubha kayong nagpagod sa maraming lakbayin, at kailan ma'y hindi sinabi na wala na itong pag-asa. Kayo ay nagpanibagong-lakas, at dahil dito ay hindi nanghina.
11Ang tanong ni Yahweh, “Sino ba ang inyong kinatatakutan kaya nagsinungaling kayo sa akin at lubusang tumalikod? Matagal ba akong nanahimik kaya kayo tumigil ng pagpaparangal sa akin?
12Akala ninyo'y tama ang inyong ginagawa. Ibubunyag ko ang masama ninyong gawa; at tingnan ko lang kung tutulungan kayo ng mga diyus-diyosang iyan.
13Ang diyus-diyosang tinatawag ninyo'y hindi makatutulong o makakapagligtas, kahit kayo'y managhoy; ang mga diyos ninyo'y lilipad kung hangin ay umihip, kaunting ihip lamang, sila'y itataboy. Subalit ang taong sa aki'y may tiwala at laging umaasa, ang banal na bundok at ang lupaing ito'y mamanahin niya.”

Ang Pangakong Tulong at Pagpapagaling ng Diyos

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

14 Dir-se-á: Aterrai, aterrai, preparai o caminho, tirai os tropeços do caminho do meu povo.

15 Porque assim diz o Alto, o Sublime, que habita a eternidade, o qual tem o nome de Santo: Habito no alto e santo lugar, mas habito também com o contrito e abatido de espírito, para vivificar o espírito dos abatidos e vivificar o coração dos contritos.
16 Pois não contenderei para sempre, nem me indignarei continuamente; porque, do contrário, o espírito definharia diante de mim, e o fôlego da vida, que eu criei.
17 Por causa da indignidade da sua cobiça, eu me indignei e feri o povo; escondi a face e indignei-me, mas, rebelde, seguiu ele o caminho da sua escolha.
18 Tenho visto os seus caminhos e o sararei; também o guiarei e lhe tornarei a dar consolação, a saber, aos que dele choram.
19 Como fruto dos seus lábios criei a paz, paz para os que estão longe e para os que estão perto, diz o SENHOR, e eu o sararei.

20 Mas os perversos são como o mar agitado, que não se pode aquietar, cujas águas lançam de si lama e lodo.

21 Para os perversos, diz o meu Deus, não há paz.

Isaías 58

Observância devida do jejum

14Ang sabi ni Yahweh: “Ang mga hinirang ay inyong bayaang magbalik sa akin, ang bawat hadlang sa daan ay inyong alisin; ang landas ay gawin at inyong ayusin.”

15“Ako ang Kataas-taasan at Banal na Diyos, ang Diyos na walang hanggan. Matataas at banal na lugar ang aking tahanan, sa mababang-loob at nagsisisi, ako ay sasama, aking ibabalik ang pagtitiwala nila at pag-asa.

16Ako ang nagbigay ng buhay sa aking bayan, sila'y hindi ko patuloy na uusigin; at ang galit ko sa kanila'y hindi mananatili sa habang panahon.
17Nagalit ako sa kanila dahil sa kanilang kasalana't kasakiman, kaya sila'y aking itinakwil. Ngunit matigas ang kanilang ulo at patuloy na sumuway sa akin.

18Sa kabila ng ginawa nila, sila'y aking pagagalingin at tutulungan, at ang nagluluksa'y aking aaliwin.

19Bibigyan ko ng kapayapaan ang lahat, maging nasa malayo o nasa malapit man. Aking pagagalingin ang aking bayan.
20Ngunit ang masasama ay tulad ng dagat na laging maalon, walang pahinga sa buong panahon; mga burak at putik buhat sa ilalim ang iniaahon.
21Walang kapayapaan ang mga makasalanan.” Sabi ng aking Diyos.

Isaias 58

Ang Tunay na Pagsamba

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

1 Clama a plenos pulmões, não te
detenhas, ergue a voz como a trombeta e
anuncia ao meu povo a sua transgressão e
à casa de Jacó, os seus pecados.

2 Mesmo neste estado, ainda me procuram
dia a dia, têm prazer em saber os meus
caminhos; como povo que pratica a justiça
e não deixa o direito do seu Deus,
perguntam-me pelos direitos da justiça,
têm prazer em se chegar a Deus,

3 dizendo: Por que jejuamos nós, e tu não
atentas para isso? Por que afligimos a
nossa alma, e tu não o levas em conta? Eis
que, no dia em que jejuais, cuidais dos
vossos próprios interesses e exigis que se
faça todo o vosso trabalho.

4 Eis que jejuais para contendas e rixas e
para ferirdes com punho iníquo; jejuando
assim como hoje, não se fará ouvir a vossa
voz no alto.

5 Seria este o jejum que escolhi, que o
homem um dia aflija a sua alma, incline a
sua cabeça como o junco e estenda
debaixo de si pano de saco e cinza?
Chamarias tu a isto jejum e dia aceitável
ao SENHOR?

1Sinabi ni Yahweh, “Sumigaw ka nang
malakas na malakas; itaas mo ang iyong
tinig gaya ng trumpeta. Ang kasalanan ng
bayan ko sa kanila'y ihayag.
2Sinasangguni nila ako sa araw-araw,
tinatanong nila ako kung paano sila
mamumuhay. Kung kumilos sila ay parang
matuwid, at hindi sumusuway sa mga
tuntuning ibinigay ng kanilang Diyos.
Humihingi sila sa akin ng matuwid na
pasya; nais nila'y maging malapit sa
Diyos.”
3Tanong ng mga tao, “Bakit hindi mo
pansin ang pag-aayuno namin? Bakit
walang halaga sa iyo kung kami ma'y
magpakumbabá?” Sagot ni Yahweh,
“Pansariling kapakanan pa rin ang
pangunahing layunin ninyo sa pag-
aayuno, at habang nag-aayuno'y patuloy
ninyong inaapi ang mga manggagawa.
4Ang pag-aayuno ninyo'y humahantong
lamang sa karahasan, kayo'y nagkakagalit
at naglalaban-laban. Hindi tunay ang pag-
aayunong ginagawa ninyo ngayon, kaya
tiyak na hindi ko papakinggan, ang inyong
mga dalangin sa akin.
5Ganyan ba ang pag-aayunong aking
kaluluguran? Iyan ba ang araw na
talagang nagpapakumbabá ang mga tao?
Hinihiling ko ba na yumuko kayong tulad
ng damong hinihipan ng hangin, o mahiga
kayo sa sako at abo? Pag-aayuno na ba
ang tawag ninyo diyan, isang araw na
nakalulugod kay Yahweh?

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

6 Porventura, não é este o jejum que escolhi: que soltes as ligaduras da impiedade, desfaças as ataduras da servidão, deixes livres os oprimidos e despedaces todo jugo?

7 Porventura, não é também que repartas o teu pão com o faminto, e recolhas em casa os pobres desabrigados, e, se vires o nu, o cubras, e não te escondas do teu semelhante?

8 Então, romperá a tua luz como a alva, a tua cura brotará sem detença, a tua justiça irá adiante de ti, e a glória do SENHOR será a tua retaguarda;

9 então, clamarás, e o SENHOR te responderá; gritarás por socorro, e ele dirá: Eis-me aqui. Se tirares do meio de ti o jugo, o dedo que ameaça, o falar injurioso;

10 se abrires a tua alma ao faminto e fartares a alma aflita, então, a tua luz nascerá nas trevas, e a tua escuridão será como o meio-dia.

11 O SENHOR te guiará continuamente, fartará a tua alma até em lugares áridos e fortificará os teus ossos; serás como um

6“Ganitong pag-aayuno ang gusto kong gawin ninyo: Palayain ninyo ang mga di-makatarungang ipinabilanggo; kalagin ninyo ang tanikala ng inyong mga inalipin. Palayain ninyo ang mga inaapi, at baliin ang mga pamatok ng mga alipin.
7Ang mga nagugutom ay inyong pakainin, ang mga walang tirahan ay inyong patuluyin. Ang mga walang maisuot ay inyong bigyan ng mga damit. At sa mga nangangailangang mga kamag-anak ay huwag kayong magkakait.
8Kung magkagayon, sisikat ang liwanag sa inyo, at matutulad kayo sa bukang-liwayway, hindi magtatagal at manunumbalik ang inyong kalusugan. Mahahayag sa inyong unahan ang mabubuti ninyong gawa, at sa inyong hulihan ay papatnubayan kayo ng kaluwalhatian ni Yahweh.
9Sa araw na iyon, diringgin ni Yahweh ang inyong dalangin; kapag kayo'y humingi ng tulong, sasabihin niya, ‘Naririto ako. ’
“Kapag itinakwil ninyo ang pang-aapi, maling pagbibintang at pagsisinungaling;
10kapag ang nagugutom ay kusang-loob ninyong pakakainin, at tutulungan ang mahihirap, sisikat ang liwanag sa inyong nasa kadiliman, at ang inyong kapanglawan ay magliliwanag gaya ng sa katanghaliang-tapat.
11Patuloy kayong papatnubayan ni Yahweh at ibibigay ang pangangailangan sa gitna ng disyerto. Palalakasin niyang muli ang inyong mga buto. At magiging

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

jardim regado e como um manancial cujas águas jamais faltam.

12 Os teus filhos edificarão as antigas ruínas; levantarás os fundamentos de muitas gerações e serás chamado reparador de brechas e restaurador de veredas para que o país se torne habitável.

13 Se desviares o pé de profanar o sábado e de cuidar dos teus próprios interesses no meu santo dia; se chamares ao sábado deleitoso e santo dia do SENHOR, digno de honra, e o honrares não seguindo os teus caminhos, não pretendendo fazer a tua própria vontade, nem falando palavras vãs,

14 então, te deleitarás no SENHOR. Eu te farei cavalgar sobre os altos da terra e te sustentarei com a herança de Jacó, teu pai, porque a boca do SENHOR o disse.

Isaías 59

Confissão da maldade nacional

1 Eis que a mão do SENHOR não está encolhida, para que não possa salvar; nem surdo o seu ouvido, para não poder ouvir.

2 Mas as vossas iniqüidades fazem separação entre vós e o vosso Deus; e os

tulad kayo ng isang hardin, na binubukalan ng masaganang tubig, o isang batis na hindi natutuyo.

12Muli ninyong itatayo ang kutang gumuho, at itatatag ito sa dating pundasyon. Makikilala kayo bilang tagapagtayo ng mga nawasak na pader, mga tagapagtatag ng bagong pamayanan."

13Sinabi pa ni Yahweh, "Inyong igagalang ang takdang Araw ng Pamamahinga, huwag kayong gagawa para sa pansariling kapakanan sa araw na banal. Sa araw na ito'y mamamahinga kayo at huwag maglalakbay, o gagawa o mag-uusap ng tungkol sa mga bagay na walang kabuluhan.

14At kung magkagayon, madarama ninyo ang kagalakan ng paglilingkod sa akin. Bibigyan ko kayo ng karangalan sa harap ng buong daigdig; at tatamasahin ninyo ang kaligayahan habang naninirahan sa lupaing ibinigay ko sa ninuno ninyong si Jacob. Mangyayari ito sapagkat akong si Yahweh ang nagsabi nito."

Isaias 59

Hinatulan ang Pang-aapi at Walang Katarungan

1Tingnan ninyo, si Yahweh ay may kakayahan upang iligtas ka; siya'y hindi bingi upang hindi marinig ang inyong hinaing.

2Ang masasama ninyong gawa ang dahilan ng pagkawalay ninyo sa Diyos.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

vossos pecados encobrem o seu rosto de vós, para que vos não ouça.
3 Porque as vossas mãos estão contaminadas de sangue, e os vossos dedos, de iniqüidade; os vossos lábios falam mentiras, e a vossa língua profere maldade.

4 Ninguém há que clame pela justiça, ninguém que compareça em juízo pela verdade; confiam no que é nulo e andam falando mentiras; concebem o mal e dão à luz a iniqüidade.

5 Chocam ovos de áspide e tecem teias de aranha; o que comer os ovos dela morrerá; se um dos ovos é pisado, sai-lhe uma víbora.

6 As suas teias não se prestam para vestes, os homens não poderão cobrir-se com o que eles fazem, as obras deles são obras de iniqüidade, obra de violência há nas suas mãos.

7 Os seus pés correm para o mal, são velozes para derramar o sangue inocente; os seus pensamentos são pensamentos de iniqüidade; nos seus caminhos há desolação e abatimento.

8 Desconhecem o caminho da paz, nem há justiça nos seus passos; fizeram para si veredas tortuosas; quem anda por elas não conhece a paz.

Nagkasala kayo kaya hindi ninyo siya makita, at hindi niya kayo marinig.
3Natigmak sa dugo ang inyong mga kamay, ang inyong mga daliri'y sanhi ng katiwalian. Ang inyong mga labi ay puno ng kasinungalingan; ang sinasabi ng inyong mga dila ay pawang kasamaan.
4Hindi makatarungan ang inyong pagsasakdal sa hukuman; hindi rin matapat ang hatol ng inyong mga hukom. Ang inyong batayan ay hindi tamang pangangatuwiran, at ang pananalita ninyo'y pawang kasinungalingan. Ang iniisip ninyo'y pawang kaguluhan na nagiging sanhi ng maraming kasamaan.
5Mga itlog ng ahas ang kanilang pinipisa, mga sapot ng gagamba ang kanilang hinahabi. Sinumang kumakain ng itlog na ito'y mamamatay; bawat napipisa ay isang ulupong ang lumilitaw.
6Hindi magagawang damit ang mga sapot, hindi nito matatakpan ang kanilang mga katawan. Ang mga ginagawa nila'y kasamaan, pawang karahasan ang gawa ng kanilang mga kamay.
7Mabilis ang kanilang paa sa paggawa ng masama, nagmamadali sila sa pagpatay ng mga walang sala; pawang kasamaan ang kanilang iniisip. Bakas ng pagkawasak ang kanilang iniiwan sa kanilang malalawak na lansangan.

8Hindi nila alam ang landas patungo sa kapayapaan, wala silang patnubay ng katarungan; liku-likong landas ang

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

kanilang ginagawa; ang nagdaraan doo'y walang kapayapaan.

Inamin ng mga Tao ang Kanilang Kasalanan

9 Por isso, está longe de nós o juízo, e a justiça não nos alcança; esperamos pela luz, e eis que há só trevas; pelo resplendor, mas andamos na escuridão.

9Dahil dito, ang katarungan ay malayo sa amin, hindi namin alam kung ano ang katuwiran. Alam na namin ngayon kung bakit hindi kami iniligtas ng Diyos, sa mga nagpahirap sa amin. Umasa kaming liwanag ay darating, ngunit kadiliman ang aming kinasadlakan.

10 Apalpamos as paredes como cegos, sim, como os que não têm olhos, andamos apalpando; tropeçamos ao meio-dia como nas trevas e entre os robustos somos como mortos.

10Tulad nami'y bulag na nangangapa sa paglakad, nadarapa kami tulad ng mga walang paningin. Sa katanghaliang-tapat, kami'y natatalisod na para bang gabi na, parang kami'y nasa dilim tulad ng mga patay.

11 Todos nós bramamos como ursos e gememos como pombas; esperamos o juízo, e não o há; a salvação, e ela está longe de nós.

11Umuungal tayong lahat na gaya ng mga oso; dumaraing tayo at nagdadalamhati tulad ng mga kalapati. Ang hinihintay nating katarungan ay hindi dumarating. Nais nating maligtas sa kaapihan at kahirapan ngunit ang kaligtasan ay malayo.

12 Porque as nossas transgressões se multiplicam perante ti, e os nossos pecados testificam contra nós; porque as nossas transgressões estão conosco, e conhecemos as nossas iniqüidades,

12Yahweh, maraming beses kaming naghimagsik laban sa iyo; inuusig kami ng aming mga kasalanan. Alam naming kami'y naging makasalanan. Nalalaman namin ang aming mga pagkakasala.

13 como o prevaricar, o mentir contra o SENHOR, o retirarmo-nos do nosso Deus, o pregar opressão e rebeldia, o conceber e proferir do coração palavras de falsidade.

13Naghimagsik kami sa iyo, O Yahweh, at itinakwil ka namin at hindi na sumunod sa iyo. Ang sinasabi namin ay pawang pang-aapi at pagtataksil; ang inuusal ng aming mga bibig ay mga kasinungalingan, na katha ng aming mga isip.

14 Pelo que o direito se retirou, e a justiça se pôs de longe; porque a verdade anda

14Itinakwil namin ang katarungan at lumayo kami sa katuwiran. Ang

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

tropeçando pelas praças, e a retidão não pode entrar.

15 Sim, a verdade sumiu, e quem se desvia do mal é tratado como presa. O SENHOR viu isso e desaprovou o não haver justiça.

16 Viu que não havia ajudador algum e maravilhou-se de que não houvesse um intercessor; pelo que o seu próprio braço lhe trouxe a salvação, e a sua própria justiça o susteve.
17 Vestiu-se de justiça, como de uma couraça, e pôs o capacete da salvação na cabeça; pôs sobre si a vestidura da vingança e se cobriu de zelo, como de um manto.
18 Segundo as obras deles, assim retribuirá; furor aos seus adversários e o devido aos seus inimigos; às terras do mar, dar-lhes-á a paga.
19 Temerão, pois, o nome do SENHOR desde o poente e a sua glória, desde o nascente do sol; pois virá como torrente impetuosa, impelida pelo Espírito do SENHOR.

20 Virá o Redentor a Sião e aos de Jacó que se converterem, diz o SENHOR.

21 Quanto a mim, esta é a minha aliança com eles, diz o SENHOR: o meu Espírito, que está sobre ti, e as minhas palavras, que

katotohanan ay nahandusay sa mga liwasang-bayan, at hindi makapanaig ang katapatan.
15Hindi matagpuan ang katotohanan, kaya nanganganib ang buhay ng mga tao, na ayaw gumawa ng kasamaan.

Humanda si Yahweh Para Iligtas ang Kanyang Bayan

Nang makita ni Yahweh na wala nang katarungan, siya ay nalungkot.
16Nakita niya na wala kahit isang magmalasakit sa mga api. Dahil dito'y gagamitin niya ang kanyang kapangyarihan upang sila'y iligtas, at siya'y magtatagumpay.
17Ang suot niya sa dibdib ay baluti ng katuwiran, at sa kanyang ulo naman ang helmet ng kaligtasan. Paghihiganti ang kanyang kasuotan, at poot naman ang kanyang balabal.

18Paparusahan niya ang mga kaaway ayon sa kanilang ginawa, kahit ang nasa malalayong lugar ay kanyang gagantihan.

19Kaya katatakutan siya ng mga taga-kanluran, at dadakilain sa dakong silangan; darating si Yahweh, tulad ng malakas na agos ng tubig, gaya ng ihip ng malakas na hangin.
20Sinabi ni Yahweh sa kanyang bayan, “Pupunta ako sa Zion upang tubusin ang mga taong mula sa lahi ni Jacob na magsisisi sa kanilang kasalanan.
21Ito ang aking kasunduan sa inyo, ” sabi ni Yahweh. “Ibinigay ko na ang aking kapangyarihan at mga katuruan upang

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

pus na tua boca, não se apartarão dela, nem da de teus filhos, nem da dos filhos de teus filhos, não se apartarão desde agora e para todo o sempre, diz o SENHOR.

Isaías 60

A glória da nova Jerusalém

1 Dispõe-te, resplandece, porque vem a tua luz, e a glória do SENHOR nasce sobre ti.

2 Porque eis que as trevas cobrem a terra, e a escuridão, os povos; mas sobre ti aparece resplendente o SENHOR, e a sua glória se vê sobre ti.

3 As nações se encaminham para a tua luz, e os reis, para o resplendor que te nasceu.

4 Levanta em redor os olhos e vê; todos estes se ajuntam e vêm ter contigo; teus filhos chegam de longe, e tuas filhas são trazidas nos braços.

5 Então, o verás e serás radiante de alegria; o teu coração estremecerá e se dilatará de júbilo, porque a abundância do mar se tornará a ti, e as riquezas das nações virão a ter contigo.

6 A multidão de camelos te cobrirá, os dromedários de Midiã e de Efa; todos virão de Sabá; trarão ouro e incenso e publicarão os louvores do SENHOR.

sumainyo magpakailanman. Mula ngayon ay susundin ninyo ako at tuturuan ang inyong mga anak at salinlahi na sumunod sa akin sa buong panahong darating.”

Isaias 60

Ang Magandang Kasasapitan ng Jerusalem

1Bumangon ka, Jerusalem, at sumikat na tulad ng araw. Liliwanagan ka ng kaluwalhatian ni Yahweh.
2Mababalot ng kadiliman ang buong daigdig; ngunit ikaw ay liliwanagan ni Yahweh, at mapupuspos ka ng kanyang kaluwalhatian.
3Ang mga bansa ay lalapit sa iyong liwanag, ang mga hari ay pupunta sa ningning ng iyong pagsikat.
4Pagmasdan mo ang iyong kapaligiran, ang lahat ay nagtitipun-tipon upang magtungo sa iyo; manggagaling sa malayo ang mga anak mong lalaki; ang mga anak mong babae'y kakargahing parang mga bata.
5Magagalak ka kapag nakita sila; sa iyong damdami'y pawang kasiyahan ang madarama; sapagkat malaking yaman buhat sa karagata'y iyong matatamo, at mapapasaiyo ang kayamanan ng maraming bansa.
6Darating ang maraming pangkat ng kamelyo mula sa Midian at Efa; buhat sa Seba ay darating silang may dalang mga ginto at insenso, at naghahayag ng pagpupuri kay Yahweh.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

7 Todas as ovelhas de Quedar se reunirão junto de ti; servir-te-ão os carneiros de Nebaiote; para o meu agrado subirão ao meu altar, e eu tornarei mais gloriosa a casa da minha glória.

8 Quem são estes que vêm voando como nuvens e como pombas, ao seu pombal?

9 Certamente, as terras do mar me aguardarão; virão primeiro os navios de Társis para trazerem teus filhos de longe e, com eles, a sua prata e o seu ouro, para a santificação do nome do SENHOR, teu Deus, e do Santo de Israel, porque ele te glorificou.

10 Estrangeiros edificarão os teus muros, e os seus reis te servirão; porque no meu furor te castiguei, mas na minha graça tive misericórdia de ti.

11 As tuas portas estarão abertas de contínuo; nem de dia nem de noite se fecharão, para que te sejam trazidas riquezas das nações, e, conduzidos com elas, os seus reis.

12 Porque a nação e o reino que não te servirem perecerão; sim, essas nações serão de todo assoladas.

13 A glória do Líbano virá a ti; o cipreste, o olmeiro e o buxo, conjuntamente, para adornarem o lugar do meu santuário; e farei glorioso o lugar dos meus pés.

7Lahat ng kawan ng tupa sa Kedar ay dadalhin sa iyo, at paglilingkuran ka ng mga barakong tupa sa Nebaiot. Ihahain sila bilang handog sa aking altar at pararangalan ko ang aking Templo.

8Sino ang mga ito na lumilipad na tulad ng mga ulap, at gaya ng mga kalapating bumabalik sa tahanan?

9Ang mga malalaking barko ay hinihintay sa daungan; upang dalhin ang iyong mga anak mula sa malalayong lupain. May mga dala silang ginto at pilak, bilang pagpaparangal kay Yahweh na iyong Diyos, ang Banal na Diyos ng Israel, sapagkat ikaw ay kanyang pinaparangalan.

10Sinabi ni Yahweh sa Jerusalem, “Mga dayuhan ang muling magtatayo ng iyong mga pader, at maglilingkod sa iyo ang kanilang mga hari. Nang ako'y mapoot, ikaw ay pinarusahan ko, ngunit ngayo'y tinutulungan kita at kinahahabagan.

11Ang mga pintuan mo'y aking ibubukas araw at gabi, upang dito papasok ang mga hari ng mga bansa, at dalhin sa iyo ang kanilang mga kayamanan.

12Ngunit ang bansa o kahariang hindi maglilingkod sa iyo ay ganap na wawasakin.

13At ang kayamanan ng Lebanon ay magiging iyo; sama-samang pagagandahin ang aking santuwaryo; sa pamamagitan ng mga kahoy na mahuhusay, tulad ng sipres,

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

14 Também virão a ti, inclinando-se, os filhos dos que te oprimiram; prostrar-se-ão até às plantas dos teus pés todos os que te desdenharam e chamar-te-ão Cidade do SENHOR, a Sião do Santo de Israel.

15 De abandonada e odiada que eras, de modo que ninguém passava por ti, eu te constituirei glória eterna, regozijo, de geração em geração.

16 Mamarás o leite das nações e te alimentarás ao peito dos reis; saberás que eu sou o SENHOR, o teu Salvador, o teu Redentor, o Poderoso de Jacó.

17 Por bronze trarei ouro, por ferro trarei prata, por madeira, bronze e por pedras, ferro; farei da paz os teus inspetores e da justiça, os teus exatores.

18 Nunca mais se ouvirá de violência na tua terra, de desolação ou ruínas, nos teus limites; mas aos teus muros chamarás Salvação, e às tuas portas, Louvor.

19 Nunca mais te servirá o sol para luz do dia, nem com o seu resplendor a lua te alumiará; mas o SENHOR será a tua luz perpétua, e o teu Deus, a tua glória.

pino at iba pa. Upang lalong maging maningning ang aking tahanan.

14Nakayukong lalapit sa iyo bilang
paggalang ang mga salinlahi ng mga
bansang sa iyo'y umapi; hahalik sa iyong
paa ang mga humahamak sa iyo, at
tatawagin ka nilang, ‘Zion, ang lunsod ni
Yahweh, ang Banal na Diyos ng Israel. ’

15“Hindi na kita pababayaan at
kapopootan o iiwang mag-isa. Ikaw ay
kanilang itataas at dadakilain; magiging
lugar ng kaligayahan magpakailanman.

16Aalagaan ka ng mga hari't mga bansa,
tulad ng pag-aalaga ng isang ina sa
kanyang anak. Malalaman mong akong si
Yahweh ang iyong Tagapagligtas; at
palalayain ka ng Makapangyarihang Diyos
ni Jacob.

17“Sa halip na tanso ay bibigyan kita ng
gintong dalisay, pilak ang bigay ko sa
halip na bakal; sa halip na kahoy, tanso
ang dala ko, papalitan ko ng bakal ang
dati'y bato. Ang kapayapaan ay
paghahariin sa iyo, at ang katarungan ay
mararanasan mo.

18Ang ingay ng ‘Karahasan’ ay hindi na
maririnig pa, gayundin ang ‘Pagwasak’ sa
iyong nasasakupan; ang iyong mga pader
ay tatawagin mong ‘Kaligtasan, ’ at
‘Papuri’ naman ang iyong mga pintuan.

19“Sa buong maghapon ay wala nang araw
na sisikat, sa buong magdamag ay wala
nang buwan na tatanglaw, sapagkat si
Yahweh mismo ang magiging ilaw mo

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

20 Nunca mais se porá o teu sol, nem a tua lua minguará, porque o SENHOR será a tua luz perpétua, e os dias do teu luto findarão.

21 Todos os do teu povo serão justos, para sempre herdarão a terra; serão renovos por mim plantados, obra das minhas mãos, para que eu seja glorificado.

22 O menor virá a ser mil, e o mínimo, uma nação forte; eu, o SENHOR, a seu tempo farei isso prontamente.

Isaías 61

As boas-novas da salvação

1 O Espírito do SENHOR Deus está sobre mim, porque o SENHOR me ungiu para pregar boas-novas aos quebrantados, enviou-me a curar os quebrantados de coração, a proclamar libertação aos cativos e a pôr em liberdade os algemados;

2 a apregoar o ano aceitável do SENHOR e o dia da vingança do nosso Deus; a consolar todos os que choram

magpakailanman, at ang iyong Diyos ang liwanag mong walang katapusan.
20Kailanma'y hindi na lulubog ang iyong araw, at ang iyong buwan ay hindi na rin maglalaho; si Yahweh ang iyong magiging walang hanggang ilaw, at ang mga araw ng iyong kapighatian ay mawawala.
21Ang mamamayan mo'y magkakaroon ng matuwid na pamumuhay, kaya ang lupain ay aariin nila magpakailanman. Sila'y nilikha ko at itinanim, upang ihayag nila ang aking kadakilaan.
22Ang pinakamaliit na lipi ninyo ay dadaming mainam, at ang munting bansa ay magiging makapangyarihan. Ako si Yahweh na kaagad tutupad sa aking mga pangako kapag dumating na ang takdang panahon."

Isaias 61

Magandang Balita ng Kaligtasan

1Ang Espiritu ng Panginoong Yahweh ay sumasaakin sapagkat ako'y kanyang hinirang; sinugo niya ako upang dalhin ang Magandang Balita sa mga inaapi, upang pagalingin ang mga sugatang-puso, upang ipahayag sa mga bihag at sa mga bilanggo na sila'y lalaya.
2Sinugo niya ako upang ipahayag na darating na ang panahon ng pagliligtas ni Yahweh; at ang paghihiganti ng Diyos laban sa kanyang mga kaaway; sinugo niya ako upang aliwin ang mga nagluluksa;

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

3 e a pôr sobre os que em Sião estão de luto
uma coroa em vez de cinzas, óleo de
alegria, em vez de pranto, veste de louvor,
em vez de espírito angustiado; a fim de
que se chamem carvalhos de justiça,
plantados pelo SENHOR para a sua glória.

4 Edificarão os lugares antigamente
assolados, restaurarão os de antes
destruídos e renovarão as cidades
arruinadas, destruídas de geração em
geração.

5 Estranhos se apresentarão e
apascentarão os vossos rebanhos;
estrangeiros serão os vossos lavradores e
os vossos vinhateiros.

6 Mas vós sereis chamados sacerdotes do
SENHOR, e vos chamarão ministros de
nosso Deus; comereis as riquezas das
nações e na sua glória vos gloriareis.

7 Em lugar da vossa vergonha, tereis dupla
honra; em lugar da afronta, exultareis na
vossa herança; por isso, na vossa terra
possuireis o dobro e tereis perpétua
alegria.

8 Porque eu, o SENHOR, amo o juízo e
odeio a iniqüidade do roubo; dar-lhes-ei
fielmente a sua recompensa e com eles
farei aliança eterna.

3upang pasayahin ang mga tumatangis sa
Zion, kaligayahan sa halip na bigyan ng
kapighatian, awit ng kagalakan sa halip na
kalungkutan; matutulad sila sa mga
punong itinanim ni Yahweh, na ginagawa
kung ano ang makatuwiran, at
maluluwalhati ang Diyos dahil sa kanilang
ginawa.

4Muli nilang itatayo ang mga sirang
lunsod, na napakatagal nang wasak at
tupok.

5Paglilingkuran kayo ng mga dayuhan, at
sila ang magpapastol ng inyong mga
kawan; mga dayuhan din ang magsasaka
ng inyong lupain at mag-aalaga ng inyong
ubasan.
6Ngunit kayo nama'y tatawaging mga pari
ni Yahweh, at makikilalang mga lingkod
ng ating Diyos. Pagpipistahan ninyo ang
kayamanan ng mga bansa.
Ipagmamalaking inyo na ang karangyaang
dati'y sa kanila.
7Sa halip na kahihiyan, ang bayan ko'y
tatanggap ng kasaganaan. Sa halip na
paghamak, sila'y magsasaya sa kanilang
minana, magiging doble ang inyong
kayamanan; at ang inyong kagalaka'y
magpasawalang hanggan.
8Ang sabi ni Yahweh: “Ako'y namumuhi sa
kasalanan at pang-aalipin; ang nais ko'y
katarungan. Gagantimpalaan ko ang mga
taong tapat sa akin, walang hanggang
tipan ang aking gagawin para sa kanila.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

9 A sua posteridade será conhecida entre as nações, os seus descendentes, no meio dos povos; todos quantos os virem os reconhecerão como família bendita do SENHOR.

10 Regozijar-me-ei muito no SENHOR, a minha alma se alegra no meu Deus; porque me cobriu de vestes de salvação e me envolveu com o manto de justiça, como noivo que se adorna de turbante, como noiva que se enfeita com as suas jóias.

11 Porque, como a terra produz os seus renovos, e como o jardim faz brotar o que nele se semeia, assim o SENHOR Deus fará brotar a justiça e o louvor perante todas as nações.

Isaías 62

Jerusalém, a noiva do Senhor

1 Por amor de Sião, me não calarei e, por amor de Jerusalém, não me aquietarei, até que saia a sua justiça como um resplendor, e a sua salvação, como uma tocha acesa.

2 As nações verão a tua justiça, e todos os reis, a tua glória; e serás chamada por um nome novo, que a boca do SENHOR designará.

9Ang lahi nila ay makikilala sa lahat ng bansa, ang mga anak nila'y sisikat sa gitna ng madla; sinumang makakita sa kanila ay makikilalang sila ang aking bayang pinagpala.”

10Buong puso akong nagagalak kay Yahweh. Dahil sa Diyos ako'y magpupuri sapagkat sinuotan niya ako ng damit ng kaligtasan, at balabal ng katuwiran, gaya ng lalaking ikakasal na ang palamuti sa ulo'y magagandang bulaklak, gaya ng babaing ikakasal na nakasuot ng mga alahas.

11Kung paanong sa lupa'y sumisibol ang halaman, at sa hardin ay lumilitaw ang binhing itinanim, ipapakita ng Panginoong Yahweh, ang kanyang katuwiran at papuri sa harap ng lahat ng bansa.

Isaias 62

1Magsasalita ako para lumakas ang loob ng Jerusalem. Hindi ako tatahimik hanggang hindi niya nakakamit ang kaligtasan; hanggang sa makita ang kanyang tagumpay na parang sulong nagliliyab.

2Makikita ng mga bansa ang pagpapawalang-sala sa iyo, at ng lahat ng hari ang iyong kaningningan. Ikaw ay tatawagin sa isang bagong pangalan, na si Yahweh mismo ang magkakaloob.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

3 Serás uma coroa de glória na mão do SENHOR, um diadema real na mão do teu Deus.

4 Nunca mais te chamarão Desamparada, nem a tua terra se denominará jamais Desolada; mas chamar-te-ão Minha-Delícia; e à tua terra, Desposada; porque o SENHOR se delicia em ti; e a tua terra se desposará.

5 Porque, como o jovem desposa a donzela, assim teus filhos te desposarão a ti; como o noivo se alegra da noiva, assim de ti se alegrará o teu Deus.

6 Sobre os teus muros, ó Jerusalém, pus guardas, que todo o dia e toda a noite jamais se calarão; vós, os que fareis lembrado o SENHOR, não descanseis,

7 nem deis a ele descanso até que restabeleça Jerusalém e a ponha por objeto de louvor na terra.

8 Jurou o SENHOR pela sua mão direita e pelo seu braço poderoso: Nunca mais darei o teu cereal por sustento aos teus inimigos, nem os estrangeiros beberão o teu vinho, fruto de tuas fadigas.

9 Mas os que o ajuntarem o comerão e louvarão ao SENHOR; e os que o recolherem beberão nos átrios do meu santuário.

3Ikaw ay magiging magandang korona sa kamay ni Yahweh, isang maharlikang putong na hawak ng Diyos.
4Hindi ka na tatawaging ‘Pinabayaan, ’ at ang lupain mo'y hindi na rin tatawaging ‘Asawang Iniwanan. ’ Ang itatawag na sa iyo'y ‘Kinalulugdan ng Diyos, ’ at ang lupain mo'y tatawaging ‘Maligayang Asawa, ’ sapagkat si Yahweh ay nalulugod sa iyo, at ikaw ay magiging parang asawa sa iyong lupain.
5Tulad ng isang binatang ikinakasal sa isang birhen, ikaw ay pakakasalan ng sa iyo ay lumikha, kung paanong nagagalak ang binata sa kanyang kasintahan, ganoon din ang kagalakan ng Diyos sa iyo.
6Naglagay ako ng mga bantay sa mga pader mo, Jerusalem; hindi sila tatahimik araw at gabi. Ipapaalala nila kay Yahweh ang kanyang pangako, upang hindi niya ito makalimutan.
7Huwag ninyo siyang pagpapahingahin hanggang hindi niya naitatatag muli itong Jerusalem; isang lunsod na pinupuri ng buong mundo.
8Sumumpa si Yahweh at gagawin niya iyon sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan: “Hindi na ibibigay ang inyong ani upang kainin ng mga kaaway; hindi rin makakainom ang mga dayuhan, sa alak na inyong pinaghirapan.
9Kayong nagpagod at nagpakahirap, nagtanim, nag-ani, ang siyang makikinabang at magpupuri kay Yahweh; kayong nag-alaga at nagpakahirap sa mga

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

10 Passai, passai pelas portas; preparai o caminho ao povo; aterrai, aterrai a estrada, limpai-a das pedras; arvorai bandeira aos povos.

11 Eis que o SENHOR fez ouvir até às extremidades da terra estas palavras: Dizei à filha de Sião: Eis que vem o teu Salvador; vem com ele a sua recompensa, e diante dele, o seu galardão.

12 Chamar-vos-ão Povo Santo, Remidos-Do-SENHOR; e tu, Sião, serás chamada Procurada, Cidade-Não-Deserta.

Isaías 63

Deus vinga o seu povo

1 Quem é este que vem de Edom, de Bozra, com vestes de vivas cores, que é glorioso em sua vestidura, que marcha na plenitude da sua força? Sou eu que falo em justiça, poderoso para salvar.

2 Por que está vermelho o traje, e as tuas vestes, como as daquele que pisa uvas no lagar?
3 O lagar, eu o pisei sozinho, e dos povos nenhum homem se achava comigo; pisei as uvas na minha ira; no meu furor, as esmaguei, e o seu sangue me salpicou as vestes e me manchou o traje todo.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil

ubasan, kayo ang iinom ng alak sa mga bulwagan ng aking Templo.”
10Pumasok kayo at dumaan sa mga pintuan! Gumawa kayo ng daan para sa ating kababayang nagsisibalik! Maghanda kayo ng malawak na lansangan! Alisan ninyo ito ng mga bato! Maglagay kayo ng mga tanda upang malaman ng mga bansa,
11na si Yahweh ay nagpapahayag sa buong lupa: Sabihin mo sa mga taga-Zion,
“Narito, dumarating na ang inyong Tagapagligtas; dala niya ang gantimpala sa mga hinirang.”
12Sila'y tatawagin ng mga tao na ‘Bayang Banal, na Tinubos ni Yahweh. ’ Tatawagin silang ‘Lunsod na Minamahal ng Diyos, ‘Lunsod na hindi Pinabayaan ng Diyos. ”

Isaias 63

Ang Tagumpay ni Yahweh Laban sa mga Bansa

1“Sino itong dumarating na buhat sa Edom, buhat sa Bozra na ang maringal na kasuotan ay kulay pula? Sino ang magiting na lalaking ito na kung lumakad ay puno ng kasiglahan? Ako ang nagbabadya ng tagumpay; ang kalakasan ko'y sapat na upang kayo ay iligtas.”
2“Bakit pula ang iyong suot? Tulad ng damit ng nagpipisa ng ubas upang gawing alak?”
3Ang sagot ni Yahweh: “Pinisa ko ang mga bansa na parang ubas, wala man lang tumulong sa akin; tinapakan ko sila sa tindi ng aking galit, kaya natigmak sa dugo ang aking damit.

Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society

4 Porque o dia da vingança me estava no
coração, e o ano dos meus redimidos é
chegado.
5 Olhei, e não havia quem me ajudasse, e
admirei-me de não haver quem me
sustivesse; pelo que o meu próprio braço
me trouxe a salvação, e o meu furor me
susteve.
6 Na minha ira, pisei os povos, no meu
furor, embriaguei-os, derramando por
terra o seu sangue.

A última oração do profeta

7 Celebrarei as benignidades do SENHOR
e os seus atos gloriosos, segundo tudo o
que o SENHOR nos concedeu e segundo a
grande bondade para com a casa de Israel,
bondade que usou para com eles, segundo
as suas misericórdias e segundo a
multidão das suas benignidades.
8 Porque ele dizia: Certamente, eles são
meu povo, filhos que não mentirão; e se
lhes tornou o seu Salvador.
9 Em toda a angústia deles, foi ele
angustiado, e o Anjo da sua presença os
salvou; pelo seu amor e pela sua
compaixão, ele os remiu, os tomou e os
conduziu todos os dias da antiguidade.
10 Mas eles foram rebeldes e contristaram
o seu Espírito Santo, pelo que se lhes
tornou em inimigo e ele mesmo pelejou
contra eles.
11 Então, o povo se lembrou dos dias
antigos, de Moisés, e disse: Onde está
aquele que fez subir do mar o pastor do
seu rebanho? Onde está o que pôs nele o
seu Espírito Santo?

4Nagtakda na ako ng araw upang
maghiganti, sapagkat dumating na ang
panahon ng aking pagliligtas.

5Ako'y naghanap ng makakatulong ngunit
walang nakita kahit isa; ako'y pinalakas ng
aking galit, at mag-isa kong nakamit ang
pagtatagumpay.

6Sa tindi ng aking galit ay dinurog ko ang
mga bansa, aking ibinuhos ang kanilang
mga dugo sa lupa.”

Ang Kabutihan ni Yahweh sa Israel

7Aking sasaysayin ang pag-ibig ni Yahweh
na hindi nagmamaliw; pupurihin ko siya
sa lahat ng bagay na kanyang ginawa para
sa atin. Tunay na kanyang pinagpala ang
bayang Israel, dahil sa kahabagan niya at
wagas na pag-ibig.

8Sinabi ni Yahweh, “Sila ang bayan ko na
aking hinirang, kaya hindi nila ako
pagtataksilan.” Iniligtas niya sila
9sa kapahamakan at kahirapan. Hindi
isang anghel, kung hindi si Yahweh mismo
ang nagligtas sa kanila; iniligtas sila dahil
sa pag-ibig niya't habag, na sa simula pa
ay kanya nang ipinakita.
10Ngunit sa kabila nito, sila'y naghimagsik
at pinighati nila ang kanyang banal na
Espiritu; dahil doon naging kaaway nila si
Yahweh.
11Pagkatapos, naalala nila ang panahon ni
Moises, ang lingkod ni Yahweh. Ang
tanong nila, “Nasaan na si Yahweh, na
nagligtas sa mga pinuno ng kanyang
bayan nang sila'y tumawid sa Dagat ng

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

12 Aquele cujo braço glorioso ele fez andar
à mão direita de Moisés? Que fendeu as
águas diante deles, criando para si um
nome eterno?
13 Aquele que os guiou pelos abismos,
como o cavalo no deserto, de modo que
nunca tropeçaram?

14 Como o animal que desce aos vales, o
Espírito do SENHOR lhes deu descanso.
Assim, guiaste o teu povo, para te criares
um nome glorioso.

15 Atenta do céu e olha da tua santa e
gloriosa habitação. Onde estão o teu zelo
e as tuas obras poderosas? A ternura do
teu coração e as tuas misericórdias se
detêm para comigo!

16 Mas tu és nosso Pai, ainda que Abraão
não nos conhece, e Israel não nos
reconhece; tu, ó SENHOR, és nosso Pai;
nosso Redentor é o teu nome desde a
antiguidade.
17 Ó SENHOR, por que nos fazes desviar
dos teus caminhos? Por que endureces o
nosso coração, para que te não temamos?
Volta, por amor dos teus servos e das
tribos da tua herança.
18 Só por breve tempo foi o país possuído
pelo teu santo povo; nossos adversários
pisaram o teu santuário.

mga Tambo? Nasaan na si Yahweh, na
nagbigay ng kanyang banal na Espiritu
kay Moises?
12Sa pangalan ni Yahweh, hinawi ni
Moises ang tubig ng dagat, kaya ang Israel
doon ay naligtas. At siya ay natanyag sa
lahat para sa kanyang sarili.”
13Natawid nila ang karagatan sa tulong ni
Yahweh, parang kabayong matatag na
hindi nabuwal.
14Kung paanong ang kawan ay dinadala sa
sariwang pastulan, ang Espiritu ni Yahweh
ang nagbigay ng kapahingahan sa
kanyang bayan, at sila'y ginabayan upang
siya ay maparangalan.

Dalangin Para sa Tulong ni Yahweh

15Magmula sa langit tunghayan mo kami
Yahweh, at iyong pagmasdan mula sa
iyong dakila at banal na trono. Saan ba
naroon ang malasakit mo at
kapangyarihan? Pag-ibig mo at
kahabagan, huwag kaming pagkaitan.
16Kung walang nagawa sa amin si Jacob at
Abraham, ikaw lamang, Yahweh, ang
aming pag-asa at Amang aasahan; tanging
ikaw lamang ang nagliligtas ng aming
buhay.
17Bakit ba, O Yahweh, kami'y tinulutang
maligaw ng landas, at ang puso nami'y
iyong hinayaang maging matigas? Balikan
mo kami at iyong kaawaan, mga lingkod
mo na tanging iyo lamang.
18Kami, na iyong banal na bayan ay
sandaling itinaboy ng mga kaaway;
winasak nila ang iyong santuwaryo.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

19 Tornamo-nos como aqueles sobre quem
tu nunca dominaste e como os que nunca
se chamaram pelo teu nome.

Isaías 64

1 Oh! Se fendesses os céus e descesses! Se
os montes tremessem na tua presença,

2 como quando o fogo inflama os gravetos,
como quando faz ferver as águas, para
fazeres notório o teu nome aos teus
adversários, de sorte que as nações
tremessem da tua presença!

3 Quando fizeste coisas terríveis, que não
esperávamos, desceste, e os montes
tremeram à tua presença.

4 Porque desde a antiguidade não se ouviu,
nem com ouvidos se percebeu, nem com
os olhos se viu Deus além de ti, que
trabalha para aquele que nele espera.

5 Sais ao encontro daquele que com alegria
pratica justiça, daqueles que se lembram
de ti nos teus caminhos; eis que te iraste,
porque pecamos; por muito tempo temos
pecado e havemos de ser salvos?

6 Mas todos nós somos como o imundo, e
todas as nossas justiças, como trapo da
imundícia; todos nós murchamos como a
folha, e as nossas iniqüidades, como um
vento, nos arrebatam.

19Ang turing mo sa amin ay parang hindi
mo pinamahalaan; ang nakakatulad ay
mga nilalang na di nakaranas na iyong
pagharian.

Isaias 64

1Bakit hindi mo buksan ang langit at
bumabâ ka sa mundong ibabaw, upang
ang mga bundok ay manginig sa takot sa
iyong harapan?
2Sila'y manginginig na parang tubig na
kumukulo sa init ng apoy. Ipakita mo ang
iyong kapangyarihan sa iyong mga
kaaway, upang manginig ang mga bansa
sa iyong harapan.
3Nang ikaw ay dumating sa nakaraang
panahon, gumawa ka ng mga bagay na
nakakapangilabot na hindi namin
inaasahan; ang mga bundok ay nanginig
sa takot nang ikaw ay makita.
4Sangkatauhan ay wala pang nakikita o
naririnig na Diyos maliban sa iyo; ikaw na
tumutugon sa mga dalangin ng mga
umaasa sa iyo.
5Tinatanggap mo ang mga taong
nagagalak gumawa ng tama; at sila na sa
iyo'y nakakaalala sa nais mong maging
buhay nila. Ngunit kapag patuloy kaming
nagkakasala, ikaw ay nagagalit. At sa
kabila ng iyong poot, patuloy kami sa
paggawa ng masama.

6Lahat tayo'y naging marumi sa harapan
ng Diyos; ang mabubuting gawa nati'y
maruruming basahan ang katulad.
Nalanta na tayong lahat gaya ng mga

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

7 Já ninguém há que invoque o teu nome,
que se desperte e te detenha; porque
escondes de nós o rosto e nos consomes
por causa das nossas iniqüidades.

8 Mas agora, ó SENHOR, tu és nosso Pai,
nós somos o barro, e tu, o nosso oleiro; e
todos nós, obra das tuas mãos.

9 Não te enfureças tanto, ó SENHOR, nem
perpetuamente te lembres da nossa
iniqüidade; olha, pois, nós te pedimos:
todos nós somos o teu povo.

10 As tuas santas cidades tornaram-se em
deserto, Sião, em ermo; Jerusalém está
assolada.

11 O nosso templo santo e glorioso, em que
nossos pais te louvavam, foi queimado;
todas as nossas coisas preciosas se
tornaram em ruínas.

12 Conter-te-ias tu ainda, ó SENHOR, sobre
estas calamidades? Ficarias calado e nos
afligirias sobremaneira?

Isaías 65

A resposta de Deus: rejeitados os rebeldes

1 Fui buscado pelos que não perguntavam
por mim; fui achado por aqueles que não
me buscavam; a um povo que não se

dahon; tinatangay tayo ng malakas na
hangin ng ating kasamaan.
7Walang sinumang tumatawag sa
pangalan mo; walang sinumang
bumabangon upang sa iyo'y lumapit.
Kami'y iyong pinagtaguan, at dahil sa
aming mga kasalanan, kami'y iyong
pinuksa.
8Gayunman, O Yahweh, ikaw pa rin ang
aming Ama. Kami ang putik at ikaw ang
magpapalayok. Ikaw ang sa ami'y
humubog.
9O Yahweh huwag kang mapoot sa amin
ng labis; huwag mo nang alalahanin
magpakailanman ang aming mga
kasamaan; mahabag ka sa amin sapagkat
kami'y iyong bayan.
10Ang mga banal na lunsod mo'y naging
mga disyerto; ang Jerusalem ay naging
mapanglaw na guho.
11Ang aming banal at magandang Templo,
na sinasambahan ng aming mga ninuno,
ngayon ay sunog na; at ang lahat ng lugar
na kawili-wiling pagtipunan, ay wasak
nang tuluyan.
12O Yahweh, pagkatapos ng mga bagay na
ito, ano ang iyong gagawin? Tatahimik ka
ba at patuloy kaming pahihirapan?

Isaias 65

Parusa sa Mapanghimagsik

1Sinabi ni Yahweh: "Nakahanda akong
sagutin ang panalangin ng aking bayan,
ngunit hindi naman sila nananalangin.
Nakahanda akong magpakita sa

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

chamava do meu nome, eu disse: Eis-me aqui, eis-me aqui.

naghahanap sa akin, ngunit hindi naman sila naghahanap. Sinasabi ko sa bansang ayaw tumawag sa akin, ‘Narito ako upang ikaw ay tulungan. ’

2 Estendi as mãos todo dia a um povo rebelde, que anda por caminho que não é bom, seguindo os seus próprios pensamentos;

2Buong maghapong nakaunat ang aking mga kamay, sa isang bansang mapanghimagsik, at ginagawa ang lahat ng magustuhan nila.

3 povo que de contínuo me irrita abertamente, sacrificando em jardins e queimando incenso sobre altares de tijolos;

3Sinasadya nilang ako ay galitin, naghahandog sila sa mga sagradong hardin, at nagsusunog ng mga insenso sa mga altar ng pagano.

4 que mora entre as sepulturas e passa as noites em lugares misteriosos; come carne de porco e tem no seu prato ensopado de carne abominável;

4Pagsapit ng gabi'y nagpupunta sila sa mga puntod at nitso upang sangguniin ang kaluluwa ng patay na tao. Kumakain sila ng karneng-baboy, at maruming sabaw ng karneng handog ng pagano.

5 povo que diz: Fica onde estás, não te chegues a mim, porque sou mais santo do que tu. És no meu nariz como fumaça de fogo que arde o dia todo.

5Ang sabi pa ng isa sa kanila, ‘Lumayo kayo! Huwag kayong lalapit sapagkat mas malinis ako sa inyo. ’ Ang mga taong ito'y parang usok sa aking ilong, tulad ng apoy na nagniningas sa buong maghapon.

6 Eis que está escrito diante de mim, e não me calarei; mas eu pagarei, vingar-me-ei, totalmente,

6Tingnan ninyo! Lahat ay naisulat na sa aking harapan. Hindi ako maaaring tumahimik. Ngunit paparusahan ko ang kanilang mga kasalanan; pagbabayarin ko sila,

7 das vossas iniqüidades e, juntamente, das iniqüidades de vossos pais, diz o SENHOR, os quais queimaram incenso nos montes e me afrontaram nos outeiros; pelo que eu vos medirei totalmente a paga devida às suas obras antigas.

7sa kanilang kasalanan at sa kasalanan ng kanilang mga ninuno. Nagsusunog sila ng insenso sa kabundukan at ako'y sinusuway nila sa kaburulan. Karapat-dapat na parusa ang igagawad ko sa kanilang mga gawa.

A resposta de Deus: salvo o restante fiel

8 Assim diz o SENHOR: Como quando se acha vinho num cacho de uvas, dizem:

8Sinabi ni Yahweh sa kanyang bayan: “Ang isang kumpol na ubas ay maaaring

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

Não o desperdices, pois há bênção nele, assim farei por amor de meus servos e não os destruirei a todos.

9 Farei sair de Jacó descendência e de Judá, um herdeiro que possua os meus montes; e os meus eleitos herdarão a terra e os meus servos habitarão nela.

10 Sarom servirá de campo de pasto de ovelhas, e o vale de Acor, de lugar de repouso de gado, para o meu povo que me buscar.

11 Mas a vós outros, os que vos apartais do SENHOR, os que vos esqueceis do meu santo monte, os que preparais mesa para a deusa Fortuna e misturais vinho para o deus Destino,

12 também vos destinarei à espada, e todos vos encurvareis à matança; porquanto chamei, e não respondestes, falei, e não atendestes; mas fizestes o que é mau perante mim e escolhestes aquilo em que eu não tinha prazer.

13 Pelo que assim diz o SENHOR Deus: Eis que os meus servos comerão, mas vós padecereis fome; os meus servos beberão, mas vós tereis sede; os meus servos se alegrarão, mas vós vos envergonhareis;

gawing alak, kaya ang sabi ng mga tao, ‘Huwag ninyo itong sirain, sapagkat mayroon itong pagpapala! ’ Ganyan din ang gagawin ko alang-alang sa aking mga lingkod, hindi ko sila ganap na wawasakin.

9Pagpapalain ko ang mga salinlahi ni Jacob, at kay Juda ibibigay ko ang aking mga bundok. Mananahan doon ang aking mga bayan na naglingkod sa akin.

10Ako ay sasambahin ng aking mga lingkod, at kanilang pangungunahan ang kanilang mga tupa at baka sa pastulan sa kapatagan ng Sharon sa kanluran at sa Libis ng Kaguluhan sa gawing silangan.

11Ngunit kayo na nagtakwil kay Yahweh at lumilimot sa aking banal na bundok, kayo na sumamba kay Gad at Meni, mga diyos ng suwerte at kapalaran;

12itatakda ko kayong sa espada mamatay, ang mga leeg ninyo'y tatagpasin ng palakol. Sapagkat tinawag ko kayo ngunit hindi kayo sumagot, kinausap ko kayo ngunit hindi kayo nakinig. Ang ginawa ninyo'y pawang kasamaan sa aking paningin, pinili ninyo ang hindi nakalulugod sa akin.”

13Kaya ganito ang sabi ng Panginoong Yahweh: “Ang mga lingkod ko'y magsisikain, samantalang kayo'y aking gugutumin; ang mga lingkod ko ay aking paiinumin, ngunit kayo'y aking uuhawin; ang mga lingkod ko'y pawang kagalakan

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

14 os meus servos cantarão por terem o coração alegre, mas vós gritareis pela tristeza do vosso coração e uivareis pela angústia de espírito.

15 Deixareis o vosso nome aos meus eleitos por maldição, o SENHOR Deus vos matará e a seus servos chamará por outro nome,

16 de sorte que aquele que se abençoar na terra, pelo Deus da verdade é que se abençoará; e aquele que jurar na terra, pelo Deus da verdade é que jurará; porque já estão esquecidas as angústias passadas e estão escondidas dos meus olhos.

Novos céus e nova terra

17 Pois eis que eu crio novos céus e nova terra; e não haverá lembrança das coisas passadas, jamais haverá memória delas.

18 Mas vós folgareis e exultareis perpetuamente no que eu crio; porque eis que crio para Jerusalém alegria e para o seu povo, regozijo.

19 E exultarei por causa de Jerusalém e me alegrarei no meu povo, e nunca mais se ouvirá nela nem voz de choro nem de clamor.

20 Não haverá mais nela criança para viver poucos dias, nem velho que não cumpra os seus; porque morrer aos cem anos é morrer ainda jovem, e quem pecar só aos cem anos será amaldiçoado.

ang tatamasahin, samantalang kayo'y aking hihiyain.

14Sa laki ng tuwa ay mag-aawitan ang aking mga lingkod, samantalang kayo'y tataghoy sa hirap at sama ng loob.

15Ang pangalan ninyo'y susumpain ng aking mga hinirang, sa kamay ng Panginoong Yahweh kayo'y mamamatay, samantalang bibigyan niya ng bagong pangalan ang kanyang mga lingkod.

16Sinuman sa lupain ang nais na pagpalain, doon siya humingi sa Diyos na matapat. At sinuman ang gustong mangako, sa pangalan ng Diyos na matapat, gawin niya ito. Mapapawi na at malilimutan, ang hirap ng panahong nagdaan.”

Bagong Langit at Lupa

17Ang sabi ni Yahweh: “Ako ay lilikha ng isang bagong lupa at bagong langit; ang mga bakas ng nakaraan ay ganap ng malilimutan.

18Kaya naman kayo'y dapat na magalak sa aking ginawa, ang Jerusalem na aking nilikha ay mapupuno ng saya, at magiging masaya ang kanyang mamamayan.

19Ako mismo'y magagalak dahil sa Jerusalem at sa kanyang mamamayan. Doo'y wala nang pagtangis o panaghoy man.

20Ang mga sanggol ay hindi na mamamatay, lahat ng titira roon ay mabubuhay nang matagal. Ituturing pa rin na isang kabataan ang taong sandaang

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

21 Eles edificarão casas e nelas habitarão;
plantarão vinhas e comerão o seu fruto.

22 Não edificarão para que outros habitem;
não plantarão para que outros comam;
porque a longevidade do meu povo será
como a da árvore, e os meus eleitos
desfrutarão de todo as obras das suas
próprias mãos.

23 Não trabalharão debalde, nem terão
filhos para a calamidade, porque são a
posteridade bendita do SENHOR, e os seus
filhos estarão com eles.

24 E será que, antes que clamem, eu
responderei; estando eles ainda falando,
eu os ouvirei.

25 O lobo e o cordeiro pastarão juntos, e o
leão comerá palha como o boi; pó será a
comida da serpente. Não se fará mal nem
dano algum em todo o meu santo monte,
diz o SENHOR.

Isaías 66

Excluídos da nova Jerusalém os que praticam falsa religião

1 Assim diz o SENHOR: O céu é o meu
trono, e a terra, o estrado dos meus pés;

taon na, at ang hindi umabot sa gulang na
ito ay ituturing na isinumpa.
21Magtatayo sila ng mga tahanang
kanilang titirhan, magtatanim sila ng ubas
at sila rin ang aani.
22Hindi tulad noong una, sa bahay na
ginawa'y iba ang tumira. Sa tanim na
halama'y iba ang nakinabang. Tulad ng
punongkahoy hahaba ang buhay ng aking
mga hirang, lubos nilang papakinabangan
ang kanilang pinagpaguran.
23Anumang gawaing paghirapan nila'y
tiyak na magbubunga, at hindi
magdaranas ng mga sakuna ang mga anak
nila; pagpapalain ko ang lahi nila, at
maging ang mga susunod pa.
24Ang dalangin nila kahit hindi pa tapos
ay aking diringgin, at ibibigay ko ang
kanilang hinihiling.
25Dito'y magsasalong parang magkapatid,
ang asong-gubat at tupa, ang leon ay
kakain ng damo tulad ng baka. At ang
ahas naman na ang pagkain ay alabok
kahit tapakan mo'y hindi ka
mangangamba. Magiging panatag at wala
nang masama sa banal na bundok. Sa
Bundok ng Zion ay walang makakapinsala
o anumang masama."

Isaias 66

Hahatulan ni Yahweh ang mga Bansa

1Ito ang sabi ni Yahweh: "Ang aking trono
ay ang kalangitan, at ang daigdig ang
aking tuntungan. Anong klaseng bahay

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

que casa me edificareis vós? E qual é o lugar do meu repouso?
2 Porque a minha mão fez todas estas coisas, e todas vieram a existir, diz o SENHOR, mas o homem para quem olharei é este: o aflito e abatido de espírito e que treme da minha palavra.
3 O que imola um boi é como o que comete homicídio; o que sacrifica um cordeiro, como o que quebra o pescoço a um cão; o que oferece uma oblação, como o que oferece sangue de porco; o que queima incenso, como o que bendiz a um ídolo. Como estes escolheram os seus próprios caminhos, e a sua alma se deleita nas suas abominações,

4 assim eu lhes escolherei o infortúnio e farei vir sobre eles o que eles temem; porque clamei, e ninguém respondeu, falei, e não escutaram; mas fizeram o que era mau perante mim e escolheram aquilo em que eu não tinha prazer.

5 Ouvi a palavra do SENHOR, vós, os que a temeis: Vossos irmãos, que vos aborrecem e que para longe vos lançam por causa do vosso amor ao meu nome e que dizem: Mostre o SENHOR a sua glória, para que vejamos a vossa alegria, esses serão confundidos.

6 Voz de grande tumulto virá da cidade, voz do templo, voz do SENHOR, que dá o pago aos seus inimigos.

ang gagawin mo para sa akin? Anong klaseng lugar ang aking titirhan?
2Sa lahat ng bagay ako ang maylikha, kaya ako ang may-ari ng lahat ng ito. Ako'y nalulugod sa mga taong nagpapakumbabá at nagsisipagsisi, sa mga may takot at sa utos ko'y sumusunod.
3Ginagawa ng tao ang kanyang maibigan, at matutuwa pang gumawa ng kasamaan. Para sa kanya ay walang kaibahan ang handog na toro o kaya ay tao; ang handog na tupa o patay na aso; ang handog na pagkaing butil o dugo ng baboy; ang pagsusunog ng insenso o ang pagdarasal sa diyus-diyosan. Natutuwa sila sa nakakahiyang pagsamba.
4Dahil dito, ipararanas ko sa kanila ang kapahamakang kinatatakutan nila. Sapagkat nang ako'y tumawag walang tumugon kahit na isa; nang ako'y magsalita, walang gustong makinig. Ginusto pa nila ang sumuway sa akin at gumawa ng masama.”
5Pakinggan ninyo si Yahweh, kayong natatakot at sumusunod sa kanyang salita: “Kinamumuhian at itinataboy kayo ng inyong sariling kababayan, nang dahil sa akin; at sinasabi pa nila, ‘Ipakita ni Yahweh ang kanyang kadakilaan at iligtas niya kayo para makita namin kayong natutuwa. ’ Ngunit mapapahiya sila sa kanilang sarili.

6Pakinggan ninyo at sa lunsod ay nagkakagulo, at mayroong ingay na buhat

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

7 Antes que estivesse de parto, deu à luz;
antes que lhe viessem as dores, nasceu-lhe
um menino.

8 Quem jamais ouviu tal coisa? Quem viu
coisa semelhante? Pode, acaso, nascer
uma terra num só dia? Ou nasce uma
nação de uma só vez? Pois Sião, antes que
lhe viessem as dores, deu à luz seus filhos.
9 Acaso, farei eu abrir a madre e não farei
nascer? – diz o SENHOR; acaso, eu que
faço nascer fecharei a madre? – diz o teu
Deus.

A felicidade eterna de Sião

10 Regozijai-vos juntamente com
Jerusalém e alegrai-vos por ela, vós todos
os que a amais; exultai com ela, todos os
que por ela pranteastes,

11 para que mameis e vos farteis dos peitos
das suas consolações; para que sugueis e
vos deleiteis com a abundância da sua
glória.
12 Porque assim diz o SENHOR: Eis que
estenderei sobre ela a paz como um rio, e
a glória das nações, como uma torrente
que transborda; então, mamareis, nos
braços vos trarão e sobre os joelhos vos
acalentarão.
13 Como alguém a quem sua mãe consola,
assim eu vos consolarei; e em Jerusalém
vós sereis consolados.
14 Vós o vereis, e o vosso coração se
regozijará, e os vossos ossos revigorarão

sa Templo! Iyon ay likha ng pagpaparusa
ni Yahweh sa kanyang mga kaaway!
7"Ang aking banal na lunsod ay parang
babaing biglang nanganak; kahit hindi pa
sumasakit ang kanyang tiyan, isang lalaki
ang kanyang inianak.
8May nabalitaan na ba kayo o nakitang
ganyan? Isang bansang biglang isinilang?
Ang Zion ay hindi maghihirap nang
matagal upang ang isang bansa ay
kanyang isilang."
9Ang sabi ni Yahweh: "Huwag ninyong
isipin na ang bayan ko'y hahayaang
umabot sa panahong dapat nang iluwal, at
pagkatapos ay pipigilin sa pagsilang."

10Makigalak kayo sa Jerusalem, magalak
kayo dahil sa kanya; kayong lahat na
nagmamahal sa lunsod na ito! Kayo'y
makigalak at makipagsaya, lahat kayong
tumangis para sa kanya.

11Tatamasahin ninyo ang kasaganaan
niya, tulad ng sanggol sa dibdib ng
kanyang ina.

12Sabi ni Yahweh: "Padadalhan kita ng
walang katapusang kasaganaan. Ang
kayamanan ng ibang bansa ay aagos
patungo sa iyo tulad ng umaapaw na ilog.
Ang makakatulad mo'y sanggol na buong
pagmamahal na inaaruga ng kanyang ina.

13Aaliwin kita sa Jerusalem, tulad ng pag-
aliw ng ina sa kanyang anak.

14Ikaw ay magagalak kapag nakita mo ang
lahat ng ito; ikaw ay lalakas at lulusog. Sa

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

como a erva tenra; então, o poder do SENHOR será notório aos seus servos, e ele se indignará contra os seus inimigos.

15 Porque eis que o SENHOR virá em fogo, e os seus carros, como um torvelinho, para tornar a sua ira em furor e a sua repreensão, em chamas de fogo,
16 porque com fogo e com a sua espada entrará o SENHOR em juízo com toda a carne; e serão muitos os mortos da parte do SENHOR.

17 Os que se santificam e se purificam para entrarem nos jardins após a deusa que está no meio, que comem carne de porco, coisas abomináveis e rato serão consumidos, diz o SENHOR.

18 Porque conheço as suas obras e os seus pensamentos e venho para ajuntar todas as nações e línguas; elas virão e contemplarão a minha glória.

19 Porei entre elas um sinal e alguns dos que foram salvos enviarei às nações, a Társis, Pul e Lude, que atiram com o arco, a Tubal e Javã, até às terras do mar mais remotas, que jamais ouviram falar de mim, nem viram a minha glória; eles anunciarão entre as nações a minha glória.

gayon, malalaman mong akong si Yahweh ang tumutulong sa mga sumusunod sa akin; at siya ring nagpaparusa sa mga kaaway.”
15Darating si Yahweh na may dalang apoy at nakasakay sa mga pakpak ng bagyo upang parusahan ang mga kinamumuhian niya.

16Apoy at espada ang gagamitin niya sa pagpaparusa sa mga nagkasala; tiyak na marami ang mamamatay.

17Ang sabi ni Yahweh, “Malapit na ang wakas ng mga naglilinis ayon sa tuntunin ng pagsambang pagano, sumasama sa nagpuprusisyon patungo sa mga sagradong hardin, at kumakain ng karne ng baboy, daga at iba pang hayop na marumi.
18“Nalalaman ko ang kanilang iniisip at mga ginagawa. Darating ako upang tipunin ang lahat ng bansa, at ang mga taong iba't iba ang salita. Kapag sila'y nagkasama-sama, makikita nila ang magagawa ng aking kapangyarihan.
19Malalaman din nilang ako ang nagpaparusa sa kanila. Ngunit magtitira ako ng ilan upang ipadala sa iba't ibang bansa. Susuguin ko sila sa Tarsis, sa Libya at sa Lydia, mga dakong sanay sa paggamit ng pana. Magsusugo rin ako sa Tubal at Javan, at sa mga baybaying hindi pa ako nababalita sa aking kabantugan. Ipahahayag nila sa lahat ng bansa kung gaano ako kadakila.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

20 Trarão todos os vossos irmãos, dentre
todas as nações, por oferta ao SENHOR,
sobre cavalos, em liteiras e sobre mulas e
dromedários, ao meu santo monte, a
Jerusalém, diz o SENHOR, como quando
os filhos de Israel trazem as suas ofertas de
manjares, em vasos puros à Casa do
SENHOR.

21 Também deles tomarei a alguns para
sacerdotes e para levitas, diz o SENHOR.
22 Porque, como os novos céus e a nova
terra, que hei de fazer, estarão diante de
mim, diz o SENHOR, assim há de estar a
vossa posteridade e o vosso nome.
23 E será que, de uma Festa da Lua Nova à
outra e de um sábado a outro, virá toda a
carne a adorar perante mim, diz o
SENHOR.

24 Eles sairão e verão os cadáveres dos
homens que prevaricaram contra mim;
porque o seu verme nunca morrerá, nem o
seu fogo se apagará; e eles serão um horror
para toda a carne.

20Bilang handog sa akin sa banal na
bundok sa Jerusalem, ibabalik nila ang
mga kababayan ninyo buhat sa
pinagtapunan sa kanila. Sila'y darating na
sakay ng mga kabayo, asno, kamelyo,
karwahe at kariton, tulad ng pagdadala ng
mga handog na pagkaing butil sa Templo,
nakalagay sa malilinis na sisidlan ayon sa
kautusan.
21Ang iba sa kanila ay gagawin kong mga
pari at ang iba naman ay Levita.
22“Kung paanong tatagal ang bagong
langit at bagong lupa sa pamamagitan ng
aking kapangyarihan, gayon tatagal ang
lahi mo at pangalan.

23Tuwing Araw ng Pamamahinga at Pista
ng Bagong Buwan, lahat ng bansa ay
sasamba sa akin, ” ang sabi ni Yahweh.

24“Sa kanilang pag-alis, makikita nila ang
mga bangkay ng mga naghimagsik laban
sa akin. Ang uod na kakain sa kanila'y
vos, e subamos ao meio-dia. Ai de nós, que
já declina o dia, já se vão estendendo as
sombras da tarde!

5 Disponde-vos, e subamos de noite e
destruamos os seus castelos.

6 Porque assim diz o SENHOR dos
Exércitos: Cortai árvores e levantai
tranqueiras contra Jerusalém. Esta é a
cidade que há de ser punida; só opressão
há no meio dela.

7 Como o poço conserva frescas as suas
águas, assim ela, a sua malícia; violência e
estrago se ouvem nela; enfermidade e
feridas há diante de mim continuamente.

8 Aceita a disciplina, ó Jerusalém, para
que eu não me aparte de ti; para que eu

1Mga anak ni Benjamin, tumakas na kayo!
Lisanin na ninyo ang Jerusalem! Hipan
ang trumpeta sa buong Tekoa, at ibigay
ang hudyat sa Beth-hakerem. Sapagkat
dumarating na mula sa hilaga ang isang
malaking sakuna at pagkawasak.
2Lunsod ng Zion, katulad ka ng isang
magandang pastulan.
3Ngunit pupuntahan ka ng mga hari at
magkukuta ang kanilang mga hukbo
saanman nila magustuhan at paliligiran ka
ng kanilang mga tolda.
4Sasabihin nila, “Humanda kayo at
sasalakayin natin ang Jerusalem! Bandang
tanghali tayo sasalakay!” Ngunit sasabihin
nila pagkatapos, “Huli na tayo!
Lumulubog na ang araw at unti-unti nang
dumidilim.
5Subalit humanda rin kayo! Ngayong gabi
tayo lulusob, at wawasakin natin ang mga
kuta ng lunsod.”
6Inutusan ni Yahweh na Makapangyarihan
sa lahat ang mga haring ito na pumutol ng
mga punongkahoy at magbunton ng lupa
upang maging kublihan nila sa kanilang
pagkubkob sa Jerusalem. Ang sabi niya,
“Paparusahan ko ang lunsod na ito
sapagkat naghahari dito ang pang-aapi.
7Patuloy ang paglaganap ng kasamaan sa
Jerusalem, tulad ng pagbalong ng tubig sa
balon. Karahasan at pagkawasak ang
nababalita; karamdaman at mga sugat ang
aking nakikita sa paligid.
8Mga taga-Jerusalem, ang mga ito'y
magsilbing babala sa inyo, sapagkat kung

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

não te torne em assolação e terra não habitada.

As iniquidades de Jerusalém são a causa de sua queda

9 Assim diz o SENHOR dos Exércitos: Diligentemente se rebuscarão os resíduos de Israel como uma vinha; vai metendo a mão, como o vindimador, por entre os sarmentos.

10 A quem falarei e testemunharei, para que ouçam? Eis que os seus ouvidos estão incircuncisos e não podem ouvir; eis que a palavra do SENHOR é para eles coisa vergonhosa; não gostam dela.

11 Pelo que estou cheio da ira do SENHOR; estou cansado de a conter. Derramá-la-ei sobre as crianças pelas ruas e nas reuniões de todos os jovens; porque até o marido com a mulher serão presos, e o velho, com o decrépito.

12 As suas casas passarão a outrem, os campos e também as mulheres, porque estenderei a mão contra os habitantes desta terra, diz o SENHOR,
13 porque desde o menor deles até ao maior, cada um se dá à ganância, e tanto o profeta como o sacerdote usam de falsidade.
14 Curam superficialmente a ferida do meu povo, dizendo: Paz, paz; quando não há paz.

hindi, iiwan ko kayo. Ang inyong lunsod ay gagawin kong disyerto, isang lugar na walang maninirahan.”

Mapaghimagsik ang Israel

9Sinabi sa akin ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, “Uubusin ang Israel katulad ng isang ubasang walang ititirang bunga. Kaya't tipunin mo ang lahat ng maaari mong iligtas, habang may panahon pa.”
10Ang sabi ko naman “Sino po ang makikinig sa akin, kung sila'y kausapin ko at bigyang babala? Sarado ang kanilang mga pakinig. Ayaw nilang pakinggan ang iyong mga mensahe at pinagtatawanan pa ang sinasabi ko.
11Ang pagkapoot mo, Yahweh, ay nararamdaman ko at hindi ko na kayang matagalan.” At sinabi sa akin ni Yahweh, “Ibuhos mo ang aking poot sa mga batang nasa lansangan, at sa mga kabinataang nagkakatipon. Bibihagin din ang mga mag-asawa, kasama pati matatanda na.
12Ibibigay sa iba ang kanilang mga bahay, gayon din ang kanilang bukirin at mga asawa. Paparusahan ko ang lahat ng naninirahan sa lupaing ito.

13Ang kasakiman ay laganap sa lahat, dakila at hamak; pati mga pari at propeta man ay mandaraya.

14Hindi nila pansin ang kahirapan ng aking bayan; ang sabi nila, ‘Payapa ang lahat, ’ gayong wala namang kapayapaan.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

15 Serão envergonhados, porque cometem
abominação sem sentir por isso vergonha;
nem sabem que coisa é envergonhar-se.
Portanto, cairão com os que caem; quando
eu os castigar, tropeçarão, diz o SENHOR.

16 Assim diz o SENHOR: Ponde-vos à
margem no caminho e vede, perguntai
pelas veredas antigas, qual é o bom
caminho; andai por ele e achareis
descanso para a vossa alma; mas eles
dizem: Não andaremos.

17 Também pus atalaias sobre vós,
dizendo: Estai atentos ao som da
trombeta; mas eles dizem: Não
escutaremos.

18 Portanto, ouvi, ó nações, e informa-te, ó
congregação, do que se fará entre eles!

19 Ouve tu, ó terra! Eis que eu trarei mal
sobre este povo, o próprio fruto dos seus
pensamentos; porque não estão atentos às
minhas palavras e rejeitam a minha lei.

20 Para que, pois, me vem o incenso de
Sabá e a melhor cana aromática de terras
longínquas? Os vossos holocaustos não me
são aprazíveis, e os vossos sacrifícios não
me agradam.

21 Portanto, assim diz o SENHOR: Eis que
ponho tropeços a este povo; neles cairão

15Nahihiya ba sila sa ginawa nilang
kalikuan? Hindi na sila tinatablan ng hiya,
makapal na ang kanilang mukha. Kaya't
sila'y babagsak tulad ng iba. Ito na ang
kanilang wakas, kapag sila'y aking
pinarusahan. Akong si Yahweh ang
nagsabi nito."

Tinanggihan ng Israel ang Paraan ng Diyos

16Sinabi ni Yahweh sa kanyang bayan,
"Tumayo kayo sa panulukang-daan at
magmasid; hanapin ninyo ang lumang
kalsada, at alamin kung saan ang
pinakamabuting daan. Doon kayo
lumakad, at magtatamo kayo ng
kapayapaan." Subalit ang sabi nila, "Ayaw
naming dumaan doon."

17Kaya't si Yahweh ay humirang ng mga
bantay upang marinig ng Israel ang tunog
ng kanilang trumpeta. Ngunit sabi nila,
"Hindi namin iyon papakinggan."

18Kaya sinabi ni Yahweh, "Makinig kayo,
mga bansa, upang malaman ninyo ang
mangyayari sa sarili kong bayan.

19Makinig ang buong sanlibutan! Ang mga
taong ito'y mapapahamak bilang parusa at
iyon ang nararapat sa kanila, sapagkat
hindi nila sinunod ang aking mga utos, at
itinakwil ang aking katuruan.

20Walang halaga sa akin ang kamanyang
kahit na galing pa iyon sa Seba. Hindi ko
rin kailangan ang mga pabangong mula sa
malalayong lupain. Ang mga handog
nila'y hindi katanggap-tanggap. Hindi ako
malulugod sa kanilang mga hain."

21Sabi pa ni Yahweh: "Maglalagay ako ng
katitisuran nila, at silang lahat ay

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

pais e filhos juntamente; o vizinho e o seu companheiro perecerão.

O inimigo do Norte

22 Assim diz o SENHOR: Eis que um povo vem da terra do Norte, e uma grande nação se levanta dos confins da terra.

23 Trazem arco e dardo; eles são cruéis e não usam de misericórdia; a sua voz ruge como o mar, e em cavalos vêm montados, como guerreiros em ordem de batalha contra ti, ó filha de Sião.

24 Ao ouvirmos a sua fama, afrouxam-se as nossas mãos, angústia nos toma e dores como de parturiente.

25 Não saias ao campo, nem andes pelo caminho, porque o inimigo tem espada, e há terror por todos os lados.

26 Ó filha do meu povo, cinge-te de cilício e revolve-te na cinza; pranteia como por filho único, pranto de amarguras; porque, de súbito, virá o destruidor sobre nós.

O trabalho inútil de Jeremias

27 Qual acrisolador te estabeleci entre o meu povo, qual fortaleza, para que venhas a conhecer o seu caminho e o examines.

28 Todos eles são os mais rebeldes e andam espalhando calúnias; são bronze e ferro, são todos corruptores.

madadapa. Mamamatay ang mga magulang at mga anak, gayon din ang mga kaibigan at kapitbahay.”

Paglusob ng mga Taga-hilaga

22Sinasabi ni Yahweh: “Isang malakas na bansa mula sa hilaga ang naghahanda sa pakikidigma.

23Mga pana't sibat ang kanilang sandata; sila'y malulupit at walang awa. Kapag nakasakay sila sa kanilang mga kabayo, nagngangalit na dagat ang kanilang katulad. Handa na silang salakayin ang Jerusalem.”

24Ang sabi naman ng mga taga-Jerusalem: “Narinig na namin ang balita, at nanlulupaypay kaming lahat. Labis kaming naghihirap, katulad ng isang babaing manganganak.

25Ayaw na naming lumabas sa kabukiran o lumakad kaya sa mga daan, sapagkat ang mga kaaway ay may mga sandata. Takot ang nadarama naming lahat.”

26Sinabi ni Yahweh sa kanyang bayan, “Kung gayon, magsuot kayo ng damit na panluksa, at gumulong kayo sa abo. Manangis na kayo nang buong pait, na parang nawalan ng bugtong na anak, sapagkat biglang sasalakay ang magwawasak sa inyo!

27Jeremias, suriin mo ang aking bayan, gaya ng pagsuri sa bakal, upang malaman ang uri ng kanilang pagkatao.

28Silang lahat ay mapaghimagsik, masasama, walang ginagawa kundi ang magkalat ng maling balita. Sintigas ng

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

29 O fole bufa, só chumbo resulta do seu fogo; em vão continua o depurador, porque os iníquos não são separados.

30 Prata de refugo lhes chamarão, porque o SENHOR os refugou.

Jeremias 7

O templo não protege a nação iníqua

1 Palavra que da parte do SENHOR foi dita a Jeremias:
2 Põe-te à porta da Casa do SENHOR, e proclama ali esta palavra, e dize: Ouvi a palavra do SENHOR, todos de Judá, vós, os que entrais por estas portas, para adorardes ao SENHOR.

3 Assim diz o SENHOR dos Exércitos, o Deus de Israel: Emendai os vossos caminhos e as vossas obras, e eu vos farei habitar neste lugar.

4 Não confieis em palavras falsas, dizendo: Templo do SENHOR, templo do SENHOR, templo do SENHOR é este.

5 Mas, se deveras emendardes os vossos caminhos e as vossas obras, se deveras praticardes a justiça, cada um com o seu próximo;

tanso at bakal ang kanilang kalooban, at pawang kabulukan ang ginagawa nila.
29Matindi na ang init ng pugon at nalusaw na ng apoy ang tingga, ngunit hindi pa rin matunaw ang dumi ng pilak. Hindi na dapat ipagpatuloy ang pagdalisay sa aking bayan sapagkat hindi naman naihiwalay ang masasama.
30Tatawagin silang pilak na patapon sapagkat akong si Yahweh ang nagtakwil sa kanila.”

Jeremias 7

Si Jeremias ay Nangaral sa Templo

1-2Pinapunta ni Yahweh si Jeremias sa pintuan ng Templo, at ipinasabi ang ganito: “Makinig kayo, mga taga-Juda na nagkakatipon dito upang sumamba kay Yahweh.

3Pakinggan ninyo ang mensahe ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel! Baguhin ninyo ang inyong pamumuhay at ang inyong ginagawa at kayo'y papayagan kong manatili rito.”
4Huwag ninyong dayain ang inyong sarili sa paulit-ulit na pagsasabing: ‘Ito ang Templo ni Yahweh, ang Templo ni Yahweh, ang Templo ni Yahweh! ’ Hindi kayo maililigtas ng mga salitang iyan.

5“Magbagong-buhay na kayo at iwan na ang dati ninyong ginagawa. Maging makatarungan kayo sa isa't isa.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

6 se não oprimirdes o estrangeiro, e o órfão, e a viúva, nem derramardes sangue inocente neste lugar, nem andardes após outros deuses para vosso próprio mal,

7 eu vos farei habitar neste lugar, na terra que dei a vossos pais, desde os tempos antigos e para sempre.

8 Eis que vós confiais em palavras falsas, que para nada vos aproveitam.

9 Que é isso? Furtais e matais, cometeis adultério e jurais falsamente, queimais incenso a Baal e andais após outros deuses que não conheceis,

10 e depois vindes, e vos pondes diante de mim nesta casa que se chama pelo meu nome, e dizeis: Estamos salvos; sim, só para continuardes a praticar estas abominações!

11 Será esta casa que se chama pelo meu nome um covil de salteadores aos vossos olhos? Eis que eu, eu mesmo, vi isto, diz o SENHOR.

12 Mas ide agora ao meu lugar que estava em Siló, onde, no princípio, fiz habitar o meu nome, e vede o que lhe fiz, por causa da maldade do meu povo de Israel.

13 Agora, pois, visto que fazeis todas estas obras, diz o SENHOR, e eu vos falei,

6Huwag ninyong aapihin ang mga dayuhan, mga ulila, at mga balo. Tigilan na ninyo ang pagpatay sa mga walang kasalanan sa lugar na ito. Talikdan na ninyo ang pagsamba sa mga diyus-diyosan, sapagkat ito ang magiging dahilan ng inyong kapahamakan.
7Kapag sinunod ninyo ito, pahihintulutan ko kayong manatili sa lupaing ito na ibinigay ko sa inyong mga magulang upang maging tirahan ninyo magpakailanman.
8“Bakit kayo nagtitiwala sa mga salitang walang kabuluhan?
9Nagnanakaw kayo, pumapatay, nangangalunya, nanunumpa sa hindi katotohanan, naghahandog kay Baal, at sumasamba sa mga diyus-diyosang hindi ninyo nakikilala.

10Ginawa ninyo ang aking kinamumuhian at pagkatapos, haharap kayo sa akin, sa aking Templo at sasabihin ninyo, ‘Ligtas kami rito! ’

11Bakit? Ang tahanan bang ito'y mukhang lungga ng mga magnanakaw? Nakikita ko ang ginagawa ninyo. Akong si Yahweh ang nagsasabi nito.
12Pumunta kayo sa Shilo, ang lugar na una kong pinili upang ako'y sambahin ninyo. Tingnan ninyo ang ginawa ko sa lugar na iyon dahil sa mga kasalanan ng aking bayang Israel.
13At ngayon, ginawa rin ninyo ang mga kasalanang iyon. Paulit-ulit ko kayong

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

começando de madrugada, e não me ouvistes, chamei-vos, e não me respondestes,

14 farei também a esta casa que se chama pelo meu nome, na qual confiais, e a este lugar, que vos dei a vós outros e a vossos pais, como fiz a Siló.

15 Lançar-vos-ei da minha presença, como arrojei a todos os vossos irmãos, a toda a posteridade de Efraim.

A intercessão do profeta não salvará o povo rebelde

16 Tu, pois, não intercedas por este povo, nem levantes por ele clamor ou oração, nem me importunes, porque eu não te ouvirei.

17 Acaso, não vês tu o que andam fazendo nas cidades de Judá e nas ruas de Jerusalém?

18 Os filhos apanham a lenha, os pais acendem o fogo, e as mulheres amassam a farinha, para se fazerem bolos à Rainha dos Céus; e oferecem libações a outros deuses, para me provocarem à ira.

19 Acaso, é a mim que eles provocam à ira, diz o SENHOR, e não, antes, a si mesmos, para a sua própria vergonha?

20 Portanto, assim diz o SENHOR Deus: Eis que a minha ira e o meu furor se

pinaalalahanan, ngunit ayaw ninyong makinig. Hindi ninyo pinansin ang aking panawagan.

14Kaya naman, ang ginawa ko sa Shilo ay gagawin ko rin sa Templong ito na labis ninyong pinagtiwalaan. Wawasakin ko ang lugar na ito na ibinigay ko sa inyo at sa inyong mga magulang, gaya ng ginawa ko sa Shilo.

15Palalayasin ko kayo sa harap ko, tulad ng ginawa ko sa inyong mga kapatid, sa angkan ni Efraim.”

Ang Pagsuway ng mga Tao

16Sinabi ni Yahweh, “Huwag mong ipapanalangin ang mga taong ito, Jeremias. Huwag kang mananangis para sa kanila o magmamakaawa sapagkat hindi kita papakinggan.

17Tingnan mo ang kanilang ginagawa sa mga lunsod ng Juda at sa mga lansangan ng Jerusalem.

18Nangunguha ng panggatong ang kanilang mga anak, nagpaparikit ng apoy ang kalalakihan, at nagluluto ng tinapay ang kababaihan upang ihandog sa diyus-diyosang tinatawag nilang reyna ng kalangitan. Naghahandog din sila ng mga inumin sa ibang diyos, upang saktan ang aking kalooban.

19Subalit ako bang talaga ang kanilang sinasaktan? Hindi, manapa'y ang kanilang sarili ang sinasaktan nila at inilalagay sa kahihiyan.

20Kaya nga, ibubuhos ko sa lugar na ito ang aking galit at poot. Madadamay sa

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

derramarão sobre este lugar, sobre os homens e sobre os animais, sobre as árvores do campo e sobre os frutos da terra; arderá e não se apagará.

A mera multiplicação dos sacrifícios é debalde

21 Assim diz o SENHOR dos Exércitos, o Deus de Israel: Ajuntai os vossos holocaustos aos vossos sacrifícios e comei carne.

22 Porque nada falei a vossos pais, no dia em que os tirei da terra do Egito, nem lhes ordenei coisa alguma acerca de holocaustos ou sacrifícios.

23 Mas isto lhes ordenei, dizendo: Dai ouvidos à minha voz, e eu serei o vosso Deus, e vós sereis o meu povo; andai em todo o caminho que eu vos ordeno, para que vos vá bem.

24 Mas não deram ouvidos, nem atenderam, porém andaram nos seus próprios conselhos e na dureza do seu coração maligno; andaram para trás e não para diante.

25 Desde o dia em que vossos pais saíram da terra do Egito até hoje, enviei-vos todos os meus servos, os profetas, todos os dias; começando de madrugada, eu os enviei.

26 Mas não me destes ouvidos, nem me atendestes; endurecestes a cerviz e fizestes pior do que vossos pais.

ipapataw kong parusa ang mga tao, mga hayop, at pati mga punongkahoy at mga halaman. Ang aking poot ay gaya ng apoy na walang sinumang makakapatay.

21"Mabuti pa'y kainin na lamang ninyong lahat ang inyong mga handog na susunugin, kasama ng mga handog na pinagsasaluhan. Ako, si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel, ang nagsasabi nito.
22Nang ilabas ko sa Egipto ang inyong mga magulang, hindi ko iniutos sa kanila ang tungkol sa mga handog na susunugin o iba pang handog.
23Subalit inutusan ko silang sumunod sa akin upang sila'y maging aking bayan at ako naman ang kanilang magiging Diyos. Sinabi kong mamuhay sila ayon sa ipinag-uutos ko, at magiging maayos ang kanilang buhay.

24Ngunit hindi sila sumunod; ayaw nilang makinig sa akin. Sa halip, ginawa nila ang bawat maibigan at lalo pa silang nagpakasama, sa halip na magpakabuti.

25Mula nang umalis sa Egipto ang inyong mga magulang hanggang sa araw na ito, patuloy akong nagpapadala ng aking mga lingkod, ang mga propeta.
26Subalit hindi ninyo sila pinakinggan ni pinahalagahan. Nagmatigas kayo at masahol pa ang ginawa ninyo kaysa ginawa ng inyong mga magulang.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

27 Dir-lhes-ás, pois, todas estas palavras,
mas não te darão ouvidos; chamá-los-ás,
mas não te responderão.

28 Dir-lhes-ás: Esta é a nação que não
atende à voz do SENHOR, seu Deus, e não
aceita a disciplina; já pereceu, a verdade
foi eliminada da sua boca.

Judá rejeitado por Deus

29 Corta os teus cabelos consagrados, ó
Jerusalém, e põe-te a prantear sobre os
altos desnudos; porque já o SENHOR
rejeitou e desamparou a geração objeto do
seu furor;

30 porque os filhos de Judá fizeram o que
era mau perante mim, diz o SENHOR;
puseram os seus ídolos abomináveis na
casa que se chama pelo meu nome, para a
contaminarem.

31 Edificaram os altos de Tofete, que está
no vale do filho de Hinom, para
queimarem a seus filhos e a suas filhas; o
que nunca ordenei, nem me passou pela
mente.

32 Portanto, eis que virão dias, diz o
SENHOR, em que já não se chamará
Tofete, nem vale do filho de Hinom, mas
o vale da Matança; os mortos serão
enterrados em Tofete por não haver outro
lugar.

27"Kaya, Jeremias, sasabihin mo ang lahat
ng ito sa kanila subalit hindi sila
makikinig sa iyo. Tatawagin mo sila
ngunit hindi ka nila papansinin.
28Kaya ganito ang sabihin mo sa kanila:
'Narito ang bansang ayaw makinig sa tinig
ni Yahweh na kanilang Diyos, at ayaw
ituwid ang kanilang mga landas. Naglaho
na sa kanila ang katotohanan at hindi man
lamang nababanggit. '"

Ang mga Kasamaang Ginagawa sa Libis ng Ben Hinom

29"Manangis kayo, mga taga-Jerusalem.
Putulin ninyo ang inyong buhok, at itapon
ito sa malayo. Managhoy kayo sa ibabaw
ng mga burol, sapagkat itinakwil at
pinabayaan ni Yahweh ang mga taong
kanyang kinapopootan.
30"Napakasama ng ginawa ng mga taga-
Juda. Ang mga diyus-diyosang
kinasusuklaman ko'y inilagay nila sa aking
Templo. Nilapastangan nila ang aking
tahanan. Akong si Yahweh ang maysabi
nito.
31Sa Libis ng Ben Hinom ay gumawa sila
ng altar at tinawag nilang Tofet. Doon nila
sinusunog ang kanilang mga anak bilang
handog. Hindi ko iniutos sa kanilang
gawin ito, at ni hindi man lamang ito
sumagi sa aking isipan.
32Dahil dito, darating ang panahon na
hindi na iyon tatawaging Tofet o Libis ng
Ben Hinom kundi Libis ng Kamatayan.
Magiging isang libingan ang Tofet
sapagkat wala nang lugar na
mapaglilibingan.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

33 Os cadáveres deste povo servirão de pasto às aves dos céus e aos animais da terra; e ninguém haverá que os espante.

34 Farei cessar nas cidades de Judá e nas ruas de Jerusalém a voz de folguedo e a de alegria, a voz de noivo e a de noiva; porque a terra se tornará em desolação.

Jeremias 8

1 Naquele tempo, diz o SENHOR,
lançarão para fora das suas sepulturas os ossos dos reis e dos príncipes de Judá, os ossos dos sacerdotes e dos profetas e os ossos dos habitantes de Jerusalém;

2 espalhá-los-ão ao sol, e à lua, e a todo o exército do céu, a quem tinham amado, e a quem serviram, e após quem tinham ido, e a quem procuraram, e diante de quem se tinham prostrado; não serão recolhidos, nem sepultados; serão como esterco sobre a terra.

3 Escolherão antes a morte do que a vida todos os que restarem desta raça malvada que ficar nos lugares para onde os dispersei, diz o SENHOR dos Exércitos.

O castigo é inevitável

4 Dize-lhes mais: Assim diz o SENHOR: Quando caem os homens, não se tornam a

33Ang mga bangkay ay kakanin ng mga ibon at maiilap na hayop; walang sinumang makapagtataboy sa kanila.
34At sasalantain ko ang buong lupain hanggang ito'y maging isang disyerto. Hindi na maririnig sa mga lunsod ng Juda at sa mga lansangan ng Jerusalem ang mga himig ng kagalakan at katuwaan. Hindi na mapapakinggan ang masasayang tinig ng mga ikakasal.

Jeremias 8

1“Pagdating ng panahong iyon, ” sabi pa ni Yahweh, “ang kalansay ng mga hari at mga pinuno sa Juda, mga pari, mga propeta, at iba pang naninirahan sa Jerusalem, ay aalisin sa kanilang libingan.

2Ibibilad ang mga ito sa liwanag ng araw, buwan, at mga bituin na kanilang minahal, pinaglingkuran, sinunod, sinangguni, at sinamba. Sa halip na tipunin at ibaon, ang mga kalansay ay parang duming ikakalat sa lupa.

3Para sa mga nabubuhay pa sa makasalanang lahing ito na nagkalat sa mga lupaing pinagtapunan ko sa kanila, nanaisin pa nila ang mamatay kaysa patuloy na mabuhay. Akong si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ang nagsasabi nito.”

Ang Kasalanan at ang Kaparusahan

4“Jeremias, akong si Yahweh ang nagsasalita sa aking bayan. Kapag nabuwal ang isang tao, hindi ba muli

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

levantar? Quando alguém se desvia do caminho, não torna a voltar?

5 Por que, pois, este povo de Jerusalém se desvia, apostatando continuamente? Persiste no engano e não quer voltar.

6 Eu escutei e ouvi; não falam o que é reto, ninguém há que se arrependa da sua maldade, dizendo: Que fiz eu? Cada um corre a sua carreira como um cavalo que arremete com ímpeto na batalha.

7 Até a cegonha no céu conhece as suas estações; a rola, a andorinha e o grou observam o tempo da sua arribação; mas o meu povo não conhece o juízo do SENHOR.

8 Como, pois, dizeis: Somos sábios, e a lei do SENHOR está conosco? Pois, com efeito, a falsa pena dos escribas a converteu em mentira.

9 Os sábios serão envergonhados, aterrorizados e presos; eis que rejeitaram a palavra do SENHOR; que sabedoria é essa que eles têm?

10 Portanto, darei suas mulheres a outros, e os seus campos, a novos possuidores; porque, desde o menor deles até ao maior, cada um se dá à ganância, e tanto o

siyang bumabangon? Kapag naligaw siya ng daan, hindi ba muli siyang magbabalik?

5Bayan kong hinirang, bakit kayo lumalayo sa akin ngunit hindi naman nagbabalik? Bakit hindi ninyo maiwan ang inyong mga diyus-diyosan, at ayaw ninyong magbalik sa akin?

6Naghintay ako at nakinig ngunit walang nagsalita ng katotohanan. Ni walang nagsisi sa kanyang kasalanan. Wala man lamang nagtanong, ‘Anong kasalanan ang nagawa ko? ’ Bawat isa ay ginawa ang sariling maibigan, gaya ng kabayong patungo sa digmaan.

7Nalalaman ng ibong palipat-lipat ng tirahan, ng batu-bato, ng langay-langayan at ng tagak, kung kailan sila dapat lumipat at kung kailan dapat magbalik. Ngunit kayo, na aking bayan, hindi ninyo nalalaman ang aking kautusan na dapat ninyong sundin.

8Paano ninyo nasabing, ‘Kami'y matatalino; nasa amin ang kautusan ni Yahweh’? Ang kautusan ay binago ng mga mandarayang eskriba.

9Mapapahiya ang kanilang mga matatalino; sila'y malilito at mabibigo. Sapagkat tinanggihan nila ang salita ni Yahweh, anong karunungan ang taglay nila ngayon?

10Kaya ibibigay ko sa iba ang kanilang mga asawa; ang kanilang bukid ay tatamnan ng ibang tao. Ang lahat, dakila man o abâ, ay gumagamit ng pandaraya

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

profeta como o sacerdote usam de falsidade.
11 Curam superficialmente a ferida do meu povo, dizendo: Paz, paz; quando não há paz.

12 Serão envergonhados, porque cometem abominação sem sentir por isso vergonha; nem sabem que coisa é envergonhar-se. Portanto, cairão com os que caem; quando eu os castigar, tropeçarão, diz o SENHOR.

13 Eu os consumirei de todo, diz o SENHOR; não haverá uvas na vide, nem figos na figueira, e a folha já está murcha; e já lhes designei os que passarão sobre eles.

14 Por que estamos ainda assentados aqui? Reuni-vos, e entremos nas cidades fortificadas e ali pereçamos; pois o SENHOR já nos decretou o perecimento e nos deu a beber água venenosa, porquanto pecamos contra o SENHOR.

15 Espera-se a paz, e nada há de bom; o tempo da cura, e eis o terror.

16 Desde Dã se ouve o resfolegar dos seus cavalos; toda a terra treme à voz dos rinchos dos seus garanhões; e vêm e devoram a terra e a sua abundância, a cidade e os que habitam nela.

upang yumaman. Pati mga propeta at mga pari ay nandaraya.
11Hindi nila pansin ang kahirapan ng aking bayan. Ang sabi nila, ‘Payapa ang lahat, ’ gayong wala namang kapayapaan.
12Ikinahiya ba nila ang kanilang masasamang gawa? Hindi! Hindi na sila marunong mahiya! Makapal na ang kanilang mukha. Kaya nga, babagsak sila tulad ng iba. Ito na ang kanilang magiging wakas kapag sila'y aking pinarusahan. Ito ang sabi ni Yahweh.
13“Lilipulin ko na ang aking bayan sapagkat ang katulad nila'y punong ubas na walang bunga, o puno ng igos na walang pakinabang; nalanta na pati mga dahon. Kaya't tatanggapin nila ang bunga ng kanilang ginawa.”
14“Bakit tayo nakaupo at walang ginagawa?” tanong nila. “Halina kayo, tayo'y magtago sa mga lunsod na matibay, at doon na tayo mamatay. Hinatulan na tayo ni Yahweh na ating Diyos upang mamatay. Binigyan niya tayo ng tubig na may lason upang inumin sapagkat nagkasala tayo sa kanya.
15Naghintay tayo ng kapayapaan ngunit walang nangyari; umasa ng kaligtasan ngunit kakila-kilabot na hirap ang dumating sa atin.
16Naririnig hanggang sa lunsod ng Dan ang ingay ng mga kabayo ng kaaway. Nanginginig na sa takot ang buong bansa sa yabag pa lamang ng mga kabayong pandigma. Dumating na ang wawasak sa

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

17 Porque eis que envio para entre vós serpentes, áspides contra as quais não há encantamento, e vos morderão, diz o SENHOR.

A dor do profeta por causa da ruína do povo

18 Oh! Se eu pudesse consolar-me na minha tristeza! O meu coração desfalece dentro de mim.

19 Eis a voz do clamor da filha do meu povo de terra mui remota: Não está o SENHOR em Sião? Não está nela o seu Rei? Por que me provocaram à ira com as suas imagens de escultura, com os ídolos dos estrangeiros?

20 Passou a sega, findou o verão, e nós não estamos salvos.

21 Estou quebrantado pela ferida da filha do meu povo; estou de luto; o espanto se apoderou de mim.
22 Acaso, não há bálsamo em Gileade? Ou não há lá médico? Por que, pois, não se realizou a cura da filha do meu povo?

Jeremias 9

1 Prouvera a Deus a minha cabeça se tornasse em águas, e os meus olhos, em fonte de lágrimas! Então, choraria de dia e de noite os mortos da filha do meu povo.

ating lupain at sa lahat ng naroon; sa ating lunsod at sa lahat ng naninirahan doon.”
17“Humanda kayo!” sabi ni Yahweh. “Magpapadala ako ng mga ahas na makamandag, mga ulupong na hindi mapaaamo, upang kayo'y tuklawin.”

Ang Kalungkutan ni Jeremias Dahil sa Kanyang Bayan

18Hindi mapapawi ang nadarama kong kalungkutan; nagdurugo ang aking puso.

19Pakinggan ninyo! Naririnig ko ang iyakan ng buong bayan, “Wala na ba sa Zion si Yahweh? Wala na ba roon ang hari ng Zion?” At sumagot si Yahweh, “Bakit ninyo ako ginagalit? Bakit kayo sumasamba sa mga diyus-diyosan na hindi ninyo kilala at wala namang kabuluhan?”
20At sumigaw ang bayan: “Dumaan na ang tag-araw, tapos na rin ang anihan, ngunit hindi pa kami naliligtas!”
21Para akong sinuntok sa dibdib dahil sa hirap na sinapit ng aking bayan; ako'y nanangis; lubos akong nalilito.
22Wala na bang panlunas sa Gilead? Wala na bang manggagamot diyan? Bakit hindi gumagaling ang aking bayan?

Jeremias 9

1Sana'y naging balon ng tubig itong aking ulo, at bukal ng luha itong mata ko, upang ako'y may iluha sa maghapon at magdamag para sa aking mga kababayang namatay.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

2 Prouvera a Deus eu tivesse no deserto
uma estalagem de caminhantes! Então,
deixaria o meu povo e me apartaria dele,
porque todos eles são adúlteros, são um
bando de traidores;

3 curvam a língua, como se fosse o seu
arco, para a mentira; fortalecem-se na
terra, mas não para a verdade, porque
avançam de malícia em malícia e não me
conhecem, diz o SENHOR.

4 Guardai-vos cada um do seu amigo e de
irmão nenhum vos fieis; porque todo
irmão não faz mais do que enganar, e todo
amigo anda caluniando.

5 Cada um zomba do seu próximo, e não
falam a verdade; ensinam a sua língua a
proferir mentiras; cansam-se de praticar a
iniqüidade.

6 Vivem no meio da falsidade; pela
falsidade recusam conhecer-me, diz o
SENHOR.

Ameaças de ruína e exílio

7 Portanto, assim diz o SENHOR dos
Exércitos: Eis que eu os acrisolarei e os
provarei; porque de que outra maneira
procederia eu com a filha do meu povo?

8 Flecha mortífera é a língua deles; falam
engano; com a boca fala cada um de paz
com o seu companheiro, mas no seu
interior lhe arma ciladas.

2Sana'y may mapagtaguan ako doon sa
disyerto, kung saan malayo ako sa aking
mga kababayan. Sila'y mapakiapid at
pawang mga taksil.

3Sila'y laging handang magsabi ng
kasinungalingan; kasamaan ang
namamayani sa halip na katotohanan.
Ganito ang sabi ni Yahweh: “Sunod-sunod
na kasamaan ang ginagawa ng aking
bayan, at ako'y hindi nila nakikilala.”
4Mag-ingat kayo kahit sa inyong mga
kaibigan, kahit kapatid ay huwag
pagkatiwalaan; sapagkat mandaraya lahat
ng kapatid, katulad ni Jacob, at bawat
isa'y naninira sa kanyang kaibigan.
5Ang lahat ay nandaraya sa kanyang
kapwa, walang nagsasabi ng katotohanan;
dila nila'y sanay sa pagsisinungaling, sila'y
patuloy sa pagkakasala, at hindi naiisip
ang magsisi.
6Ang kanilang kasalanan ay patung-
patong na, hindi tumitigil sa pandaraya sa
iba. Kahit na si Yahweh hindi kinikilala.

7Kaya sinabi ni Yahweh, ang
Makapangyarihan sa lahat, “Pahihirapan
ko ang bansang ito upang sila'y subukin.
Sapagkat ano pa ang aking magagawa sa
bayan kong naging masama?
8Parang makamandag na pana ang
kanilang mga dila, lahat ng sinasabi ay
pawang pandaraya. Magandang
mangusap sa kanilang kapwa, ngunit ang
totoo, balak nila ay masama.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

9 Acaso, por estas coisas não os castigaria? – diz o SENHOR; ou não me vingaria eu de nação tal como esta?

10 Pelos montes levantarei choro e pranto e pelas pastagens do deserto, lamentação; porque já estão queimadas, e ninguém passa por elas; já não se ouve ali o mugido de gado; tanto as aves dos céus como os animais fugiram e se foram.

11 Farei de Jerusalém montões de ruínas, morada de chacais; e das cidades de Judá farei uma assolação, de sorte que fiquem desabitadas.

12 Quem é o homem sábio, que entenda isto, e a quem falou a boca do SENHOR, homem que possa explicar por que razão pereceu a terra e se queimou como deserto, de sorte que ninguém passa por ela?

13 Respondeu o SENHOR: Porque deixaram a minha lei, que pus perante eles, e não deram ouvidos ao que eu disse, nem andaram nela.

14 Antes, andaram na dureza do seu coração e seguiram os baalins, como lhes ensinaram os seus pais.

15 Portanto, assim diz o SENHOR dos Exércitos, Deus de Israel: Eis que alimentarei este povo com absinto e lhe darei a beber água venenosa.

9Hindi ba nararapat na parusahan ko sila? Hindi ba dapat lang na maghiganti ako sa kanila? Ako, si Yahweh, ang nagsasabi nito.”

10Ang sabi ni Jeremias, “Ang mga bundok ay aking tatangisan, at iiyakan ko ang mga pastulan; sapagkat natuyo na ang mga damo, at wala nang nagdaraang tao. Hindi na naririnig ang unga ng mga baka; pati mga ibon at hayop sa gubat ay nag-alisan na.”

11Ang sabi ni Yahweh: “Ang Jerusalem ay wawasakin ko. Kanyang mga pader, paguguhuin ko, at wala nang maninirahan doon kundi mga asong-gubat. Magiging disyerto, mga lunsod ng Juda, wala nang taong doon ay titira.”

12At nagtanong si Jeremias, “Yahweh, bakit po nasalanta ang lupain at natuyo tulad sa isang disyerto, kaya wala nang may gustong dumaan? Sinong matalino ang makakaunawa nito? Kanino ninyo ipinaliwanag ang nangyaring ito upang masabi naman niya sa iba?”

13Sumagot si Yahweh, “Nangyari ito sapagkat tinalikuran ng aking bayan ang kautusang ibinigay ko sa kanila at hindi sila sumunod sa akin.

14Sa halip, nagmatigas sila at sumamba sa diyus-diyosang si Baal, gaya ng itinuro ng kanilang mga magulang.

15Kaya, akong si Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel, ganito ang gagawin ko. Mapapait na halaman ang ipapakain ko sa kanila at

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

16 Espalhá-los-ei entre nações que nem
eles nem seus pais conheceram; e enviarei
a espada após eles, até que eu venha a
consumi-los.

17 Assim diz o SENHOR dos Exércitos:
Considerai e chamai carpideiras, para que
venham; mandai procurar mulheres
hábeis, para que venham.

18 Apressem-se e levantem sobre nós o seu
lamento, para que os nossos olhos se
desfaçam em lágrimas, e as nossas
pálpebras destilem água.

19 Porque uma voz de pranto se ouve de
Sião: Como estamos arruinados! Estamos
sobremodo envergonhados, porque
deixamos a terra, e eles transtornaram as
nossas moradas.

20 Ouvi, pois, vós, mulheres, a palavra do
SENHOR, e os vossos ouvidos recebam a
palavra da sua boca; ensinai o pranto a
vossas filhas; e, cada uma à sua
companheira, a lamentação.

21 Porque a morte subiu pelas nossas
janelas e entrou em nossos palácios;
exterminou das ruas as crianças e os
jovens, das praças.

22 Fala: Assim diz o SENHOR: Os
cadáveres dos homens jazerão como

tubig na may lason ang ipapainom ko sa
kanila.
16Pangangalatin ko sila sa iba't ibang
bansa, mga bansang ni hindi man lamang
nabalitaan ng kanilang mga magulang. At
magpapadala ako ng mga hukbong
sasalakay sa kanila hanggang sa lubusan
silang malipol."

Napapasaklolo ang mga Taga-Jerusalem

17Ang sabi ni Yahweh na
Makapangyarihan sa lahat: "Isipin ninyo
ang mga nangyayari! Tawagin ninyo ang
mga taga-iyak, ang mga babaing sanay
managhoy."
18Sabi naman ng mga tao, "Pagmadaliin
sila upang managhoy para sa atin,
hanggang sa bumalong ang ating mga
luha at mamugto sa pag-iyak ang ating
mga mata."
19Dinggin mo ang panaghoy sa Zion,
"Nasalanta na tayo! Napakalaking
kahihiyan nito! Lisanin na natin ang ating
lupain; sapagkat wasak na, mga tahanan
natin."
20Sinabi naman ni Jeremias, "Mga babae,
pakinggan ninyo si Yahweh, at unawain
ang kanyang sinasabi. Turuan ninyong
managhoy ang inyong mga anak na babae,
gayon din ang kanilang mga kaibigan.
21Nakapasok na ang kamatayan sa ating
mga tahanan, at sa magagarang palasyo;
pinuksa niya ang mga batang nasa
lansangan, at ang mga kabataang nasa
pamilihan.
22Nagkalat kahit saan ang mga bangkay,
tila bunton ng dumi sa kabukiran, parang

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

esterco sobre o campo e cairão como gavela atrás do segador, e não há quem a recolha.

Conhecer a Deus constitui a glória do homem

23 Assim diz o SENHOR: Não se glorie o sábio na sua sabedoria, nem o forte, na sua força, nem o rico, nas suas riquezas;

24 mas o que se gloriar, glorie-se nisto: em me conhecer e saber que eu sou o SENHOR e faço misericórdia, juízo e justiça na terra; porque destas coisas me agrado, diz o SENHOR.

25 Eis que vêm dias, diz o SENHOR, em que castigarei a todos os circuncidados juntamente com os incircuncisos:

26 ao Egito, e a Judá, e a Edom, e aos filhos de Amom, e a Moabe, e a todos os que cortam os cabelos nas têmporas e habitam no deserto; porque todas as nações são incircuncisas, e toda a casa de Israel é incircuncisa de coração.

Jeremias 10

Contraste entre o Senhor e os ídolos

1 Ouvi a palavra que o SENHOR vos fala a vós outros, ó casa de Israel.

2 Assim diz o SENHOR: Não aprendais o caminho dos gentios, nem vos espanteis

uhay na ginapas ng mga mang-aani at saka iniwang walang nag-iipon. Ito ang ipinapasabi sa akin ni Yahweh.”

23Ang sabi ni Yahweh: “Huwag ipagmayabang ng matatalino ang kanyang karunungan o ng malakas ang lakas na kanyang taglay ni ng mayaman ang kanyang kayamanan.

24Kung may nais magmalaki, ang ipagmalaki niya'y ang pagkakilala't pagkaunawa sa akin, sapagkat ang aking pag-ibig ay hindi nagbabago, makatarungan at matuwid ang mga ginagawa ko. Ito ang mga bagay na nais ko. Ako, si Yahweh ang nagsasabi nito.”

25Sinabi pa ni Yahweh, “Darating ang panahong paparusahan ko ang lahat ng tinuli ngunit ang puso'y hindi naman nababago;

26mga taga-Egipto, Juda, Edom, Ammon, Moab at lahat ng naninirahan sa disyerto at ang mga nagpuputol ng kanilang buhok. Sila at lahat ng mga taga-Israel ay hindi pa nagkakaroon ng panloob na pagbabago bagaman sila ay tinuli ayon sa laman.”

Jeremias 10

Ang Pagsamba sa Diyus-diyosan at ang Tunay na Pagsamba

1Mga anak ni Israel, pakinggan ninyo ang ipinapasabi ni Yahweh.

2Ang sabi niya, “Huwag ninyong tutularan ang ginagawa ng ibang mga bansa; o

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

com os sinais dos céus, porque com eles os gentios se atemorizam.
3 Porque os costumes dos povos são vaidade; pois cortam do bosque um madeiro, obra das mãos do artífice, com machado;
4 com prata e ouro o enfeitam, com pregos e martelos o fixam, para que não oscile.

5 Os ídolos são como um espantalho em pepinal e não podem falar; necessitam de quem os leve, porquanto não podem andar. Não tenhais receio deles, pois não podem fazer mal, e não está neles o fazer o bem.

6 Ninguém há semelhante a ti, ó SENHOR; tu és grande, e grande é o poder do teu nome.

7 Quem te não temeria a ti, ó Rei das nações? Pois isto é a ti devido; porquanto, entre todos os sábios das nações e em todo o seu reino, ninguém há semelhante a ti.

8 Mas eles todos se tornaram estúpidos e loucos; seu ensino é vão e morto como um pedaço de madeira.

9 Traz-se prata batida de Társis e ouro de Ufaz; os ídolos são obra de artífice e de mãos de ourives; azuis e púrpuras são as suas vestes; todos eles são obra de homens hábeis.

10 Mas o SENHOR é verdadeiramente Deus; ele é o Deus vivo e o Rei eterno; do

mabahala sa nakikitang mga tanda sa kalangitan, na labis nilang kinatatakutan.

3Ang dinidiyos nila'y hindi maaasahan. Isang punongkahoy na pinutol sa gubat, inanyuan ng mga dalubhasang kamay,

4at pinalamutian ng ginto at pilak. Idinikit at pinakuan upang hindi mabuwal.
5Ang mga diyus-diyosang ito'y tulad sa panakot ng ibon sa gitna ng bukid, hindi nakakapagsalita; pinapasan pa sila sapagkat hindi nakakalakad. Huwag kayong matakot sa kanila sapagkat hindi sila makakagawa ng masama, at wala ring magagawang mabuti.”
6Wala nang ibang tulad mo, O Yahweh; ikaw ay makapangyarihan, walang kasindakila ang iyong pangalan.
7Sino ang hindi matatakot sa iyo, ikaw na Hari ng lahat ng bansa? Karapat-dapat lamang na ikaw ay katakutan. Kahit na piliin ang lahat ng matatalino mula sa lahat ng bansa at mga kaharian, wala pa ring makakatulad sa iyo.
8Silang lahat ay pawang hangal at mangmang. Ano ang maituturo sa kanila ng mga diyus-diyosang kahoy?
9Ang kanilang diyus-diyosa'y binalutan ng pilak na galing sa Tarsis, at ng gintong mula sa Upaz, ginawang lahat ng mahuhusay na kamay; pagkatapos ay binihisan ng kulay ube at pula na hinabi naman ng manghahabing sanay.
10Ngunit ikaw, Yahweh, ang tunay na Diyos, ikaw ang Diyos na buháy, at ang

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

seu furor treme a terra, e as nações não podem suportar a sua indignação.

11 Assim lhes direis: Os deuses que não fizeram os céus e a terra desaparecerão da terra e de debaixo destes céus.

12 O SENHOR fez a terra pelo seu poder; estabeleceu o mundo por sua sabedoria e com a sua inteligência estendeu os céus.

13 Fazendo ele ribombar o trovão, logo há tumulto de águas no céu, e sobem os vapores das extremidades da terra; ele cria os relâmpagos para a chuva e dos seus depósitos faz sair o vento.

14 Todo homem se tornou estúpido e não tem saber; todo ourives é envergonhado pela imagem que ele mesmo esculpiu; pois as suas imagens são mentira, e nelas não há fôlego.

15 Vaidade são, obra ridícula; no tempo do seu castigo, virão a perecer.

16 Não é semelhante a estas Aquele que é a Porção de Jacó; porque ele é o Criador de todas as coisas, e Israel é a tribo da sua herança; SENHOR dos Exércitos é o seu nome.

Lamento sobre a desolação de Judá

Haring walang hanggan. Nayayanig ang daigdig kapag ikaw ay nagagalit, at walang bansang makakatagal sa tindi ng iyong poot.

11Sabihin ninyo sa mga diyus-diyosan: ang sinumang hindi makalikha ng langit at lupa ay dudurugin at lubusang mawawala sa ibabaw ng daigdig.

Awit ng Pagpupuri sa Diyos

12Nilikha ni Yahweh ang lupa sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan. Lumitaw ang daigdig dahil sa kanyang karunungan, at iniladlad niya ang langit sa bisa ng kanyang kaalaman.

13Pagkarinig sa kanyang utos, umugong ang mga tubig sa kalangitan; napagsama-sama niya ang mga ulap mula sa lahat ng hangganan ng lupa. Nagagawa niyang pakislapin ang kidlat sa gitna ng ulan, at nagpapaihip sa hangin mula sa kublihan nito.

14Sa harapan niya ang bawat tao'y mistulang mangmang; malalagay sa kahihiyan bawat panday sapagkat ang ginawa nilang mga diyus-diyosan ay hindi totoo at walang buhay.

15Sila'y walang silbi sapagkat likha lamang ng pandaraya; wawasakin silang lahat ni Yahweh.

16Ngunit hindi ganito ang Diyos ni Jacob; siya ang maylikha ng lahat ng bagay; at pinili niya ang Israel upang maging kanyang bayan. Yahweh ang kanyang pangalan, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

Ang Darating na Pagkabihag

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

17 Tira do chão a tua trouxa, ó filha de
Sião, que moras em lugar sitiado.

18 Porque assim diz o SENHOR: Eis que
desta vez arrojarei para fora os moradores
da terra e os angustiarei, para que venham
a senti-lo.
19 Ai de mim, por causa da minha ruína! É
mui grave a minha ferida; então, eu disse:
com efeito, é isto o meu sofrimento, e
tenho de suportá-lo.

20 A minha tenda foi destruída, todas as
cordas se romperam; os meus filhos se
foram e já não existem; ninguém há que
levante a minha tenda e lhe erga as lonas.

21 Porque os pastores se tornaram
estúpidos e não buscaram ao SENHOR;
por isso, não prosperaram, e todos os seus
rebanhos se acham dispersos.

22 Eis aí um rumor! Eis que vem grande
tumulto da terra do Norte, para fazer das
cidades de Judá uma assolação, morada de
chacais.

23 Eu sei, ó SENHOR, que não cabe ao
homem determinar o seu caminho, nem ao
que caminha o dirigir os seus passos.

24 Castiga-me, ó SENHOR, mas em justa
medida, não na tua ira, para que não me
reduzas a nada.

17"Mga taga-Jerusalem na napapaligiran
ng kaaway, ipunin ninyo ang inyong mga
ari-arian.
18Palalayasin na kayo ni Yahweh at
ipapatapon sa ibang lupain. Pahihirapan
kayong lahat hanggang sa walang matira."
Ito ang sabi ni Yahweh.
19At dumaing naman ang mga taga-
Jerusalem, "Napakatindi ng parusa sa
amin! Hindi gumagaling ang aming mga
sugat. Akala namin, ito'y aming matitiis.
20Ang aming mga tolda ay nawasak;
napatid na lahat ang mga lubid. Ang
aming mga anak ay naglayasang lahat,
walang natira upang mag-ayos ng aming
tolda; wala isa mang magsasabit ng mga
kurtina."
21At sumagot si Jeremias, "Ang aming
mga pinuno'y pawang mga hangal; hindi
sila sumangguni kay Yahweh. Kaya hindi
sila naging matagumpay, at ang mga tao'y
nagsipangalat.
22Makinig kayo! May dumating na balita!
Nagkakagulo sa isang bansang nasa
hilaga; ang kanilang hukbo ang pupuksa
sa mga lunsod ng Juda, at ito'y magiging
disyerto, tahanan ng mga asong-gubat."
23Nalalaman ko po, Yahweh, na walang
taong may hawak ng sarili niyang buhay;
at walang nakakatiyak ng kanyang
sasapitin.
24Ituwid mo ang iyong bayan, O Yahweh;
ngunit huwag naman sana kayong maging
marahas. Huwag kaming parusahan sa

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

25 Derrama a tua indignação sobre as nações que não te conhecem e sobre os povos que não invocam o teu nome; porque devoraram a Jacó, devoraram-no, consumiram-no e assolaram a sua morada.

Jeremias 11

A aliança é violada

1 Palavra que veio a Jeremias, da parte do SENHOR, dizendo:
2 Ouve as palavras desta aliança e fala aos homens de Judá e aos habitantes de Jerusalém;
3 dize-lhes: Assim diz o SENHOR, o Deus de Israel: Maldito o homem que não atentar para as palavras desta aliança,

4 que ordenei a vossos pais, no dia em que os tirei da terra do Egito, da fornalha de ferro, dizendo: dai ouvidos à minha voz e fazei tudo segundo o que vos mando; assim, vós me sereis a mim por povo, e eu vos serei a vós outros por Deus;

5 para que confirme o juramento que fiz a vossos pais de lhes dar uma terra que manasse leite e mel, como se vê neste dia. Então, eu respondi e disse: amém, ó SENHOR!

6 Tornou-me o SENHOR: Apregoa todas estas palavras nas cidades de Judá e nas ruas de Jerusalém, dizendo: Ouvi as palavras desta aliança e cumpri-as.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil

panahong kayo'y napopoot; na siyang magiging wakas naming lahat.
25Ibaling mo ang iyong poot sa mga bansang ayaw kumilala sa iyo at sa mga taong hindi tumatawag sa iyong pangalan. Pinatay nila ang mga anak ni Jacob; at winasak ang kanilang lupain.

Jeremias 11

Si Jeremias at ang Kasunduan

1Sinabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel, kay Jeremias:
2"Pakinggan mong mabuti ang nakasulat sa kasunduang ito, at sabihin mo sa mga taga-Juda at sa mga taga-Jerusalem

3na susumpain ko ang sinumang hindi susunod sa itinatakda ng kasunduang ito.

4Ito ang kasunduan namin ng inyong mga magulang nang iligtas ko sila sa Egipto, ang lupaing parang pugon na tunawan ng bakal. Sinabi kong pakinggan nila at sundin ang aking mga utos. At kung susunod sila, sila'y magiging bayan ko at ako'y magiging Diyos nila.
5Sa gayon, tutuparin ko ang aking pangako sa kanilang mga magulang, na ipapamana ko sa kanila ang lupaing mayaman at sagana sa lahat ng bagay na tinatahanan nila ngayon." Sumagot naman si Jeremias, "Opo, Yahweh."
6Pagkatapos, inutusan ni Yahweh si Jeremias: "Pumunta ka sa mga lunsod ng Juda at sa mga lansangan ng Jerusalem. Ipahayag mo ang aking mensahe sa kanila,

Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society

7 Porque, deveras, adverti a vossos pais, no dia em que os tirei da terra do Egito, até ao dia de hoje, testemunhando desde cedo cada dia, dizendo: dai ouvidos à minha voz.

8 Mas não atenderam, nem inclinaram o seu ouvido; antes, andaram, cada um, segundo a dureza do seu coração maligno; pelo que fiz cair sobre eles todas as ameaças desta aliança, a qual lhes ordenei que cumprissem, mas não cumpriram.

9 Disse-me ainda o SENHOR: Uma conspiração se achou entre os homens de Judá, entre os habitantes de Jerusalém.
10 Tornaram às maldades de seus primeiros pais, que recusaram ouvir as minhas palavras; andaram eles após outros deuses para os servir; a casa de Israel e a casa de Judá violaram a minha aliança, que eu fizera com seus pais.
9 Portanto, tão certo como eu vivo, diz o SENHOR dos Exércitos, o Deus de Israel, Moabe será como Sodoma, e os filhos de Amom, como Gomorra, campo de urtigas, poços de sal e assolação perpétua; o restante do meu povo os saqueará, e os sobreviventes da minha nação os possuirão.

10 Isso lhes sobrevirá por causa da sua soberba, porque escarneceram e se gabaram contra o povo do SENHOR dos Exércitos.

11 O SENHOR será terrível contra eles, porque aniquilará todos os deuses da terra; todas as ilhas das nações, cada uma do seu lugar, o adorarão.

Ameaças contra a Etiópia e a Assíria

12 Também vós, ó etíopes, sereis mortos pela espada do SENHOR.

13 Ele estenderá também a mão contra o Norte e destruirá a Assíria; e fará de Nínive uma desolação e terra seca como o deserto.

14 No meio desta cidade, repousarão os rebanhos e todos os animais em bandos; alojar-se-ão nos seus capitéis tanto o pelicano como o ouriço; a voz das aves retinirá nas janelas, o monturo estará nos limiares, porque já lhe arrancaram o madeiramento de cedro.

iniinsulto nila ang aking bayan at ipinagmamalaking sasakupin ang kanilang lupain.”

9Kaya nga't sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel, “Isinusumpa kong mawawasak ang Moab tulad ng Sodoma, at ang Ammon, tulad ng Gomorra. Ang lupain nila'y mapupuno ng dawag, at hindi na ito mapapakinabangan kailanman. Sasamsaman sila ng mga nakaligtas sa aking bayan, at aangkinin ang kanilang lupain.”

10Ito ang parusa sa kanilang kapalaluan, at sa paghamak nila sa bayan ni Yahweh.

11Sisindakin sila ni Yahweh. Pawawalang-kabuluhan niya ang mga diyus-diyosan ng sanlibutan; at siya ang sasambahin ng lahat ng bansa, sa kani-kanilang lupain.

12Kayong mga taga-Etiopia ay mamamatay rin sa digmaan.

13Sa kapangyarihan ni Yahweh ay wawasakin ang Asiria; ibabagsak niya ang Nineve, at ito'y matutulad sa isang disyerto.

14Maninirahan dito ang mga kawan, at ang lahat ng uri ng mga hayop sa parang. Ang mga buwitre ay magpupugad sa mga sirang haligi at huhuni ang mga kuwago sa may tapat ng bintana; gayundin ang mga uwak sa may pintuan, sapagkat malalantad ang mga kahoy na sedar.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

15 Esta é a cidade alegre e confiante, que
dizia consigo mesma: Eu sou a única, e
não há outra além de mim. Como se
tornou em desolação, em pousada de
animais! Qualquer que passar por ela
assobiará com desprezo e agitará a mão.

Sofonias 3

Ameaças contra Jerusalém

1 Ai da cidade opressora, da rebelde e
manchada!

2 Não atende a ninguém, não aceita
disciplina, não confia no SENHOR, nem se
aproxima do seu Deus.

3 Os seus príncipes são leões rugidores no
meio dela, os seus juízes são lobos do cair
da noite, que não deixam os ossos para
serem roídos no dia seguinte.

4 Os seus profetas são levianos, homens
pérfidos; os seus sacerdotes profanam o
santuário e violam a lei.

5 O SENHOR é justo, no meio dela; ele não
comete iniqüidade; manhã após manhã,
traz ele o seu juízo à luz; não falha; mas o
iníquo não conhece a vergonha.

15Ito ang mangyayari sa palalong lunsod
na hindi nababahala, at nagsasabing,
“Wala nang hihigit pa sa akin!” Anong
laking kasawian ang kanyang sinapit;
naging tirahan siya ng mababangis na
hayop! Kukutyain siya at pandidirihan ng
lahat ng magdaraan doon.

Zefanias 3

Ang Kapahamakan at Katubusan ng Israel

1Mapapahamak ang mapaghimagsik na
lunsod ng Jerusalem, punung-puno ng
mga makasalanan at ng mga pinunong
mapang-api.
2Hindi ito sumusunod kay Yahweh at
ayaw tumanggap ng kanyang pagtutuwid.
Wala itong tiwala sa kanya, at ayaw
nitong lumapit sa Diyos upang humingi ng
tulong.
3Ang kanyang mga pinuno ay parang mga
leong umuungal; ang mga hukom nama'y
parang mga asong-gubat sa gabi, na sa
pagsapit ng umaga'y walang itinitira kahit
na buto.
4Ang kanyang mga propeta ay di
mapagkakatiwalaan at mapanganib; ang
kanyang mga pari ay lapastangan sa mga
bagay na sagrado; at binabaluktot ang
kautusan para sa kanilang
kapakinabangan.
5Ngunit nasa lunsod pa rin si Yahweh;
doo'y pawang tama ang kanyang ginawa
at kailanma'y hindi siya nagkakamali.
Araw-araw ay walang tigil niyang
ipinapakita ang kanyang katarungan sa

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

6 Exterminei as nações, as suas torres estão assoladas; fiz desertas as suas praças, a ponto de não haver quem passe por elas; as suas cidades foram destruídas, de maneira que não há ninguém, ninguém que as habite.

7 Eu dizia: certamente, me temerás e aceitarás a disciplina, e, assim, a sua morada não seria destruída, segundo o que havia determinado; mas eles se levantaram de madrugada e corromperam todos os seus atos.

A salvação da filha de Jerusalém

8 Esperai-me, pois, a mim, diz o SENHOR, no dia em que eu me levantar para o despojo; porque a minha resolução é ajuntar as nações e congregar os reinos, para sobre eles fazer cair a minha maldição e todo o furor da minha ira; pois toda esta terra será devorada pelo fogo do meu zelo.

9 Então, darei lábios puros aos povos, para que todos invoquem o nome do SENHOR e o sirvam de comum acordo.

10 Dalém dos rios da Etiópia, os meus adoradores, que constituem a filha da minha dispersão, me trarão sacrifícios.

11 Naquele dia, não te envergonharás de nenhuma das tuas obras, com que te

kanyang bayan, ngunit hindi pa rin nahihiya ang masasama sa paggawa ng kasalanan.

6"Nilipol ko na ang mga bansa; winasak ko na ang kanilang mga tore at kuta. Sinira ko na ang kanilang mga lansangan, kaya't wala ni isa mang doo'y dumaraan. Giba na ang mga lunsod nila, wala nang naninirahan doon, " sabi ni Yahweh.

7Kaya't nasabi ko, "Tiyak na matatakot na siya sa akin, tatanggap na siya ng aking pagtutuwid. Hindi na niya ipagwawalang-bahala ang mga paalala ko. Ngunit lalo pa siyang nasabik gumawa ng masama."

8"Kaya't hintayin ninyo ako, " sabi ni Yahweh, "hintayin ninyo ang araw ng aking pag-uusig. Sapagkat ipinasya kong tipunin, ang mga bansa at ang mga kaharian, upang idarang sila sa init ng aking galit, sa tindi ng aking poot; at ang buong lupa ay matutupok sa apoy ng aking poot.

9"Oo, sa panahong iyon ay babaguhin ko ang pananalita ng mga tao, at bibigyan ko sila ng dilang malinis, upang sa kay Yahweh lamang manalangin at sumamba at buong pagkakaisang maglingkod sa kanya.

10Mula sa kabilang panig ng mga ilog ng Etiopia, ang aking nangalat na bayan, ay sasamba sa akin at magdadala ng kanilang handog.

11"Sa araw na iyon ay hindi na kayo mapapahiya sa ginawa ninyong

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

rebelaste contra mim; então, tirarei do meio de ti os que exultam na sua soberba, e tu nunca mais te ensoberbecerás no meu santo monte.
12 Mas deixarei, no meio de ti, um povo modesto e humilde, que confia em o nome do SENHOR.
13 Os restantes de Israel não cometerão iniqüidade, nem proferirão mentira, e na sua boca não se achará língua enganosa, porque serão apascentados, deitar-se-ão, e não haverá quem os espante.

14 Canta, ó filha de Sião; rejubila, ó Israel; regozija-te e, de todo o coração, exulta, ó filha de Jerusalém.

15 O SENHOR afastou as sentenças que eram contra ti e lançou fora o teu inimigo. O Rei de Israel, o SENHOR, está no meio de ti; tu já não verás mal algum.

16 Naquele dia, se dirá a Jerusalém: Não temas, ó Sião, não se afrouxem os teus braços.

17 O SENHOR, teu Deus, está no meio de ti, poderoso para salvar-te; ele se deleitará em ti com alegria; renovar-te-á no seu amor, regozijar-se-á em ti com júbilo.

18 Os que estão entristecidos por se acharem afastados das festas solenes, eu os congregarei, estes que são de ti e sobre os quais pesam opróbrios.
19 Eis que, naquele tempo, procederei contra todos os que te afligem; salvarei os

paghihimagsik sa akin, sapagkat aalisin ko ang mga mapagmataas, at hindi na kayo maghihimagsik sa aking banal na bundok.

12Iiwan ko roon ang mga taong mapagpakumbabá; lalapit sila sa akin upang magpatulong.
13Hindi na gagawa ng kasamaan ang mga nakaligtas sa Israel; hindi na sila magsisinungaling ni mandaraya man. Uunlad ang kanilang buhay at magiging panatag; wala na silang katatakutan.”

Isang Awit ng Kagalakan

14Umawit ka nang malakas, Lunsod ng Zion! Sumigaw ka, Israel! Magalak ka ng buong puso, Lunsod ng Jerusalem!
15Ang iyong kaparusahan ay inalis na ni Yahweh, at pinalayas na niya ang iyong mga kaaway. Nasa kalagitnaan mo si Yahweh, ang Hari ng Israel, wala nang kasawiang dapat pang katakutan.
16Sa araw na iyon ay sasabihin sa Jerusalem, “Huwag kang matakot, Zion; huwag kang panghinaan ng loob.
17Nasa piling mo si Yahweh na iyong Diyos, at ang kanyang kapangyarihan ang magbibigay sa iyo ng tagumpay. Siya ay magagalak sa iyo at ang pag-ibig niya ang magbibigay sa iyo ng bagong buhay. Masaya siyang aawit sa laki ng kagalakan,
18gaya ng nagdiriwang sa isang kapistahan. Ililigtas kita sa iyong kapahamakan, upang huwag mo nang maranasan ang kahihiyan.
19Sa panahong iyon ay haharapin ko ang mga umapi sa iyo. Titipunin ko ang mga

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

que coxeiam, e recolherei os que foram expulsos, e farei deles um louvor e um nome em toda a terra em que sofrerem ignomínia.

20 Naquele tempo, eu vos farei voltar e vos recolherei; certamente, farei de vós um nome e um louvor entre todos os povos da terra, quando eu vos mudar a sorte diante dos vossos olhos, diz o SENHOR.

itinakwil, papalitan ko ng karangalan ang kanilang mga kahihiyan, at gagawin ko silang tanyag sa buong daigdig.

20Sa panahong iyon, kayo'y aking titipunin at ibabalik sa inyong tahanan. Gagawin ko kayong bantog sa buong daigdig, at muli kong ibabalik ang inyong kayamanan at kasaganaan." Si Yahweh ang nagsabi nito.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

Ageu	Hagai
Ageu 1	**Hagai 1**
Ageu exorta o povo a reedificar o templo	**Iniutos ni Yahweh na Muling Itayo ang Templo**
1 No segundo ano do rei Dario, no sexto mês, no primeiro dia do mês, veio a palavra do SENHOR, por intermédio do profeta Ageu, a Zorobabel, filho de Salatiel, governador de Judá, e a Josué, filho de Jozadaque, o sumo sacerdote, dizendo:	1Ang aklat na ito ay naglalaman ng mga pahayag ni Yahweh sa pamamagitan ni Hagai. Noong ikalawang taon ng paghahari ni Haring Dario sa Persia, noong unang araw ng ikaanim na buwan, si Yahweh ay nangusap kay Hagai para kay Zerubabel na gobernador ng Juda, anak ni Sealtiel, at sa pinakapunong pari na si Josue, anak ni Jehozadak.
2 Assim fala o SENHOR dos Exércitos: Este povo diz: Não veio ainda o tempo, o tempo em que a Casa do SENHOR deve ser edificada.	2Ganito ang ipinapasabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat: “Sinasabi ng mga taong ito na diumano'y hindi pa napapanahon upang itayong muli ang Templo.”
3 Veio, pois, a palavra do SENHOR, por intermédio do profeta Ageu, dizendo:	3Dahil dito, sa pamamagitan ni Propeta Hagai ay sinabi ni Yahweh sa sambayanan,
4 Acaso, é tempo de habitardes vós em casas apaineladas, enquanto esta casa permanece em ruínas?	4“Tama ba na naninirahan kayo sa mga magaganda at maaayos na bahay ngunit wasak na wasak naman ang aking Templo?
5 Ora, pois, assim diz o SENHOR dos Exércitos: Considerai o vosso passado.	5Hindi ba ninyo napapansin ang mga nangyayari sa inyo?
6 Tendes semeado muito e recolhido pouco; comeis, mas não chega para fartar-vos; bebeis, mas não dá para saciar-vos; vestis-vos, mas ninguém se aquece; e o que recebe salário, recebe-o para pô-lo num saquitel furado.	6Marami na kayong naihasik ngunit kaunti lamang ang inyong ani. May mga pagkain nga kayo ngunit kakaunti naman at hindi makabusog. May alak nga kayong naiinom ngunit hindi naman sapat upang magbigay kasiyahan. May damit nga kayong naisusuot ngunit giniginaw pa rin kayo sa taglamig. Kumikita nga ang

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

7 Assim diz o SENHOR dos Exércitos: Considerai o vosso passado.

8 Subi ao monte, trazei madeira e edificai a casa; dela me agradarei e serei glorificado, diz o SENHOR.

9 Esperastes o muito, e eis que veio a ser pouco, e esse pouco, quando o trouxestes para casa, eu com um assopro o dissipei. Por quê? – diz o SENHOR dos Exércitos; por causa da minha casa, que permanece em ruínas, ao passo que cada um de vós corre por causa de sua própria casa.

10 Por isso, os céus sobre vós retêm o seu orvalho, e a terra, os seus frutos.

11 Fiz vir a seca sobre a terra e sobre os montes; sobre o cereal, sobre o vinho, sobre o azeite e sobre o que a terra produz, como também sobre os homens, sobre os animais e sobre todo trabalho das mãos.

O povo atende ao Senhor

12 Então, Zorobabel, filho de Salatiel, e Josué, filho de Jozadaque, o sumo sacerdote, e todo o resto do povo atenderam à voz do SENHOR, seu Deus, e às palavras do profeta Ageu, as quais o SENHOR, seu Deus, o tinha mandado dizer; e o povo temeu diante do SENHOR.

manggagawa ngunit kinukulang pa rin siya.

7Alam ba ninyo kung bakit ganyan ang nangyayari?

8Hindi ako nasisiyahan sa mga ginagawa ninyo. Kaya pumunta kayo sa kagubatan at kumuha ng mga trosong gagamitin sa muling pagtatayo ng Templo upang ako ay masiyahan at doon ay mabigyan ng karangalan.”

9“Umasa kayong aani ng masagana ngunit kayo'y nabigo. At ang kaunting ani na iniuwi ninyo ay akin pang isinambulat. Ginawa ko iyan sa inyo sapagkat abalang-abala kayo sa pagpapaganda ng inyong mga bahay samantalang ang Templo na aking tahanan ay pinababayaan ninyong wasak.

10Iyan ang dahilan kaya kahit hamog ay hindi kayo napapatakan, at ang inyong mga pananim ay hindi lumalago.

11Matinding tagtuyot ang ipinararanas ko sa buong lupain: sa mga kabukiran at kaburulan, sa mga inaning butil, sa mga bagong alak sa lahat ng ani, sa lahat ng tao at hayop, at sa lahat ng pinagpaguran ninyo.”

Sinunod ng Sambayanan ang Utos ni Yahweh

12Natakot ang sambayanan kay Yahweh. Kaya't bilang tugon sa ipinasabi nito kay Propeta Hagai, sinunod nina Gobernador Zerubabel na anak ni Sealtiel at ng pinakapunong pari na si Josue, anak ni Jehozadak, gayundin ng buong sambayanang nagbalik mula sa

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

13 Então, Ageu, o enviado do SENHOR, falou ao povo, segundo a mensagem do SENHOR, dizendo: Eu sou convosco, diz o SENHOR.

14 O SENHOR despertou o espírito de Zorobabel, filho de Salatiel, governador de Judá, e o espírito de Josué, filho de Jozadaque, o sumo sacerdote, e o espírito do resto de todo o povo; eles vieram e se puseram ao trabalho na Casa do SENHOR dos Exércitos, seu Deus,

15 ao vigésimo quarto dia do sexto mês.

Ageu 2

A glória do segundo templo

1 No segundo ano do rei Dario, no sétimo mês, ao vigésimo primeiro do mês, veio a palavra do SENHOR por intermédio do profeta Ageu, dizendo:

2 Fala, agora, a Zorobabel, filho de Salatiel, governador de Judá, e a Josué, filho de Jozadaque, o sumo sacerdote, e ao resto do povo, dizendo:

3 Quem dentre vós, que tenha sobrevivido, contemplou esta casa na sua primeira

pagkabihag sa Babilonia, ang ipinagagawa sa kanila ni Yahweh na kanilang Diyos.

13Nalugod siya kaya't sa pamamagitan ni Propeta Hagai ay muli niyang ipinasabi sa sambayanan, “Nangangako akong kayo'y aking papatnubayan.”

14Simula nga noon, si Yahweh ang nagbigay ng lakas ng loob sa lahat ng nagtatrabaho upang muling itayo ang Templo—hindi lamang ni Zerubabel na gobernador ng Juda at ni Josue na pinakapunong pari, kundi ng buong sambayanang lumaya at nagsibalik mula sa pagkabihag. Sama-sama at tulung-tulong nilang sinimulan ang muling pagtatayo ng Templo ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang kanilang Diyos,

15noong ikadalawampu't apat na araw ng ikaanim na buwan ng ikalawang taon ng paghahari ni Dario.

Hagai 2

Ang Kagandahan ng Bagong Templo

1Noong ikadalawampu't isa ng ikapitong buwan ng taon ding iyon, muling nagsalita si Yahweh sa pamamagitan ni Propeta Hagai

2upang ipaabot ang mensaheng ito kay Zerubabel na gobernador ng Juda at kay Josue na pinakapunong pari, gayundin sa buong sambayanan:

3“Sino sa inyo ang nakakaalala sa maringal na kaningningan ng naunang Templo? Maihahambing ba ninyo ang

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

glória? E como a vedes agora? Não é ela como nada aos vossos olhos?

4 Ora, pois, sê forte, Zorobabel, diz o SENHOR, e sê forte, Josué, filho de Jozadaque, o sumo sacerdote, e tu, todo o povo da terra, sê forte, diz o SENHOR, e trabalhai, porque eu sou convosco, diz o SENHOR dos Exércitos;

5 segundo a palavra da aliança que fiz convosco, quando saístes do Egito, o meu Espírito habita no meio de vós; não temais.

6 Pois assim diz o SENHOR dos Exércitos: Ainda uma vez, dentro em pouco, farei abalar o céu, a terra, o mar e a terra seca;
7 farei abalar todas as nações, e as coisas preciosas de todas as nações virão, e encherei de glória esta casa, diz o SENHOR dos Exércitos.
8 Minha é a prata, meu é o ouro, diz o SENHOR dos Exércitos.

9 A glória desta última casa será maior do que a da primeira, diz o SENHOR dos Exércitos; e, neste lugar, darei a paz, diz o SENHOR dos Exércitos.

Repreendida a infidelidade do povo

10 Ao vigésimo quarto dia do mês nono, no segundo ano de Dario, veio a palavra do SENHOR por intermédio do profeta Ageu, dizendo:

kagandahan noon sa hitsura ng Templong ito ngayon? Wala itong sinabi sa naunang Templo.

4Gayunman, magpakatatag kayo. Patuloy ninyong gawin ang Templo sapagkat ako'y kasama ninyo.

5Nang palayain ko kayo sa Egipto, aking ipinangakong palagi ko kayong papatnubayan. Hanggang ngayon nga'y kasama ninyo ako kaya't wala kayong dapat ikatakot.
6"Hindi na magtatagal at yayanigin ko ang langit at ang daigdig, ang lupa at ang dagat.
7Yayanigin ko ang mga bansa at dadalhin ko dito ang kanilang mga kayamanan. Ang Templong ito ay mapupuno ng kanilang mga kayamanan
8sapagkat ang lahat ng pilak at ginto sa buong daigdig ay akin.
9Dahil dito, ang bagong Templo ay magiging higit na maganda kaysa doon sa nauna, at sa bagong Templong ito ay mahahayag ang kasaganaan at katiwasayang ipagkakaloob ko sa aking sambayanan." Ganito ang sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

Sumangguni ang Propeta sa mga Pari

10Noong ikadalawampu't apat na araw ng ikasiyam na buwan ng ikalawang taon ng paghahari ni Dario sa Persia, muling nagpahayag kay Hagai si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

11 Assim diz o SENHOR dos Exércitos: Pergunta, agora, aos sacerdotes a respeito da lei:

12 Se alguém leva carne santa na orla de sua veste, e ela vier a tocar no pão, ou no cozinhado, ou no vinho, ou no azeite, ou em qualquer outro mantimento, ficará isto santificado? Responderam os sacerdotes: Não.

13 Então, perguntou Ageu: Se alguém que se tinha tornado impuro pelo contato com um corpo morto tocar nalguma destas coisas, ficará ela imunda? Responderam os sacerdotes: Ficará imunda.

14 Então, prosseguiu Ageu: Assim é este povo, e assim esta nação perante mim, diz o SENHOR; assim é toda a obra das suas mãos, e o que ali oferecem: tudo é imundo.

15 Agora, pois, considerai tudo o que está acontecendo desde aquele dia. Antes de pordes pedra sobre pedra no templo do SENHOR,

16 antes daquele tempo, alguém vinha a um monte de vinte medidas, e havia somente dez; vinha ao lagar para tirar cinqüenta, e havia somente vinte.

11Sinabi ni Yahweh sa kanya na itanong sa mga pari kung ano ang pasya ng mga ito ukol sa ganitong usapin:
12“Halimbawa'y may dumampot ng isang piraso ng karneng itinalaga mula sa handog na inialay sa altar at ito'y binalot niya sa kanyang damit. Magiging banal din kaya ang mga pagkaing masaling ng kanyang damit tulad ng tinapay, ulam, alak, langis ng olibo, at iba pang pagkain?” Ang sagot ng mga pari ay “Hindi.”
13Muling nagtanong si Hagai, “Halimbawa'y naging marumi ang isang tao dahil humipo sa bangkay. Magiging marumi rin ba ang anumang pagkaing masaling niya?” “Oo, ” ang sagot ng mga pari.
14Kaugnay nito, sinabi ni Hagai, “Ganito rin ang kalagayan ng mga tao sa bansang ito sa harapan ni Yahweh, pati na ang bunga ng kanilang mga gawain. Kaya nga't ang lahat ng handog nila sa altar ay marurumi.”

Nangako ng Pagpapala si Yahweh

15Sinabi rin ni Yahweh, “Pag-isipan ninyong mabuti ang mga pangyayaring magaganap sa inyong buhay mula sa araw na ito. Noong hindi pa ninyo nasisimulang gawing muli ang Templo,
16inaasahan ninyong ang isang buntong trigo ay 200 kilo ngunit iyon pala ay sandaan lamang. Akala ninyo'y sandaang litrong alak ang masasalok sa imbakan ngunit iyon pala'y apatnapu lamang.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

17 Eu vos feri com queimaduras, e com ferrugem, e com saraiva, em toda a obra das vossas mãos; e não houve, entre vós, quem voltasse para mim, diz o SENHOR.
18 Considerai, eu vos rogo, desde este dia em diante, desde o vigésimo quarto dia do mês nono, desde o dia em que se fundou o templo do SENHOR, considerai nestas coisas.

19 Já não há semente no celeiro. Além disso, a videira, a figueira, a romeira e a oliveira não têm dado os seus frutos; mas, desde este dia, vos abençoarei.

A promessa do Senhor a Zorobabel

20 Veio a palavra do SENHOR segunda vez a Ageu, ao vigésimo quarto dia do mês, dizendo:

21 Fala a Zorobabel, governador de Judá: Farei abalar o céu e a terra;

22 derribarei o trono dos reinos e destruirei a força dos reinos das nações; destruirei o carro e os que andam nele; os cavalos e os seus cavaleiros cairão, um pela espada do outro.

23 Naquele dia, diz o SENHOR dos Exércitos, tomar-te-ei, ó Zorobabel, filho de Salatiel, servo meu, diz o SENHOR, e te farei como um anel de selar, porque te escolhi, diz o SENHOR dos Exércitos.

17Sinalanta ko ang inyong mga pananim sa pamamagitan ng mainit na hangin, amag, at pag-ulan ng yelo, gayunma'y hindi pa rin kayo nanumbalik sa akin.
18Ngayon ay ikadalawampu't apat na araw ng ikasiyam na buwan at ito ang araw na natapos ang pundasyon ng Templo. Bantayan ninyo ang mga susunod na pangyayari.
19Ubos na ba ang mga pagkaing butil sa kamalig? Wala pa bang bunga ang mga puno ng ubas, ng igos, ng granada, at ng olibo? Huwag kayong mabahala sapagkat mula ngayon ay pagpapalain ko na kayo.”

Ang Pangako ni Yahweh kay Zerubabel

20Nang araw ding iyon, ikadalawampu't apat ng buwan, isa pang mensahe ang ibinigay ni Yahweh para kay Hagai
21upang iparating kay Zerubabel na gobernador ng Juda, “Malapit ko nang yanigin ang langit at ang lupa,
22pati na ang mga kaharian; wawakasan ko na ang kapangyarihan ng mga ito. Sisirain ko na ang kanilang mga karwahe at papaslangin ang mga nakasakay doon. Mamamatay din ang mga kabayo at magpapatayan ang mga mangangabayo.
23Pagsapit ng araw na iyon, kukunin kita Zerubabel na aking lingkod. Itatalaga kita upang maghari sa ilalim ng aking kapangyarihan. Ikaw ang aking pinili.” Iyan ang pahayag ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

Zacarias 1

Exortação ao arrependimento

1 No oitavo mês do segundo ano de Dario,
veio a palavra do SENHOR ao profeta
Zacarias, filho de Baraquias, filho de Ido,
dizendo:

2 O SENHOR se irou em extremo contra
vossos pais.
3 Portanto, dize-lhes: Assim diz o SENHOR
dos Exércitos: Tornai-vos para mim, diz o
SENHOR dos Exércitos, e eu me tornarei
para vós outros, diz o SENHOR dos
Exércitos.
4 Não sejais como vossos pais, a quem
clamavam os primeiros profetas, dizendo:
Assim diz o SENHOR dos Exércitos:
Convertei-vos, agora, dos vossos maus
caminhos e das vossas más obras; mas não
ouviram, nem me atenderam, diz o
SENHOR.
5 Vossos pais, onde estão eles? E os
profetas, acaso, vivem para sempre?
6 Contudo, as minhas palavras e os meus
estatutos, que eu prescrevi aos profetas,
meus servos, não alcançaram a vossos
pais? Sim, estes se arrependeram e
disseram: Como o SENHOR dos Exércitos
fez tenção de nos tratar, segundo os nossos
caminhos e segundo as nossas obras, assim
ele nos fez.

A primeira visão: os cavalos

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil

Zacarias

Zacarias 1

Panawagan na Manumbalik sa Diyos

1Ang aklat na ito ay naglalaman ng
pahayag ni Yahweh sa pamamagitan ni
Propeta Zacarias, anak ni Berequias at apo
ni Propeta Iddo. Noong ikawalong buwan,
ng ikalawang taon ng paghahari ni Haring
Dario ng Persia, nangusap si Yahweh sa
kanya.
2Ipinasabi niya sa mga taga-Juda, “Labis
akong napoot sa inyong mga ninuno.

3Kaya't sabihin mo sa kanilang ipinapasabi
ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat,
‘Manumbalik kayo sa akin at kakalingain
ko kayo.

4Huwag kayong tumulad sa inyong mga
ninuno. Hindi sila nanumbalik sa akin,
hindi nila tinalikuran ang kanilang
kasamaan sa kabila ng aking mga
panawagan sa pamamagitan ng mga
propeta.

5Nasaan sila ngayon? At ang mga propeta,
nanatili ba silang buháy?

6Ngunit natupad ang lahat ng sinabi ko sa
pamamagitan ng mga propeta. Kaya
naman sila'y nagsisi at sinabi nilang
ginawa ko nga ang aking sinabi tungkol sa
kanila na katumbas ng kanilang
kasamaan. ’”

Ang Pangitain Tungkol sa mga Kabayo

Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society

7 No vigésimo quarto dia do mês
undécimo, que é o mês de sebate, no
segundo ano de Dario, veio a palavra do
SENHOR ao profeta Zacarias, filho de
Baraquias, filho de Ido.

8 Tive de noite uma visão, e eis um homem
montado num cavalo vermelho; estava
parado entre as murteiras que havia num
vale profundo; atrás dele se achavam
cavalos vermelhos, baios e brancos.

9 Então, perguntei: meu senhor, quem são
estes? Respondeu-me o anjo que falava
comigo: Eu te mostrarei quem são eles.

10 Então, respondeu o homem que estava
entre as murteiras e disse: São os que o
SENHOR tem enviado para percorrerem a
terra.
11 Eles responderam ao anjo do SENHOR,
que estava entre as murteiras, e disseram:
Nós já percorremos a terra, e eis que toda
a terra está, agora, repousada e tranqüila.
12 Então, o anjo do SENHOR respondeu: Ó
SENHOR dos Exércitos, até quando não
terás compaixão de Jerusalém e das
cidades de Judá, contra as quais estás
indignado faz já setenta anos?
13 Respondeu o SENHOR com palavras
boas, palavras consoladoras, ao anjo que
falava comigo.
14 E este me disse: Clama: Assim diz o
SENHOR dos Exércitos: Com grande

7Noong ikadalawampu't apat na araw ng
ikalabing isang buwan ng ikalawang taon
ng pamamahala ni Haring Dario,
nagpahayag si Yahweh kay Propeta
Zacarias. Ganito ang salaysay ni Zacarias
tungkol sa pangyayari,
8"Kagabi, nagkaroon ako ng pangitain.
May nakita akong isang lalaking
nakasakay sa kabayong pula. At siya'y
huminto sa kalagitnaan ng mga punong
mirto sa isang libis. Sa likuran niya ay may
mga nakasakay rin sa kabayong pula, sa
kabayong puti at sa kabayong batik-batik.
9Kaya't itinanong ko sa anghel ni Yahweh
na nasa tabi ng mirto kung ano ang
kahulugan niyon." Ang sagot niya,
"Halika't ipapaliwanag ko sa iyo.

10Ang mga ito ay isinugo ni Yahweh upang
magmanman sa buong daigdig."

11Sinabi ng mga tinutukoy ng anghel ni
Yahweh, "Natingnan na po namin ang
kalagayan ng buong daigdig; payapa po
ang lahat."
12Nang magkagayon, sinabi ng anghel,
"Yahweh na Makapangyarihan sa lahat,
hanggang kailan mo pa pahihirapan ang
Jerusalem at ang mga lunsod ng Juda?
Pitumpung taon na po silang nagtitiis."
13May sinabi si Yahweh sa anghel na
kausap ko, mga salitang nakakaaliw at
makapagpapalakas ng loob.
14Pagkatapos, sinabi naman sa akin ng
anghel, "Ito ang ipinapasabi ni Yahweh:

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

empenho, estou zelando por Jerusalém e por Sião.
15 E, com grande indignação, estou irado contra as nações que vivem confiantes; porque eu estava um pouco indignado, e elas agravaram o mal.
16 Portanto, assim diz o SENHOR: Voltei-me para Jerusalém com misericórdia; a minha casa nela será edificada, diz o SENHOR dos Exércitos, e o cordel será estendido sobre Jerusalém.
17 Clama outra vez, dizendo: Assim diz o SENHOR dos Exércitos: As minhas cidades ainda transbordarão de bens; o SENHOR ainda consolará a Sião e ainda escolherá a Jerusalém.

A segunda visão: os quatro chifres e os quatro ferreiros

18 Levantei os olhos e vi, e eis quatro chifres.
19 Perguntei ao anjo que falava comigo: que é isto? Ele me respondeu: São os chifres que dispersaram a Judá, a Israel e a Jerusalém.
20 O SENHOR me mostrou quatro ferreiros.
21 Então, perguntei: que vêm fazer estes? Ele respondeu: Aqueles são os chifres que dispersaram a Judá, de maneira que ninguém pode levantar a cabeça; estes ferreiros, pois, vieram para os amedrontar, para derribar os chifres das nações que levantaram o seu poder contra a terra de Judá, para a espalhar.

Zacarias 2

Labis ang aking pagmamalasakit sa Jerusalem at sa Zion.

15At malaki ang galit ko sa mga bansang palalo pagkat labis na ang pahirap nilang ginawa.

16Kukupkupin kong muli ang Jerusalem at ang aking templo ay muling itatayo. Ibabalik ang dating sukat at kaayusan nito.

17Muling sasagana ang aking mga lunsod. Ang Zion ay muli kong papatnubayan at hihirangin ang Jerusalem.”

Ang Pangitain Tungkol sa mga Sungay at sa Panday

18Ako'y tumingin at may nakita akong apat na sungay.
19Tinanong ko ang anghel na kausap ko, “Ano ang kahulugan nito?” Ang sagot niya sa akin, “Iyan ang mga sungay na nagpakalat sa Juda, Israel at Jerusalem.”
20Pagkatapos, apat na panday ang ipinakita ni Yahweh sa akin.
21Itinanong ko, “Ano ang gagawin nila?” Sumagot siya, “Ang Juda ay lubusang winasak ng mga sungay na nakita mo, anupa't walang makalaban sa kanila. Ipinadala ko ang mga panday na ito upang siyang humarap sa apat na sungay; babaliin nila ang lahat ng sungay na ginamit laban sa Juda.”

Zacarias 2

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

A terceira visão: Jerusalém é medida

1 Tornei a levantar os olhos e vi, e eis um homem que tinha na mão um cordel de medir.

2 Então, perguntei: para onde vais tu? Ele me respondeu: Medir Jerusalém, para ver qual é a sua largura e qual o seu comprimento.

3 Eis que saiu o anjo que falava comigo, e outro anjo lhe saiu ao encontro.

4 E lhe disse: Corre, fala a este jovem: Jerusalém será habitada como as aldeias sem muros, por causa da multidão de homens e animais que haverá nela.

5 Pois eu lhe serei, diz o SENHOR, um muro de fogo em redor e eu mesmo serei, no meio dela, a sua glória.

Israel exortado a voltar para Sião

6 Eh! Eh! Fugi, agora, da terra do Norte, diz o SENHOR, porque vos espalhei como os quatro ventos do céu, diz o SENHOR.

7 Eh! Salva-te, ó Sião, tu que habitas com a filha da Babilônia.

8 Pois assim diz o SENHOR dos Exércitos: Para obter ele a glória, enviou-me às nações que vos despojaram; porque aquele que tocar em vós toca na menina do seu olho.

Ang Pangitain Tungkol sa Lalaking may Panukat

1Muli akong tumingin at may nakita akong isang lalaking may dalang panukat.

2Tinanong ko ito, “Saan kayo pupunta?” “Susukatin ko ang luwang at haba ng Jerusalem, ” sagot niya.

3Walang anu-ano, lumakad ang anghel na kausap ko at sinalubong siya ng isa pang anghel.

4Sinabi nito sa kanya, “Bilisan mo! Habulin mo ang binatang may dalang panukat at sabihin mo sa kanya na ang Jerusalem ay titirhan ng napakaraming tao at hayop tulad ng bayang walang pader.

5Si Yahweh mismo ang magiging pader na apoy ng Jerusalem, at ang kaluwalhatian niya'y lulukob sa buong lunsod.”

Tinawagan ang mga Dinalang-bihag

6“Magmadali kayo!” sabi ni Yahweh. “Umalis kayo sa lupain sa hilaga, kayo na parang ipang inilipad ng hangin sa apat na sulok ng daigdig.

7Magmadali kayo! Mga taga-Zion na naninirahan sa Babilonia, umuwi na kayo!”

8Pagkatapos ng pangitaing ito, isinugo ako ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, sa mga taong nanamsam sa kanyang bayan at ipinasabi ang ganito: “Sinumang lumaban sa aking bayan ay para na ring lumaban sa akin.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

9 Porque eis aí agitarei a mão contra eles,
e eles virão a ser a presa daqueles que os
serviram; assim, sabereis vós que o
SENHOR dos Exércitos é quem me enviou.

10 Canta e exulta, ó filha de Sião, porque
eis que venho e habitarei no meio de ti,
diz o SENHOR.

11 Naquele dia, muitas nações se ajuntarão
ao SENHOR e serão o meu povo; habitarei
no meio de ti, e saberás que o SENHOR
dos Exércitos é quem me enviou a ti.

12 Então, o SENHOR herdará a Judá como
sua porção na terra santa e, de novo,
escolherá a Jerusalém.
13 Cale-se toda carne diante do SENHOR,
porque ele se levantou da sua santa
morada.

Zacarias 3

A quarta visão: o sumo sacerdote Josué

1 Deus me mostrou o sumo sacerdote
Josué, o qual estava diante do Anjo do
SENHOR, e Satanás estava à mão direita
dele, para se lhe opor.

2 Mas o SENHOR disse a Satanás: O
SENHOR te repreende, ó Satanás; sim, o
SENHOR, que escolheu a Jerusalém, te
repreende; não é este um tição tirado do
fogo?
3 Ora, Josué, trajado de vestes sujas,
estava diante do Anjo.

9Bilang parusa ko sa kanila, sila naman
ang lulupigin ng mga inalipin nila. Kapag
naganap na ito, malalaman nilang isinugo
ko ang lalaking ito."
10Sinabi pa ni Yahweh, "Umawit ka sa
kagalakan, bayan ng Zion, sapagkat
maninirahan na ako sa inyong
kalagitnaan."
11Sa araw na iyon, maraming bansa ang
sama-samang magpupuri kay Yahweh at
pasasakop sa kanya. Siya'y maninirahan sa
inyong kalagitnaan. Sa gayon, malalaman
ninyong isinugo ako ni Yahweh na
Makapangyarihan sa lahat.
12Aangkinin ni Yahweh ang Juda bilang
bayang mahal at muli niyang hihirangin
ang Jerusalem.
13Tumahimik kayo sa harapan ni Yahweh,
lahat ng nilalang, sapagkat tumayo na siya
sa kanyang banal na tahanan.

Zacarias 3

Ang Pangitain Tungkol kay Josue

1Ipinakita sa akin ni Yahweh ang
pinakapunong paring si Josue na nakatayo
sa harapan ng anghel ni Yahweh. Siya ay
paparatangan ni Satanas na noo'y nasa
kanyang kanan.
2Sinabi ng anghel ni Yahweh kay Satanas,
"Hatulan ka nawa ni Yahweh, Satanas.
Hatulan ka nawa ni Yahweh na pumili sa
Jerusalem. Ang taong ito ay gaya ng isang
patpat na inagaw sa apoy."
3Nakatayo si Josue sa harapan ng anghel
at ang suot ay maruming damit.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

4 Tomou este a palavra e disse aos que estavam diante dele: Tirai-lhe as vestes sujas. A Josué disse: Eis que tenho feito que passe de ti a tua iniqüidade e te vestirei de finos trajes.
5 E disse eu: ponham-lhe um turbante limpo sobre a cabeça. Puseram-lhe, pois, sobre a cabeça um turbante limpo e o vestiram com trajes próprios; e o Anjo do SENHOR estava ali,

6 protestou a Josué e disse:

7 Assim diz o SENHOR dos Exércitos: Se andares nos meus caminhos e observares os meus preceitos, também tu julgarás a minha casa e guardarás os meus átrios, e te darei livre acesso entre estes que aqui se encontram.

8 Ouve, pois, Josué, sumo sacerdote, tu e os teus companheiros que se assentam diante de ti, porque são homens de presságio; eis que eu farei vir o meu servo, o Renovo.
9 Porque eis aqui a pedra que pus diante de Josué; sobre esta pedra única estão sete olhos; eis que eu lavrarei a sua escultura, diz o SENHOR dos Exércitos, e tirarei a iniqüidade desta terra, num só dia.

10 Naquele dia, diz o SENHOR dos Exércitos, cada um de vós convidará ao seu próximo para debaixo da vide e para debaixo da figueira.

4Sinabi ng anghel sa mga naroon, “Hubarin ang gulanit niyang kasuotan.” Bumaling siya kay Josue at sinabi, “Nilinis na kita sa iyong kasamaan at ngayo'y bibihisan ng magarang kasuotan.”
5Bumaling muli ang anghel sa kanyang mga inutusan at sinabi, “Suotan ninyo siya ng malinis na turbante.” Gayon nga ang ginawa nila. At binihisan nila si Josue habang nakamasid ang anghel ni Yahweh.
6Pagkatapos, tinagubilinan si Josue ng anghel ni Yahweh.
7Ito ang ipinapasabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat: “Kung lalakad ka sa aking mga landas at susundin mo ang aking mga utos, pamamahalain kita sa aking templo at sa buong paligid nito. Bukod dito, diringgin ko ang mga dalangin mo tulad ng pagdinig ko sa dalangin ng mga anghel na ito.
8Makinig ka, Josue na pinakapunong pari! Ikaw at ang iyong mga kasamahang pari ay mabuting palatandaan ng mga mangyayari sa hinaharap. Palilitawin ko ang Sanga na aking lingkod.

9At ang batong ibibigay ko sa iyo, na may pitong tapyas ay uukitan ko ng aking mga salita, at sa loob ng isang araw ay aalisin ko ang kasamaan sa buong lupain.

10Sa araw na iyon, sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, aanyayahan ng bawat isa sa inyo ang kanyang kaibigan upang magsama-sama sa ubasan ninyo at sa ilalim ng inyong mga punong igos.”

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

Zacarias 4

A quinta visão: o candelabro de ouro entre duas oliveiras

1 Tornou o anjo que falava comigo e me
despertou, como a um homem que é
despertado do seu sono,
2 e me perguntou: Que vês? Respondi:
olho, e eis um candelabro todo de ouro e
um vaso de azeite em cima com as suas
sete lâmpadas e sete tubos, um para cada
uma das lâmpadas que estão em cima do
candelabro.
3 Junto a este, duas oliveiras, uma à direita
do vaso de azeite, e a outra à sua esquerda.
4 Então, perguntei ao anjo que falava
comigo: meu senhor, que é isto?
5 Respondeu-me o anjo que falava comigo:
Não sabes tu que é isto? Respondi: não,
meu senhor.

6 Prosseguiu ele e me disse: Esta é a
palavra do SENHOR a Zorobabel: Não por
força nem por poder, mas pelo meu
Espírito, diz o SENHOR dos Exércitos.

7 Quem és tu, ó grande monte? Diante de
Zorobabel serás uma campina; porque ele
colocará a pedra de remate, em meio a
aclamações: Haja graça e graça para ela!

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil

Zacarias 4

Ang Ilawan at ang Puno ng Olibo

1Nagbalik ang anghel na kausap ko at
ako'y kanyang ginising na para bang ako'y
natutulog.

2Itinanong niya sa akin, “Ano ang nakikita
mo?” “Isang ilawang ginto po na may
lalagyan ng langis sa itaas at may pitong
ilawan, bawat isa'y may pitong lalagyan
ng mitsa.

3Sa magkabila nito ay may puno ng olibo,
” sagot ko naman sa kanya.
4Itinanong ko sa anghel, “Ano po ang
kahulugan nito, panginoon?”

5“Hindi mo ba alam iyan?” patanong na
sagot sa akin. “Hindi po, ” ang sagot ko.

Ang Pangako ng Diyos kay Zerubabel

6Sinabi sa akin ng anghel ang ipinapasabi
ni Yahweh para kay Zerubabel,
“Pinapasabi ni Yahweh na
Makapangyarihan sa lahat: Ang tagumpay
ay hindi makakamit sa pamamagitan ng
lakas ng hukbo o sariling kapangyarihan
kundi sa pamamagitan lamang ng aking
espiritu.
7Maging ang pinakamalaking hadlang ay
makikita ninyong maaalis. Muli mong
itatayo ang templo at habang inilalagay
mo ang kahuli-hulihang bato,
magbubunyi ang mga tao at kanilang
sasabihin, ‘Napakaganda! ’”

Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

8 Novamente, me veio a palavra do SENHOR, dizendo:
9 As mãos de Zorobabel lançaram os fundamentos desta casa, elas mesmas a acabarão, para que saibais que o SENHOR dos Exércitos é quem me enviou a vós outros.

10 Pois quem despreza o dia dos humildes começos, esse alegrar-se-á vendo o prumo na mão de Zorobabel. Aqueles sete olhos são os olhos do SENHOR, que percorrem toda a terra.

11 Prossegui e lhe perguntei: que são as duas oliveiras à direita e à esquerda do candelabro?
12 Tornando a falar-lhe, perguntei: que são aqueles dois raminhos de oliveira que estão junto aos dois tubos de ouro, que vertem de si azeite dourado?

13 Ele me respondeu: Não sabes que é isto? Eu disse: não, meu senhor.

14 Então, ele disse: São os dois ungidos, que assistem junto ao SENHOR de toda a terra.

Zacarias 5

A sexta visão: o rolo voante

1 Tornei a levantar os olhos e vi, e eis um rolo voante.

8Sinabi muli sa akin ni Yahweh,

9“Si Zerubabel ang naglagay ng pundasyon sa templong ito at siya rin ang tatapos. Kapag ito'y natapos na, mapapatunayan ng lahat na ikaw ang aking isinugo.
10Nag-aalala sila ngayon dahil sa mabagal na pagkayari ng templo. Ngunit matutuwa sila kapag nakita nilang ito'y pinapamahalaan na ni Zerubabel.”

Ipinaliwanag ang Pangitain Tungkol sa Ilawan

Sinabi sa akin ng anghel, “Ang pitong sinag na iyan ay paningin ng Diyos at lalaganap ito sa buong mundo.”
11Itinanong ko sa anghel, “Ano naman po ang kahulugan ng dalawang puno ng olibo sa magkabila ng ilawan?

12Bakit may dalawang sanga ng olibo sa magkabilang tabi ng gintong tubo na buhusan ng langis?”

13“Hindi mo ba alam kung ano ang mga iyan?” patanong na tugon niya sa akin. “Hindi po, ” sagot ko.
14“Iyan ay dalawang taong pinili ni Yahweh at pinahiran ng langis upang makatulong niya sa pamamahala sa daigdig, ” sabi niya.

Zacarias 5

Ang Pangitain Tungkol sa Kasulatang Lumilipad

1Muli akong tumingala at may nakita akong kasulatang lumilipad.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

2 Perguntou-me o anjo: Que vês? Eu
respondi: vejo um rolo voante, que tem
vinte côvados de comprimento e dez de
largura.

3 Então, me disse: Esta é a maldição que
sai pela face de toda a terra, porque
qualquer que furtar será expulso segundo
a maldição, e qualquer que jurar
falsamente será expulso também segundo
a mesma.

4 Fá-la-ei sair, diz o SENHOR dos
Exércitos, e a farei entrar na casa do
ladrão e na casa do que jurar falsamente
pelo meu nome; nela, pernoitará e
consumirá a sua madeira e as suas pedras.

A sétima visão: a mulher e o efa

5 Saiu o anjo que falava comigo e me disse:
Levanta, agora, os olhos e vê que é isto que
sai.

6 Eu perguntei: que é isto? Ele me
respondeu: É um efa que sai. Disse ainda:
Isto é a iniqüidade em toda a terra.

7 Eis que foi levantada a tampa de
chumbo, e uma mulher estava sentada
dentro do efa.

8 Prosseguiu o anjo: Isto é a impiedade. E
a lançou para o fundo do efa, sobre cuja
boca pôs o peso de chumbo.

9 Levantei os olhos e vi, e eis que saíram
duas mulheres; havia vento em suas asas,
que eram como de cegonha; e levantaram
o efa entre a terra e o céu.

2Tinanong ako ng anghel, “Ano ang
nakikita mo?” “Isa pong kasulatang
lumilipad. Ang haba po nito ay siyam na
metro at apat at kalahating metro naman
ang lapad, ” sagot ko.

3Sinabi niya sa akin, “Diyan nakasulat ang
mga sumpa sa daigdig. Sa kabila ay
sinasabing aalisin sa lupain ang lahat ng
magnanakaw; sa kabila naman ay
sinasabing aalisin din ang lahat ng
sinungaling.

4Ipadadala ko ito sa sambahayan ng mga
magnanakaw at sa sambahayan ng mga
sinungaling. Mananatili ito sa
sambahayang iyon upang ubusin sila nang
lubusan.”

Ang Babae sa Loob ng Malaking Basket

5Lumapit sa akin ang anghel at sinabi,
“Tumingala ka at tingnan mo kung ano
itong dumarating.”

6“Ano 'yan?” tanong ko sa kanya. “Iyan ay
isang malaking basket. Inilalarawan niyan
ang kasalanan ng buong sanlibutan, ”
sagot niya.

7Bumukas ang tinggang takip nito at
nakita kong may isang babaing nakaupo
sa loob ng malaking basket.

8Sinabi sa akin ng anghel, “Iyan si
Kasamaan.” At itinulak niya ito pabalik sa
loob ng kaing at muling sinarhan.

9Nang ako'y tumingala, may nakita akong
dalawang babaing lumilipad papunta sa
akin; malalapad ang kanilang pakpak.
Pinagtulungan nilang ilipad na palayo ang
malaking basket.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

10 Então, perguntei ao anjo que falava comigo: para onde levam elas o efa?
11 Respondeu-me: Para edificarem àquela mulher uma casa na terra de Sinar, e, estando esta acabada, ela será posta ali em seu próprio lugar.

Zacarias 6

A oitava visão: os quatro carros

1 Outra vez, levantei os olhos e vi, e eis que quatro carros saíam dentre dois montes, e estes montes eram de bronze.

2 No primeiro carro, os cavalos eram vermelhos, no segundo, pretos,

3 no terceiro, brancos e no quarto, baios; todos eram fortes.

4 Então, perguntei ao anjo que falava comigo: que é isto, meu senhor?
5 Respondeu-me o anjo: São os quatro ventos do céu, que saem donde estavam perante o SENHOR de toda a terra.

6 O carro em que estão os cavalos pretos sai para a terra do Norte; o dos brancos, após eles; o dos baios, para a terra do Sul.

7 Saem, assim, os cavalos fortes, forcejando por andar avante, para percorrerem a terra. O SENHOR lhes disse: Ide, percorrei a terra. E percorriam a terra.

10Tinanong ko ang anghel, “Saan nila iyon dadalhin?”
11Sumagot siya, “Sa Babilonia. Gagawa sila ng templo roon upang paglagyan ng malaking basket. Pagkatapos, sasambahin nila ito.”

Zacarias 6

Ang Pangitain Tungkol sa Apat na Karwahe

1Muli akong tumingin at may nakita akong apat na karwaheng lumabas sa pagitan ng dalawang malalaking bundok na tanso.
2Pula ang mga kabayong humihila sa unang karwahe, kulay itim naman sa pangalawa,
3mga kabayong kulay puti ang sa pangatlo, at mga kabayong batik-batik ang sa pang-apat.
4Itinanong ko sa anghel, “Ano po ang kahulugan ng mga karwaheng ito?”
5Sumagot siya, “Ang mga iyan ay ang apat na hangin ng himpapawid na nagmula kay Yahweh na Panginoon ng buong daigdig.
6Ang hila ng mga kabayong kulay itim ay pupunta sa hilaga, sa kanluran naman ang hila ng puti, at sa timog naman ang hila ng may batik-batik.”
7Nang lumabas ang mga kabayong may batik-batik na pula, sila'y nagpipiglas upang siyasatin ang daigdig. Kaya sinabi ng anghel, “Sulong, siyasatin na ninyo ang daigdig!” At gayon nga ang ginawa ng mga ito.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

8 E me chamou e me disse: Eis que aqueles que saíram para a terra do Norte fazem repousar o meu Espírito na terra do Norte.

A coroação de Josué. O Renovo

9 A palavra do SENHOR veio a mim, dizendo:

10 Recebe dos que foram levados cativos, a saber, de Heldai, de Tobias e de Jedaías, e vem tu no mesmo dia e entra na casa de Josias, filho de Sofonias, para a qual vieram da Babilônia.

11 Recebe, digo, prata e ouro, e faze coroas, e põe-nas na cabeça de Josué, filho de Jozadaque, o sumo sacerdote.

12 E dize-lhe: Assim diz o SENHOR dos Exércitos: Eis aqui o homem cujo nome é Renovo; ele brotará do seu lugar e edificará o templo do SENHOR.

13 Ele mesmo edificará o templo do SENHOR e será revestido de glória; assentar-se-á no seu trono, e dominará, e será sacerdote no seu trono; e reinará perfeita união entre ambos os ofícios.

14 As coroas serão para Helém, para Tobias, para Jedaías e para Hem, filho de Sofonias, como memorial no templo do SENHOR.

15 Aqueles que estão longe virão e ajudarão no edificar o templo do SENHOR, e sabereis que o SENHOR dos Exércitos me enviou a vós outros. Isto sucederá se diligentemente ouvirdes a voz do SENHOR, vosso Deus.

8Walang anu-ano, isinigaw sa akin ng anghel, “Ang poot ni Yahweh ay pinayapa na ng mga kabayong nagpunta sa Babilonia!”

Ang Kahulugan ng Pagpuputong kay Josue

9Sinabi sa akin ni Yahweh,

10“Puntahan mo sina Heldai, Tobias at Jedaias na kasama ng mga bihag na dinala sa Babilonia. Pagkatapos, tumuloy ka kay Josias na anak ni Sefanias. Kunin mo ang kanilang mga handog na pilak at ginto,

11at gawin mong korona para sa pinakapunong paring si Josue na anak ni Jehozadak.

12Sabihin mo sa kanya, ‘Narito ang isang taong ang pangala'y Sanga. Tutubo siya mula sa kanyang kinalalagyan at ipatatayo niya ang templo ni Yahweh.

13Siya nga ang magtatayo ng templo, uupo sa trono, at manunungkulan bilang hari. Tutulungan siya ng isang pari at maghahari sa kanila ang mabuting pag-uunawaan.

14Ang korona ay mananatili sa templo bilang pag-alala kina Heldai, Tobias, Jedaias at Josias. ’”

15Magsisiparito ang mga taong taga-malayong lupain upang tumulong sa pagtatayo ng templo ni Yahweh. Sa gayon, mapapatunayan ninyong isinugo nga ako ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat. Mangyayari ang lahat ng ito kung tutuparin ninyo ang kanyang mga utos.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

Zacarias 7

O jejum que não agrada a Deus

1 No quarto ano do rei Dario, veio a
palavra do SENHOR a Zacarias, no dia
quarto do nono mês, que é quisleu.

2 Quando de Betel foram enviados Sarezer,
e Regém-Meleque, e seus homens, para
suplicarem o favor do SENHOR,
21"Ipagkakanulo ng kapatid ang kanyang
sariling kapatid upang ipapatay,
gayundin ang gagawin ng ama sa
kanyang anak; at lalabanan ng mga anak
ang kanilang mga magulang at
ipapapatay ang mga ito.
22Kapopootan kayo ng lahat dahil sa
pagsunod sa akin, ngunit ang
mananatiling tapat hanggang wakas ang
siyang maliligtas.
23Kapag inusig kayo sa isang bayan,
tumakas kayo sa kasunod. Tandaan
ninyo: bago ninyo mapuntahan ang lahat
ng bayan ng Israel, darating na ang Anak
ng Tao.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

24 O discípulo não está acima do seu
mestre, nem o servo, acima do seu senhor.

25 Basta ao discípulo ser como o seu mestre,
e ao servo, como o seu senhor. Se
chamaram Belzebu ao dono da casa,
quanto mais aos seus domésticos?

26 Portanto, não os temais; pois nada há
encoberto, que não venha a ser revelado;
nem oculto, que não venha a ser
conhecido.

27 O que vos digo às escuras, dizei-o a plena
luz; e o que se vos diz ao ouvido,
proclamai-o dos eirados.

28 Não temais os que matam o corpo e não
podem matar a alma; temei, antes, aquele
que pode fazer perecer no inferno tanto a
alma como o corpo.

29 Não se vendem dois pardais por um asse?
E nenhum deles cairá em terra sem o
consentimento de vosso Pai.

30 E, quanto a vós outros, até os cabelos
todos da cabeça estão contados.

31 Não temais, pois! Bem mais valeis vós do
que muitos pardais.

24"Walang alagad na nakakahigit sa
kanyang guro at walang aliping
nakakahigit sa kanyang panginoon.
25Sapat nang matulad ang alagad sa
kanyang guro, at ang alipin sa kanyang
panginoon. Kung ang ama ng
sambahayan ay tinawag nilang Beelzebul,
lalo nang lalaitin nila ang kanyang mga
kasambahay."

Ang Dapat Katakutan
(Lu. 12:2-7)

26"Kaya huwag kayong matakot sa kanila.
Walang natatago na di malalantad at
walang nalilihim na di mabubunyag.
27Ang sinasabi ko sa inyo sa dilim ay
ulitin ninyo sa liwanag; at ang
ibinubulong sa inyo ay inyong
ipagsigawan sa lansangan.
28Huwag ninyong katakutan ang
pumapatay ng katawan ngunit hindi
naman nakakapatay ng kaluluwa. Sa
halip, ang katakutan ninyo ay ang Diyos
na may kakayahang pumuksa ng katawan
at kaluluwa sa impiyerno.
29Hindi ba't ipinagbibili sa halaga ng
isang salaping tanso ang dalawang maya?
Gayunman, kahit isa sa kanila'y hindi
nahuhulog sa lupa kung hindi kalooban
ng inyong Ama.
30At kayo, maging ang buhok ninyo'y
bilang niyang lahat.
31Kaya, huwag kayong matakot; higit
kayong mahalaga kaysa maraming
maya."

Pagpapatotoo kay Cristo
(Lu. 12:8-9)

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

32 Portanto, todo aquele que me confessar diante dos homens, também eu o confessarei diante de meu Pai, que está nos céus;
33 mas aquele que me negar diante dos homens, também eu o negarei diante de meu Pai, que está nos céus.

As dificuldades

34 Não penseis que vim trazer paz à terra; não vim trazer paz, mas espada.

35 Pois vim causar divisão entre o homem e seu pai; entre a filha e sua mãe e entre a nora e sua sogra.

36 Assim, os inimigos do homem serão os da sua própria casa.

37 Quem ama seu pai ou sua mãe mais do que a mim não é digno de mim; quem ama seu filho ou sua filha mais do que a mim não é digno de mim;

38 e quem não toma a sua cruz e vem após mim não é digno de mim.

39 Quem acha a sua vida perdê-la-á; quem, todavia, perde a vida por minha causa achá-la-á.

As recompensas

32"Ang sinumang kumilala sa akin sa harapan ng mga tao ay kikilalanin ko rin naman sa harapan ng aking Amang nasa langit.
33Ngunit ang sinumang ikahiya ako sa harap ng mga tao ay ipapahiya ko rin sa harap ng aking Ama na nasa langit."

Hindi Kapayapaan Kundi Tabak
(Lu. 12:51-53; 14:26-27)

34"Huwag ninyong isiping naparito ako upang magdala ng kapayapaan sa lupa; naparito ako upang magdala ng tabak, hindi kapayapaan.
35Naparito ako upang paglabanin ang anak na lalaki at ang kanyang ama, ang anak na babae at ang kanyang ina, at ang manugang na babae at ang kanyang biyenang babae.
36At ang magiging kaaway ng isang tao ay kanya na rin mismong mga kasambahay.
37"Ang umiibig sa kanyang ama o ina nang higit sa akin ay hindi karapat-dapat sa akin. Ang umiibig sa kanyang anak nang higit sa akin ay hindi karapat-dapat sa akin.
38Ang hindi pumapasan ng kanyang krus at hindi sumusunod sa akin ay hindi karapat-dapat sa akin.
39Ang nagsisikap na mapanatili ang kanyang buhay ang siyang mawawalan nito; ngunit ang mawalan ng kanyang buhay alang-alang sa akin ay magkakamit nito."

Mga Gantimpala
(Mc. 9:41)

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

40 Quem vos recebe a mim me recebe; e quem me recebe recebe aquele que me enviou.

41 Quem recebe um profeta, no caráter de profeta, receberá o galardão de profeta; quem recebe um justo, no caráter de justo, receberá o galardão de justo.

42 E quem der a beber, ainda que seja um copo de água fria, a um destes pequeninos, por ser este meu discípulo, em verdade vos digo que de modo algum perderá o seu galardão.

Mateus 11

Jesus prega nas cidades

1 Ora, tendo acabado Jesus de dar estas instruções a seus doze discípulos, partiu dali a ensinar e a pregar nas cidades deles.

João envia mensageiros a Jesus
Lucas 7.18-23

2 Quando João ouviu, no cárcere, falar das obras de Cristo, mandou por seus discípulos perguntar-lhe:

3 És tu aquele que estava para vir ou havemos de esperar outro?

4 E Jesus, respondendo, disse-lhes: Ide e anunciai a João o que estais ouvindo e vendo:

40"Ang tumatanggap sa inyo ay tumatanggap sa akin, at ang tumatanggap sa akin ay tumatanggap sa nagsugo sa akin.
41Ang tumatanggap sa isang propeta dahil sa ito'y propeta ay tatanggap ng gantimpalang nauukol sa propeta; at ang tumatanggap sa isang taong matuwid dahil sa ito'y matuwid ay tatanggap ng gantimpalang nauukol sa taong matuwid.
42Tandaan ninyo: sinumang magbigay ng kahit isang basong malamig na tubig sa isa sa mga maliliit na ito dahil sa siya'y alagad ko, siya'y tiyak na tatanggap ng gantimpala."

Mateo 11

Ang mga Isinugo ni Juan na Tagapagbautismo
(Lu. 7:18-35)

1Pagkatapos ng mga tagubiling ito sa kanyang labindalawang alagad, umalis si Jesus upang magturo at mangaral naman sa mga bayang malapit doon.

2Nakabilanggo na noon si Juan na Tagapagbautismo. Nabalitaan niya ang mga ginagawa ni Cristo kaya't nagsugo siya ng ilang mga alagad
3upang itanong, "Kayo po ba ang ipinangakong darating, o maghihintay pa kami ng iba?"
4Sumagot si Jesus, "Bumalik kayo kay Juan at sabihin ninyo sa kanya ang inyong naririnig at nakikita.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

5 os cegos vêem, os coxos andam, os leprosos são purificados, os surdos ouvem, os mortos são ressuscitados, e aos pobres está sendo pregado o evangelho.

6 E bem-aventurado é aquele que não achar em mim motivo de tropeço.

Jesus dá testemunho de João

Lucas 7.24-35

7 Então, em partindo eles, passou Jesus a dizer ao povo a respeito de João: Que saístes a ver no deserto? Um caniço agitado pelo vento?

8 Sim, que saístes a ver? Um homem vestido de roupas finas? Ora, os que vestem roupas finas assistem nos palácios reais.

9 Mas para que saístes? Para ver um profeta? Sim, eu vos digo, e muito mais que profeta.

10 Este é de quem está escrito: Eis aí eu envio diante da tua face o meu mensageiro, o qual preparará o teu caminho diante de ti.

11 Em verdade vos digo: entre os nascidos de mulher, ninguém apareceu maior do que João Batista; mas o menor no reino dos céus é maior do que ele.

12 Desde os dias de João Batista até agora, o reino dos céus é tomado por esforço, e os que se esforçam se apoderam dele.

5Nakakakita ang mga bulag, nakakalakad ang mga pilay, gumagaling at lumilinis ang mga ketongin, nakakarinig ang mga bingi, muling nabubuhay ang mga patay, at ipinapangaral sa mga mahihirap ang Magandang Balita.
6Mapalad ang taong hindi nag-aalinlangan sa akin!”

7Nang paalis na ang mga alagad ni Juan, nagsalita si Jesus sa mga tao tungkol kay Juan, “Bakit kayo nagpunta sa ilang? Ano ang nais ninyong makita? Isa bang tambo na hinihipan ng hangin?
8Bakit kayo pumunta sa ilang? Para makita ang isang taong may mamahaling kasuotan? Ang mga nagdaramit ng ganyan ay nasa palasyo ng mga hari!
9Ano nga ba ang nais ninyong makita? Isang propeta? Oo, siya'y propeta. At sinasabi ko sa inyo, siya'y higit pa sa isang propeta.
10Sapagkat si Juan ang tinutukoy ng kasulatan, ‘Ipadadala ko ang aking sugo na mauuna sa iyo; ihahanda niya ang iyong daraanan. ’
11Tandaan ninyo: higit na dakila si Juan na Tagapagbautismo kaysa sinumang isinilang sa daigdig, ngunit ang pinakahamak sa kaharian ng langit ay mas dakila kaysa kanya.
12Mula nang mangaral si Juan na Tagapagbautismo hanggang ngayon, ang kaharian ng langit ay sapilitang pinapasok ng mga taong mararahas.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

13 Porque todos os Profetas e a Lei profetizaram até João.

14 E, se o quereis reconhecer, ele mesmo é Elias, que estava para vir.

15 Quem tem ouvidos [para ouvir], ouça.

16 Mas a quem hei de comparar esta geração? É semelhante a meninos que, sentados nas praças, gritam aos companheiros:

17 Nós vos tocamos flauta, e não dançastes; entoamos lamentações, e não pranteastes.

18 Pois veio João, que não comia nem bebia, e dizem: Tem demônio!

19 Veio o Filho do Homem, que come e bebe, e dizem: Eis aí um glutão e bebedor de vinho, amigo de publicanos e pecadores! Mas a sabedoria é justificada por suas obras.

Ai das cidades impenitentes!
Lucas 10.13-15

20 Passou, então, Jesus a increpar as cidades nas quais ele operara numerosos milagres, pelo fato de não se terem arrependido:

13Sapagkat hanggang sa dumating si Juan, ang mga propeta at ang Kautusan ang siyang nagpahayag tungkol sa paghahari ng Diyos.
14Kung naniniwala kayo sa pahayag na ito, si Juan na nga ang Elias na ipinangakong darating.
15Makinig ang may pandinig!
16“Saan ko ihahambing ang mga tao sa panahong ito? Ang katulad nila'y mga batang nakaupo sa plasa at sumisigaw sa kanilang mga kalaro:
17‘Tinugtugan namin kayo ng plauta ngunit ayaw ninyong sumayaw! Umawit kami ng awit ng pagluluksa, ngunit ayaw ninyong tumangis! ’
18Sapagkat nakita nila si Juan na nag-aayuno at di umiinom ng alak, at ang sabi nila, ‘Sinasaniban ng demonyo ang taong iyan. ’
19Nakita naman nila ang Anak ng Tao na kumakain at umiinom, at ang sabi naman nila, ‘Tingnan ninyo ang taong ito! Matakaw, lasenggero at kaibigan ng mga maniningil ng buwis at makasalanan. ’ Gayunman, ang karunungan ng Diyos ay napatutunayang tama sa pamamagitan ng mga gawa nito.”

Babala sa mga Bayang Ayaw Magsisi
(Lu. 10:13-15)

20Pagkatapos, sinumbatan ni Jesus ang mga bayang nakasaksi sa maraming himalang ginawa niya roon sapagkat hindi sila nagsisi't tumalikod sa kanilang mga kasalanan. Sinabi niya,

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

21 Ai de ti, Corazim! Ai de ti, Betsaida! Porque, se em Tiro e em Sidom se tivessem operado os milagres que em vós se fizeram, há muito que elas se teriam arrependido com pano de saco e cinza.

22 E, contudo, vos digo: no Dia do Juízo, haverá menos rigor para Tiro e Sidom do que para vós outras.

23 Tu, Cafarnaum, elevar-te-ás, porventura, até ao céu? Descerás até ao inferno; porque, se em Sodoma se tivessem operado os milagres que em ti se fizeram, teria ela permanecido até ao dia de hoje.

24 Digo-vos, porém, que menos rigor haverá, no Dia do Juízo, para com a terra de Sodoma do que para contigo.

Jesus, o Salvador dos humildes
Lucas 10.21-22

25 Por aquele tempo, exclamou Jesus: Graças te dou, ó Pai, SENHOR do céu e da terra, porque ocultaste estas coisas aos sábios e instruídos e as revelaste aos pequeninos.

26 Sim, ó Pai, porque assim foi do teu agrado.

27 Tudo me foi entregue por meu Pai. Ninguém conhece o Filho, senão o Pai; e

21"Kawawa kayo, mga taga-Corazin! Kawawa kayo, mga taga-Bethsaida! Sapagkat kung sa Tiro at Sidon ginawa ang mga himalang ginawa sa inyo, matagal na sanang nagdamit ng sako at naupo sa abo ang mga tagaroon bilang tanda ng kanilang pagsisisi.
22Ngunit sinasabi ko sa inyo, sa Araw ng Paghuhukom ay mas mabigat na parusa ang sasapitin ninyo kaysa sa mga taga-Tiro at taga-Sidon.
23At kayong mga taga-Capernaum, maaaring itaas ninyo ang inyong sarili hanggang langit ngunit ibabagsak kayo hanggang sa daigdig ng mga patay! Sapagkat kung sa Sodoma ginawa ang mga himalang ginawa sa inyo, sana'y nananatili pa ang bayang iyon magpahanggang ngayon.
24Ngunit sinasabi ko sa inyo, sa Araw ng Paghuhukom ay higit na mabigat ang parusang daranasin ninyo kaysa sa mga taga-Sodoma."

Lumapit sa Akin at Magpahinga
(Lu. 10:21-22)

25Nang panahong iyo'y sinabi ni Jesus, "Ama, Panginoon ng langit at lupa, salamat sa iyo, sapagkat inilihim mo ang mga bagay na ito sa marurunong at matatalino, at inihayag mo naman sa mga may kaloobang tulad ng sa bata.

26Oo, Ama, sapagkat ganoon ang nais mo.

27"Ibinigay na sa akin ng aking Ama ang lahat ng bagay. Walang nakakakilala sa Anak kundi ang Ama, at walang

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

ninguém conhece o Pai, senão o Filho e aquele a quem o Filho o quiser revelar.

Vinde a mim

28 Vinde a mim, todos os que estais cansados e sobrecarregados, e eu vos aliviarei.

29 Tomai sobre vós o meu jugo e aprendei de mim, porque sou manso e humilde de coração; e achareis descanso para a vossa alma.

30 Porque o meu jugo é suave, e o meu fardo é leve.

Mateus 12

Jesus é senhor do sábado

Marcos 2.23-28; Lucas 6.1-5

1 Por aquele tempo, em dia de sábado, passou Jesus pelas searas. Ora, estando os seus discípulos com fome, entraram a colher espigas e a comer.

2 Os fariseus, porém, vendo isso, disseram-lhe: Eis que os teus discípulos fazem o que não é lícito fazer em dia de sábado.

3 Mas Jesus lhes disse: Não lestes o que fez Davi quando ele e seus companheiros tiveram fome?

4 Como entrou na Casa de Deus, e comeram os pães da proposição, os quais não lhes era

nakakakilala sa Ama kundi ang Anak at ang mga pinili ng Anak na pagpahayagan niya.

28"Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nahihirapan at nabibigatang lubha sa inyong pasanin, at kayo'y bibigyan ko ng kapahingahan.
29Pasanin ninyo ang aking pamatok at sundin ninyo ang aking mga itinuturo sapagkat ako'y maamo at mapagkumbabang loob. Matatagpuan ninyo sa akin ang kapahingahan
30sapagkat madaling dalhin ang aking pamatok at magaan ang pasaning ibinibigay ko sa inyo."

Mateo 12

Katanungan Tungkol sa Araw ng Pamamahinga

(Mc. 2:23-28; Lu. 6:1-5)

1Isang Araw ng Pamamahinga, naparaan sina Jesus sa triguhan. Nagugutom ang kanyang mga alagad noon, kaya't sila'y kumuha ng mga butil ng trigo at kumain niyon.
2Nang makita ito ng mga Pariseo, sinabi nila sa kanya, "Tingnan mo ang ginagawa ng iyong mga alagad. Mahigpit iyang ipinagbabawal ng Kautusan sa Araw ng Pamamahinga!"
3Sumagot si Jesus, "Hindi ba ninyo nabasa ang ginawa ni David nang magutom siya at ang kanyang mga kasama?
4Pumasok siya sa bahay ng Diyos, kumain ng tinapay na handog at pinakain din

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

lícito comer, nem a ele nem aos que com ele estavam, mas exclusivamente aos sacerdotes?

5 Ou não lestes na Lei que, aos sábados, os sacerdotes no templo violam o sábado e ficam sem culpa? Pois eu vos digo:

6 aqui está quem é maior que o templo.

7 Mas, se vós soubésseis o que significa: Misericórdia quero e não holocaustos, não teríeis condenado inocentes.

8 Porque o Filho do Homem é senhor do sábado.

O homem da mão ressequida
Marcos 3.1-6; Lucas 6.6-11

9 Tendo Jesus partido dali, entrou na sinagoga deles.

10 Achava-se ali um homem que tinha uma das mãos ressequida; e eles, então, com o intuito de acusá-lo, perguntaram a Jesus: É lícito curar no sábado?

11 Ao que lhes respondeu: Qual dentre vós será o homem que, tendo uma ovelha, e, num sábado, esta cair numa cova, não fará todo o esforço, tirando-a dali?

12 Ora, quanto mais vale um homem que uma ovelha? Logo, é lícito, nos sábados, fazer o bem.

niya ang kanyang mga kasama. Labag sa Kautusan ang ginawa nila sapagkat ang mga pari lamang ang may karapatang kumain niyon.

5Hindi ba ninyo nababasa sa Kautusan na tuwing Araw ng Pamamahinga, ang mga pari ay may ginagawa sa Templo na bawal gawin sa araw na iyon? Gayunma'y hindi sila nagkakasala!

6Sinasabi ko sa inyo, may isang naririto na higit na dakila kaysa Templo.

7Kung nauunawaan lamang ninyo ang kahulugan ng mga salitang ito, ‘Habag ang nais ko at hindi ang inyong handog’, hindi sana ninyo hinatulan ang mga walang sala.

8Ang Anak ng Tao ay siyang Panginoon ng Araw ng Pamamahinga.”

Pinagaling ang Lalaking Paralisado ang Kamay
(Mc. 3:1-6; Lu. 6:6-11)

9Pagkaalis ni Jesus sa pook na iyon, pumasok siya sa sinagoga.

10May isang lalaki roon na paralisado ang isang kamay. Naroon din ang ilang taong naghahanap ng pagkakataong maparatangan si Jesus. Tinanong nila si Jesus, “Naaayon ba sa Kautusan ang magpagaling ng maysakit kung Araw ng Pamamahinga?”

11Sumagot siya, “Kung kayo'y may tupang mahulog sa balon sa Araw ng Pamamahinga, hindi ba ninyo ito iaahon?

12Higit na mahalaga ang isang tao kaysa isang tupa! Kaya't naaayon sa Kautusan

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

13 Então, disse ao homem: Estende a mão. Estendeu-a, e ela ficou sã como a outra.

14 Retirando-se, porém, os fariseus, conspiravam contra ele, sobre como lhe tirariam a vida.

Jesus se retira

15 Mas Jesus, sabendo disto, afastou-se dali. Muitos o seguiram, e a todos ele curou,

16 advertindo-lhes, porém, que o não expusessem à publicidade,

17 para se cumprir o que foi dito por intermédio do profeta Isaías:

18 Eis aqui o meu servo, que escolhi, o meu amado, em quem a minha alma se compraz. Farei repousar sobre ele o meu Espírito, e ele anunciará juízo aos gentios.

19 Não contenderá, nem gritará, nem alguém ouvirá nas praças a sua voz.

20 Não esmagará a cana quebrada, nem apagará a torcida que fumega, até que faça vencedor o juízo.

21 E, no seu nome, esperarão os gentios.

A cura de um endemoninhado cego e mudo. A blasfêmia dos fariseus. Jesus se defende

Marcos 3.22-30; Lucas 11.14-23

ang gumawa ng mabuti sa Araw ng Pamamahinga."

13Pagkatapos, sinabi ni Jesus sa lalaki, "Iunat mo ang iyong kamay." Iniunat nga ng lalaki ang kanyang kamay at ito'y gumaling gaya ng kabilang kamay.

14Umalis naman ang mga Pariseong naroroon at nag-usap-usap kung paano nila maipapapatay si Jesus.

Ang Lingkod na Hinirang

15Nang malaman ito ni Jesus, umalis siya sa lugar na iyon. Maraming tao ang sumunod sa kanya, at pinagaling niya ang lahat ng maysakit.

16Ngunit mahigpit niyang ipinagbilin na huwag nilang ipamalita kung sino siya.

17Sa gayon, natupad ang sinabi ng Diyos sa pamamagitan ni Propeta Isaias,

18"Narito ang lingkod ko na aking hinirang, ang aking minamahal at lubos na kinalulugdan; ibubuhos ko sa kanya ang aking Espiritu, at siya ang magpapairal ng katarungan sa mga bansa.

19Hindi siya makikipag-away o makikipagsigawan, ni magtataas ng boses sa mga lansangan,

20hindi niya puputulin ang tambong marupok, hindi rin niya papatayin ang ilawang umaandap, hanggang katarunga'y hindi nagtatagumpay nang ganap;

21at ang pag-asa ng mga Hentil, sa kanya ay ilalagak."

Si Jesus at si Beelzebul

(Mc. 3:20-30; Lu. 11:14-23)

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

22 Então, lhe trouxeram um endemoninhado, cego e mudo; e ele o curou, passando o mudo a falar e a ver.

23 E toda a multidão se admirava e dizia: É este, porventura, o Filho de Davi?

24 Mas os fariseus, ouvindo isto, murmuravam: Este não expele demônios senão pelo poder de Belzebu, maioral dos demônios.

25 Jesus, porém, conhecendo-lhes os pensamentos, disse: Todo reino dividido contra si mesmo ficará deserto, e toda cidade ou casa dividida contra si mesma não subsistirá.

26 Se Satanás expele a Satanás, dividido está contra si mesmo; como, pois, subsistirá o seu reino?

27 E, se eu expulso demônios por Belzebu, por quem os expulsam vossos filhos? Por isso, eles mesmos serão os vossos juízes.

28 Se, porém, eu expulso demônios pelo Espírito de Deus, certamente é chegado o reino de Deus sobre vós.

22Dinala noon kay Jesus ang isang lalaking bulag at pipi na sinasapian ng demonyo. Pinagaling siya ni Jesus kaya't siya'y nakakita at nakapagsalita.
23Namangha ang lahat at sinabi nila, “Ito na kaya ang Anak ni David?”
24Nang marinig ito ng mga Pariseo, sinabi nila, “Nakapagpapalayas siya ng mga demonyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Beelzebul, ang pinuno ng mga demonyo.”
25Subalit alam ni Jesus ang kanilang iniisip kaya't sinabi niya, “Ang bawat kahariang nahahati at naglalaban-laban ay babagsak, at alinmang bayan o sambahayang naglalaban-laban ay mawawasak.
26Kaya't kung si Satanas ang nagpapalayas kay Satanas, kinakalaban niya ang kanyang sarili! Kung gayon, paano pa niya mapapanatili ang kanyang kaharian?
27Kung ako'y nagpapalayas ng mga demonyo sa kapangyarihan ni Beelzebul, kaninong kapangyarihan naman nagpapalayas ng demonyo ang inyong mga tagasunod? Ang mga tagasunod ninyo ang magpapatunay na maling-mali kayo.
28Ngunit kung ako'y nagpapalayas ng mga demonyo sa kapangyarihan ng Espiritu ng Diyos, nangangahulugang dumating na sa inyo ang kaharian ng Diyos.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

29 Ou como pode alguém entrar na casa do valente e roubar-lhe os bens sem primeiro amarrá-lo? E, então, lhe saqueará a casa.

30 Quem não é por mim é contra mim; e quem comigo não ajunta espalha.

31 Por isso, vos declaro: todo pecado e blasfêmia serão perdoados aos homens; mas a blasfêmia contra o Espírito não será perdoada.

32 Se alguém proferir alguma palavra contra o Filho do Homem, ser-lhe-á isso perdoado; mas, se alguém falar contra o Espírito Santo, não lhe será isso perdoado, nem neste mundo nem no porvir.

Árvores e seus frutos
Lucas 6.43-45

33 Ou fazei a árvore boa e o seu fruto bom ou a árvore má e o seu fruto mau; porque pelo fruto se conhece a árvore.

34 Raça de víboras, como podeis falar coisas boas, sendo maus? Porque a boca fala do que está cheio o coração.

35 O homem bom tira do tesouro bom coisas boas; mas o homem mau do mau tesouro tira coisas más.

29"Hindi mapapasok ang bahay ng isang taong malakas kung hindi muna siya gagapusin. Kung nakagapos na siya, saka pa lamang malolooban ang bahay niya.
30Ang hindi panig sa akin ay laban sa akin, at ang hindi ko kasama sa pag-iipon ay nagkakalat.
31Kaya't sinasabi ko sa inyo, mapapatawad ang anumang kasalanan at paglapastangan, ngunit hindi patatawarin ang anumang paglapastangan sa Espiritu.
32Sinumang magsalita laban sa Anak ng Tao ay patatawarin, ngunit sinumang magsalita laban sa Espiritu Santo ay hindi patatawarin, maging sa panahong ito o sa panahong darating."

Sa Bunga Nakikilala
(Lu. 6:43-45)

33"Sinasabi ninyong mabuti ang punongkahoy kung mabuti ang kanyang bunga at masama ang punongkahoy kung masama ang kanyang bunga, sapagkat sa bunga nakikilala ang puno.
34Lahi ng mga ulupong! Paano kayong makakapagsabi ng mabubuting bagay gayong kayo'y masasama? Kung ano ang nag-uumapaw sa puso ay siyang sinasabi ng bibig.
35Mabuti ang sinasabi ng mabuting tao, sapagkat puno ng kabutihan ang kanyang puso. Masama ang sinasabi ng masamang tao, sapagkat puno ng kasamaan ang kanyang puso.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

36 Digo-vos que de toda palavra frívola que
proferirem os homens, dela darão conta no
Dia do Juízo;

37 porque, pelas tuas palavras, serás
justificado e, pelas tuas palavras, serás
condenado.

O sinal de Jonas
Lucas 11.29-32

38 Então, alguns escribas e fariseus
replicaram: Mestre, queremos ver de tua
parte algum sinal.

39 Ele, porém, respondeu: Uma geração má
e adúltera pede um sinal; mas nenhum
sinal lhe será dado, senão o do profeta
Jonas.

40 Porque assim como esteve Jonas três dias
e três noites no ventre do grande peixe,
assim o Filho do Homem estará três dias e
três noites no coração da terra.

41 Ninivitas se levantarão, no Juízo, com
esta geração e a condenarão; porque se
arrependeram com a pregação de Jonas. E
eis aqui está quem é maior do que Jonas.

42 A rainha do Sul se levantará, no Juízo,
com esta geração e a condenará; porque
veio dos confins da terra para ouvir a
sabedoria de Salomão. E eis aqui está quem
é maior do que Salomão.

A estratégia de Satanás
Lucas 11.24-26

36"Tandaan ninyo, sa Araw ng
Paghuhukom, pananagutan ng tao ang
bawat walang kabuluhang salitang sinabi
niya.

37Pawawalang-sala ka, o paparusahan,
batay sa iyong mga salita."

Hinanapan si Jesus ng Himala
(Mc. 8:11-12; Lu. 11:29-32)

38Sinabi naman sa kanya ng ilang
tagapagturo ng Kautusan at mga Pariseo,
"Guro, maaari po bang magpakita kayo sa
amin ng isang palatandaan?"

39Sumagot si Jesus, "Lahing masama at
taksil sa Diyos! Naghahanap kayo ng
palatandaan ngunit walang ipapakita sa
inyo maliban sa himalang nangyari kay
Propeta Jonas.

40Kung paanong si Jonas ay tatlong araw
at tatlong gabing nasa tiyan ng
dambuhalang isda, ang Anak ng Tao ay
tatlong araw at tatlong gabi ring nasa
libingan.

41Sa Araw ng Paghuhukom, tatayo ang
mga taga-Nineve at sasaksi laban sa
lahing ito, sapagkat nagsisi sila matapos
pangaralan ni Jonas. Ngunit higit pa kay
Jonas ang naririto.

42Sa araw na iyon, sasaksi rin ang Reyna
ng Seba laban sa lahing ito. Naglakbay
siya mula pa sa dulo ng daigdig upang
masaksihan ang karunungan ni Solomon,
ngunit higit pa kay Solomon ang naririto
ngayon!"

Ang Pagbabalik ng Masamang Espiritu
(Lu. 11:24-26)

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

43 Quando o espírito imundo sai do homem, anda por lugares áridos procurando repouso, porém não encontra.

44 Por isso, diz: Voltarei para minha casa donde saí. E, tendo voltado, a encontra vazia, varrida e ornamentada.

45 Então, vai e leva consigo outros sete espíritos, piores do que ele, e, entrando, habitam ali; e o último estado daquele homem torna-se pior do que o primeiro. Assim também acontecerá a esta geração perversa.

A família de Jesus
Marcos 3.31-35; Lucas 8.19-21

46 Falava ainda Jesus ao povo, e eis que sua mãe e seus irmãos estavam do lado de fora, procurando falar-lhe.

47 E alguém lhe disse: Tua mãe e teus irmãos estão lá fora e querem falar-te.

48 Porém ele respondeu ao que lhe trouxera o aviso: Quem é minha mãe e quem são meus irmãos?

49 E, estendendo a mão para os discípulos, disse: Eis minha mãe e meus irmãos.

50 Porque qualquer que fizer a vontade de meu Pai celeste, esse é meu irmão, irmã e mãe.

Mateus 13

43"Kapag ang masamang espiritu ay lumabas mula sa isang tao, siya'y gumagala sa mga lupaing tigang upang maghanap ng mapagpapahingahan. Kung wala itong matagpuan
44ay sinasabi sa sarili, 'Babalik ako sa tahanang aking pinanggalingan. ' Pagbalik niya at makita itong walang laman, malinis at maayos,
45aalis muna siya't magsasama pa ng pitong espiritung mas masama pa kaysa kanya at papasok sila at maninirahan doon. Dahil dito, ang kanyang magiging kalagayan ay mas masama pa kaysa dati. Ganyan ang mangyayari sa masamang lahing ito."

Ang Ina at mga Kapatid ni Jesus
(Mc. 3:31-35; Lu. 8:19-21)

46-47Habang si Jesus ay nangangaral, dumating ang kanyang ina at mga kapatid. Naghihintay sila sa labas ng sinagoga dahil nais nila siyang makausap. May nagsabi kay Jesus, "Nasa labas po ang inyong ina at mga kapatid. Ibig nila kayong makausap."

48Ngunit sinabi niya, "Sino ang aking ina at sinu-sino ang aking mga kapatid?"

49Itinuro niya ang kanyang mga alagad at sinabi, "Sila ang aking ina at mga kapatid.
50Sapagkat ang sinumang sumusunod sa kalooban ng aking Ama na nasa langit, iyon ang aking ina at mga kapatid."

Mateo 13

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

A parábola do semeador

Marcos 4.1-9; Lucas 8.4-8

1 Naquele mesmo dia, saindo Jesus de casa, assentou-se à beira-mar;

2 e grandes multidões se reuniram perto dele, de modo que entrou num barco e se assentou; e toda a multidão estava em pé na praia.

3 E de muitas coisas lhes falou por parábolas e dizia: Eis que o semeador saiu a semear.

4 E, ao semear, uma parte caiu à beira do caminho, e, vindo as aves, a comeram.

5 Outra parte caiu em solo rochoso, onde a terra era pouca, e logo nasceu, visto não ser profunda a terra.

6 Saindo, porém, o sol, a queimou; e, porque não tinha raiz, secou-se.

7 Outra caiu entre os espinhos, e os espinhos cresceram e a sufocaram.

8 Outra, enfim, caiu em boa terra e deu fruto: a cem, a sessenta e a trinta por um.

9 Quem tem ouvidos [para ouvir], ouça.

A explicação da parábola

Marcos 4.10-20; Lucas 8.9-15

Ang Talinhaga Tungkol sa Manghahasik

(Mc. 4:1-9; Lu. 8:4-8)

1Noon ding araw na iyon, si Jesus ay lumabas ng bahay at naupo sa tabi ng lawa.

2Dahil sa dami ng taong lumalapit sa kanya, sumakay siya sa isang bangka at doon naupo. Tumayo naman sa dalampasigan ang mga tao

3at sila'y tinuruan niya ng maraming bagay sa pamamagitan ng mga talinhaga. Ganito ang sinabi niya: “May isang magsasakang lumabas upang maghasik.

4Sa kanyang paghahasik ay may mga binhing nalaglag sa tabi ng daan. Dumating ang mga ibon at tinuka ang mga iyon.

5May mga binhi namang nalaglag sa mabatong lupa. Dahil manipis lang ang lupa roon, sumibol agad ang mga binhi,

6ngunit natuyo agad ang mga ito nang mabilad sa matinding init ng araw, palibhasa'y mababaw ang ugat.

7May mga binhi namang nalaglag sa may matitinik na halaman. Lumago ang mga halamang ito at sinakal ang mga binhing tumubo doon.

8Ngunit ang mga binhing nahasik sa matabang lupa ay namunga; may tigsasandaan, may tig-aanimnapu, at may tigtatatlumpu.

9Makinig ang may pandinig!”

Ang Layunin ng mga Talinhaga

(Mc. 4:10-12; Lu. 8:9-10)

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

10 Então, se aproximaram os discípulos e lhe perguntaram: Por que lhes falas por parábolas?

11 Ao que respondeu: Porque a vós outros é dado conhecer os mistérios do reino dos céus, mas àqueles não lhes é isso concedido.

12 Pois ao que tem se lhe dará, e terá em abundância; mas, ao que não tem, até o que tem lhe será tirado.

13 Por isso, lhes falo por parábolas; porque, vendo, não vêem; e, ouvindo, não ouvem, nem entendem.

14 De sorte que neles se cumpre a profecia de Isaías: Ouvireis com os ouvidos e de nenhum modo entendereis; vereis com os olhos e de nenhum modo percebereis.

15 Porque o coração deste povo está endurecido, de mau grado ouviram com os ouvidos e fecharam os olhos; para não suceder que vejam com os olhos, ouçam com os ouvidos, entendam com o coração, se convertam e sejam por mim curados.

16 Bem-aventurados, porém, os vossos olhos, porque vêem; e os vossos ouvidos, porque ouvem.

10Lumapit ang mga alagad at tinanong si Jesus, “Bakit po ninyo dinadaan sa talinhaga ang inyong pagtuturo sa kanila?”

11Sumagot siya, “Ipinagkaloob sa inyo ang karapatang maunawaan ang hiwaga tungkol sa kaharian ng langit, ngunit hindi ito ipinagkaloob sa kanila.

12Sapagkat ang mayroon ay bibigyan pa, at mananagana; ngunit ang wala, kahit ang kakaunting nasa kanya ay kukunin pa.

13Nagsasalita ako sa kanila sa pamamagitan ng talinhaga sapagkat tumitingin sila ngunit hindi nakakakita, at nakikinig ngunit hindi naman nakakarinig ni nakakaunawa man.

14Natutupad nga sa kanila ang propesiya ni Isaias na nagsasabi, ‘Makinig man kayo nang makinig subalit hindi ninyo mauunawaan kailanman, at tumingin man kayo nang tumingin subalit hindi rin kayo makakakita kailanman.

15Sapagkat naging mapurol na ang isip ng mga taong ito; mahirap makarinig ang kanilang mga tainga, at ipinikit nila ang kanilang mga mata, kung hindi gayon, sana'y nakakita ang kanilang mga mata, nakarinig ang kanilang mga tainga, nakaunawa ang kanilang mga isip, at nagbalik-loob sila sa akin, at pinagaling ko sila. ’

16“Subalit mapalad kayo sapagkat nakakakita ang inyong mga mata at nakakarinig ang inyong mga tainga!

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

17 Pois em verdade vos digo que muitos profetas e justos desejaram ver o que vedes e não viram; e ouvir o que ouvis e não ouviram.

17Tandaan ninyo: maraming propeta at matutuwid na tao ang naghangad na makita ang inyong nasasaksihan at marinig ang inyong napapakinggan subalit hindi nila ito nakita ni narinig.”

Ipinaliwanag ang Talinhaga Tungkol sa Manghahasik

(Mc. 4:13-20; Lu. 8:11-15)

18 Atendei vós, pois, à parábola do semeador.

18“Pakinggan ninyo ang kahulugan ng talinhaga tungkol sa manghahasik.

19 A todos os que ouvem a palavra do reino e não a compreendem, vem o maligno e arrebata o que lhes foi semeado no coração. Este é o que foi semeado à beira do caminho.

19Kapag ang isang tao ay dumirinig ng mensahe tungkol sa paghahari ng Diyos ngunit hindi naman niya iyon inuunawa, siya ay katulad ng binhing nalaglag sa daan. Dumarating ang Masama at agad inaalis sa kanyang isip ang mensaheng kanyang napakinggan.

20 O que foi semeado em solo rochoso, esse é o que ouve a palavra e a recebe logo, com alegria;

20“Ang katulad naman ng binhing nalaglag sa mabatong lupa ay ang taong dumirinig ng mensahe. Kaagad at masaya niya itong tinanggap

21 mas não tem raiz em si mesmo, sendo, antes, de pouca duração; em lhe chegando a angústia ou a perseguição por causa da palavra, logo se escandaliza.

21ngunit hindi tumimo ang mensahe sa kanyang puso. Sandali lamang itong nanatili, at pagdating ng mga kapighatian at pagsubok dahil sa mensahe, agad siyang tumatalikod sa kanyang pananampalataya.

22 O que foi semeado entre os espinhos é o que ouve a palavra, porém os cuidados do mundo e a fascinação das riquezas sufocam a palavra, e fica infrutífera.

22“Ang binhi namang nahulog sa may damuhang matinik na halaman ay naglalarawan ng mga taong dumirinig ng mensahe ngunit dahil sa pagkabalisa sa maraming mga bagay at pagkahumaling sa kayamanan, ang mensahe ay nawalan ng puwang sa kanilang puso at ito ay hindi nagkaroon ng bunga sa taong iyon.

23 Mas o que foi semeado em boa terra é o que ouve a palavra e a compreende; este

23“At ang katulad naman ng binhing napahasik sa matabang lupa ay ang mga

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

frutifica e produz a cem, a sessenta e a trinta por um.

A parábola do joio

24 Outra parábola lhes propôs, dizendo: O reino dos céus é semelhante a um homem que semeou boa semente no seu campo;

25 mas, enquanto os homens dormiam, veio o inimigo dele, semeou o joio no meio do trigo e retirou-se.

26 E, quando a erva cresceu e produziu fruto, apareceu também o joio.

27 Então, vindo os servos do dono da casa, lhe disseram: SENHOR, não semeaste boa semente no teu campo? Donde vem, pois, o joio?

28 Ele, porém, lhes respondeu: Um inimigo fez isso. Mas os servos lhe perguntaram: Queres que vamos e arranquemos o joio?

29 Não! Replicou ele, para que, ao separar o joio, não arranqueis também com ele o trigo.

30 Deixai-os crescer juntos até à colheita, e, no tempo da colheita, direi aos ceifeiros: ajuntai primeiro o joio, atai-o em feixes para ser queimado; mas o trigo, recolhei-o no meu celeiro.

A parábola do grão de mostarda
Marcos 4.30-32; Lucas 13.18-19

taong dumirinig at umuunawang mabuti sa mensahe, kaya't ito ay namumunga nang sagana, may tigsasandaan, may tig-aanimnapu, at may tigtatatlumpu.”

Talinhaga Tungkol sa mga Damo sa Triguhan

24Nagsalaysay muli si Jesus sa kanila ng isa pang talinhaga. Sinabi niya, “Ang kaharian ng langit ay katulad ng isang taong naghasik ng mabuting binhi sa kanyang bukid.
25Isang gabi, habang natutulog ang mga tao, dumating ang kanyang kaaway, naghasik ng mapanirang damo sa triguhan at saka umalis.
26Nang tumubo at magbunga ang trigo, lumitaw din ang mapanirang damo.
27Kaya't pumunta ang mga utusan sa may-ari ng bukid at nagtanong, ‘Hindi po ba mabuting binhi lamang ang inihasik ninyo sa inyong bukid? Bakit po may damo ngayon? ’
28Sumagot siya, ‘Isang kaaway ang may kagagawan nito. ’ Tinanong siya ng mga utusan, ‘Bubunutin po ba namin ang mga damo? ’

29‘Huwag, baka mabunot pati ang mga trigo, ’ sagot niya.

30‘Hayaan na lamang ninyong lumago kapwa ang damo at ang trigo hanggang sa anihan. Pag-aani'y sasabihin ko sa mga tagapag-ani, ipunin muna ninyo ang mga damo at inyong pagbigkis-bigkisin at saka sunugin. Pagkatapos, ipunin naman ninyo ang trigo sa aking kamalig. ’”

Talinhaga Tungkol sa Buto ng Mustasa
(Mc. 4:30-32; Lu. 13:18-19)

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

31 Outra parábola lhes propôs, dizendo: O reino dos céus é semelhante a um grão de mostarda, que um homem tomou e plantou no seu campo;

32 o qual é, na verdade, a menor de todas as sementes, e, crescida, é maior do que as hortaliças, e se faz árvore, de modo que as aves do céu vêm aninhar-se nos seus ramos.

A parábola do fermento
Lucas 13.20-21

33 Disse-lhes outra parábola: O reino dos céus é semelhante ao fermento que uma mulher tomou e escondeu em três medidas de farinha, até ficar tudo levedado.

Por que Jesus falou por parábolas
Marcos 4.33-34

34 Todas estas coisas disse Jesus às multidões por parábolas e sem parábolas nada lhes dizia;

35 para que se cumprisse o que foi dito por intermédio do profeta: Abrirei em parábolas a minha boca; publicarei coisas ocultas desde a criação [do mundo].

A explicação da parábola do joio

36 Então, despedindo as multidões, foi Jesus para casa. E, chegando-se a ele os seus discípulos, disseram: Explica-nos a parábola do joio do campo.

31Sa pagpapatuloy, isa pang talinhaga ang isinalaysay ni Jesus sa kanila. “Ang kaharian ng langit ay katulad ng isang buto ng mustasa na itinanim ng isang tao sa kanyang bukid.
32Ang buto ng mustasa ang pinakamaliit sa lahat ng binhi. Ngunit pagtubo nito, ito'y nagiging mas malaki kaysa alin mang halaman at nagiging punongkahoy, kaya't nakakapagpugad ang mga ibon sa mga sanga nito.”

Talinhaga Tungkol sa Pampaalsa
(Lu. 13:20-21)

33Nagsalaysay pa si Jesus ng ibang talinhaga. “Ang kaharian ng langit ay katulad ng pampaalsa na inihalo ng isang babae sa tatlong bakol na harina, kaya't umalsa ang minasang harina.”

Ang Paggamit ni Jesus ng mga Talinhaga
(Mc. 4:33-34)

34Ang lahat ng ito ay sinabi ni Jesus sa mga tao sa pamamagitan ng mga talinhaga, at wala siyang itinuro sa kanila nang hindi sa pamamagitan ng talinhaga.
35Sa gayon, natupad ang sinabi ng propeta: “Magsasalita ako sa pamamagitan ng mga talinhaga, ihahayag ko ang mga bagay na nalilihim mula pa nang likhain ang daigdig.”

Kahulugan ng Talinhaga Tungkol sa mga Damo sa Triguhan

36Pagkatapos, iniwan ni Jesus ang mga tao at pumasok siya sa bahay. Lumapit ang kanyang mga alagad at sinabi sa kanya, “Ipaliwanag nga po ninyo sa amin ang talinhaga tungkol sa mapanirang damong tumubo sa bukid.”

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

37 E ele respondeu: O que semeia a boa semente é o Filho do Homem;

38 o campo é o mundo; a boa semente são os filhos do reino; o joio são os filhos do maligno;

39 o inimigo que o semeou é o diabo; a ceifa é a consumação do século, e os ceifeiros são os anjos.

40 Pois, assim como o joio é colhido e lançado ao fogo, assim será na consumação do século.

41 Mandará o Filho do Homem os seus anjos, que ajuntarão do seu reino todos os escândalos e os que praticam a iniqüidade

42 e os lançarão na fornalha acesa; ali haverá choro e ranger de dentes.

43 Então, os justos resplandecerão como o sol, no reino de seu Pai. Quem tem ouvidos [para ouvir], ouça.

A parábola do tesouro escondido

44 O reino dos céus é semelhante a um tesouro oculto no campo, o qual certo homem, tendo-o achado, escondeu. E, transbordante de alegria, vai, vende tudo o que tem e compra aquele campo.

A parábola da pérola

37Sumagot si Jesus, “Ang naghahasik ng mabubuting binhi ay ang Anak ng Tao,
38ang bukid ay ang daigdig, ang mabuting binhi ay ang mga taong kabilang sa kaharian at ang mapanirang damo naman ay ang mga kabilang sa Masama.
39Ang kaaway na naghasik ng damo ay walang iba kundi ang diyablo. Ang panahon ng pag-aani ay ang katapusan ng daigdig at ang mga tagapag-ani naman ay ang mga anghel.
40Kung paanong ang mga damo ay tinitipon at sinusunog, ganoon din ang mangyayari sa katapusan ng daigdig.
41Ipag-uutos ng Anak ng Tao sa kanyang mga anghel na tipunin nila mula sa kanyang kaharian ang lahat ng nagiging sanhi ng pagkakasala at ang lahat ng gumagawa ng masama.
42Ihahagis nila ang mga ito sa lumalagablab na pugon at doon ay mananangis sila at magngangalit ang kanilang mga ngipin.
43Ngunit ang mga gumagawa ng matuwid ay magliliwanag na parang araw sa kaharian ng kanilang Ama. Makinig ang may pandinig!”

Ang Natatagong Kayamanan

44“Ang kaharian ng langit ay katulad ng kayamanang nakabaon sa isang bukid. Nahukay ito ng isang tao ngunit agad itong tinabunan. Tuwang-tuwa siyang umalis at ibinenta ang lahat ng kanyang ari-arian upang bilhin ang bukid na iyon.”

Ang Perlas na Mahalaga

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

45 O reino dos céus é também semelhante a
um que negocia e procura boas pérolas;

46 e, tendo achado uma pérola de grande
valor, vende tudo o que possui e a compra.

A parábola da rede

47 O reino dos céus é ainda semelhante a
uma rede que, lançada ao mar, recolhe
peixes de toda espécie.

48 E, quando já está cheia, os pescadores
arrastam-na para a praia e, assentados,
escolhem os bons para os cestos e os ruins
deitam fora.

49 Assim será na consumação do século:
sairão os anjos, e separarão os maus dentre
os justos,

50 e os lançarão na fornalha acesa; ali
haverá choro e ranger de dentes.

Coisas novas e velhas

51 Entendestes todas estas coisas?
Responderam-lhe: Sim!

52 Então, lhes disse: Por isso, todo escriba
versado no reino dos céus é semelhante a
um pai de família que tira do seu depósito
coisas novas e coisas velhas.

Jesus prega em Nazaré. É rejeitado pelos seus
Marcos 6.1-6; Lucas 4.16-30

45"Ang kaharian ng langit ay katulad din
ng isang negosyante na naghahanap ng
mga mamahaling perlas.
46Nang makakita siya ng isang perlas na
napakahalaga, umuwi siya't ipinagbili
ang lahat ng kanyang ari-arian at binili
ang perlas na iyon."

Ang Lambat

47"Ang kaharian ng langit ay katulad din
ng isang malaking lambat na inihagis sa
lawa at nakahuli ng sari-saring isda.
48Nang mapuno ang lambat, hinila ito sa
pampang. Naupo ang mga tao habang
tinitipon nila sa sisidlan ang mabubuting
isda at itinatapon naman ang mga isdang
hindi mapapakinabangan.
49Gayundin ang mangyayari sa katapusan
ng daigdig, darating ang mga anghel,
ihihiwalay ang masasama sa mga
matuwid,
50at ihahagis ang masasama sa
naglalagablab na apoy. Doo'y
mananangis sila at magngangalit ang
kanilang mga ngipin."

Kayamanang Bago at Luma

51"Nauunawaan na ba ninyo ang lahat ng
ito?" tanong ni Jesus. "Opo, " sagot nila.
52At sinabi niya sa kanila, "Kaya nga, ang
bawat tagapagturo ng Kautusan na
kumikilala sa kaharian ng langit ay
katulad ng isang pinuno ng sambahayan
na naglalabas ng mga bagay na bago at
luma mula sa kanyang taguan ng
kayamanan."

Si Jesus ay Hindi Tinanggap sa Nazaret
(Mc. 6:1-6; Lu. 4:16-30)

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

53 Tendo Jesus proferido estas parábolas, retirou-se dali.

54 E, chegando à sua terra, ensinava-os na sinagoga, de tal sorte que se maravilhavam e diziam: Donde lhe vêm esta sabedoria e estes poderes miraculosos?

55 Não é este o filho do carpinteiro? Não se chama sua mãe Maria, e seus irmãos, Tiago, José, Simão e Judas?

56 Não vivem entre nós todas as suas irmãs? Donde lhe vem, pois, tudo isto?

57 E escandalizavam-se nele. Jesus, porém, lhes disse: Não há profeta sem honra, senão na sua terra e na sua casa.

58 E não fez ali muitos milagres, por causa da incredulidade deles.

Mateus 14

A morte de João Batista

Marcos 6.14-29; Lucas 9.7-9

1 Por aquele tempo, ouviu o tetrarca Herodes a fama de Jesus

2 e disse aos que o serviam: Este é João Batista; ele ressuscitou dos mortos, e, por isso, nele operam forças miraculosas.

53Umalis si Jesus mula roon matapos niyang isalaysay ang mga talinhagang ito.
54Umuwi siya sa kanyang bayan at nagturo sa kanilang sinagoga. Nagtaka ang mga nakarinig sa kanya, kaya't kanilang itinanong, “Saan kumuha ng ganyang karunungan ang taong iyan? Paano siya nakakagawa ng mga himala?
55Hindi ba siya ay anak ng isang karpintero? Hindi ba si Maria ang kanyang ina at sina Santiago, Jose, Simon, at Judas ang kanyang mga kapatid?
56At tagarito rin ang kanyang mga kapatid na babae, di ba? Saan kaya niya natutuhan ang lahat ng iyan?”
57At siya'y hindi nila pinaniwalaan. Kaya't sinabi ni Jesus sa kanila, “Ang isang propeta'y iginagalang kahit saan maliban sa kanyang sariling bayan at sariling sambahayan.”
58At dahil ayaw nilang maniwala kay Jesus, hindi siya roon gumawa ng maraming himala.

Mateo 14

Ang Pagkamatay ni Juan na Tagapagbautismo

(Mc. 6:14-29; Lu. 9:7-9)

1Ang balita tungkol kay Jesus ay nakarating kay Herodes na gobernador ng Galilea,
2kaya't nasabi niya sa kanyang mga lingkod, “Si Juan na Tagapagbautismo iyon! Siya'y muling nabuhay kaya't nakakagawa ng mga himala!”

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

3 Porque Herodes, havendo prendido e atado a João, o metera no cárcere, por causa de Herodias, mulher de Filipe, seu irmão;

4 pois João lhe dizia: Não te é lícito possuí-la.

5 E, querendo matá-lo, temia o povo, porque o tinham como profeta.

6 Ora, tendo chegado o dia natalício de Herodes, dançou a filha de Herodias diante de todos e agradou a Herodes.

7 Pelo que prometeu, com juramento, dar-lhe o que pedisse.

8 Então, ela, instigada por sua mãe, disse: Dá-me, aqui, num prato, a cabeça de João Batista.

9 Entristeceu-se o rei, mas, por causa do juramento e dos que estavam com ele à mesa, determinou que lha dessem;

10 e deu ordens e decapitou a João no cárcere.

11 Foi trazida a cabeça num prato e dada à jovem, que a levou a sua mãe.

12 Então, vieram os seus discípulos, levaram o corpo e o sepultaram; depois, foram e o anunciaram a Jesus.

A primeira multiplicação de pães e peixes
Marcos 6.30-44; Lucas 9.10-17; João 6.1-13

3Itong si Herodes ang nagpahuli kay Juan. Ipinagapos niya ito at ipinabilanggo dahil kay Herodias na asawa ng kapatid niyang si Felipe.
4Sapagkat sinabi ni Juan kay Herodes, “Hindi matuwid na magsama kayo ng asawa ng iyong kapatid.”
5Ibig ni Herodes na ipapatay si Juan, ngunit natatakot siya sa mga Judio sapagkat kinikilala nilang propeta si Juan na Tagapagbautismo.
6Nang sumapit ang kaarawan ni Herodes, sumayaw ang anak na babae ni Herodias sa harap ng mga panauhin. Labis na nasiyahan si Herodes,
7kaya't sumumpa siyang ibibigay sa dalaga ang anumang hingin nito.
8Sa udyok ng kanyang ina, sinabi ng dalaga sa hari, “Ibigay po ninyo sa akin ngayon din, sa isang pinggan, ang ulo ni Juan na Tagapagbautismo.”
9Nalungkot ang hari, ngunit dahil sa kanyang pangakong narinig ng mga panauhin, iniutos niyang ibigay sa dalaga ang ulo ni Juan.
10Kaya't pinapugutan niya si Juan sa bilangguan.
11Inilagay ang ulo sa isang pinggan at ibinigay ito sa dalaga. Dinala naman ito ng dalaga sa kanyang ina.
12Dumating ang mga alagad ni Juan, kinuha ang kanyang bangkay at inilibing. Pagkatapos, ibinalita nila kay Jesus ang nangyari.

Ang Mahimalang Pagpapakain sa Limanlibo
(Mc. 6:30-44; Lu. 9:10-17; Jn. 6:1-14)

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

7 Porquanto se levantará nação contra nação, reino contra reino, e haverá fomes e terremotos em vários lugares;

8 porém tudo isto é o princípio das dores.

1Lumabas si Jesus sa Templo. Paalis na siya nang lumapit ang mga alagad at itinuro sa kanya ang mga gusali ng Templo.
2Sinabi niya sa kanila, “Nakikita ba ninyo ang mga gusaling iyan? Tandaan ninyo! Darating ang araw na wala riyang matitirang bato sa ibabaw ng kapwa bato. Lahat ay iguguho!”

Mga Kahirapan at Pag-uusig na Darating
(Mc. 13:3-13; Lu. 21:7-19)

3Noon, si Jesus ay nasa Bundok ng mga Olibo. Habang siya'y nakaupo roon, palihim siyang tinanong ng kanyang mga alagad, “Kailan po ba mangyayari ang mga sinabi ninyo? Ano po ang magiging palatandaan ng inyong muling pagparito at ng katapusan ng mundo?”
4Sumagot si Jesus, “Mag-ingat kayo upang hindi kayo mailigaw ninuman!
5Maraming paparito sa pangalan ko at magpapanggap na sila ang Cristo, at marami silang maililigaw.
6Makakarinig kayo ng mga labanan at makakabalita ng mga digmaan sa iba't ibang dako. Ngunit huwag kayong mababahala dahil talagang mangyayari ang mga iyon, bagama't hindi pa iyon ang katapusan ng mundo.
7Maglalaban-laban ang mga bansa at gayundin ang mga kaharian. Magkakaroon ng taggutom at lilindol sa maraming lugar.
8Ang lahat ng mga ito'y pasimula pa lamang ng mga paghihirap na tulad sa isang babaing nanganganak.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

9 Então, sereis atribulados, e vos matarão. Sereis odiados de todas as nações, por causa do meu nome.

10 Nesse tempo, muitos hão de se escandalizar, trair e odiar uns aos outros;

11 levantar-se-ão muitos falsos profetas e enganarão a muitos.
12 E, por se multiplicar a iniqüidade, o amor se esfriará de quase todos.
13 Aquele, porém, que perseverar até o fim, esse será salvo.

14 E será pregado este evangelho do reino por todo o mundo, para testemunho a todas as nações. Então, virá o fim.

A grande tribulação
Marcos 13.14-23; Lucas 21.20-23

15 Quando, pois, virdes o abominável da desolação de que falou o profeta Daniel, no lugar santo (quem lê entenda),

16 então, os que estiverem na Judéia fujam para os montes;

17 quem estiver sobre o eirado não desça a tirar de casa alguma coisa;

18 e quem estiver no campo não volte atrás para buscar a sua capa.
19 Ai das que estiverem grávidas e das que amamentarem naqueles dias!

9"Sa mga panahong iyon, kapopootan kayong lahat dahil sa inyong pagsunod sa akin. Isasakdal kayo upang pahirapan at patayin,
10at dahil dito'y marami ang tatalikod sa kanilang pananampalataya. Mapopoot sila at magtataksil sa isa't isa.
11Marami ang magpapanggap na propeta at ililigaw ang mga tao.
12Ang kasamaa'y lalaganap, kaya't manlalamig ang pag-ibig ng marami.
13Ngunit ang mananatiling tapat hanggang wakas ang siyang maliligtas.
14Ipapangaral sa buong sanlibutan ang Magandang Balita tungkol sa paghahari ng Diyos upang ang lahat ng bansa ay makarinig nito. At kung maganap na ito, darating na ang katapusan."

Ang Kasuklam-suklam na Kalapastanganan
(Mc. 13:14-23; Lu. 21:20-24)

15"Unawain ninyo itong mabuti: kapag nakita ninyong nagaganap na sa Dakong Banal ang kasuklam-suklam na kalapastanganang tinutukoy ni Propeta Daniel,
16ang mga nasa Judea ay dapat tumakas papunta sa kabundukan,
17ang nasa bubungan ay huwag nang mag-abala pang kumuha ng kahit ano sa loob ng bahay,
18at ang nasa bukid ay huwag nang umuwi upang kumuha ng balabal.
19Sa mga araw na iyon, kawawa ang mga nagdadalang-tao at mga nagpapasuso!

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

20 Orai para que a vossa fuga não se dê no inverno, nem no sábado;

21 porque nesse tempo haverá grande tribulação, como desde o princípio do mundo até agora não tem havido e nem haverá jamais.

22 Não tivessem aqueles dias sido abreviados, ninguém seria salvo; mas, por causa dos escolhidos, tais dias serão abreviados.

23 Então, se alguém vos disser: Eis aqui o Cristo! Ou: Ei-lo ali! Não acrediteis;

24 porque surgirão falsos cristos e falsos profetas operando grandes sinais e prodígios para enganar, se possível, os próprios eleitos.

25 Vede que vo-lo tenho predito.

26 Portanto, se vos disserem: Eis que ele está no deserto!, não saiais. Ou: Ei-lo no interior da casa!, não acrediteis.

27 Porque, assim como o relâmpago sai do oriente e se mostra até no ocidente, assim há de ser a vinda do Filho do Homem.

28 Onde estiver o cadáver, aí se ajuntarão os abutres.

A vinda do Filho do Homem

20Ipanalangin ninyo na ang inyong pagtakas ay huwag mapataon sa taglamig o sa Araw ng Pamamahinga.

21Sapagkat sa panahong iyon, ang mga tao'y magdaranas ng matinding kapighatiang hindi pa nararanasan mula nang likhain ang sanlibutan hanggang sa ngayon, at hindi na mararanasan pa kahit kailan.

22Sa katunayan, kung hindi paiikliin ng Diyos ang panahong iyon, walang taong maliligtas. Ngunit alang-alang sa mga hinirang ng Diyos, paiikliin ang panahong iyon.

23"Kung may magsasabi sa inyo, 'Narito ang Cristo! ' o 'Naroon siya! ' huwag kayong maniniwala.

24Sapagkat may lilitaw na mga huwad na mesiyas at mga huwad na propeta. Magpapakita sila ng mga kamangha-manghang himala at mga kababalaghan upang iligaw ang marami kahit na ang mga hinirang ng Diyos.

25Tandaan ninyo, ipinagpauna ko nang sabihin ito upang kayo'y makapaghanda.

26"Kaya't kung sabihin nila sa inyo, 'Naroon siya sa ilang, ' huwag kayong pumunta roon. Kung sabihin naman nilang, 'Naroon siya sa silid, ' huwag kayong maniniwala.

27Sapagkat darating ang Anak ng Tao na parang kidlat na gumuguhit mula sa silangan hanggang sa kanluran.

28"Kung saan may bangkay, doon nagkakatipon ang mga buwitre."

Ang Pagparito ng Anak ng Tao

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

Marcos 13.24-27; Lucas 21.25-28

29 Logo em seguida à tribulação daqueles dias, o sol escurecerá, a lua não dará a sua claridade, as estrelas cairão do firmamento, e os poderes dos céus serão abalados.

30 Então, aparecerá no céu o sinal do Filho do Homem; todos os povos da terra se lamentarão e verão o Filho do Homem vindo sobre as nuvens do céu, com poder e muita glória.

31 E ele enviará os seus anjos, com grande clangor de trombeta, os quais reunirão os seus escolhidos, dos quatro ventos, de uma a outra extremidade dos céus.

A parábola da figueira. Exortação à vigilância
Marcos 13.28-37; Lucas 21.29-36

32 Aprendei, pois, a parábola da figueira: quando já os seus ramos se renovam e as folhas brotam, sabeis que está próximo o verão.

33 Assim também vós: quando virdes todas estas coisas, sabei que está próximo, às portas.

34 Em verdade vos digo que não passará esta geração sem que tudo isto aconteça.

35 Passará o céu e a terra, porém as minhas palavras não passarão.

(Mc. 13:24-27; Lu. 21:25-28)

29"Pagkatapos ng kapighatian sa mga panahong iyon, magdidilim ang araw, hindi magliliwanag ang buwan, malalaglag mula sa langit ang mga bituin, at mayayanig ang mga kapangyarihan sa kalawakan.

30Pagkatapos, lilitaw sa langit ang tanda ng Anak ng Tao at mananangis ang lahat ng bansa. Makikita nila ang Anak ng Tao na nasa alapaap at dumarating na may dakilang kapangyarihan at kadakilaan.

31Sa hudyat ng malakas na tunog ng trumpeta, susuguin niya ang kanyang mga anghel sa apat na sulok ng daigdig at titipunin nila ang mga hinirang mula sa lahat ng dako."

Ang Aral Mula sa Puno ng Igos
(Mc. 13:28-31; Lu. 21:29-33)

32"Unawain ninyo ang aral mula sa puno ng igos; kapag ang mga sanga nito ay umuusbong at nagkakadahon na, alam ninyong malapit na ang tag-araw.

33Gayundin naman, kapag nakita ninyo ang lahat ng ito, malalaman ninyong malapit na ang pagdating ng Anak ng Tao, talagang malapit na.

34Tandaan ninyo, magaganap ang lahat ng ito bago mamatay ang mga taong nabubuhay ngayon.

35Lilipas ang langit at ang lupa, ngunit ang aking mga salita ay mananatili magpakailanman."

Walang Nakakaalam ng Araw o Oras
(Mc. 13:32-37; Lu. 17:26-30, 34-36)

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

36 Mas a respeito daquele dia e hora
ninguém sabe, nem os anjos dos céus, nem
o Filho, senão o Pai.

37 Pois assim como foi nos dias de Noé,
também será a vinda do Filho do Homem.

38 Porquanto, assim como nos dias
anteriores ao dilúvio comiam e bebiam,
casavam e davam-se em casamento, até ao
dia em que Noé entrou na arca,

39 e não o perceberam, senão quando veio
o dilúvio e os levou a todos, assim será
também a vinda do Filho do Homem.

40 Então, dois estarão no campo, um será
tomado, e deixado o outro;

41 duas estarão trabalhando num moinho,
uma será tomada, e deixada a outra.

42 Portanto, vigiai, porque não sabeis em
que dia vem o vosso SENHOR.

43 Mas considerai isto: se o pai de família
soubesse a que hora viria o ladrão, vigiaria
e não deixaria que fosse arrombada a sua
casa.

44 Por isso, ficai também vós apercebidos;
porque, à hora em que não cuidais, o Filho
do Homem virá.

A parábola do bom servo e do mau
Lucas 12.42-46

36"Ngunit walang nakakaalam ng araw at
oras ng pagsapit niyon, kahit ang mga
anghel sa langit o maging ang Anak man.
Ang Ama lamang ang nakakaalam nito.
37Ang pagdating ng Anak ng Tao ay tulad
sa pagdating ng baha noong panahon ni
Noe.
38Nang mga araw na iyon, bago bumaha,
ang mga tao'y nagsisikain, nag-iinuman,
at nagsisipag-asawa hanggang sa
pumasok si Noe sa barko.
39Hindi nila namamalayan ang
nangyayari hanggang sa dumating ang
baha at tinangay silang lahat. Gayundin
ang mangyayari sa pagdating ng Anak ng
Tao.
40Sa panahong iyon, may dalawang
lalaking nagtatrabaho sa bukid, kukunin
ang isa at iiwan ang ikalawa.
41May dalawang babaing nagtatrabaho sa
gilingan, kukunin ang isa at iiwan ang
ikalawa.
42Kaya't maging handa kayo dahil hindi
ninyo alam kung kailan darating ang
inyong Panginoon.
43Tandaan ninyo ito: kung alam ng may-
ari ng bahay kung anong oras sa gabi
darating ang magnanakaw, siya'y
maghahanda at hindi niya pababayaang
pasukin ang kanyang bahay.
44Kaya't lagi kayong maging handa,
sapagkat darating ang Anak ng Tao sa
oras na hindi ninyo nalalaman."

Dapat Palaging Maging Handa
(Lu. 12:41-48)

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

45 Quem é, pois, o servo fiel e prudente, a quem o senhor confiou os seus conservos para dar-lhes o sustento a seu tempo?

46 Bem-aventurado aquele servo a quem seu senhor, quando vier, achar fazendo assim.

47 Em verdade vos digo que lhe confiará todos os seus bens.

48 Mas, se aquele servo, sendo mau, disser consigo mesmo: Meu senhor demora-se,

49 e passar a espancar os seus companheiros e a comer e beber com ébrios,

50 virá o senhor daquele servo em dia em que não o espera e em hora que não sabe

51 e castigá-lo-á, lançando-lhe a sorte com os hipócritas; ali haverá choro e ranger de dentes.

Mateus 25

A parábola das dez virgens

1 Então, o reino dos céus será semelhante a dez virgens que, tomando as suas lâmpadas, saíram a encontrar-se com o noivo.
2 Cinco dentre elas eram néscias, e cinco, prudentes.

45"Sino ang tapat at matalinong alipin? Hindi ba't ang pinamamahala ng kanyang panginoon upang magpakain sa iba pang mga alipin sa takdang oras?
46Mapalad ang aliping iyon kapag dinatnan siyang tapat na naglilingkod sa pagbabalik ng kanyang panginoon!
47Sinasabi ko sa inyo, gagawin siyang tagapamahala ng kanyang panginoon sa lahat ng mga ari-arian nito.
48Ngunit kung masama ang aliping iyon, sasabihin niya sa kanyang sarili, 'Matatagalan pa ang pagbabalik ng aking panginoon. '
49Kaya't sisimulan niyang bugbugin ang ibang mga alipin, at makikipagkainan at makikipag-inuman sa mga lasenggo.
50Babalik ang panginoon ng aliping iyon sa araw na hindi niya inaasahan at sa oras na hindi niya alam.
51Buong higpit siyang paparusahan ng kanyang panginoon, at pagkatapos ay isasama sa mga mapagkunwari. Doo'y tatangis siya at magngangalit ang ngipin."

Mateo 25

Talinhaga Tungkol sa Sampung Dalaga

1"Ang kaharian ng langit ay maitutulad dito. May sampung dalagang lumabas upang sumalubong sa lalaking ikakasal. Bawat isa'y may dalang ilawan.
2Ang lima sa kanila'y hangal at ang lima nama'y matatalino.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

3 As néscias, ao tomarem as suas lâmpadas,
não levaram azeite consigo;

4 no entanto, as prudentes, além das
lâmpadas, levaram azeite nas vasilhas.

5 E, tardando o noivo, foram todas tomadas
de sono e adormeceram.

6 Mas, à meia-noite, ouviu-se um grito: Eis
o noivo! Saí ao seu encontro!

7 Então, se levantaram todas aquelas
virgens e prepararam as suas lâmpadas.

8 E as néscias disseram às prudentes: Dai-
nos do vosso azeite, porque as nossas
lâmpadas estão-se apagando.

9 Mas as prudentes responderam: Não, para
que não nos falte a nós e a vós outras! Ide,
antes, aos que o vendem e comprai-o.

10 E, saindo elas para comprar, chegou o
noivo, e as que estavam apercebidas
entraram com ele para as bodas; e fechou-
se a porta.

11 Mais tarde, chegaram as virgens néscias,
clamando: SENHOR, senhor, abre-nos a
porta!

12 Mas ele respondeu: Em verdade vos digo
que não vos conheço.

3Ang mga hangal ay nagdala ng kanilang
mga ilawan ngunit hindi nagbaon ng
langis.
4Ang matatalino nama'y nagbaon ng
langis, bukod pa sa nasa kanilang mga
ilawan.
5Naantala ang pagdating ng lalaking
ikakasal kaya't inantok at nakatulog sila
sa paghihintay.
6“Ngunit nang hatinggabi na'y may
sumigaw, ‘Narito na ang lalaking
ikakasal! Lumabas na kayo upang
salubungin siya! ’
7Agad bumangon ang sampung dalaga at
inayos ang kanilang ilawan.
8Sinabi ng mga hangal sa matatalino,
‘Bigyan naman ninyo kami kahit kaunting
langis. Aandap-andap na ang aming mga
ilawan. ’
9‘Baka hindi ito magkasya sa ating lahat.
Mabuti pa'y pumunta muna kayo sa
tindahan at bumili ng para sa inyo, ’
tugon naman ng matatalino.
10Kaya't lumakad ang limang hangal na
dalaga. Habang bumibili sila, dumating
ang lalaking ikakasal. Ang limang
nakahanda ay kasama niyang pumasok sa
kasalan, at isinara ang pinto.
11“Pagkatapos, dumating naman ang
limang hangal na dalaga. ‘Panginoon,
panginoon, papasukin po ninyo kami! ’
sigaw nila.
12“Ngunit tumugon siya, ‘Tandaan ninyo,
hindi ko kayo nakikilala. ’”

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

13 Vigiai, pois, porque não sabeis o dia nem a hora.

A parábola dos talentos

14 Pois será como um homem que, ausentando-se do país, chamou os seus servos e lhes confiou os seus bens.

15 A um deu cinco talentos, a outro, dois e a outro, um, a cada um segundo a sua própria capacidade; e, então, partiu.

16 O que recebera cinco talentos saiu imediatamente a negociar com eles e ganhou outros cinco.

17 Do mesmo modo, o que recebera dois ganhou outros dois.

18 Mas o que recebera um, saindo, abriu uma cova e escondeu o dinheiro do seu senhor.

19 Depois de muito tempo, voltou o senhor daqueles servos e ajustou contas com eles.

20 Então, aproximando-se o que recebera cinco talentos, entregou outros cinco, dizendo: SENHOR, confiaste-me cinco talentos; eis aqui outros cinco talentos que ganhei.

13Pagkatapos nito'y sinabi ni Jesus, “Kaya't magbantay kayo, sapagkat hindi ninyo alam ang araw o ang oras man.”

Talinhaga Tungkol sa Tatlong Alipin

(Lu. 19:11-27)

14“Ang paghahari ng Diyos ay maitutulad sa isang taong maglalakbay. Kaya't tinawag niya ang kanyang mga tauhan at ipinagkatiwala sa kanila ang kanyang ari-arian.

15Binigyan niya ng salaping ginto ang bawat isa ayon sa kanilang kakayahan. Binigyan niya ang isa ng limanlibong salaping ginto, ang isa nama'y dalawang libong salaping ginto, at ang isa pa ay isanlibong salaping ginto. Pagkatapos nito, siya'y umalis.

16Kumilos agad ang tumanggap ng limanlibong salaping ginto at ipinangalakal iyon. Kumita siya ng limanlibong salaping ginto.

17Gayundin naman, ang tumanggap ng dalawang libong salaping ginto ay kumita pa ng dalawang libong salaping ginto.

18Ngunit ang tumanggap ng isanlibong salaping ginto ay humukay sa lupa at itinago ang salaping ginto ng kanyang panginoon.

19“Pagkaraan ng mahabang panahon, bumalik ang panginoon ng mga tauhang iyon at sila'y pinag-ulat.

20Lumapit ang tumanggap ng limanlibong salaping ginto at sinabi, ‘Panginoon, ito po ang limanlibong salaping ginto na iniwan ninyo sa akin.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

21 Disse-lhe o senhor: Muito bem, servo bom e fiel; foste fiel no pouco, sobre o muito te colocarei; entra no gozo do teu senhor.

22 E, aproximando-se também o que recebera dois talentos, disse: SENHOR, dois talentos me confiaste; aqui tens outros dois que ganhei.

23 Disse-lhe o senhor: Muito bem, servo bom e fiel; foste fiel no pouco, sobre o muito te colocarei; entra no gozo do teu senhor.

24 Chegando, por fim, o que recebera um talento, disse: SENHOR, sabendo que és homem severo, que ceifas onde não semeaste e ajuntas onde não espalhaste,

25 receoso, escondi na terra o teu talento; aqui tens o que é teu.

26 Respondeu-lhe, porém, o senhor: Servo mau e negligente, sabias que ceifo onde não semeei e ajunto onde não espalhei?

27 Cumpria, portanto, que entregasses o meu dinheiro aos banqueiros, e eu, ao voltar, receberia com juros o que é meu.

Heto naman po ang limanlibong salaping ginto na tinubo nito. ’

21“Sinabi sa kanya ng panginoon, ‘Magaling! Tapat at mabuting lingkod! Halika, makihati ka sa aking kagalakan. Naging tapat ka sa kaunting halaga, kaya gagawin kitang tagapamahala ng malaking halaga. ’

22“Lumapit din ang tumanggap ng dalawang libong salaping ginto at ang sabi, ‘Panginoon, ito po ang iniwan ninyo sa aking dalawang libong salaping ginto. Heto naman po ang dalawang libong salaping ginto na tinubo nito. ’

23“Sinabi ng kanyang panginoon, ‘Magaling! Tapat at mabuting lingkod! Naging tapat ka sa kaunting halaga, kaya't pamamahalain kita sa malaking halaga. Makihati ka sa aking kagalakan! ’

24“Lumapit naman ang tumanggap ng isanlibong salaping ginto at sinabi, ‘Alam ko pong kayo'y mahigpit at pinipitas ninyo ang bunga ng hindi ninyo itinanim at inaani ninyo ang hindi ninyo inihasik.

25Natakot po ako, kaya't ibinaon ko sa lupa ang inyong salaping ginto. Heto na po ang salaping iniwanan ninyo sa akin. ’

26“Sumagot ang kanyang panginoon, ‘Masama at tamad na lingkod! Alam mo palang pinipitas ko ang bunga ng hindi ko tanim at inaani ang hindi ko inihasik,

27bakit hindi mo na lamang inilagay sa bangko ang aking salapi! Kahit paano'y may tinubo sana ito!

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

28 Tirai-lhe, pois, o talento e dai-o ao que tem dez.

29 Porque a todo o que tem se lhe dará, e terá em abundância; mas ao que não tem, até o que tem lhe será tirado.

30 E o servo inútil, lançai-o para fora, nas trevas. Ali haverá choro e ranger de dentes.

O grande julgamento

31 Quando vier o Filho do Homem na sua majestade e todos os anjos com ele, então, se assentará no trono da sua glória;
32 e todas as nações serão reunidas em sua presença, e ele separará uns dos outros, como o pastor separa dos cabritos as ovelhas;

33 e porá as ovelhas à sua direita, mas os cabritos, à esquerda;

34 então, dirá o Rei aos que estiverem à sua direita: Vinde, benditos de meu Pai! Entrai na posse do reino que vos está preparado desde a fundação do mundo.

35 Porque tive fome, e me destes de comer; tive sede, e me destes de beber; era forasteiro, e me hospedastes;

36 estava nu, e me vestistes; enfermo, e me visitastes; preso, e fostes ver-me.

37 Então, perguntarão os justos: SENHOR, quando foi que te vimos com fome e te

28Kunin ninyo sa kanya ang isanlibong salaping ginto at ibigay sa may sampung libong salaping ginto.
29Sapagkat ang mayroon ay bibigyan pa, at mananagana; ngunit ang wala, kahit ang kakaunting nasa kanya ay kukunin pa.
30Itapon ninyo sa kadiliman sa labas ang walang silbing taong iyan! Doo'y mananangis siya at magngangalit ang kanyang mga ngipin. ’”

Ang Paghuhukom

31“Pagdating ng Anak ng Tao bilang Hari, kasama ang lahat ng anghel, uupo siya sa kanyang trono ng kaluwalhatian.
32Titipunin naman sa harapan niya ang lahat ng tao at sila'y kanyang pagbubukud-bukurin, tulad ng ginagawa ng pastol sa mga tupa at mga kambing.
33Inilalagay nito sa kanyang kanan ang mga tupa, at sa kaliwa naman ang mga kambing.
34Kaya't sasabihin ng hari sa mga nasa kanan niya, ‘Halikayo, mga pinagpala ng aking Ama! Pumasok kayo at tanggapin ang kahariang inihanda para sa inyo mula pa nang likhain ang daigdig.
35Sapagkat ako'y inyong pinakain noong ako'y nagugutom; ako'y inyong pinainom noong ako'y nauuhaw. Ako'y isang dayuhan at inyong pinatuloy.
36Ako'y walang maisuot at inyong dinamitan, nagkasakit at inyong dinalaw, nabilanggo at inyong pinuntahan. ’
37“Sasagot ang mga matuwid, ‘Panginoon, kailan po namin kayo

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

demos de comer? Ou com sede e te demos de beber?

38 E quando te vimos forasteiro e te hospedamos? Ou nu e te vestimos?

39 E quando te vimos enfermo ou preso e te fomos visitar?

40 O Rei, respondendo, lhes dirá: Em verdade vos afirmo que, sempre que o fizestes a um destes meus pequeninos irmãos, a mim o fizestes.

41 Então, o Rei dirá também aos que estiverem à sua esquerda: Apartai-vos de mim, malditos, para o fogo eterno, preparado para o diabo e seus anjos.

42 Porque tive fome, e não me destes de comer; tive sede, e não me destes de beber;

43 sendo forasteiro, não me hospedastes; estando nu, não me vestistes; achando-me enfermo e preso, não fostes ver-me.

44 E eles lhe perguntarão: SENHOR, quando foi que te vimos com fome, com sede, forasteiro, nu, enfermo ou preso e não te assistimos?

45 Então, lhes responderá: Em verdade vos digo que, sempre que o deixastes de fazer a um destes mais pequeninos, a mim o deixastes de fazer.

nakitang nagutom at aming pinakain, o nauhaw at aming pinainom?

38Kailan po kayo naging dayuhan at aming pinatuloy, o kaya'y walang maisuot at aming dinamitan?

39At kailan po namin kayo nakitang nagkasakit o nabilanggo at kayo'y aming dinalaw? ’

40“Sasabihin ng Hari, ‘Tandaan ninyo, nang gawin ninyo ito sa isa sa mga alagad ko, siya man ang pinakahamak, ako ang inyong tinulungan. ’

41“Sasabihin naman niya sa mga nasa kaliwa, ‘Lumayo kayo sa harapan ko! Isinumpa kayo sa apoy na di namamatay na inihanda para sa diyablo at sa kanyang mga kampon.

42Sapagkat hindi ninyo ako pinakain noong ako'y nagugutom; hindi ninyo ako pinainom noong ako'y nauuhaw.

43Hindi ninyo ako pinatuloy noong ako'y isang dayuhan. Hindi ninyo ako dinamitan noong ako'y walang maisuot. Hindi ninyo ako dinalaw noong ako'y may sakit at noong ako'y nasa bilangguan. ’

44“At sasagot din sila, ‘Panginoon, kailan po namin kayo nakitang nagutom, nauhaw, walang matuluyan, walang maisuot, may sakit, o nasa bilangguan, na hindi namin kayo tinulungan? ’

45“At sasabihin sa kanila ng Hari, ‘Tandaan ninyo, nang pagkaitan ninyo ng tulong ang isa sa pinakahamak sa mga ito, ako ang inyong pinagkaitan. ’

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

46 E irão estes para o castigo eterno, porém os justos, para a vida eterna.

Mateus 26

O plano para tirar a vida de Jesus

Marcos 14.1-2; Lucas 22.1-2; João 11.45-53

1 Tendo Jesus acabado todos estes ensinamentos, disse a seus discípulos:

2 Sabeis que, daqui a dois dias, celebrar-se-á a Páscoa; e o Filho do Homem será entregue para ser crucificado.

3 Então, os principais sacerdotes e os anciãos do povo se reuniram no palácio do sumo sacerdote, chamado Caifás;

4 e deliberaram prender Jesus, à traição, e matá-lo.

5 Mas diziam: Não durante a festa, para que não haja tumulto entre o povo.

Jesus ungido em Betânia

Marcos 14.3-9; João 12.1-8

6 Ora, estando Jesus em Betânia, em casa de Simão, o leproso,

7 aproximou-se dele uma mulher, trazendo um vaso de alabastro cheio de precioso bálsamo, que lhe derramou sobre a cabeça, estando ele à mesa.

8 Vendo isto, indignaram-se os discípulos e disseram: Para que este desperdício?

46Itataboy ang mga ito sa kaparusahang walang hanggan, ngunit ang mga matuwid ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan.”

Mateo 26

Ang Balak Laban kay Jesus

(Mc. 14:1-2; Lu. 22:1-2; Jn. 11:45-53)

1Matapos ituro ni Jesus ang lahat ng ito, sinabi niya sa kanyang mga alagad,

2“Gaya ng alam ninyo, dalawang araw na lamang at Paskwa na. Ang Anak ng Tao ay pagtataksilan upang maipapako sa krus.”

3Ang mga punong pari at ang mga pinuno ng bayan ay nagkakatipon noon sa palasyo ng pinakapunong pari na si Caifas.

4Binalak nilang ipadakip si Jesus nang lihim at ipapatay.

5Ngunit sinabi nila, “Huwag sa kapistahan, baka magkagulo ang mga tao.”

Binuhusan ng Pabango si Jesus

(Mc. 14:3-9; Jn. 12:1-8)

6Nasa Bethania noon si Jesus, sa bahay ni Simon na ketongin.

7Lumapit sa kanya ang isang babaing may dalang sisidlang alabastro na puno ng napakamahal na pabango. Ibinuhos ito sa ulo ni Jesus habang siya'y kumakain.

8Nagalit ang mga alagad nang makita ito. “Bakit inaksaya ang pabango?” tanong nila.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

9 Pois este perfume podia ser vendido por muito dinheiro e dar-se aos pobres.

10 Mas Jesus, sabendo disto, disse-lhes: Por que molestais esta mulher? Ela praticou boa ação para comigo.

11 Porque os pobres, sempre os tendes convosco, mas a mim nem sempre me tendes;
12 pois, derramando este perfume sobre o meu corpo, ela o fez para o meu sepultamento.
13 Em verdade vos digo: Onde for pregado em todo o mundo este evangelho, será também contado o que ela fez, para memória sua.

O pacto da traição
Marcos 14.10-11; Lucas 22.3-6

14 Então, um dos doze, chamado Judas Iscariotes, indo ter com os principais sacerdotes, propôs:

15 Que me quereis dar, e eu vo-lo entregarei? E pagaram-lhe trinta moedas de prata.

16 E, desse momento em diante, buscava ele uma boa ocasião para o entregar.

Os discípulos preparam a Páscoa
Marcos 14.12-16; Lucas 22.7-13

17 No primeiro dia da Festa dos Pães Asmos, vieram os discípulos a Jesus e lhe perguntaram: Onde queres que te façamos os preparativos para comeres a Páscoa?

9"Naipagbili sana iyon sa malaking halaga at naibigay sa mga mahihirap ang pinagbilhan!"
10Alam ito ni Jesus kaya't sinabi niya, "Bakit ninyo minamasama ang ginagawa niya? Isang mabuting bagay ang ginawa niyang ito sa akin.
11Sapagkat habang panaho'y kasama ninyo ang mga mahihirap, ngunit ako'y hindi ninyo kasama habang panahon.
12Hindi pa ma'y binuhusan na niya ako ng pabango bilang paghahanda sa paglilibing sa akin.
13Tandaan ninyo, saan man ipangaral ang Magandang Balita sa buong mundo, babanggitin ang ginawa niyang ito bilang pag-alaala sa kanya."

Nakiisa si Judas sa mga may Galit kay Jesus
(Mc. 14:10-11; Lu. 22:3-6)

14Si Judas Iscariote, isa sa Labindalawa, ay nakipagkita sa mga punong pari.

15"Ano po ang ibibigay ninyo sa akin kung tulungan ko kayong madakip si Jesus?" tanong niya. Noon di'y binayaran nila si Judas ng tatlumpung pirasong pilak.
16Mula noon, humanap na si Judas ng pagkakataon upang maipagkanulo si Jesus.

Paghahanda sa Pista ng Paskwa
(Mc. 14:12-16; Lu. 22:7-13, 21-23; Jn. 13:21-30)

17Dumating ang unang araw ng Pista ng Tinapay na Walang Pampaalsa. Lumapit kay Jesus ang mga alagad at nagtanong, "Saan po ninyo nais na maghanda kami ng hapunang pampaskwa?"

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

18 E ele lhes respondeu: Ide à cidade ter com certo homem e dizei-lhe: O Mestre manda dizer: O meu tempo está próximo; em tua casa celebrarei a Páscoa com os meus discípulos.

19 E eles fizeram como Jesus lhes ordenara e prepararam a Páscoa.

O traidor é indicado

Marcos 14.17-21; Lucas 22.21-23; João 13.21-30

20 Chegada a tarde, pôs-se ele à mesa com os doze discípulos.

21 E, enquanto comiam, declarou Jesus: Em verdade vos digo que um dentre vós me trairá.

22 E eles, muitíssimo contristados, começaram um por um a perguntar-lhe: Porventura, sou eu, SENHOR?

23 E ele respondeu: O que mete comigo a mão no prato, esse me trairá.

24 O Filho do Homem vai, como está escrito a seu respeito, mas ai daquele por intermédio de quem o Filho do Homem está sendo traído! Melhor lhe fora não haver nascido!

25 Então, Judas, que o traía, perguntou: Acaso, sou eu, Mestre? Respondeu-lhe Jesus: Tu o disseste.

A Ceia do Senhor

Marcos 14.22-26; Lucas 22.14-20; 1 Coríntios 11.23-25

26 Enquanto comiam, tomou Jesus um pão, e, abençoando-o, o partiu, e o deu aos discípulos, dizendo: Tomai, comei; isto é o meu corpo.

18Sumagot siya, “Puntahan ninyo sa lunsod ang isang tao at sabihin ninyo sa kanya, ‘Ipinapasabi po ng Guro na sumapit na ang kanyang oras. Siya at ang mga alagad niya'y sa bahay ninyo kakain ng hapunang pampaskwa. ’”

19Sinunod ng mga alagad ang utos ni Jesus, at doo'y inihanda nga nila ang hapunang pampaskwa.

Ang Banal na Hapunan

(Mc. 14:17-26; Lu. 22:14-20; Jn. 13:21-30)

20Nang gabing iyon, dumulog sa mesa si Jesus, kasama ang Labindalawa.

21Sinabi ni Jesus habang sila'y kumakain, “Tandaan ninyo, ako'y pagtataksilan ng isa sa inyo!”

22Nanlumo ang mga alagad, at isa-isang nagtanong sa kanya, “Hindi ako iyon, di po ba, Panginoon?”

23Sumagot si Jesus, “Ang kasabay kong sumawsaw sa mangkok ang siyang magkakanulo sa akin.

24Mamamatay ang Anak ng Tao ayon sa nasusulat tungkol sa kanya subalit kahabag-habag ang taong magkakanulo sa kanya! Mabuti pa sa taong iyon ang hindi na siya ipinanganak!”

25Si Judas na magkakanulo sa kanya ay nagtanong din, “Guro, ako po ba?” Sumagot si Jesus, “Ikaw na ang nagsabi.”

26Habang sila'y kumakain, dumampot si Jesus ng tinapay, at matapos magpasalamat sa Diyos ay pinaghati-hati niya iyon, ibinigay sa mga alagad at

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

27 A seguir, tomou um cálice e, tendo dado graças, o deu aos discípulos, dizendo: Bebei dele todos;

28 porque isto é o meu sangue, o sangue da [nova] aliança, derramado em favor de muitos, para remissão de pecados.

29 E digo-vos que, desta hora em diante, não beberei deste fruto da videira, até aquele dia em que o hei de beber, novo, convosco no reino de meu Pai.

30 E, tendo cantado um hino, saíram para o monte das Oliveiras.

Pedro é avisado

Marcos 14.27-31; Lucas 22.31-34; João 13.36-38

31 Então, Jesus lhes disse: Esta noite, todos vós vos escandalizareis comigo; porque está escrito: Ferirei o pastor, e as ovelhas do rebanho ficarão dispersas.

32 Mas, depois da minha ressurreição, irei adiante de vós para a Galiléia.

33 Disse-lhe Pedro: Ainda que venhas a ser um tropeço para todos, nunca o serás para mim.

34 Replicou-lhe Jesus: Em verdade te digo que, nesta mesma noite, antes que o galo cante, tu me negarás três vezes.

35 Disse-lhe Pedro: Ainda que me seja necessário morrer contigo, de nenhum

sinabi, “Kunin ninyo ito at kainin. Ito ang aking katawan.”

27Pagkatapos, dumampot siya ng kopa, nagpasalamat sa Diyos at ibinigay iyon sa kanila. Sinabi niya, “Uminom kayong lahat nito

28sapagkat ito ang aking dugo; pinapagtibay nito ang tipan ng Diyos. Ang aking dugo ay mababuhos para sa kapatawaran ng kasalanan ng marami.

29Sinasabi ko sa inyo, hinding-hindi na ako iinom nitong alak na mula sa ubas hanggang sa araw na ako'y muling uminom nito na kasalo ninyo sa kaharian ng aking Ama.”

30At pagkaawit ng isang himno, sila'y nagpunta sa Bundok ng mga Olibo.

Paunang Sinabi ang Pagkakaila ni Pedro

(Mc. 14:27-31; Lu. 22:31-34; Jn. 13:36-38)

31Sinabi ni Jesus sa kanila, “Sa gabing ito, ako'y iiwan ninyong lahat, gaya ng sinasabi sa Kasulatan, ‘Papatayin ko ang pastol at magkakawatak-watak ang mga tupa. ’

32Ngunit pagkatapos na ako'y muling mabuhay, mauuna ako sa inyo sa Galilea.”

33Sumagot si Pedro, “Kahit na po kayo iwan ng lahat, hindi ko kayo iiwan.”

34Sumagot si Jesus, “Tandaan mo, sa gabi ring ito, bago tumilaok ang manok, tatlong beses mo akong ikakaila.”

35Ngunit matigas na sinabi ni Pedro, “Kahit na ako'y patayin kasama ninyo,

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

modo te negarei. E todos os discípulos disseram o mesmo.

Jesus no Getsêmani
Marcos 14.32-42; Lucas 22.39-46

36 Em seguida, foi Jesus com eles a um lugar chamado Getsêmani e disse a seus discípulos: Assentai-vos aqui, enquanto eu vou ali orar;

37 e, levando consigo a Pedro e aos dois filhos de Zebedeu, começou a entristecer-se e a angustiar-se.

38 Então, lhes disse: A minha alma está profundamente triste até à morte; ficai aqui e vigiai comigo.

39 Adiantando-se um pouco, prostrou-se sobre o seu rosto, orando e dizendo: Meu Pai, se possível, passe de mim este cálice! Todavia, não seja como eu quero, e sim como tu queres.

40 E, voltando para os discípulos, achou-os dormindo; e disse a Pedro: Então, nem uma hora pudestes vós vigiar comigo?

41 Vigiai e orai, para que não entreis em tentação; o espírito, na verdade, está pronto, mas a carne é fraca.

42 Tornando a retirar-se, orou de novo, dizendo: Meu Pai, se não é possível passar de mim este cálice sem que eu o beba, faça-se a tua vontade.

hindi ko kayo ikakaila." Ganoon din ang sinabi ng lahat ng alagad.

Nanalangin si Jesus sa Getsemani
(Mc. 14:32-42; Lu. 22:39-46)

36Isinama ni Jesus ang kanyang mga alagad sa isang lugar na tinatawag na Getsemani. Sinabi niya sa kanila, "Dito muna kayo't mananalangin ako sa dako roon."

37Ngunit isinama niya sina Pedro at ang dalawang anak ni Zebedeo. Nagsimulang mabagabag at maghirap ang kanyang kalooban,

38kaya't sinabi niya sa kanila, "Ako'y puno ng hapis na halos ikamatay ko! Maghintay kayo rito at samahan ninyo ako sa pagpupuyat!"

39Lumayo siya nang kaunti, nagpatirapa siya at nanalangin, "Ama ko, kung maaari po, ilayo ninyo sa akin ang kopang ito ng paghihirap. Ngunit hindi po ang kalooban ko, kundi ang kalooban ninyo ang mangyari."

40Nagbalik siya at dinatnan niyang natutulog ang tatlong alagad. Sinabi niya kay Pedro, "Talaga bang hindi kayo makapagpuyat na kasama ko kahit isang oras man lamang?

41Magbantay kayo at manalangin upang huwag kayong madaig ng tukso. Ang espiritu'y nakahanda ngunit ang laman ay mahina."

42Muli siyang lumayo at nanalangin, "Ama ko, kung hindi po maaaring maialis ang kopang ito malibang inumin ko, mangyari nawa ang inyong kalooban."

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

43 E, voltando, achou-os outra vez dormindo; porque os seus olhos estavam pesados.

44 Deixando-os novamente, foi orar pela terceira vez, repetindo as mesmas palavras.

45 Então, voltou para os discípulos e lhes disse: Ainda dormis e repousais! Eis que é chegada a hora, e o Filho do Homem está sendo entregue nas mãos de pecadores.

46 Levantai-vos, vamos! Eis que o traidor se aproxima.

Jesus é preso

Marcos 14.43-50; Lucas 22.47-53; João 18.2-11

47 Falava ele ainda, e eis que chegou Judas, um dos doze, e, com ele, grande turba com espadas e porretes, vinda da parte dos principais sacerdotes e dos anciãos do povo.

48 Ora, o traidor lhes tinha dado este sinal: Aquele a quem eu beijar, é esse; prendei-o.

49 E logo, aproximando-se de Jesus, lhe disse: Salve, Mestre! E o beijou.

50 Jesus, porém, lhe disse: Amigo, para que vieste? Nisto, aproximando-se eles, deitaram as mãos em Jesus e o prenderam.

51 E eis que um dos que estavam com Jesus, estendendo a mão, sacou da espada e, golpeando o servo do sumo sacerdote, cortou-lhe a orelha.

43Muli siyang nagbalik at nakita na naman niyang natutulog sila, sapagkat sila'y antok na antok.

44Iniwan niyang muli ang tatlong alagad at siya'y nanalangin, at iyon din ang kanyang sinabi.

45Nagbalik na naman siya sa mga alagad at sinabi sa kanila, “Natutulog pa ba kayo at nagpapahinga? Dumating na ang oras na ang Anak ng Tao ay ipagkakanulo sa mga makasalanan.

46Bumangon kayo at tayo na! Narito na ang magtataksil sa akin.”

Ang Pagdakip kay Jesus

(Mc. 14:43-50; Lu. 22:47-53; Jn. 18:3-12)

47Nagsasalita pa si Jesus nang dumating si Judas, na kabilang sa Labindalawa. May kasama siyang maraming tao na may dalang mga tabak at pamalo; isinugo sila ng mga punong pari at mga pinuno ng bayan.

48Bago pa sila dumating doon, sinabi na ng taksil sa kanyang mga kasama, “Kung sinong hahalikan ko, siya ang dakpin ninyo.”

49Nilapitan niya agad si Jesus at binati, “Magandang gabi po, Guro, ” saka hinalikan.

50Sinabi sa kanya ni Jesus, “Kaibigan, gawin mo na ang sadya mo.” At siya'y nilapitan nila at dinakip.

51Bumunot ng tabak ang isa sa mga kasama ni Jesus at tinaga ang utusan ng pinakapunong pari, at natagpas ang tainga niyon.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

52 Então, Jesus lhe disse: Embainha a tua espada; pois todos os que lançam mão da espada à espada perecerão.

53 Acaso, pensas que não posso rogar a meu Pai, e ele me mandaria neste momento mais de doze legiões de anjos?

54 Como, pois, se cumpririam as Escrituras, segundo as quais assim deve suceder?

55 Naquele momento, disse Jesus às multidões: Saístes com espadas e porretes para prender-me, como a um salteador? Todos os dias, no templo, eu me assentava [convosco] ensinando, e não me prendestes.

56 Tudo isto, porém, aconteceu para que se cumprissem as Escrituras dos profetas. Então, os discípulos todos, deixando-o, fugiram.

Jesus perante o Sinédrio

Marcos 14.53-65; Lucas 22.63-71; João 18.12-14,19-24

57 E os que prenderam Jesus o levaram à casa de Caifás, o sumo sacerdote, onde se haviam reunido os escribas e os anciãos.

58 Mas Pedro o seguia de longe até ao pátio do sumo sacerdote e, tendo entrado, assentou-se entre os serventuários, para ver o fim.

59 Ora, os principais sacerdotes e todo o Sinédrio procuravam algum testemunho

52Sinabi sa kanya ni Jesus, “Ibalik mo ang iyong tabak sa lalagyan! Ang nabubuhay sa tabak ay sa tabak mamamatay.
53Hindi mo ba alam na kung hihingi ako ng tulong sa aking Ama ay papadalhan agad niya ako ng labindalawang batalyon ng mga anghel?
54Ngunit paanong matutupad ang mga Kasulatan na nagsasabing ito'y dapat mangyari?”
55Binalingan niya ang mga tao at sinabi, “Ako ba'y tulisan at naparito kayong may mga tabak at pamalo upang ako'y dakpin? Araw-araw, nakaupo akong nagtuturo sa Templo, ngunit hindi ninyo ako dinakip.
56Ngunit nangyari ang lahat ng ito upang matupad ang sinulat ng mga propeta.” Tumakas ang mga alagad at iniwan siyang mag-isa.

Si Jesus sa Harap ng Sanedrin

(Mc. 14:53-65; Lu. 22:54-55, 63-71; Jn. 18:13-14, 19-24)

57Dinala si Jesus ng mga dumakip sa kanya sa bahay ni Caifas, ang pinakapunong pari; doon nagkakatipon ang mga tagapagturo ng Kautusan at ang mga pinuno ng bayan.
58Sumunod si Pedro, ngunit hindi gaanong lumalapit. Pagdating sa tahanan ng pinakapunong pari, pumasok siya sa bakuran at naupo sa patyo kasama ng mga bantay. Nais niyang makita kung ano ang mangyayari.
59Samantala, ang mga punong pari at ang buong Sanedrin ay naghahanap ng

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

falso contra Jesus, a fim de o condenarem à morte.

60 E não acharam, apesar de se terem apresentado muitas testemunhas falsas. Mas, afinal, compareceram duas, afirmando:

61 Este disse: Posso destruir o santuário de Deus e reedificá-lo em três dias.

62 E, levantando-se o sumo sacerdote, perguntou a Jesus: Nada respondes ao que estes depõem contra ti?

63 Jesus, porém, guardou silêncio. E o sumo sacerdote lhe disse: Eu te conjuro pelo Deus vivo que nos digas se tu és o Cristo, o Filho de Deus.

64 Respondeu-lhe Jesus: Tu o disseste; entretanto, eu vos declaro que, desde agora, vereis o Filho do Homem assentado à direita do Todo-Poderoso e vindo sobre as nuvens do céu.

65 Então, o sumo sacerdote rasgou as suas vestes, dizendo: Blasfemou! Que necessidade mais temos de testemunhas? Eis que ouvistes agora a blasfêmia!

66 Que vos parece? Responderam eles: É réu de morte.

sasaksi laban kay Jesus upang ito'y maipapatay.
60Kahit na maraming humarap at sumaksi ng kasinungalingan tungkol sa kanya, wala silang matagpuang makakapagpatotoong si Jesus ay dapat mamatay. Sa wakas, may dalawang humarap
61at nagsabi, “Sinabi ng taong ito na kaya daw niyang gibain ang Templo ng Diyos at muli itong itayo sa loob ng tatlong araw.”
62Tumayo ang pinakapunong pari at sinabi kay Jesus, “Wala ka bang isasagot sa paratang na ito laban sa iyo?”
63Ngunit hindi umimik si Jesus. Kaya't sinabi sa kanya ng pinakapunong pari, “Iniuutos ko sa iyo sa ngalan ng Diyos na buháy, sabihin mo sa amin kung ikaw nga ang Cristo, ang Anak ng Diyos.”
64Sumagot si Jesus, “Kayo na ang nagsabi. At sinasabi ko pa sa inyo, di na magtatagal at makikita ninyo ang Anak ng Tao na nakaupo sa kanan ng makapangyarihang Diyos at dumarating na nasa alapaap!”
65Pagkarinig nito, pinunit ng pinakapunong pari ang kanyang damit at sinabi, “Nilapastangan niya ang Diyos! Hindi na natin kailangan ng mga saksi. Narinig ninyo ngayon ang kanyang paglapastangan sa Diyos!
66Ano ang pasya ninyo?” Sumagot sila, “Dapat siyang mamatay!”

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

67 Então, uns cuspiram-lhe no rosto e lhe
davam murros, e outros o esbofeteavam,
dizendo:
68 Profetiza-nos, ó Cristo, quem é que te
bateu!

Pedro nega a Jesus

Marcos 14.66-72; Lucas 22.55-62; João 18.15-18,25-27

69 Ora, estava Pedro assentado fora no
pátio; e, aproximando-se uma criada, lhe
disse: Também tu estavas com Jesus, o
galileu.

70 Ele, porém, o negou diante de todos,
dizendo: Não sei o que dizes.

71 E, saindo para o alpendre, foi ele visto
por outra criada, a qual disse aos que ali
estavam: Este também estava com Jesus, o
Nazareno.
72 E ele negou outra vez, com juramento:
Não conheço tal homem.
73 Logo depois, aproximando-se os que ali
estavam, disseram a Pedro:
Verdadeiramente, és também um deles,
porque o teu modo de falar o denuncia.

74 Então, começou ele a praguejar e a jurar:
Não conheço esse homem! E
imediatamente cantou o galo.

75 Então, Pedro se lembrou da palavra que
Jesus lhe dissera: Antes que o galo cante,
tu me negarás três vezes. E, saindo dali,
chorou amargamente.

Mateus 27

Jesus entregue a Pilatos

Marcos 15.1; Lucas 23.1-2; João 18.28-32

67Dinuraan nila si Jesus sa mukha at
pinagsusuntok. Pinagsasampal naman
siya ng iba,
68at kinutya, “Hoy, Cristo, hulaan mo nga
kung sino ang sumampal sa iyo!”

Ikinaila ni Pedro si Jesus

(Mc. 14:66-72; Lu. 22:56-62; Jn. 18:15-18, 25-27)

69Samantala, si Pedro ay nakaupo noon sa
patyo. Nilapitan siya ng isang utusang
babae at sinabi sa kanya, “Kasamahan ka
rin ni Jesus na taga-Galilea, hindi ba?”
70Ngunit nagkaila si Pedro sa harap ng
lahat. “Wala akong nalalaman sa sinasabi
mo, ” sagot niya.
71Pumunta siya sa may pintuan at nakita
siya ng isa pang utusang babae. Sinabi
nito sa mga naroon, “Ang taong ito'y
kasamahan ni Jesus na taga-Nazaret.”
72Muling nagkaila si Pedro, “Isinusumpa
ko, hindi ko kakilala ang taong iyon!”
73Makalipas ang ilang sandali, lumapit
kay Pedro ang mga naroon. Sabi nila, “Isa
ka nga sa mga tauhan niya. Halatang-
halata ka sa punto ng iyong pagsasalita.”
74Sumagot si Pedro, “Mamatay man ako!
Talagang hindi ko nakikilala ang taong
iyan.” Pagkasabing-pagkasabi nito,
tumilaok ang manok.
75Naalala ni Pedro ang sinabi ni Jesus,
“Bago tumilaok ang manok, tatlong beses
mo akong ikakaila.” Lumabas siya at
tumangis nang buong kapaitan.

Mateo 27

Dinala si Jesus kay Pilato

(Mc. 15:1; Lu. 23:1-2; Jn. 18:28-32)

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

1 Ao romper o dia, todos os principais
sacerdotes e os anciãos do povo entraram
em conselho contra Jesus, para o matarem;
2 e, amarrando-o, levaram-no e o
entregaram ao governador Pilatos.

O suicídio de Judas

3 Então, Judas, o que o traiu, vendo que
Jesus fora condenado, tocado de remorso,
devolveu as trinta moedas de prata aos
principais sacerdotes e aos anciãos,
dizendo:

4 Pequei, traindo sangue inocente. Eles,
porém, responderam: Que nos importa?
Isso é contigo.

5 Então, Judas, atirando para o santuário as
moedas de prata, retirou-se e foi enforcar-
se.

6 E os principais sacerdotes, tomando as
moedas, disseram: Não é lícito deitá-las no
cofre das ofertas, porque é preço de
sangue.

7 E, tendo deliberado, compraram com elas
o campo do oleiro, para cemitério de
forasteiros.
8 Por isso, aquele campo tem sido
chamado, até ao dia de hoje, Campo de
Sangue.

9 Então, se cumpriu o que foi dito por
intermédio do profeta Jeremias: Tomaram
as trinta moedas de prata, preço em que foi

1Kinaumagahan, nagpulong ang mga
punong pari at mga pinuno ng bayan
kung paano nilang maipapapatay si
Jesus.
2Kaya siya'y iginapos nila at dinala kay
Pilato na siyang gobernador doon.

Ang Pagkamatay ni Judas
(Gw. 1:18-19)

3Nang makita ni Judas na si Jesus ay
nahatulang mamatay, nagsisi siya at
isinauli sa mga punong pari at mga
pinuno ng bayan ang tatlumpung
pirasong pilak.
4Sinabi niya, “Nagkasala ako!
Ipinagkanulo ko ang dugo ng taong wala
ni anumang bahid ng kasalanan.” “Ano
ang pakialam namin sa iyo? Bahala ka sa
buhay mo!” sagot nila.
5Inihagis ni Judas sa loob ng Templo ang
tatlumpung pirasong pilak, at pagkaalis
doon, siya'y nagbigti.
6Pinulot ng mga punong pari ang mga
pirasong pilak. Sinabi nila, “Labag sa
Kautusan na ilagay ang salaping ito sa
kabang-yaman ng Templo sapagkat
bayad ito sa buhay ng isang tao.”
7Nagkaisa sila na ang salaping iyon ay
ibili ng bukid ng isang magpapalayok,
upang gawing libingan ng mga dayuhan.
8Mula noon hanggang sa panahong ito,
ang bukid na iyon ay tinawag na “Bukid
ng Dugo.”
9Sa gayon, natupad ang sinabi ni propeta
Jeremias: “Kinuha nila ang tatlumpung
pirasong pilak, ang halagang katumbas
niya ayon sa mga Israelita,

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

estimado aquele a quem alguns dos filhos de Israel avaliaram;

10 e as deram pelo campo do oleiro, assim como me ordenou o SENHOR.

Jesus perante Pilatos
Marcos 15.1-15; Lucas 23.1-5,13-25; João 18.33—19.16

11 Jesus estava em pé ante o governador; e este o interrogou, dizendo: És tu o rei dos judeus? Respondeu-lhe Jesus: Tu o dizes.

12 E, sendo acusado pelos principais sacerdotes e pelos anciãos, nada respondeu.

13 Então, lhe perguntou Pilatos: Não ouves quantas acusações te fazem?

14 Jesus não respondeu nem uma palavra, vindo com isto a admirar-se grandemente o governador.

15 Ora, por ocasião da festa, costumava o governador soltar ao povo um dos presos, conforme eles quisessem.
16 Naquela ocasião, tinham eles um preso muito conhecido, chamado Barrabás.
17 Estando, pois, o povo reunido, perguntou-lhes Pilatos: A quem quereis que eu vos solte, a Barrabás ou a Jesus, chamado Cristo?
18 Porque sabia que, por inveja, o tinham entregado.

19 E, estando ele no tribunal, sua mulher mandou dizer-lhe: Não te envolvas com

10at ginamit ito upang bilhin ang bukid ng isang magpapalayok, ayon sa iniutos sa akin ng Panginoon.”

Si Jesus sa Harap ni Pilato
(Mc. 15:2-5; Lu. 23:3-5; Jn. 18:33-38)

11Iniharap si Jesus sa gobernador at siya'y tinanong nito, “Ikaw nga ba ang Hari ng mga Judio?” Sumagot si Jesus, “Ikaw na ang may sabi.”
12Ngunit nang paratangan siya ng mga punong pari at ng mga pinuno ng bayan, hindi siya umimik.
13Kaya't sinabi sa kanya ni Pilato, “Hindi mo ba narinig ang paratang nila laban sa iyo?”

14Ngunit hindi pa rin siya umimik kaya't labis na nagtaka ang gobernador.

Hinatulang Mamatay si Jesus
(Mc. 15:6-15; Lu. 23:13-25; Jn. 18:39–19:16)
15Nakaugalian na ng gobernador na tuwing Paskwa ay magpalaya ng isang bilanggo na hinihiling ng taong-bayan.
16Si Jesus Barabbas ay isang kilalang bilanggo noon.
17Nang magkatipon ang mga tao ay tinanong sila ni Pilato, “Sino ang ibig ninyong palayain ko, si Jesus Barabbas, o si Jesus na tinatawag na ‘Cristo’?”
18Alam ni Pilato na naiinggit lamang sila kaya nila isinakdal si Jesus.
19Bukod dito, nang si Pilato ay nakaupo sa hukuman, nagpasabi ang kanyang asawa, “Huwag kang makialam sa taong

Edição Revista e Atualizada
32Sumagot si Jesus, “Pakatandaan ninyo: hindi si Moises ang nagbigay sa inyo ng tinapay na galing sa langit. Ang aking Ama ang nagbibigay sa inyo ng tinapay na galing sa langit.
33Dahil ang tinapay na galing sa Diyos ang bumabâ mula sa langit at nagbibigay-buhay sa sangkatauhan.”
34Sumagot sila, “Ginoo, bigyan po ninyo kaming lagi ng tinapay na ito.”
35Sinabi ni Jesus, “Ako ang tinapay na nagbibigay-buhay. Ang lumalapit sa akin ay hindi na magugutom kailanman, at ang sumasampalataya sa akin ay hindi na mauuhaw kailanman.
36Ngunit sinabi ko na sa inyo, nakita na ninyo ako, ngunit hindi pa rin kayo sumampalataya sa akin.
37Lalapit sa akin ang lahat ng ibinibigay sa akin ng Ama, at hinding-hindi ko itataboy kailanman ang sinumang lumalapit sa akin.
38Ako'y bumabâ mula sa langit, hindi upang gawin ang sarili kong kalooban, kundi ang kalooban niya na nagsugo sa akin.
39At ito ang kanyang kalooban: ang huwag kong hayaang mapahamak ang kahit sinuman sa mga ibinigay niya sa akin, kundi ang buhayin ko siyang muli sa huling araw.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

40 De fato, a vontade de meu Pai é que
todo homem que vir o Filho e nele crer
tenha a vida eterna; e eu o ressuscitarei no
último dia.

A murmuração dos judeus

41 Murmuravam, pois, dele os judeus,
porque dissera: Eu sou o pão que desceu
do céu.
42 E diziam: Não é este Jesus, o filho de
José? Acaso, não lhe conhecemos o pai e
a mãe? Como, pois, agora diz: Desci do
céu?
43 Respondeu-lhes Jesus: Não murmureis
entre vós.

44 Ninguém pode vir a mim se o Pai, que
me enviou, não o trouxer; e eu o
ressuscitarei no último dia.

45 Está escrito nos profetas: E serão todos
ensinados por Deus. Portanto, todo aquele
que da parte do Pai tem ouvido e
aprendido, esse vem a mim.

46 Não que alguém tenha visto o Pai, salvo
aquele que vem de Deus; este o tem visto.

47 Em verdade, em verdade vos digo: quem
crê em mim tem a vida eterna.

48 Eu sou o pão da vida.

49 Vossos pais comeram o maná no deserto
e morreram.

40Sapagkat ito ang kalooban ng aking
Ama: ang lahat ng kumilala at
sumampalataya sa Anak ay magkaroon ng
buhay na walang hanggan. At sila'y muli
kong bubuhayin sa huling araw.”

41Nagbulung-bulungan ang mga Judio
dahil sa sinabi niyang, “Ako ang tinapay
na bumabâ mula sa langit.”
42Sinabi nila, “Hindi ba ito si Jesus na
anak ni Jose? Kilala natin ang kanyang
ama't ina. Paano niya masasabi ngayong,
‘Bumabâ ako mula sa langit’?”
43Kaya't sinabi ni Jesus, “Tigilan ninyo ang
inyong bulung-bulungan.
44Walang makakalapit sa akin malibang
akayin siya sa akin ng Ama na nagsugo sa
akin. At ang lalapit sa akin ay muli kong
bubuhayin sa huling araw.
45Nasusulat sa aklat ng mga propeta, ‘At
silang lahat ay tuturuan ng Diyos. ’ Ang
bawat nakikinig sa Ama at natututo sa
kanya ay lalapit sa akin.
46Hindi ito nangangahulugang may
nakakita na sa Ama; ang nagmula sa Diyos
ang tanging nakakita sa Ama.
47Pakatandaan ninyo: ang
sumasampalataya sa akin ay may buhay
na walang hanggan.
48Ako nga ang tinapay na nagbibigay-
buhay.
49Kumain ng manna ang inyong mga
ninuno nang sila'y nasa ilang, ngunit sila'y
namatay.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

50 Este é o pão que desce do céu, para que
todo o que dele comer não pereça.

51 Eu sou o pão vivo que desceu do céu; se
alguém dele comer, viverá eternamente; e
o pão que eu darei pela vida do mundo é
a minha carne.

52 Disputavam, pois, os judeus entre si,
dizendo: Como pode este dar-nos a comer
a sua própria carne?

53 Respondeu-lhes Jesus: Em verdade, em
verdade vos digo: se não comerdes a carne
do Filho do Homem e não beberdes o seu
sangue, não tendes vida em vós mesmos.

54 Quem comer a minha carne e beber o
meu sangue tem a vida eterna, e eu o
ressuscitarei no último dia.

55 Pois a minha carne é verdadeira comida,
e o meu sangue é verdadeira bebida.

56 Quem comer a minha carne e beber o
meu sangue permanece em mim, e eu,
nele.

57 Assim como o Pai, que vive, me enviou,
e igualmente eu vivo pelo Pai, também
quem de mim se alimenta por mim viverá.

58 Este é o pão que desceu do céu, em nada
semelhante àquele que os vossos pais

50Narito ang tinapay na bumabâ mula sa
langit upang ang sinumang kumain nito
ay hindi na mamatay.
51Ako nga ang tinapay na nagbibigay-
buhay na bumabâ mula sa langit.
Mabubuhay magpakailanman ang
sinumang kumain ng tinapay na ito. At
ang tinapay ay ang aking katawan na
ibibigay ko upang mabuhay ang
sangkatauhan.”
52Dahil dito'y nagkaroon ng mainitang
pagtatalu-talo ang mga Judio, “Paanong
maibibigay sa atin ng taong ito ang
kanyang laman upang makain natin?”
53Sinabi ni Jesus, “Pakatandaan ninyo:
malibang kainin ninyo ang laman ng Anak
ng Tao at inumin ang kanyang dugo, hindi
kayo magkakaroon ng buhay.
54Ang kumakain ng aking laman at
umiinom ng aking dugo ay may buhay na
walang hanggan at muli ko siyang
bubuhayin sa huling araw.
55Sapagkat ang aking laman ay tunay na
pagkain, at ang aking dugo ay tunay na
inumin.
56Ang kumakain ng aking laman at
umiinom ng aking dugo ay nananatili sa
akin, at ako naman sa kanya.
57Buháy ang Ama na nagsugo sa akin at
ako'y nabubuhay dahil sa kanya.
Gayundin naman, ang sinumang kumain
sa akin ay mabubuhay dahil sa akin.
58Ito ang tinapay na bumabâ mula sa
langit. Hindi ito katulad ng kinain ng
inyong mga ninuno sa ilang; namatay sila

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

comeram e, contudo, morreram; quem comer este pão viverá eternamente.

59 Estas coisas disse Jesus, quando ensinava na sinagoga de Cafarnaum.

Os discípulos escandalizados

60 Muitos dos seus discípulos, tendo ouvido tais palavras, disseram: Duro é este discurso; quem o pode ouvir?

61 Mas Jesus, sabendo por si mesmo que eles murmuravam a respeito de suas palavras, interpelou-os: Isto vos escandaliza?

62 Que será, pois, se virdes o Filho do Homem subir para o lugar onde primeiro estava?

63 O espírito é o que vivifica; a carne para nada aproveita; as palavras que eu vos tenho dito são espírito e são vida.

64 Contudo, há descrentes entre vós. Pois Jesus sabia, desde o princípio, quais eram os que não criam e quem o havia de trair.

65 E prosseguiu: Por causa disto, é que vos tenho dito: ninguém poderá vir a mim, se, pelo Pai, não lhe for concedido.

Muitos discípulos se retiram

66 À vista disso, muitos dos seus discípulos o abandonaram e já não andavam com ele.

kahit na kumain niyon. Ang kumakain ng tinapay na ito ay mabubuhay magpakailanman.”

59Sinabi ito ni Jesus sa sinagoga habang siya'y nagtuturo sa Capernaum.

Mga Salita Tungkol sa Buhay na Walang Hanggan

60Narinig ito ng kanyang mga alagad at marami sa kanila ang nagsabi, “Mabigat na pananalita ito; sino ang makakaunawa nito?”

61Alam ni Jesus na nagbubulung-bulungan ang kanyang mga alagad tungkol dito; kaya't sinabi niya, “Dahil ba rito'y tatalikuran na ninyo ako?

62Gaano pa kaya kung makita ninyong umaakyat ang Anak ng Tao papunta sa dati niyang kinaroroonan?

63Ang Espiritu ang nagbibigay-buhay; hindi ito magagawa ng tao. Ang mga salitang sinabi ko sa inyo ay espiritung nagbibigay-buhay.

64Ngunit may ilan sa inyong hindi nananalig sa akin.” Alam na ni Jesus buhat pa noong una kung sinu-sino ang hindi mananalig sa kanya, at kung sino ang magkakanulo sa kanya.

65Idinugtong pa niya, “Iyan ang dahilan kaya ko sinabi sa inyo na walang makakalapit sa akin malibang ito'y loobin ng Ama.”

66Mula noo'y marami sa kanyang mga alagad ang tumalikod at hindi na sumama sa kanya.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

67 Então, perguntou Jesus aos doze: Porventura, quereis também vós outros retirar-vos?

68 Respondeu-lhe Simão Pedro: SENHOR, para quem iremos? Tu tens as palavras da vida eterna;

69 e nós temos crido e conhecido que tu és o Santo de Deus.

70 Replicou-lhes Jesus: Não vos escolhi eu em número de doze? Contudo, um de vós é diabo.

71 Referia-se ele a Judas, filho de Simão Iscariotes; porque era quem estava para traí-lo, sendo um dos doze.

João 7

A incredulidade dos irmãos de Jesus

1 Passadas estas coisas, Jesus andava pela Galiléia, porque não desejava percorrer a Judéia, visto que os judeus procuravam matá-lo.
2 Ora, a festa dos judeus, chamada de Festa dos Tabernáculos, estava próxima.
3 Dirigiram-se, pois, a ele os seus irmãos e lhe disseram: Deixa este lugar e vai para a Judéia, para que também os teus discípulos vejam as obras que fazes.

4 Porque ninguém há que procure ser conhecido em público e, contudo, realize os seus feitos em oculto. Se fazes estas coisas, manifesta-te ao mundo.

67Tinanong ni Jesus ang Labindalawa, “Kayo naman, gusto rin ba ninyong umalis?”
68Sumagot si Simon Pedro, “Panginoon, kanino pa po kami pupunta? Nasa inyo ang mga salitang nagbibigay ng buhay na walang hanggan.
69Naniniwala kami at ngayo'y natitiyak namin na kayo nga ang Banal na mula sa Diyos.”
70Sumagot si Jesus, “Hindi ba't ako ang humirang sa inyong Labindalawa? Sa kabila nito'y diyablo ang isa sa inyo!”
71Ang tinutukoy niya'y si Judas na anak ni Simon Iscariote, sapagkat si Judas na kabilang sa Labindalawa, ang siyang magkakanulo sa kanya.

Juan 7

Hindi Sumampalataya kay Jesus ang Kanyang mga Kapatid

1Pagkatapos nito'y nilibot ni Jesus ang Galilea. Iniiwasan niya ang Judea dahil nais siyang patayin ng mga pinuno ng mga Judio roon.
2Nalalapit na noon ang Pista ng mga Tolda, isa sa mga pista ng mga Judio,
3kaya't sinabi kay Jesus ng kanyang mga kapatid, “Bakit hindi ka umalis dito at pumunta sa Judea para makita ng iyong mga tagasunod ang ginagawa mo?
4Walang taong naglilihim ng kanyang ginagawa kung ang hangad niya'y maging tanyag. Ginagawa mo rin lamang ang mga bagay na ito, magpakilala ka na sa sanlibutan.”

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

5 Pois nem mesmo os seus irmãos criam nele.
6 Disse-lhes, pois, Jesus: O meu tempo ainda não chegou, mas o vosso sempre está presente.

7 Não pode o mundo odiar-vos, mas a mim me odeia, porque eu dou testemunho a seu respeito de que as suas obras são más.

8 Subi vós outros à festa; eu, por enquanto, não subo, porque o meu tempo ainda não está cumprido.
9 Disse-lhes Jesus estas coisas e continuou na Galiléia.

Jesus na Festa dos Tabernáculos

10 Mas, depois que seus irmãos subiram para a festa, então, subiu ele também, não publicamente, mas em oculto.
11 Ora, os judeus o procuravam na festa e perguntavam: Onde estará ele?
12 E havia grande murmuração a seu respeito entre as multidões. Uns diziam: Ele é bom. E outros: Não, antes, engana o povo.

13 Entretanto, ninguém falava dele abertamente, por ter medo dos judeus.

A controvérsia entre Jesus e os judeus

14 Corria já em meio a festa, e Jesus subiu ao templo e ensinava.

15 Então, os judeus se maravilhavam e diziam: Como sabe este letras, sem ter estudado?

5Maging ang mga kapatid ni Jesus ay hindi nananalig sa kanya.
6Sumagot si Jesus, “Hindi pa ito ang tamang panahon; sa inyo'y maaari kahit anong panahon.
7Hindi kayo kapopootan ng sanlibutan, ngunit ako'y kinapopootan nila, sapagkat pinapatotohanan kong pawang masasama ang mga gawa nito.
8Kayo na lamang ang pumunta sa pista. Hindi ako pupunta sapagkat hindi pa ito ang tamang panahon.”
9Pagkasabi nito, nagpaiwan siya sa Galilea.

Nagturo si Jesus sa Pista ng mga Tolda

10Pagkaalis ng kanyang mga kapatid, si Jesus ay palihim na pumunta rin sa pista.

11Hinahanap siya roon ng mga Judio. “Nasaan kaya siya?” tanong nila.
12Pabulong na pinag-uusapan siya ng marami. “Siya'y mabuting tao, ” sabi ng ilan. “Hindi, inililigaw niya ang mga tao, ” sabi naman ng iba.
13Ngunit walang nangahas magsalita nang hayagan tungkol sa kanya dahil sa takot sa mga pinuno ng mga Judio.

14Nang kalagitnaan na ng pista, pumasok si Jesus sa Templo at nagsimula na namang magturo.
15Nagtataka ang mga pinuno ng mga Judio at naitanong nila, “Saan kaya nakakuha ng karunungan ang taong ito gayong hindi naman siya nakapag-aral?”

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

16 Respondeu-lhes Jesus: O meu ensino
não é meu, e sim daquele que me enviou.

17 Se alguém quiser fazer a vontade dele,
conhecerá a respeito da doutrina, se ela é
de Deus ou se eu falo por mim mesmo.

18 Quem fala por si mesmo está
procurando a sua própria glória; mas o
que procura a glória de quem o enviou,
esse é verdadeiro, e nele não há injustiça.

19 Não vos deu Moisés a lei? Contudo,
ninguém dentre vós a observa. Por que
procurais matar-me?

20 Respondeu a multidão: Tens demônio.
Quem é que procura matar-te?

21 Replicou-lhes Jesus: Um só feito
realizei, e todos vos admirais.

22 Pelo motivo de que Moisés vos deu a
circuncisão (se bem que ela não vem dele,
mas dos patriarcas), no sábado
circuncidais um homem.

23 E, se o homem pode ser circuncidado em
dia de sábado, para que a lei de Moisés
não seja violada, por que vos indignais
contra mim, pelo fato de eu ter curado,
num sábado, ao todo, um homem?

24 Não julgueis segundo a aparência, e sim
pela reta justiça.

Os guardas mandados para prender Jesus

16Kaya't sinabi ni Jesus, “Hindi sa akin ang
itinuturo ko, kundi sa nagsugo sa akin.
17Kung talagang nais ninumang sumunod
sa kalooban ng Diyos, malalaman niya
kung ang itinuturo ko'y mula nga sa Diyos,
o kung ang sinasabi ko ay galing lamang
sa akin.
18Ang nagtuturo ng galing sa sarili niyang
kaisipan ay naghahangad ng sariling
karangalan. Ngunit ang taong
naghahangad na maparangalan ang
nagsugo sa kanya ay taong tapat at hindi
sinungaling.
19Hindi ba't ibinigay sa inyo ni Moises ang
Kautusan? Bakit wala ni isa man sa inyo
ang tumutupad nito? Bakit nais ninyo
akong patayin?”
20Sumagot ang mga tao, “Isa kang hangal!
Sino ba ang gustong pumatay sa iyo?”
21Sumagot si Jesus, “Isang bagay pa
lamang ang ginawa ko'y nagtataka na
kayong lahat.
22Ibinigay sa inyo ni Moises ang utos
tungkol sa pagtutuli kahit na hindi ito
nagmula sa kanya kundi sa inyong mga
ninuno, at ginagawa ninyo ito kahit Araw
ng Pamamahinga.
23Kung tinutuli ang isang sanggol na lalaki
kahit Araw ng Pamamahinga para
masunod ang utos ni Moises, bakit kayo
nagagalit sa akin dahil sa nagpagaling ako
ng isang tao sa Araw ng Pamamahinga?
24Huwag na kayong humatol batay sa
nakikita, kundi humatol kayo ayon sa
nararapat.”

Siya na nga Kaya ang Cristo?

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

25 Diziam alguns de Jerusalém: Não é este
aquele a quem procuram matar?
26 Eis que ele fala abertamente, e nada lhe
dizem. Porventura, reconhecem
verdadeiramente as autoridades que este
é, de fato, o Cristo?

27 Nós, todavia, sabemos donde este é;
quando, porém, vier o Cristo, ninguém
saberá donde ele é.

28 Jesus, pois, enquanto ensinava no
templo, clamou, dizendo: Vós não
somente me conheceis, mas também
sabeis donde eu sou; e não vim porque eu,
de mim mesmo, o quisesse, mas aquele
que me enviou é verdadeiro, aquele a
quem vós não conheceis.

29 Eu o conheço, porque venho da parte
dele e fui por ele enviado.

30 Então, procuravam prendê-lo; mas
ninguém lhe pôs a mão, porque ainda não
era chegada a sua hora.

31 E, contudo, muitos de entre a multidão
creram nele e diziam: Quando vier o
Cristo, fará, porventura, maiores sinais do
que este homem tem feito?

32 Os fariseus, ouvindo a multidão
murmurar estas coisas a respeito dele,
juntamente com os principais sacerdotes
enviaram guardas para o prenderem.

25Sinabi ng ilang taga-Jerusalem, “Hindi
ba ito ang taong nais nilang patayin?
26Hayan! Lantaran siyang nangangaral,
ngunit wala silang sinasabi laban sa
kanya! Baka naman nakilala ng mga
pinuno na siya na nga ang Cristo!
27Ngunit pagdating ng Cristo ay walang
makakaalam kung saan siya magmumula,
subalit alam natin kung saan nagmula ang
taong ito!”
28Kaya't habang si Jesus ay nagtuturo sa
Templo, sumigaw siya, “Ako ba'y talagang
kilala ninyo? Alam nga ba ninyo kung
saan ako nagmula? Hindi ako naparito
dahil sa aking sariling kagustuhan
lamang. Karapat-dapat pagtiwalaan ang
nagsugo sa akin. Hindi ninyo siya
nakikilala,
29ngunit nakikilala ko siya, sapagkat sa
kanya ako nagmula, at siya ang nagsugo
sa akin.”
30Nais na siyang dakpin ng ilang
naroroon, ngunit walang nangahas
sapagkat hindi pa dumarating ang tamang
panahon.
31Marami sa mga tao ang nanalig sa
kanya. Ang sabi nila, “Pagparito ng Cristo,
makakagawa kaya siya ng mga himalang
higit pa sa mga ginawa ng taong ito?”

Nag-utos ang mga Pariseo na Dakpin si Jesus

32Nakarating sa mga Pariseo ang usap-
usapan ng mga tao tungkol kay Jesus,
kaya't inutusan nila at ng mga punong pari
ang ilang bantay sa Templo upang dakpin
si Jesus.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

33 Disse-lhes Jesus: Ainda por um pouco de tempo estou convosco e depois irei para junto daquele que me enviou.
34 Haveis de procurar-me e não me achareis; também aonde eu estou, vós não podeis ir.

35 Disseram, pois, os judeus uns aos outros: Para onde irá este que não o possamos achar? Irá, porventura, para a Dispersão entre os gregos, com o fim de os ensinar?

36 Que significa, de fato, o que ele diz: Haveis de procurar-me e não me achareis; também aonde eu estou, vós não podeis ir?

Jesus, a fonte da água viva

37 No último dia, o grande dia da festa, levantou-se Jesus e exclamou: Se alguém tem sede, venha a mim e beba.

38 Quem crer em mim, como diz a Escritura, do seu interior fluirão rios de água viva.

39 Isto ele disse com respeito ao Espírito que haviam de receber os que nele cressem; pois o Espírito até aquele momento não fora dado, porque Jesus não havia sido ainda glorificado.

40 Então, os que dentre o povo tinham ouvido estas palavras diziam: Este é verdadeiramente o profeta;

33Sinabi ni Jesus, “Makakasama pa ninyo ako nang kaunting panahon at babalik na ako sa nagsugo sa akin.
34Hahanapin ninyo ako ngunit hindi ninyo ako makikita sapagkat hindi kayo makakapunta sa pupuntahan ko.”
35Nag-usap-usap ang mga Judio, “Saan kaya pupunta ang taong ito at hindi na raw natin siya makikita? Pupunta kaya siya sa ating mga kababayang nasa lupain ng mga Griego upang magturo sa kanila?
36Ano kaya ang ibig niyang sabihin nang kanyang sinabing, ‘Hahanapin ninyo ako ngunit hindi ninyo ako makikita, ’ at ‘Hindi kayo makakapunta sa pupuntahan ko’?”

Mga Bukal na Nagbibigay-buhay

37Sa kahuli-hulihan at pinakatanging araw ng pista, tumayo si Jesus at nagsalita nang malakas, “Kayong mga nauuhaw ay lumapit sa akin,
38at ang lahat ng nananalig sa akin ay uminom. Sapagkat sinasabi sa kasulatan, ‘Mula sa puso ng nananalig sa akin ay dadaloy ang tubig na nagbibigay-buhay. ’”
39Ang tinutukoy niya'y ang Espiritung tatanggapin ng mga sumasampalataya sa kanya. Sapagkat hindi pa naipagkakaloob noon ang Espiritu dahil si Jesus ay hindi pa muling nabuhay at niluwalhati.

Nagtalu-talo ang mga Tao Tungkol sa Cristo

40Sinabi ng ilang nakarinig sa kanya, “Tunay ngang ito ang Propetang hinihintay natin!”

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

41 outros diziam: Ele é o Cristo; outros, porém, perguntavam: Porventura, o Cristo virá da Galiléia?

42 Não diz a Escritura que o Cristo vem da descendência de Davi e da aldeia de Belém, donde era Davi?

43 Assim, houve uma dissensão entre o povo por causa dele;

44 alguns dentre eles queriam prendê-lo, mas ninguém lhe pôs as mãos.

Os guardas voltam sem Jesus

45 Voltaram, pois, os guardas à presença dos principais sacerdotes e fariseus, e estes lhes perguntaram: Por que não o trouxestes?

46 Responderam eles: Jamais alguém falou como este homem.

47 Replicaram-lhes, pois, os fariseus: Será que também vós fostes enganados?

48 Porventura, creu nele alguém dentre as autoridades ou algum dos fariseus?

49 Quanto a esta plebe que nada sabe da lei, é maldita.

50 Nicodemos, um deles, que antes fora ter com Jesus, perguntou-lhes:

51 Acaso, a nossa lei julga um homem, sem primeiro ouvi-lo e saber o que ele fez?

52 Responderam eles: Dar-se-á o caso de que também tu és da Galiléia? Examina e

41"Siya na nga ang Cristo!" sabi naman ng iba. Ngunit mayroon namang sumagot, "Maaari bang magmula sa Galilea ang Cristo?

42Hindi ba sinasabi sa kasulatan na ang Cristo ay magmumula sa lipi ni David, at ipanganganak sa Bethlehem na bayan ni David?"

43Magkakaiba ang palagay ng mga tao tungkol sa kanya.

44Gusto ng ilan na dakpin siya, ngunit wala namang mangahas na humuli sa kanya.

Ang Di-paniniwala ng mga Pinuno

45Nang bumalik ang mga bantay ng Templo, tinanong sila ng mga punong pari at mga Pariseo, "Bakit hindi ninyo siya dinala rito?"

46Sumagot sila, "Wala pa po kaming narinig na nagsalita nang tulad niya!"

47"Pati ba kayo'y nalinlang na rin?" tanong ng mga Pariseo.

48"Mayroon bang pinuno o Pariseong naniniwala sa kanya?

49Mga tao lamang na walang nalalaman sa Kautusan ang naniniwala sa kanya, kaya't sila'y mga sinumpa!"

50Isa sa mga naroon ay si Nicodemo, ang Pariseong nagsadya kay Jesus noong una. At siya'y nagtanong,

51"Hindi ba't labag sa ating Kautusan na hatulan ang isang tao nang di muna nililitis at inaalam kung ano ang kanyang ginawa?"

52Sumagot sila, "Ikaw ba'y taga-Galilea rin? Saliksikin mo ang Kasulatan at

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

verás que da Galiléia não se levanta profeta.

53 [E cada um foi para sua casa.

João 8

A mulher adúltera

1 Jesus, entretanto, foi para o monte das Oliveiras.

2 De madrugada, voltou novamente para o templo, e todo o povo ia ter com ele; e, assentado, os ensinava.

3 Os escribas e fariseus trouxeram à sua presença uma mulher surpreendida em adultério e, fazendo-a ficar de pé no meio de todos,

4 disseram a Jesus: Mestre, esta mulher foi apanhada em flagrante adultério.

5 E na lei nos mandou Moisés que tais mulheres sejam apedrejadas; tu, pois, que dizes?

6 Isto diziam eles tentando-o, para terem de que o acusar. Mas Jesus, inclinando-se, escrevia na terra com o dedo.

7 Como insistissem na pergunta, Jesus se levantou e lhes disse: Aquele que dentre vós estiver sem pecado seja o primeiro que lhe atire pedra.

8 E, tornando a inclinar-se, continuou a escrever no chão.

9 Mas, ouvindo eles esta resposta e acusados pela própria consciência, foram-

makikita mong walang propetang magmumula sa Galilea.”

Pinatawad ang Babaing Nangalunya

[53Pagkatapos nito, umuwi na ang lahat.

Juan 8

1Si Jesus naman ay pumunta sa Bundok ng mga Olibo.

2Kinabukasan, maaga pa'y nagbalik na siya sa Templo. Lumapit sa kanya ang lahat kaya't umupo siya at nagsimula siyang magturo.

3Dumating noon ang mga tagapagturo ng Kautusan at mga Pariseo na may dalang isang babaing nahuli sa pangangalunya. Iniharap nila ito sa karamihan,

4at sinabi kay Jesus, “Guro, ang babaing ito'y nahuli sa aktong pangangalunya.

5Ayon sa Kautusan ni Moises, dapat batuhin hanggang sa mamatay ang mga katulad niya. Ano naman ang masasabi ninyo?”

6Itinanong nila ito upang subukin siya, at nang may maiparatang sila laban sa kanya. Ngunit yumuko lamang si Jesus at sumulat sa lupa sa pamamagitan ng daliri.

7Patuloy sila sa pagtatanong kaya't tumayo si Jesus at nagsalita, “Ang sinuman sa inyo na walang kasalanan ang siyang maunang bumato sa kanya.”

8At muli siyang yumuko at sumulat sa lupa.

9Nang marinig nila iyon, sila'y isa-isang umalis, simula sa pinakamatanda. Iniwan

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

se retirando um por um, a começar pelos mais velhos até aos últimos, ficando só Jesus e a mulher no meio onde estava.
10 Erguendo-se Jesus e não vendo a ninguém mais além da mulher, perguntou-lhe: Mulher, onde estão aqueles teus acusadores? Ninguém te condenou?

11 Respondeu ela: Ninguém, SENHOR! Então, lhe disse Jesus: Nem eu tampouco te condeno; vai e não peques mais.]

Jesus, a luz do mundo

12 De novo, lhes falava Jesus, dizendo: Eu sou a luz do mundo; quem me segue não andará nas trevas; pelo contrário, terá a luz da vida.

13 Então, lhe objetaram os fariseus: Tu dás testemunho de ti mesmo; logo, o teu testemunho não é verdadeiro.

14 Respondeu Jesus e disse-lhes: Posto que eu testifico de mim mesmo, o meu testemunho é verdadeiro, porque sei donde vim e para onde vou; mas vós não sabeis donde venho, nem para onde vou.

15 Vós julgais segundo a carne, eu a ninguém julgo.

16 Se eu julgo, o meu juízo é verdadeiro, porque não sou eu só, porém eu e aquele que me enviou.

nila ang babaing nakatayo sa harap ni Jesus.

10Tumayo si Jesus at tinanong ang babae, “Nasaan sila? Wala na bang humahatol sa iyo?”

11“Wala po, Ginoo, ” sagot ng babae. Sinabi ni Jesus, “Hindi rin kita hahatulan. Umuwi ka na, at mula ngayon ay huwag ka nang gumawa ng kasalanan.”]

Patotoo Tungkol kay Jesus

12Muling nagsalita si Jesus sa mga Pariseo. Sinabi niya, “Ako ang ilaw ng sanlibutan. Ang sumusunod sa akin ay magkakaroon ng ilaw sa kanyang buhay at di na lalakad sa kadiliman.”
13Sinabi naman sa kanya ng mga Pariseo, “Ikaw lang ang nagpapatotoo tungkol sa iyong sarili; walang kabuluhan ang ganyang patotoo.”
14Sumagot si Jesus, “Kahit ako ang nagpapatotoo tungkol sa aking sarili, totoo naman ang aking sinasabi, sapagkat alam ko kung saan ako nanggaling at kung saan ako pupunta. Ngunit hindi ninyo alam ang aking pinanggalingan at ang aking pupuntahan.
15Humahatol kayo ayon sa mga pamantayan ng tao, ngunit hindi ako humahatol kaninuman.
16At humatol man ako, tama ang aking paghatol, sapagkat hindi lamang ako ang humahatol, kundi kasama ko ang Ama na nagsugo sa akin.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

17 Também na vossa lei está escrito que o testemunho de duas pessoas é verdadeiro.

18 Eu testifico de mim mesmo, e o Pai, que me enviou, também testifica de mim.

19 Então, eles lhe perguntaram: Onde está teu Pai? Respondeu Jesus: Não me conheceis a mim nem a meu Pai; se conhecêsseis a mim, também conheceríeis a meu Pai.

20 Proferiu ele estas palavras no lugar do gazofilácio, quando ensinava no templo; e ninguém o prendeu, porque não era ainda chegada a sua hora.

Jesus defende a sua missão e autoridade

21 De outra feita, lhes falou, dizendo: Vou retirar-me, e vós me procurareis, mas perecereis no vosso pecado; para onde eu vou vós não podeis ir.

22 Então, diziam os judeus: Terá ele, acaso, a intenção de suicidar-se? Porque diz: Para onde eu vou vós não podeis ir.

23 E prosseguiu: Vós sois cá de baixo, eu sou lá de cima; vós sois deste mundo, eu deste mundo não sou.

24 Por isso, eu vos disse que morrereis nos vossos pecados; porque, se não crerdes que EU SOU, morrereis nos vossos pecados.

17Nasusulat sa inyong Kautusan na dapat tanggapin ang patotoo ng dalawang saksi.
18Nagpatotoo ako tungkol sa aking sarili, at nagpapatotoo rin ang Ama na nagsugo sa akin.”
19Siya'y tinanong nila, “Nasaan ang iyong ama?” Sumagot si Jesus, “Hindi ninyo ako kilala, at hindi rin ninyo kilala ang aking Ama. Kung kilala ninyo ako, kilala rin ninyo siya.”
20Ito'y sinabi ni Jesus nang siya'y nagtuturo sa Templo, sa dakong kinaroroonan ng mga lalagyan ng mga alay. Ngunit walang nangahas na humuli sa kanya sapagkat hindi pa iyon ang itinakdang panahon.

Ang Pinanggalingan at Nagsugo kay Jesus

21Muling sinabi ni Jesus sa kanila, “Ako'y aalis at hahanapin ninyo ako; ngunit hindi kayo makakapunta sa pupuntahan ko. Mamamatay kayo nang hindi pa napapatawad ang inyong mga kasalanan.”
22Nag-usap-usap ang mga Judio, “Magpapakamatay kaya siya kaya niya sinabing ‘Hindi kayo makakapunta sa pupuntahan ko’?”
23Kaya't sinabi ni Jesus, “Kayo'y mula dito sa ibaba, ako'y mula sa itaas. Kayo'y taga-sanlibutang ito, ngunit ako'y hindi,
24kaya sinabi ko sa inyong mamamatay kayo nang hindi pa napapatawad sa inyong mga kasalanan. Kung hindi kayo maniniwalang ‘Ako'y Ako Nga’, mamamatay nga kayo nang hindi pa napapatawad sa inyong mga kasalanan.”

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

25 Então, lhe perguntaram: Quem és tu? Respondeu-lhes Jesus: Que é que desde o princípio vos tenho dito?
26 Muitas coisas tenho para dizer a vosso respeito e vos julgar; porém aquele que me enviou é verdadeiro, de modo que as coisas que dele tenho ouvido, essas digo ao mundo.
27 Eles, porém, não atinaram que lhes falava do Pai.

28 Disse-lhes, pois, Jesus: Quando levantardes o Filho do Homem, então, sabereis que EU SOU e que nada faço por mim mesmo; mas falo como o Pai me ensinou.

29 E aquele que me enviou está comigo, não me deixou só, porque eu faço sempre o que lhe agrada.

30 Ditas estas coisas, muitos creram nele.

31 Disse, pois, Jesus aos judeus que haviam crido nele: Se vós permanecerdes na minha palavra, sois verdadeiramente meus discípulos;

32 e conhecereis a verdade, e a verdade vos libertará.

33 Responderam-lhe: Somos descendência de Abraão e jamais fomos escravos de alguém; como dizes tu: Sereis livres?

34 Replicou-lhes Jesus: Em verdade, em verdade vos digo: todo o que comete pecado é escravo do pecado.

25"Sino ka nga bang talaga?" tanong nila. Sumagot si Jesus, "Matagal ko nang sinabi sa inyo kung sino ako.
26Marami akong masasabi at maihahatol laban sa inyo. Ngunit totoo ang sinasabi ng nagsugo sa akin, at ang narinig ko sa kanya ang ipinapahayag ko sa sanlibutan."
27Hindi nila nauunawaan na ang Ama ang tinutukoy niya.
28Kaya't sinabi ni Jesus, "Kapag naitaas na ninyo ang Anak ng Tao, malalaman ninyong 'Ako'y Ako Nga. ' Wala akong ginagawa batay sa sarili kong kapangyarihan. Ang ipinapasabi lamang ng Ama ang siya kong sinasabi,
29at kasama ko ang nagsugo sa akin at hindi niya ako iniiwan, sapagkat lagi kong ginagawa ang kalugud-lugod sa kanya."
30Maraming nakarinig nito ang sumampalataya sa kanya.

Ang Katotohanan ang Magpapalaya sa Inyo

31Sinabi naman ni Jesus sa mga Judiong naniniwala sa kanya, "Kung tinutupad ninyo ang aking aral, kayo nga'y tunay na mga alagad ko;
32makikilala ninyo ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo."
33Sumagot sila, "Kami ay mula sa lahi ni Abraham, at kailanma'y hindi kami naalipin ninuman. Paano mo masasabing palalayain kami?"
34Sumagot si Jesus, "Pakatandaan ninyo: ang namumuhay sa kasalanan ay alipin ng kasalanan.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

35 O escravo não fica sempre na casa; o filho, sim, para sempre.

36 Se, pois, o Filho vos libertar, verdadeiramente sereis livres.

37 Bem sei que sois descendência de Abraão; contudo, procurais matar-me, porque a minha palavra não está em vós.

38 Eu falo das coisas que vi junto de meu Pai; vós, porém, fazeis o que vistes em vosso pai.

39 Então, lhe responderam: Nosso pai é Abraão. Disse-lhes Jesus: Se sois filhos de Abraão, praticai as obras de Abraão.

40 Mas agora procurais matar-me, a mim que vos tenho falado a verdade que ouvi de Deus; assim não procedeu Abraão.

41 Vós fazeis as obras de vosso pai. Disseram-lhe eles: Nós não somos bastardos; temos um pai, que é Deus.

42 Replicou-lhes Jesus: Se Deus fosse, de fato, vosso pai, certamente, me havíeis de amar; porque eu vim de Deus e aqui estou; pois não vim de mim mesmo, mas ele me enviou.

43 Qual a razão por que não compreendeis a minha linguagem? É porque sois incapazes de ouvir a minha palavra.

44 Vós sois do diabo, que é vosso pai, e quereis satisfazer-lhe os desejos. Ele foi

35Ang alipin ay hindi kabilang sa pamilya sa habang panahon, subalit ang anak ay kabilang magpakailanman.

36Kayo'y tunay na lalaya kapag pinalaya kayo ng Anak.

37Nalalaman kong mula kayo kay Abraham, ngunit pinagsisikapan ninyo akong patayin, sapagkat ayaw ninyong tanggapin ang aking mga aral.

38Ang nakita ko sa aking Ama ang siya kong sinasabi sa inyo, at ang narinig ninyo sa inyong ama ang siya namang ginagawa ninyo.”

Ang Diyablo ang Inyong Ama

39Sumagot sila, “Si Abraham ang aming ama.” Sinabi sa kanila ni Jesus, “Kung kayo'y tunay na mga anak ni Abraham, tinularan sana ninyo ang kanyang ginawa.

40Sinasabi ko lang ang katotohanang narinig ko mula sa Diyos ngunit pinagsisikapan ninyong ako'y patayin. Hindi ganoon ang ginawa ni Abraham.

41Ang ginagawa ninyo'y tulad ng ginawa ng inyong ama.” Sumagot sila, “Hindi kami mga anak sa labas. Iisa ang aming Ama, ang Diyos.”

42Sinabi ni Jesus, “Kung talagang ang Diyos ang inyong Ama, inibig sana ninyo ako, sapagkat sa Diyos ako nanggaling. Hindi ako naparito sa sarili kong kagustuhan, kundi isinugo niya ako.

43Bakit di ninyo maunawaan ang sinasabi ko? Hindi ba't ito'y dahil sa ayaw n'yong tanggapin ang itinuturo ko?

44Ang diyablo ang inyong ama! At ang kagustuhan niya ang ibig ninyong gawin.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

homicida desde o princípio e jamais se firmou na verdade, porque nele não há verdade. Quando ele profere mentira, fala do que lhe é próprio, porque é mentiroso e pai da mentira.

45 Mas, porque eu digo a verdade, não me credes.

46 Quem dentre vós me convence de pecado? Se vos digo a verdade, por que razão não me credes?

47 Quem é de Deus ouve as palavras de Deus; por isso, não me dais ouvidos, porque não sois de Deus.

48 Responderam, pois, os judeus e lhe disseram: Porventura, não temos razão em dizer que és samaritano e tens demônio?
49 Replicou Jesus: Eu não tenho demônio; pelo contrário, honro a meu Pai, e vós me desonrais.

50 Eu não procuro a minha própria glória; há quem a busque e julgue.

51 Em verdade, em verdade vos digo: se alguém guardar a minha palavra, não verá a morte, eternamente.
52 Disseram-lhe os judeus: Agora, estamos certos de que tens demônio. Abraão morreu, e também os profetas, e tu dizes: Se alguém guardar a minha palavra, não provará a morte, eternamente.

Noon pa man ay mamamatay-tao na siya. Hindi siya pumanig sa katotohanan kailanman, sapagkat walang puwang sa kanya ang katotohanan. Likas sa kanya ang magsinungaling, sapagkat siya'y talagang sinungaling, at siya ang ama ng kasinungalingan.
45Ayaw ninyong maniwala sa akin sapagkat katotohanan ang sinasabi ko sa inyo.
46Sino sa inyo ang maaaring magpatunay na ako'y nagkasala? At kung katotohanan ang sinasabi ko, bakit ayaw ninyong maniwala sa akin?
47Ang mula sa Diyos ay dumirinig ng mga salita ng Diyos, subalit ayaw ninyong makinig sa akin sapagkat kayo'y hindi mula sa Diyos.”

Si Jesus at si Abraham

48Sinabi ng mga Judio kay Jesus, “Hindi ba tama ang sinabi naming ikaw ay Samaritano at sinasapian ng demonyo?”
49Sumagot si Jesus, “Hindi ako sinasapian ng demonyo. Pinaparangalan ko ang aking Ama ngunit ako'y nilalapastangan ninyo.
50Hindi ako naghahangad na ako'y parangalan; may isang nagsisikap na ako'y parangalan, at siya ang magpapasya.
51Pakatandaan ninyo: ang tumutupad ng aking salita ay hindi mamamatay kailanman.”

52Sinabi ng mga Judio, “Ngayo'y natitiyak naming sinasapian ka nga ng demonyo. Namatay si Abraham at ang mga propeta, ngunit sinasabi mong hindi mamamatay

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

53 És maior do que Abraão, o nosso pai, que morreu? Também os profetas morreram. Quem, pois, te fazes ser?

54 Respondeu Jesus: Se eu me glorifico a mim mesmo, a minha glória nada é; quem me glorifica é meu Pai, o qual vós dizeis que é vosso Deus.

55 Entretanto, vós não o tendes conhecido; eu, porém, o conheço. Se eu disser que não o conheço, serei como vós: mentiroso; mas eu o conheço e guardo a sua palavra.

56 Abraão, vosso pai, alegrou-se por ver o meu dia, viu-o e regozijou-se.

57 Perguntaram-lhe, pois, os judeus: Ainda não tens cinqüenta anos e viste Abraão?

58 Respondeu-lhes Jesus: Em verdade, em verdade eu vos digo: antes que Abraão existisse, EU SOU.

59 Então, pegaram em pedras para atirarem nele; mas Jesus se ocultou e saiu do templo.

João 9

A cura de um cego de nascença

1 Caminhando Jesus, viu um homem cego de nascença.

kailanman ang sinumang tumutupad ng iyong aral.

53Mas magaling ka pa ba kaysa sa aming amang si Abraham? Siya'y namatay, gayundin ang mga propeta. Ano ba ang palagay mo sa iyong sarili?”

54Sumagot si Jesus, “Kung ako ang nagpaparangal sa aking sarili, walang kabuluhan iyon. Ang nagpaparangal sa akin ay ang aking Ama at sinasabi ninyong siya ang inyong Diyos.

55Hindi ninyo siya kilala, ngunit siya'y kilala ko. Kung sasabihin kong hindi ko siya kilala, ako'y magiging sinungaling na tulad ninyo. Subalit kilala ko siya at sinusunod ko ang kanyang sinasabi.

56Natuwa ang inyong amang si Abraham nang malaman niyang makikita niya ang araw ng aking pagdating. Nakita nga niya ito at siya'y nagalak.”

57Dahil dito'y sinabi sa kanya ng mga Judio, “Wala ka pang limampung taóng gulang, paano mo masasabing nakita mo na si Abraham?”

58Sumagot si Jesus, “Pakatandaan ninyo: bago pa ipinanganak si Abraham, ‘Ako ay Ako Na’.”

59Nagsidampot sila ng bato upang siya'y batuhin, ngunit nagtago si Jesus at lumabas ng Templo.

Juan 9

Pinagaling ni Jesus ang Isang Bulag

1Sa paglalakad ni Jesus, nakita niya ang isang lalaking ipinanganak na bulag.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

2 E os seus discípulos perguntaram: Mestre, quem pecou, este ou seus pais, para que nascesse cego?

3 Respondeu Jesus: Nem ele pecou, nem seus pais; mas foi para que se manifestem nele as obras de Deus.

4 É necessário que façamos as obras daquele que me enviou, enquanto é dia; a noite vem, quando ninguém pode trabalhar.
5 Enquanto estou no mundo, sou a luz do mundo.
6 Dito isso, cuspiu na terra e, tendo feito lodo com a saliva, aplicou-o aos olhos do cego,

7 dizendo-lhe: Vai, lava-te no tanque de Siloé (que quer dizer Enviado). Ele foi, lavou-se e voltou vendo.

8 Então, os vizinhos e os que dantes o conheciam de vista, como mendigo, perguntavam: Não é este o que estava assentado pedindo esmolas?

9 Uns diziam: É ele. Outros: Não, mas se parece com ele. Ele mesmo, porém, dizia: Sou eu.

10 Perguntaram-lhe, pois: Como te foram abertos os olhos?

2Tinanong siya ng kanyang mga alagad, “Guro, sino po ang nagkasala at ipinanganak na bulag ang lalaking ito, siya ba o ang kanyang mga magulang?”
3Sumagot si Jesus, “Ipinanganak siyang bulag, hindi dahil sa nagkasala siya, o ang kanyang mga magulang, kundi upang mahayag ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan niya.
4Kailangang gawin natin ang mga ipinapagawa ng nagsugo sa akin habang umaga pa; malapit na ang gabi, at wala nang makakagawa pagsapit niyon.
5Habang ako'y nasa sanlibutan, ako ang ilaw ng sanlibutan.”
6Pagkasabi nito, dumura si Jesus sa lupa at gumawa ng putik. Pagkatapos, ipinahid niya ito sa mata ng bulag.
7Sinabi ni Jesus sa bulag, “Pumunta ka sa deposito ng tubig sa Siloe at maghilamos ka roon.” Ang kahulugan ng salitang Siloe ay Sinugo. Ganoon nga ang ginawa ng bulag, at nang magbalik siya ay nakakakita na.
8Nagsalita ang mga kapitbahay niya at ang mga nakakita sa kanya noong siya'y namamalimos pa, “Hindi ba iyan ang pulubing bulag?”
9Sumagot ang ilan, “Iyan nga!” Sabi naman ng iba, “Hindi! Kamukha lang.” Kaya't nagsalita ang dating bulag, “Ako nga po iyon.”

10“Paano kang nakakita?” tanong nila.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

11 Respondeu ele: O homem chamado Jesus fez lodo, untou-me os olhos e disse-me: Vai ao tanque de Siloé e lava-te. Então, fui, lavei-me e estou vendo.

12 Disseram-lhe, pois: Onde está ele? Respondeu: Não sei.

Os fariseus interrogam o cego

13 Levaram, pois, aos fariseus o que dantes fora cego.

14 E era sábado o dia em que Jesus fez o lodo e lhe abriu os olhos.

15 Então, os fariseus, por sua vez, lhe perguntaram como chegara a ver; ao que lhes respondeu: Aplicou lodo aos meus olhos, lavei-me e estou vendo.

16 Por isso, alguns dos fariseus diziam: Esse homem não é de Deus, porque não guarda o sábado. Diziam outros: Como pode um homem pecador fazer tamanhos sinais? E houve dissensão entre eles.

17 De novo, perguntaram ao cego: Que dizes tu a respeito dele, visto que te abriu os olhos? Que é profeta, respondeu ele.

18 Não acreditaram os judeus que ele fora cego e que agora via, enquanto não lhe chamaram os pais

11Sumagot siya, “Ang lalaking tinatawag na Jesus ay gumawa ng putik at ipinahid iyon sa aking mata. Pagkatapos, sinabi niya sa akin, ‘Pumunta ka sa Siloe at maghilamos. ’ Pumunta nga ako doon at naghilamos, at nakakita na ako!”

12“Nasaan siya?” tanong nila sa kanya. “Hindi ko alam, ” sagot niya.

Nagsiyasat ang mga Pariseo Tungkol sa Pagpapagaling

13Dinala ng mga tao sa mga Pariseo ang dating bulag,

14dahil Araw ng Pamamahinga nang gumawa si Jesus ng putik at nang pinagaling niya ang bulag.

15Tinanong din siya ng mga Pariseo kung paano siya nakakita. Kaya't sinabi niya sa kanila, “Pinahiran niya ng putik ang aking mga mata, ako'y pinaghilamos at ngayo'y nakakakita na ako.”

16Ang sabi ng ilang Pariseo, “Hindi maaaring mula sa Diyos ang taong iyon, sapagkat hindi niya ipinapangilin ang Araw ng Pamamahinga.” Ngunit sinabi naman ng iba, “Paanong makakagawa ng ganitong mga himala ang isang makasalanan?” At hindi sila magkaisa.

17Kaya't tinanong nilang muli ang dating bulag, “At ikaw, ano naman ang masasabi mo tungkol sa kanya, dahil pinagaling niya ang iyong mga mata?” “Isa siyang propeta!” sagot niya.

18Ayaw maniwala ng mga Judio na siya'y talagang dating bulag kaya't ipinatawag nila ang kanyang mga magulang.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

19 e os interrogaram: É este o vosso filho, de quem dizeis que nasceu cego? Como, pois, vê agora?

20 Então, os pais responderam: Sabemos que este é nosso filho e que nasceu cego;

21 mas não sabemos como vê agora; ou quem lhe abriu os olhos também não sabemos. Perguntai a ele, idade tem; falará de si mesmo.

22 Isto disseram seus pais porque estavam com medo dos judeus; pois estes já haviam assentado que, se alguém confessasse ser Jesus o Cristo, fosse expulso da sinagoga.

23 Por isso, é que disseram os pais: Ele idade tem, interrogai-o.

24 Então, chamaram, pela segunda vez, o homem que fora cego e lhe disseram: Dá glória a Deus; nós sabemos que esse homem é pecador.

25 Ele retrucou: Se é pecador, não sei; uma coisa sei: eu era cego e agora vejo.

26 Perguntaram-lhe, pois: Que te fez ele? como te abriu os olhos?

27 Ele lhes respondeu: Já vo-lo disse, e não atendestes; por que quereis ouvir outra

19"Anak nga ba ninyo ito? Talaga bang siya'y ipinanganak na bulag? Bakit nakakakita na siya ngayon?" tanong nila.
20Sumagot ang kanyang mga magulang, "Anak nga namin siya at siya'y ipinanganak ngang bulag.
21Ngunit hindi po namin alam kung bakit nakakakita na siya ngayon, o kung sino ang nagpagaling sa kanya. Siya na po ang tanungin ninyo. May sapat na gulang siya at makakapagsalita na para sa kanyang sarili!"
22Ganoon ang sabi ng kanyang mga magulang dahil takot sila sa mga Judio. Alam nilang pinagkaisahan ng mga Judio na itiwalag sa sinagoga ang sinumang magpahayag na si Jesus ang Cristo.
23Ito ang dahilan kung bakit sinabi ng kanyang mga magulang, "Siya'y nasa tamang gulang na, siya ang tanungin ninyo."
24Muli nilang ipinatawag ang dating bulag at sinabi sa kanya, "Sa pangalan ng Diyos, magsabi ka ng totoo. Alam naming ang taong iyon ay makasalanan."
25Sumagot siya, "Hindi ko po alam kung siya'y masamang tao, o hindi. Isang bagay po ang alam ko; ako'y dating bulag, subalit ngayo'y nakakakita na."
26"Ano ang ginawa niya sa iyo? Paano niyang pinagaling ang iyong mga mata?" tanong nila.
27Sumagot siya, "Sinabi ko na po sa inyo, at ayaw naman ninyo akong paniwalaan.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

vez? Porventura, quereis vós também tornar-vos seus discípulos?
28 Então, o injuriaram e lhe disseram: Discípulo dele és tu; mas nós somos discípulos de Moisés.

29 Sabemos que Deus falou a Moisés; mas este nem sabemos donde é.

30 Respondeu-lhes o homem: Nisto é de estranhar que vós não saibais donde ele é, e, contudo, me abriu os olhos.

31 Sabemos que Deus não atende a pecadores; mas, pelo contrário, se alguém teme a Deus e pratica a sua vontade, a este atende.

32 Desde que há mundo, jamais se ouviu que alguém tenha aberto os olhos a um cego de nascença.
33 Se este homem não fosse de Deus, nada poderia ter feito.

34 Mas eles retrucaram: Tu és nascido todo em pecado e nos ensinas a nós? E o expulsaram.

Jesus revela-se ao cego

35 Ouvindo Jesus que o tinham expulsado, encontrando-o, lhe perguntou: Crês tu no Filho do Homem?

36 Ele respondeu e disse: Quem é, SENHOR, para que eu nele creia?

Bakit gusto ninyong marinig muli? Nais ba ninyong maging alagad din niya?”
28At siya'y kanilang minura, “Ikaw ay alagad niya! Ngunit kami'y mga alagad ni Moises.
29Nalalaman naming nagsalita ang Diyos kay Moises ngunit ang taong iyon, ni hindi namin alam kung saan siya nanggaling!”
30Sumagot ang lalaki, “Iyan nga po ang nakapagtataka! Hindi ninyo alam kung saan siya nanggaling, gayunpaman, pinagaling niya ang aking mga mata.
31Alam nating hindi pinapakinggan ng Diyos ang mga makasalanan, ngunit pinapakinggan niya ang mga tunay na sumasamba sa kanya at sumusunod sa kanyang kalooban.
32Noon pa man ay walang nakapagpapagaling ng mata ng taong ipinanganak na bulag.
33Wala pong magagawa ang taong iyon kung siya'y hindi mula sa Diyos!”
34Sumagot sila, “Ipinanganak kang makasalanan at ngayo'y nais mo pa kaming turuan!” At siya'y kanilang itiniwalag.

Mga Bulag sa Espiritu

35Nabalitaan ni Jesus na ang lalaking pinagaling niya ay itiniwalag ng mga Pariseo. Kaya't nang matagpuan niya ito ay kanyang tinanong, “Sumasampalataya ka ba sa Anak ng Tao?”
36Sumagot ang lalaki, “Sino po ba siya, Ginoo? Sabihin ninyo sa akin upang ako'y manalig sa kanya.”

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

37 E Jesus lhe disse: Já o tens visto, e é o que fala contigo.
38 Então, afirmou ele: Creio, SENHOR; e o adorou.

39 Prosseguiu Jesus: Eu vim a este mundo para juízo, a fim de que os que não vêem vejam, e os que vêem se tornem cegos.

40 Alguns dentre os fariseus que estavam perto dele perguntaram-lhe: Acaso, também nós somos cegos?

41 Respondeu-lhes Jesus: Se fôsseis cegos, não teríeis pecado algum; mas, porque agora dizeis: Nós vemos, subsiste o vosso pecado.

João 10

Jesus, o bom pastor

1 Em verdade, em verdade vos digo: o que não entra pela porta no aprisco das ovelhas, mas sobe por outra parte, esse é ladrão e salteador.
2 Aquele, porém, que entra pela porta, esse é o pastor das ovelhas.

3 Para este o porteiro abre, as ovelhas ouvem a sua voz, ele chama pelo nome as suas próprias ovelhas e as conduz para fora.

4 Depois de fazer sair todas as que lhe pertencem, vai adiante delas, e elas o seguem, porque lhe reconhecem a voz;

37"Siya'y nakita mo na. Siya ang kausap mo ngayon, " wika ni Jesus.
38"Sumasampalataya po ako, Panginoon!" sabi ng lalaki. At sinamba niya si Jesus.
39Sinabi pa ni Jesus, "Naparito ako sa mundong ito upang humatol, at nang sa gayo'y makakita ang mga bulag at mabulag naman ang mga nakakakita."
40Narinig ito ng ilang Pariseong naroon at siya'y kanilang tinanong, "Ibig mo bang sabihi'y mga bulag kami?"
41Sumagot si Jesus, "Kung kayo nga'y bulag, wala sana kayong kasalanan. Ngunit dahil sinasabi ninyong nakakakita kayo, ang kasalanan ay nananatili sa inyo."

Juan 10

Talinhaga Tungkol sa Pastol

1"Pakatandaan ninyo: ang pumapasok sa kulungan ng mga tupa nang hindi sa pinto nagdaraan, kundi umaakyat sa di dapat pagdaanan ay magnanakaw at tulisan.
2Ang tunay na pastol ay sa pintuan nagdaraan.
3Pinapapasok siya ng gwardiya, at pinapakinggan ng mga tupa ang kanyang tinig. Tinatawag niya ang kanyang mga tupa sa kani-kanilang pangalan, at inilalabas sa kulungan.
4Kapag nailabas na, siya'y nangunguna sa kanila at sumusunod naman ang mga ito sapagkat kilala nila ang kanyang tinig.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

5 mas de modo nenhum seguirão o
estranho; antes, fugirão dele, porque não
conhecem a voz dos estranhos.
6 Jesus lhes propôs esta parábola, mas eles
não compreenderam o sentido daquilo que
lhes falava.

7 Jesus, pois, lhes afirmou de novo: Em
verdade, em verdade vos digo: eu sou a
porta das ovelhas.
8 Todos quantos vieram antes de mim são
ladrões e salteadores; mas as ovelhas não
lhes deram ouvido.

9 Eu sou a porta. Se alguém entrar por
mim, será salvo; entrará, e sairá, e achará
pastagem.

10 O ladrão vem somente para roubar,
matar e destruir; eu vim para que tenham
vida e a tenham em abundância.

11 Eu sou o bom pastor. O bom pastor dá a
vida pelas ovelhas.

12 O mercenário, que não é pastor, a quem
não pertencem as ovelhas, vê vir o lobo,
abandona as ovelhas e foge; então, o lobo
as arrebata e dispersa.

13 O mercenário foge, porque é mercenário
e não tem cuidado com as ovelhas.
14 Eu sou o bom pastor; conheço as minhas
ovelhas, e elas me conhecem a mim,

5Hindi sila sumusunod sa iba, kundi
patakbong lumalayo, sapagkat hindi nila
kilala ang tinig ng iba.”
6Sinabi ni Jesus ang talinhagang ito ngunit
hindi nila naunawaan ang ibig niyang
sabihin.

Si Jesus ang Mabuting Pastol

7Kaya't muling sinabi ni Jesus,
“Pakatandaan ninyo: ako nga ang
pintuang dinaraanan ng mga tupa.
8Ang mga nauna sa akin ay mga
magnanakaw at mga tulisan, ngunit hindi
sila pinakinggan ng mga tupa.
9Ako nga ang pintuan. Ang sinumang
pumapasok sa pamamagitan ko'y
maliligtas. Papasok siya't lalabas, at
makakatagpo ng pastulan.
10Dumarating ang magnanakaw para
lamang magnakaw, pumatay, at manira.
Naparito ako upang ang mga tupa ay
magkaroon ng buhay, ng isang buhay na
masagana at ganap.
11“Ako ang mabuting pastol. Iniaalay ng
mabuting pastol ang kanyang buhay para
sa mga tupa.
12Ang bayaran ay tumatakas kapag may
dumarating na asong-gubat. Iniiwan niya
ang mga tupa, palibhasa'y hindi siya
pastol at hindi kanya ang mga ito. Kaya't
sinusunggaban ng asong-gubat ang mga
ito at binubulabog.
13Tumatakas siya, palibhasa'y bayaran
lamang at walang malasakit sa mga tupa.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

15 assim como o Pai me conhece a mim, e
eu conheço o Pai; e dou a minha vida pelas
ovelhas.

16 Ainda tenho outras ovelhas, não deste
aprisco; a mim me convém conduzi-las;
elas ouvirão a minha voz; então, haverá
um rebanho e um pastor.

17 Por isso, o Pai me ama, porque eu dou a
minha vida para a reassumir.

18 Ninguém a tira de mim; pelo contrário,
eu espontaneamente a dou. Tenho
autoridade para a entregar e também para
reavê-la. Este mandato recebi de meu Pai.

Nova dissensão entre os judeus

19 Por causa dessas palavras, rompeu nova
dissensão entre os judeus.

20 Muitos deles diziam: Ele tem demônio e
enlouqueceu; por que o ouvis?

21 Outros diziam: Este modo de falar não é
de endemoninhado; pode, porventura, um
demônio abrir os olhos aos cegos?

A Festa da Dedicação. Jesus é interrogado

22 Celebrava-se em Jerusalém a Festa da
Dedicação. Era inverno.

14-15Ako nga ang mabuting pastol. Kung
paanong kilala ako ng Ama at siya'y kilala
ko, gayundin naman, kilala ko ang aking
mga tupa at ako nama'y kilala nila. At
iniaalay ko ang aking buhay para sa aking
mga tupa.
16Mayroon akong iba pang mga tupa na
wala pa sa kulungang ito. Kinakailangang
sila'y ipasok ko rin at papakinggan naman
nila ang aking tinig. Sa gayon, magiging
isa na lamang ang kawan at isa ang pastol.
17"Dahil dito'y minamahal ako ng Ama,
sapagkat iniaalay ko ang aking buhay
upang ito'y kunin kong muli.
18Walang makakakuha ng aking buhay;
kusa ko itong ibinibigay. Mayroon akong
kapangyarihang ibigay ito at kuning muli.
Ito ang utos na tinanggap ko sa aking
Ama."

19Dahil sa mga pananalitang ito, hindi na
naman nagkaisa ng palagay ang mga
Judio.
20Marami sa kanila ang nagsabi,
"Sinasapian siya ng demonyo at
nababaliw! Bakit kayo makikinig sa
kanya?"
21Sinabi naman ng iba, "Hindi
makakapagsalita nang ganoon ang isang
sinasapian ng demonyo!
Nakapagpapagaling ba ng bulag ang
demonyo?"

Itinakwil ng mga Judio si Jesus

22Taglamig na noon at kasalukuyang
ipinagdiriwang sa Jerusalem ang Pista ng
Pagtatalaga ng Templo.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

23 Jesus passeava no templo, no Pórtico de Salomão.
24 Rodearam-no, pois, os judeus e o interpelaram: Até quando nos deixarás a mente em suspenso? Se tu és o Cristo, dize-o francamente.

25 Respondeu-lhes Jesus: Já vo-lo disse, e não credes. As obras que eu faço em nome de meu Pai testificam a meu respeito.

26 Mas vós não credes, porque não sois das minhas ovelhas.

27 As minhas ovelhas ouvem a minha voz; eu as conheço, e elas me seguem.

28 Eu lhes dou a vida eterna; jamais perecerão, e ninguém as arrebatará da minha mão.

29 Aquilo que meu Pai me deu é maior do que tudo; e da mão do Pai ninguém pode arrebatar.

30 Eu e o Pai somos um.
31 Novamente, pegaram os judeus em pedras para lhe atirar.

32 Disse-lhes Jesus: Tenho-vos mostrado muitas obras boas da parte do Pai; por qual delas me apedrejais?

33 Responderam-lhe os judeus: Não é por obra boa que te apedrejamos, e sim por causa da blasfêmia, pois, sendo tu homem, te fazes Deus a ti mesmo.

23Habang naglalakad si Jesus sa Templo, sa Portiko ni Solomon,
24pinaligiran siya ng mga Judio at sinabi sa kanya, “Hanggang kailan mo kami ilalagay sa alanganin? Kung ikaw nga ang Cristo, sabihin mo na nang tuwiran.”
25Sumagot si Jesus, “Sinabi ko na sa inyo, ngunit ayaw ninyong maniwala. Ang mga ginagawa ko sa pangalan ng aking Ama ang nagpapatotoo tungkol sa akin.
26Ngunit ayaw ninyong maniwala sapagkat hindi kayo kabilang sa aking mga tupa.
27Nakikinig sa akin ang aking mga tupa; nakikilala ko sila, at sumusunod sila sa akin.
28Binibigyan ko sila ng buhay na walang hanggan. Kailanma'y hindi sila mapapahamak at hindi sila maaagaw sa akin ninuman.
29Ang aking Ama na siyang nagbigay sa kanila sa akin ay lalong dakila sa lahat, at hindi sila maaagaw ninuman sa aking Ama.
30Ako at ang Ama ay iisa.”
31Ang mga pinuno ng mga Judio'y muling dumampot ng bato upang batuhin siya.
32Kaya't sinabi sa kanila ni Jesus, “Marami akong mabubuting gawang ipinakita sa inyo mula sa Ama. Alin ba sa mga ito ang dahilan at ako'y inyong babatuhin?”
33Sumagot ang mga pinuno ng mga Judio, “Hindi dahil sa mabubuting gawa kaya ka namin babatuhin, kundi dahil sa paglapastangan mo sa Diyos! Sapagkat

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

34 Replicou-lhes Jesus: Não está escrito na vossa lei: Eu disse: sois deuses?

35 Se ele chamou deuses àqueles a quem foi dirigida a palavra de Deus, e a Escritura não pode falhar,

36 então, daquele a quem o Pai santificou e enviou ao mundo, dizeis: Tu blasfemas; porque declarei: sou Filho de Deus?

37 Se não faço as obras de meu Pai, não me acrediteis;

38 mas, se faço, e não me credes, crede nas obras; para que possais saber e compreender que o Pai está em mim, e eu estou no Pai.

39 Nesse ponto, procuravam, outra vez, prendê-lo; mas ele se livrou das suas mãos.

40 Novamente, se retirou para além do Jordão, para o lugar onde João batizava no princípio; e ali permaneceu.

41 E iam muitos ter com ele e diziam: Realmente, João não fez nenhum sinal, porém tudo quanto disse a respeito deste era verdade.

42 E muitos ali creram nele.

João 11

nagpapanggap kang Diyos, bagama't tao ka lamang."
34Tumugon si Jesus, "Hindi ba nasusulat sa inyong Kautusan, 'Sinabi ko, mga diyos kayo'?
35Mga diyos ang tawag ng Kautusan sa mga pinagkatiwalaan ng salita ng Diyos, at hindi maaaring ipawalang-bisa ang sinasabi ng kasulatan.
36Ako'y pinili at isinugo ng Ama; paano ninyo ngayon masasabing nilalapastangan ko ang Diyos dahil sa sinabi kong ako ang Anak ng Diyos?
37Kung hindi ko ginagawa ang mga ipinapagawa ng aking Ama, huwag ninyo akong paniwalaan.
38Ngunit kung ginagawa ko ang mga ito, paniwalaan ninyo ang aking mga gawa kung ayaw ninyong maniwala sa akin. Sa gayon, matitiyak ninyong nasa akin ang Ama at ako'y nasa kanya."
39Kaya't tinangka na naman nilang dakpin si Jesus, ngunit siya'y nakaalis.
40Muling pumunta si Jesus sa ibayo ng Jordan, sa pook na dating pinagbabautismuhan ni Juan. Habang naroroon siya'y
41maraming lumalapit sa kanya. Sinasabi nila, "Si Juan ay walang ginawang himala ngunit totoo ang lahat ng sinabi niya tungkol sa taong ito."
42At doo'y maraming sumampalataya kay Jesus.

Juan 11

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

A ressurreição de Lázaro

1 Estava enfermo Lázaro, de Betânia, da aldeia de Maria e de sua irmã Marta.

2 Esta Maria, cujo irmão Lázaro estava enfermo, era a mesma que ungiu com bálsamo o SENHOR e lhe enxugou os pés com os seus cabelos.
3 Mandaram, pois, as irmãs de Lázaro dizer a Jesus: SENHOR, está enfermo aquele a quem amas.

4 Ao receber a notícia, disse Jesus: Esta enfermidade não é para morte, e sim para a glória de Deus, a fim de que o Filho de Deus seja por ela glorificado.

5 Ora, amava Jesus a Marta, e a sua irmã, e a Lázaro.
6 Quando, pois, soube que Lázaro estava doente, ainda se demorou dois dias no lugar onde estava.
7 Depois, disse aos seus discípulos: Vamos outra vez para a Judéia.

8 Disseram-lhe os discípulos: Mestre, ainda agora os judeus procuravam apedrejar-te, e voltas para lá?

9 Respondeu Jesus: Não são doze as horas do dia? Se alguém andar de dia, não tropeça, porque vê a luz deste mundo;

10 mas, se andar de noite, tropeça, porque nele não há luz.

Ang Pagkamatay ni Lazaro

1Sa bayan ng Bethania ay may isang taong nagkasakit. Siya si Lazaro na kapatid nina Marta at Maria.
2Si Maria ang nagbuhos ng pabango sa paa ng Panginoon at pagkatapos ay pinunasan iyon ng kanyang buhok. Dahil may sakit si Lazaro,
3nagpasabi kay Jesus ang magkapatid, “Panginoon, ang minamahal ninyong kaibigan ay may sakit.”
4Nang marinig ito ni Jesus ay sinabi niya, “Hindi niya ikamamatay ang sakit na ito. Nangyari iyon upang maparangalan ang Diyos at sa pamamagitan nito'y maparangalan ang Anak ng Diyos.”
5Mahal ni Jesus ang magkakapatid na Marta, Maria at Lazaro.
6Gayunman, nagpalipas pa siya doon ng dalawang araw mula nang mabalitaang may sakit si Lazaro.
7Pagkatapos nito, sinabi niya sa kanyang mga alagad, “Magbalik tayo sa Judea.”
8Sumagot ang mga alagad, “Guro, hindi po ba't kamakailan lamang ay pinagtangkaan kayong batuhin ng mga pinuno ng mga Judio? Bakit pupunta na naman kayo doon?”
9Sinabi ni Jesus, “Hindi ba't may labindalawang oras sa maghapon? Hindi matitisod ang lumalakad kung umaga sapagkat nakikita niya ang nagbibigay-liwanag sa daigdig na ito.
10Subalit natitisod ang lumalakad kung gabi sapagkat wala na siyang liwanag.”

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

11 Isto dizia e depois lhes acrescentou: Nosso amigo Lázaro adormeceu, mas vou para despertá-lo.
12 Disseram-lhe, pois, os discípulos: SENHOR, se dorme, estará salvo.
13 Jesus, porém, falara com respeito à morte de Lázaro; mas eles supunham que tivesse falado do repouso do sono.
14 Então, Jesus lhes disse claramente: Lázaro morreu;
15 e por vossa causa me alegro de que lá não estivesse, para que possais crer; mas vamos ter com ele.

16 Então, Tomé, chamado Dídimo, disse aos condiscípulos: Vamos também nós para morrermos com ele.

17 Chegando Jesus, encontrou Lázaro já sepultado, havia quatro dias.
18 Ora, Betânia estava cerca de quinze estádios perto de Jerusalém.

19 Muitos dentre os judeus tinham vindo ter com Marta e Maria, para as consolar a respeito de seu irmão.

20 Marta, quando soube que vinha Jesus, saiu ao seu encontro; Maria, porém, ficou sentada em casa.
21 Disse, pois, Marta a Jesus: SENHOR, se estiveras aqui, não teria morrido meu irmão.
22 Mas também sei que, mesmo agora, tudo quanto pedires a Deus, Deus to concederá.

11Idinugtong pa ni Jesus, “Natutulog ang kaibigan nating si Lazaro. Pupunta ako upang gisingin siya.”
12“Panginoon, kung natutulog lang po siya ay gagaling siya, ” sagot ng mga alagad.
13Ang ibig sabihin ni Jesus ay patay na si Lazaro, ngunit ang akala ng mga alagad ay talagang natutulog lamang ito.
14Dahil dito'y tuwirang sinabi ni Jesus, “Patay na si Lazaro;
15ngunit ako'y nagagalak dahil wala ako roon upang kayo'y sumampalataya sa akin. Tayo na, puntahan natin siya.”
16Niyaya ni Tomas, na tinatawag na Kambal, ang kanyang mga kasama, “Sumama tayo sa Guro, mamamatay tayong kasama niya.”

Si Jesus ang Muling Pagkabuhay at ang Buhay

17Pagdating ni Jesus, nalaman niyang apat na araw nang nakalibing si Lazaro.
18May tatlong kilometro lamang ang layo ng Jerusalem sa Bethania,
19kaya't maraming taga-Jerusalem ang dumalaw kina Marta at Maria upang makiramay sa pagkamatay ng kanilang kapatid.
20Nang mabalitaan ni Marta na dumarating si Jesus, sinalubong niya ito, ngunit si Maria nama'y naiwan sa bahay.
21Sinabi ni Marta, “Panginoon, kung kayo po ay narito, buháy pa sana ang kapatid ko.
22Subalit nalalaman kong kahit ngayo'y ipagkakaloob sa inyo ng Diyos ang anumang hingin ninyo sa kanya.”

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

23 Declarou-lhe Jesus: Teu irmão há de ressurgir.
24 Eu sei, replicou Marta, que ele há de ressurgir na ressurreição, no último dia.

25 Disse-lhe Jesus: Eu sou a ressurreição e a vida. Quem crê em mim, ainda que morra, viverá;

26 e todo o que vive e crê em mim não morrerá, eternamente. Crês isto?

27 Sim, SENHOR, respondeu ela, eu tenho crido que tu és o Cristo, o Filho de Deus que devia vir ao mundo.

28 Tendo dito isto, retirou-se e chamou Maria, sua irmã, e lhe disse em particular: O Mestre chegou e te chama.

29 Ela, ouvindo isto, levantou-se depressa e foi ter com ele,
30 pois Jesus ainda não tinha entrado na aldeia, mas permanecia onde Marta se avistara com ele.

31 Os judeus que estavam com Maria em casa e a consolavam, vendo-a levantar-se depressa e sair, seguiram-na, supondo que ela ia ao túmulo para chorar.

32 Quando Maria chegou ao lugar onde estava Jesus, ao vê-lo, lançou-se-lhe aos pés, dizendo: SENHOR, se estiveras aqui, meu irmão não teria morrido.

23"Muling mabubuhay ang iyong kapatid," sabi ni Jesus.
24Sumagot si Marta, "Nalalaman ko pong siya'y mabubuhay muli sa huling araw."
25Sinabi sa kanya ni Jesus, "Ako ang nagbibigay-buhay at muling pagkabuhay. Ang sinumang sumasampalataya sa akin, kahit mamatay ay muling mabubuhay;
26at sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay kailanman. Naniniwala ka ba sa sinabi ko?"
27Sumagot siya, "Opo, Panginoon! Sumasampalataya po ako sa inyo at naniniwalang kayo nga ang Cristo, ang Anak ng Diyos na paparito sa daigdig."

Tumangis si Jesus

28Pagkasabi nito, umuwi si Marta. Tinawag niya si Maria at binulungan, "Naririto na ang Guro at ipinapatawag ka."
29Pagkarinig nito'y nagmadaling tumayo si Maria upang salubungin si Jesus.
30Wala pa si Jesus sa nayon; naroon pa lamang siya sa lugar kung saan siya sinalubong ni Marta.
31Nang makitang si Maria'y nagmamadaling tumayo at lumabas, sinundan siya ng mga Judiong nakikiramay sa kanila. Akala nila'y pupunta siya sa libingan upang umiyak.
32Pagdating ni Maria sa kinaroroonan ni Jesus, nagpatirapa siya sa paanan nito at nagsabi, "Panginoon, kung narito po lamang kayo, hindi sana namatay ang aking kapatid."

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

33 Jesus, vendo-a chorar, e bem assim os judeus que a acompanhavam, agitou-se no espírito e comoveu-se.

34 E perguntou: Onde o sepultastes? Eles lhe responderam: SENHOR, vem e vê!

35 Jesus chorou.

36 Então, disseram os judeus: Vede quanto o amava.

37 Mas alguns objetaram: Não podia ele, que abriu os olhos ao cego, fazer que este não morresse?

38 Jesus, agitando-se novamente em si mesmo, encaminhou-se para o túmulo; era este uma gruta a cuja entrada tinham posto uma pedra.

39 Então, ordenou Jesus: Tirai a pedra. Disse-lhe Marta, irmã do morto: SENHOR, já cheira mal, porque já é de quatro dias.

40 Respondeu-lhe Jesus: Não te disse eu que, se creres, verás a glória de Deus?

41 Tiraram, então, a pedra. E Jesus, levantando os olhos para o céu, disse: Pai, graças te dou porque me ouviste.

42 Aliás, eu sabia que sempre me ouves, mas assim falei por causa da multidão presente, para que creiam que tu me enviaste.

43 E, tendo dito isto, clamou em alta voz: Lázaro, vem para fora!

33Nahabag si Jesus at nabagbag ang kanyang kalooban nang makita niyang umiiyak si Maria, pati ang mga Judiong kasama nito.

34"Saan ninyo siya inilibing?" tanong ni Jesus. Sumagot sila, "Panginoon, halikayo at tingnan ninyo."

35Tumangis si Jesus,

36kaya't sinabi ng mga Judio, "Talagang mahal na mahal niya si Lazaro!"

37Sinabi naman ng ilan, "Napagaling niya ang bulag, bakit hindi niya nahadlangan ang pagkamatay ni Lazaro?"

Muling Binuhay si Lazaro

38Muling nabagbag ang kalooban ni Jesus pagdating sa libingan. Ang pinaglibingan kay Lazaro ay isang yungib na natatakpan ng malaking bato.

39"Alisin ninyo ang bato, " utos ni Jesus. Ngunit sumagot si Marta, "Panginoon, nangangamoy na po siya ngayon; apat na araw na siyang patay."

40Sinabi ni Jesus, "Hindi ba't sinabi ko sa iyo na kung sasampalataya ka sa akin ay makikita mo ang kaluwalhatian ng Diyos?"

41Kaya't inalis nila ang bato. Tumingala si Jesus sa langit at sinabi, "Ama, nagpapasalamat ako sa iyo sapagkat dinirinig mo ako,

42at alam kong lagi mo akong diringgin. Ngunit sinasabi ko ito dahil sa mga taong naririto, upang maniwala silang ikaw ang nagsugo sa akin."

43Pagkasabi nito ay sumigaw siya, "Lazaro, lumabas ka!"

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

44 Saiu aquele que estivera morto, tendo os pés e as mãos ligados com ataduras e o rosto envolto num lenço. Então, lhes ordenou Jesus: Desatai-o e deixai-o ir.

45 Muitos, pois, dentre os judeus que tinham vindo visitar Maria, vendo o que fizera Jesus, creram nele.
46 Outros, porém, foram ter com os fariseus e lhes contaram dos feitos que Jesus realizara.

O plano para tirar a vida de Jesus

47 Então, os principais sacerdotes e os fariseus convocaram o Sinédrio; e disseram: Que estamos fazendo, uma vez que este homem opera muitos sinais?

48 Se o deixarmos assim, todos crerão nele; depois, virão os romanos e tomarão não só o nosso lugar, mas a própria nação.

49 Caifás, porém, um dentre eles, sumo sacerdote naquele ano, advertiu-os, dizendo: Vós nada sabeis,

50 nem considerais que vos convém que morra um só homem pelo povo e que não venha a perecer toda a nação.

51 Ora, ele não disse isto de si mesmo; mas, sendo sumo sacerdote naquele ano, profetizou que Jesus estava para morrer pela nação

44Lumabas nga si Lazaro na nababalot ng telang panlibing ang mga kamay at paa; may nakatakip ring tela sa mukha. Inutos ni Jesus sa kanila, “Kalagan ninyo siya at nang makalaya.”

Ang Balak Laban kay Jesus
(Mt. 26:1-5; Mc. 14:1-2; Lu. 22:1-2)

45Marami sa mga Judiong dumalaw kina Maria ang nakakita sa ginawa ni Jesus, at sumampalataya sila sa kanya.
46Ngunit may ilan sa kanila na pumunta sa mga Pariseo at ibinalita ang ginawa ni Jesus.

47Kaya't tinipon ng mga punong pari at mga Pariseo ang mga kagawad ng Sanedrin. Kanilang sinabi, “Ano ang gagawin natin? Gumagawa ng maraming himala ang taong ito.
48Kung siya'y pababayaan nating magpatuloy sa kanyang mga ginagawa, maniniwala sa kanya ang lahat. Paparito ang mga Romano at wawasakin ang Templo at pahihirapan ang ating bansa.”
49Ngunit ang isa sa kanila, si Caifas na siyang pinakapunong pari noon, ay nagsabing, “Wala kayong alam!
50Hindi ba ninyo naiisip na mas mabuti sa atin na isang tao lamang ang mamatay alang-alang sa bayan, kaysa mapahamak ang buong bansa?”
51Hindi mula sa kanyang sarili ang sinabi niyang ito. Bilang pinakapunong pari nang taon na iyon, ipinahayag niyang dapat mamatay si Jesus alang-alang sa kanilang bansa

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

52 e não somente pela nação, mas também para reunir em um só corpo os filhos de Deus, que andam dispersos.

53 Desde aquele dia, resolveram matá-lo.

54 De sorte que Jesus já não andava publicamente entre os judeus, mas retirou-se para uma região vizinha ao deserto, para uma cidade chamada Efraim; e ali permaneceu com os discípulos.

55 Estava próxima a Páscoa dos judeus; e muitos daquela região subiram para Jerusalém antes da Páscoa, para se purificarem.

56 Lá, procuravam Jesus e, estando eles no templo, diziam uns aos outros: Que vos parece? Não virá ele à festa?

57 Ora, os principais sacerdotes e os fariseus tinham dado ordem para, se alguém soubesse onde ele estava, denunciá-lo, a fim de o prenderem.

João 12

Jesus ungido por Maria em Betânia

Mateus 26.6-13; Marcos 14.3-9

1 Seis dias antes da Páscoa, foi Jesus para Betânia, onde estava Lázaro, a quem ele ressuscitara dentre os mortos.

2 Deram-lhe, pois, ali, uma ceia; Marta servia, sendo Lázaro um dos que estavam com ele à mesa.

52upang tipunin ang mga nakakalat na mga anak ng Diyos.

53Mula noon, pinag-isipan na nila kung paano maipapapatay si Jesus.

54Dahil dito, si Jesus ay hindi na hayagang naglingkod sa Judea. Sa halip, siya'y nagpunta sa Efraim, isang bayang malapit sa ilang, at doon muna tumigil kasama ng kanyang mga alagad.

55Nalalapit na ang Pista ng Paskwa. Maraming taga-lalawigan ang pumunta sa Jerusalem bago sumapit ang kapistahan upang isagawa ang seremonya ng paglilinis.

56Hinahanap nila si Jesus sa Templo, at sila'y nagtatanungan, “Ano sa palagay ninyo? Paparito kaya siya sa pista?”

57Ipinag-utos ng mga punong pari at ng mga Pariseo na ipagbigay-alam sa kanila ng mga tao kapag nalaman nila kung nasaan si Jesus upang ito'y maipadakip nila.

Juan 12

Binuhusan ng Pabango ang mga Paa ni Jesus

(Mt. 26:6-13; Mc. 14:3-9)

1Anim na araw bago sumapit ang Pista ng Paskwa, si Jesus ay nagpunta sa Bethania, ang bayan ni Lazaro na kanyang muling binuhay.

2Isang hapunan ang inihanda roon para sa kanya. Si Lazaro ay isa sa mga kasalo ni Jesus samantalang si Marta naman ay tumutulong sa paglilingkod sa kanila.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

3 Então, Maria, tomando uma libra de bálsamo de nardo puro, mui precioso, ungiu os pés de Jesus e os enxugou com os seus cabelos; e encheu-se toda a casa com o perfume do bálsamo.

4 Mas Judas Iscariotes, um dos seus discípulos, o que estava para traí-lo, disse:

5 Por que não se vendeu este perfume por trezentos denários e não se deu aos pobres?

6 Isto disse ele, não porque tivesse cuidado dos pobres; mas porque era ladrão e, tendo a bolsa, tirava o que nela se lançava.

7 Jesus, entretanto, disse: Deixa-a! Que ela guarde isto para o dia em que me embalsamarem;

8 porque os pobres, sempre os tendes convosco, mas a mim nem sempre me tendes.

O plano para tirar a vida de Lázaro

9 Soube numerosa multidão dos judeus que Jesus estava ali, e lá foram não só por causa dele, mas também para verem Lázaro, a quem ele ressuscitara dentre os mortos.

10 Mas os principais sacerdotes resolveram matar também Lázaro;

3Kumuha naman si Maria ng isang bote ng mamahaling pabangong galing sa katas ng dalisay na nardo, at ibinuhos sa mga paa ni Jesus. Pagkatapos, pinunasan niya ito ng kanyang buhok. At humalimuyak sa buong bahay ang amoy ng pabango.

4Ito'y pinuna ni Judas Iscariote, ang alagad na magkakanulo sa kanya. Sinabi niya,

5“Bakit hindi na lamang ipinagbili ang pabango at ibinigay sa mga dukha ang pinagbilhan? Maaaring umabot sa tatlong daang salaping pilak ang halaga ng pabangong iyan!”

6Sinabi iyon ni Judas, hindi dahil sa siya'y may malasakit sa mga dukha, kundi dahil sa siya'y magnanakaw. Siya ang nag-iingat ng kanilang salapi, at ninanakawan niya ito.

7Ngunit sinabi ni Jesus, “Pabayaan ninyo siya! Hayaan ninyong gawin niya ito bilang paghahanda para sa paglilibing sa akin.

8Habang panaho'y kasama ninyo ang mga mahihirap, ngunit ako'y hindi ninyo kasama habang panahon.”

Ang Balak Laban kay Lazaro

9Nabalitaan ng maraming Judio na si Jesus ay nasa Bethania kaya't nagpunta sila roon upang makita siya at si Lazaro, na kanyang muling binuhay.

10Kaya't binalak ng mga punong pari na ipapatay din si Lazaro,

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

11 porque muitos dos judeus, por causa dele, voltavam crendo em Jesus.

A entrada triunfal de Jesus em Jerusalém
Mateus 21.1-11; Marcos 11.1-11; Lucas 19.28-40

12 No dia seguinte, a numerosa multidão que viera à festa, tendo ouvido que Jesus estava de caminho para Jerusalém,

13 tomou ramos de palmeiras e saiu ao seu encontro, clamando: Hosana! Bendito o que vem em nome do SENHOR e que é Rei de Israel!

14 E Jesus, tendo conseguido um jumentinho, montou-o, segundo está escrito:
15 Não temas, filha de Sião, eis que o teu Rei aí vem, montado em um filho de jumenta.
16 Seus discípulos a princípio não compreenderam isto; quando, porém, Jesus foi glorificado, então, eles se lembraram de que estas coisas estavam escritas a respeito dele e também de que isso lhe fizeram.
17 Dava, pois, testemunho disto a multidão que estivera com ele, quando chamara a Lázaro do túmulo e o levantara dentre os mortos.
18 Por causa disso, também, a multidão lhe saiu ao encontro, pois ouviu que ele fizera este sinal.
19 De sorte que os fariseus disseram entre si: Vede que nada aproveitais! Eis aí vai o mundo após ele.

11sapagkat dahil sa kanya'y maraming Judio ang humihiwalay na sa kanila at sumasampalataya kay Jesus.

Ang Matagumpay na Pagpasok sa Jerusalem
(Mt. 21:1-11; Mc. 11:1-11; Lu. 19:28-40)

12Kinabukasan, nabalitaan ng maraming taong dumalo sa pista na si Jesus ay papunta sa Jerusalem.
13Kumuha sila ng mga palapa ng palmera, at lumabas sila sa lunsod upang siya'y salubungin. Sila'y sumisigaw, “Purihin ang Diyos. Pinagpala ang dumarating sa pangalan ng Panginoon! Purihin ang Hari ng Israel!”

14Nakakita si Jesus ng isang batang asno at sinakyan niya ito, gaya ng nasusulat,

15“Huwag kang matakot, lunsod ng Zion! Masdan mo, dumarating na ang iyong hari, nakasakay sa isang batang asno!”
16Hindi ito naunawaan noon ng kanyang mga alagad. Ngunit matapos na si Jesus ay muling mabuhay at maluwalhati, naalala nilang ganoon nga ang sinasabi sa kasulatan tungkol sa kanya, kaya't gayon nga ang nangyari.

17Ipinamamalita naman ng mga taong kasama ni Jesus ang ginawa niyang muling pagbuhay kay Lazaro.

18At iyon ang dahilan kaya siya sinalubong ng napakaraming tao, nabalitaan nila ang himalang ginawa niya.

19Kaya't nasabi ng mga Pariseo, “Walang nangyayari sa pagsisikap natin. Tingnan

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

Alguns gregos desejam ver Jesus

20 Ora, entre os que subiram para adorar durante a festa, havia alguns gregos;
21 estes, pois, se dirigiram a Filipe, que era de Betsaida da Galiléia, e lhe rogaram: SENHOR, queremos ver Jesus.

22 Filipe foi dizê-lo a André, e André e Filipe o comunicaram a Jesus.

23 Respondeu-lhes Jesus: É chegada a hora de ser glorificado o Filho do Homem.

24 Em verdade, em verdade vos digo: se o grão de trigo, caindo na terra, não morrer, fica ele só; mas, se morrer, produz muito fruto.

25 Quem ama a sua vida perde-a; mas aquele que odeia a sua vida neste mundo preservá-la-á para a vida eterna.

26 Se alguém me serve, siga-me, e, onde eu estou, ali estará também o meu servo. E, se alguém me servir, o Pai o honrará.

27 Agora, está angustiada a minha alma, e que direi eu? Pai, salva-me desta hora? Mas precisamente com este propósito vim para esta hora.

ninyo, sumusunod pa rin sa kanya ang lahat!”

Hinanap ng Ilang Griego si Jesus

20May ilang Griegong dumalo sa pista upang sumamba.
21Lumapit sila kay Felipe na taga-Bethsaida, sa Galilea, at nakiusap, “Ginoo, nais po naming makita si Jesus.”
22Ito'y sinabi ni Felipe kay Andres, at magkasama silang lumapit kay Jesus at ipinaalam ang kahilingan ng mga iyon.
23Sumagot si Jesus, “Dumating na ang oras upang parangalan ang Anak ng Tao.
24Pakatandaan ninyo: hangga't hindi nahuhulog sa lupa ang butil ng trigo at mamatay, mananatili itong nag-iisa. Ngunit kung ito'y mamatay, mamumunga ito nang sagana.
25Ang taong nagpapahalaga sa kanyang sarili lamang ay siyang mawawalan nito, ngunit ang taong hindi nagpapahalaga sa kanyang buhay sa daigdig na ito ay siyang magkakaroon ng buhay na walang hanggan.
26Ang naghahangad na maglingkod sa akin ay dapat sumunod sa akin, at saanman ako naroroon ay pumaparoon din siya. Pararangalan ng Ama ang sinumang naglilingkod sa akin.”

Ipinahiwatig ni Jesus ang Kanyang Pagkamatay

27“Ako'y nababagabag ngayon. Sasabihin ko bang, ‘Ama, iligtas mo ako sa oras na ito? ’ Hindi! Sapagkat ito ang dahilan kung bakit ako naparito.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

28 Pai, glorifica o teu nome. Então, veio
uma voz do céu: Eu já o glorifiquei e ainda
o glorificarei.

29 A multidão, pois, que ali estava, tendo
ouvido a voz, dizia ter havido um trovão.
Outros diziam: Foi um anjo que lhe falou.

30 Então, explicou Jesus: Não foi por mim
que veio esta voz, e sim por vossa causa.

31 Chegou o momento de ser julgado este
mundo, e agora o seu príncipe será
expulso.
32 E eu, quando for levantado da terra,
atrairei todos a mim mesmo.
33 Isto dizia, significando de que gênero de
morte estava para morrer.
34 Replicou-lhe, pois, a multidão: Nós
temos ouvido da lei que o Cristo
permanece para sempre, e como dizes tu
ser necessário que o Filho do Homem seja
levantado? Quem é esse Filho do Homem?

35 Respondeu-lhes Jesus: Ainda por um
pouco a luz está convosco. Andai
enquanto tendes a luz, para que as trevas
não vos apanhem; e quem anda nas trevas
não sabe para onde vai.

36 Enquanto tendes a luz, crede na luz,
para que vos torneis filhos da luz. Jesus
disse estas coisas e, retirando-se, ocultou-
se deles.

A explicação da incredulidade dos judeus

28Ama, parangalan mo ang iyong
pangalan.” Isang tinig mula sa langit ang
nagsabi, “Pinarangalan ko na ito, at muli
kong pararangalan.”
29Narinig iyon ng mga taong naroon kaya't
sinabi nila, “Kumulog!” Sabi naman ng
iba, “Nagsalita sa kanya ang isang
anghel!”
30Sinabi sa kanila ni Jesus, “Ang tinig na
iyon ay ipinarinig para sa inyo at hindi
para sa akin.
31Panahon na upang hatulan ang
mundong ito. Panahon na rin upang
hatulan ang pinuno ng mundong ito.
32At kung ako'y maitaas na, ilalapit ko sa
akin ang lahat ng tao.”
33Sinabi niya ito upang ipahiwatig kung
paano siya mamamatay.
34Sinagot siya ng mga tao, “Sinasabi sa
Kautusan na ang Cristo ay mananatili
magpakailanman. Bakit mo sinasabing
dapat maitaas ang Anak ng Tao? Sino ba
ang Anak ng Tao?”
35Sinabi ni Jesus sa kanila, “Kaunting
panahon na lamang ninyong makakasama
ang ilaw. Lumakad kayo habang kasama
pa ninyo ang ilaw upang hindi kayo
abutin ng dilim. Hindi alam ng lumalakad
sa dilim kung saan siya pupunta.
36Sumampalataya kayo sa ilaw habang
kasama pa ninyo ang ilaw, upang kayo'y
maging mga anak ng liwanag.”

Hindi Sumampalataya kay Jesus ang mga Judio

Pagkasabi nito, si Jesus ay umalis doon at
hindi na muling nagpakita sa kanila.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

37 E, embora tivesse feito tantos sinais na sua presença, não creram nele,

38 para se cumprir a palavra do profeta Isaías, que diz: SENHOR, quem creu em nossa pregação? E a quem foi revelado o braço do SENHOR?

39 Por isso, não podiam crer, porque Isaías disse ainda:

40 Cegou-lhes os olhos e endureceu-lhes o coração, para que não vejam com os olhos, nem entendam com o coração, e se convertam, e sejam por mim curados.

41 Isto disse Isaías porque viu a glória dele e falou a seu respeito.

42 Contudo, muitos dentre as próprias autoridades creram nele, mas, por causa dos fariseus, não o confessavam, para não serem expulsos da sinagoga;

43 porque amaram mais a glória dos homens do que a glória de Deus.

O resumo do ensino de Jesus

44 E Jesus clamou, dizendo: Quem crê em mim crê, não em mim, mas naquele que me enviou.

45 E quem me vê a mim vê aquele que me enviou.

46 Eu vim como luz para o mundo, a fim de que todo aquele que crê em mim não permaneça nas trevas.

47 Se alguém ouvir as minhas palavras e não as guardar, eu não o julgo; porque eu

37Kahit na nasaksihan nila ang maraming himalang ginawa niya, hindi pa rin sila nanalig sa kanya.

38Nangyari ito upang matupad ang sinabi ni Propeta Isaias, “Panginoon, sino ang naniwala sa aming ipinahayag? Kanino mo ipinakita ang iyong kapangyarihan?”

39Hindi nga sila makapaniwala sapagkat tulad ng sinabi ni Isaias,

40“Binulag ng Diyos ang kanilang mga mata at pinatigas ang kanilang mga puso, upang sila'y hindi makakita, ni makaunawa ang kanilang mga isip, baka pa sila'y manumbalik sa akin at sila'y pagalingin ko.”

41Sinabi ito ni Isaias sapagkat nakita niya ang kaluwalhatian ni Jesus, at nagpahayag siya tungkol kay Jesus.

42Gayunman, marami ring pinuno ng mga Judio ang nanalig sa kanya. Subalit hindi nila maipahayag ito dahil sa takot sa mga Pariseo, na baka sila'y itiwalag sa sinagoga.

43Mas ginusto nilang kalugdan sila ng tao kaysa kalugdan sila ng Diyos.

Ang Salita ni Jesus ang Hahatol

44Malakas na sinabi ni Jesus, “Ang nananalig sa akin ay hindi lamang sa akin nananalig, kundi pati sa nagsugo sa akin.

45At ang nakakita sa akin ay nakakita na rin sa nagsugo sa akin.

46Ako'y naparito bilang ilaw ng sanlibutan, upang ang manalig sa akin ay huwag manatili sa kadiliman.

47Hindi ako ang humahatol sa taong dumirinig ng aking salita, ngunit ayaw

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

não vim para julgar o mundo, e sim para salvá-lo.

48 Quem me rejeita e não recebe as minhas palavras tem quem o julgue; a própria palavra que tenho proferido, essa o julgará no último dia.

49 Porque eu não tenho falado por mim mesmo, mas o Pai, que me enviou, esse me tem prescrito o que dizer e o que anunciar.

50 E sei que o seu mandamento é a vida eterna. As coisas, pois, que eu falo, como o Pai mo tem dito, assim falo.

João 13

Jesus lava os pés aos discípulos

1 Ora, antes da Festa da Páscoa, sabendo Jesus que era chegada a sua hora de passar deste mundo para o Pai, tendo amado os seus que estavam no mundo, amou-os até ao fim.

2 Durante a ceia, tendo já o diabo posto no coração de Judas Iscariotes, filho de Simão, que traísse a Jesus,

3 sabendo este que o Pai tudo confiara às suas mãos, e que ele viera de Deus, e voltava para Deus,

4 levantou-se da ceia, tirou a vestimenta de cima e, tomando uma toalha, cingiu-se com ela.

namang sumunod dito. Sapagkat hindi ako naparito upang hatulan ang sanlibutan, kundi upang iligtas ito.
48May ibang hahatol sa mga ayaw tumanggap sa akin at sa aking mga salita. Ang salitang ipinahayag ko ang hahatol sa kanila sa huling araw.
49Sapagkat hindi ako nagsalita nang mula sa sarili ko lamang; ang Ama na nagsugo sa akin ang siyang nag-utos kung ano ang aking sasabihin at ipahahayag.
50At alam kong ang kanyang utos ay nagbibigay ng buhay na walang hanggan. Kaya't ang ipinapasabi ng Ama ang siya kong ipinapahayag.”

Juan 13

Ang Halimbawa ng Paghuhugasan ng Paa

1Bisperas na noon ng Paskwa. Alam ni Jesus na dumating na ang panahon ng kanyang pag-alis sa daigdig na ito upang bumalik sa Ama. Mahal niya ang kanyang mga tagasunod na nasa daigdig, at sila'y iniibig niya hanggang sa wakas.
2Sa panahon ng hapunan, inilagay na ng diyablo sa isip ni Judas, na anak ni Simon Iscariote, na ipagkakanulo niya si Jesus sa mga Judio.
3Nalalaman ni Jesus na ibinigay na ng Ama sa kanya ang buong kapangyarihan; alam din niyang siya'y mula sa Diyos at babalik sa Diyos.
4Kaya't siya'y tumayo mula sa hapag, nag-alis ng panlabas na balabal at nagbigkis ng tuwalya sa baywang.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

5 Depois, deitou água na bacia e passou a
lavar os pés aos discípulos e a enxugar-
lhos com a toalha com que estava cingido.

6 Aproximou-se, pois, de Simão Pedro, e
este lhe disse: SENHOR, tu me lavas os pés
a mim?

7 Respondeu-lhe Jesus: O que eu faço não
o sabes agora; compreendê-lo-ás depois.

8 Disse-lhe Pedro: Nunca me lavarás os
pés. Respondeu-lhe Jesus: Se eu não te
lavar, não tens parte comigo.

9 Então, Pedro lhe pediu: SENHOR, não
somente os pés, mas também as mãos e a
cabeça.

10 Declarou-lhe Jesus: Quem já se banhou
não necessita de lavar senão os pés;
quanto ao mais, está todo limpo. Ora, vós
estais limpos, mas não todos.

11 Pois ele sabia quem era o traidor. Foi
por isso que disse: Nem todos estais
limpos.

Uma lição de humildade

12 Depois de lhes ter lavado os pés, tomou
as vestes e, voltando à mesa, perguntou-
lhes: Compreendeis o que vos fiz?

13 Vós me chamais o Mestre e o SENHOR
e dizeis bem; porque eu o sou.

5Pagkatapos, naglagay siya ng tubig sa
palanggana, at sinimulang hugasan ang
paa ng mga alagad at pinunasan ng
tuwalyang nakabigkis sa kanyang
baywang.
6Paglapit niya kay Simon Pedro, tumutol
ito. Sabi niya, “Panginoon, kayo ba ang
maghuhugas ng aking mga paa?”
7Sumagot si Jesus, “Hindi mo
nauunawaan ngayon ang ginagawa ko,
ngunit mauunawaan mo rin pagkatapos.”
8Muling nagsalita si Pedro, “Hinding-hindi
ko pahuhugasan sa inyo ang aking mga
paa!” Ngunit sinabi ni Jesus, “Malibang
hugasan kita, wala kang bahagi sa akin.”
9Dahil dito'y sinabi ni Simon Pedro, “Kung
gayon, hindi lamang ang mga paa ko,
kundi pati na rin ang aking mga kamay at
ulo!”
10Sumagot si Jesus, “Ang nakapaligo na ay
hindi na kailangang hugasan pa maliban
sa kanyang mga paa, sapagkat malinis na
ang buo niyang katawan. At kayo'y
malinis na, subalit hindi lahat.”
11Dahil kilala ni Jesus kung sino ang
magkakanulo sa kanya, sinabi niyang
malinis na sila, subalit hindi lahat.

12Nang mahugasan na ni Jesus ang
kanilang mga paa, muli niyang isinuot ang
kanyang balabal at nagbalik sa hapag.
Siya'y nangusap sa kanila, “Nauunawaan
ba ninyo kung ano ang ginawa ko sa inyo?
13Tinatawag ninyo akong Guro at
Panginoon, at tama kayo, sapagkat ako
nga iyon.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

14 Ora, se eu, sendo o SENHOR e o Mestre,
vos lavei os pés, também vós deveis lavar
os pés uns dos outros.
15 Porque eu vos dei o exemplo, para que,
como eu vos fiz, façais vós também.
16 Em verdade, em verdade vos digo que o
servo não é maior do que seu senhor, nem
o enviado, maior do que aquele que o
enviou.
17 Ora, se sabeis estas coisas, bem-
aventurados sois se as praticardes.
18 Não falo a respeito de todos vós, pois eu
conheço aqueles que escolhi; é, antes, para
que se cumpra a Escritura: Aquele que
come do meu pão levantou contra mim
seu calcanhar.
19 Desde já vos digo, antes que aconteça,
para que, quando acontecer, creiais que
EU SOU.
20 Em verdade, em verdade vos digo: quem
recebe aquele que eu enviar, a mim me
recebe; e quem me recebe recebe aquele
que me enviou.

O traidor indicado

21 Ditas estas coisas, angustiou-se Jesus em
espírito e afirmou: Em verdade, em
verdade vos digo que um dentre vós me
trairá.

22 Então, os discípulos olharam uns para
os outros, sem saber a quem ele se referia.

23 Ora, ali estava conchegado a Jesus um
dos seus discípulos, aquele a quem ele
amava;

14Dahil akong Panginoon at Guro ninyo ay
naghugas ng inyong mga paa, dapat din
ninyong gawin ito sa isa't isa.
15Binigyan ko kayo ng halimbawa upang
inyong tularan.

16Pakatandaan ninyo, ang alipin ay hindi
nakakahigit sa kanyang panginoon, ni ang
sinugo kaysa sa nagsugo sa kanya.

17Mapalad kayo kung nauunawaan ninyo
ang mga bagay na ito at inyong gagawin.
18“Hindi kayong lahat ang tinutukoy ko;
kilala ko ang aking mga pinili. Ngunit
dapat matupad ang sinasabi sa kasulatan,
‘Pinagtaksilan ako ng taong pinapakain
ko. ’
19Sinasabi ko ito sa inyo bago pa mangyari
upang kapag ito'y nangyari na,
sasampalataya kayo na ‘Ako'y Ako nga’.
20Pakatandaan ninyo, ang tumatanggap sa
sinugo ko ay tumatanggap sa akin, at ang
tumatanggap naman sa akin ay
tumatanggap sa nagsugo sa akin.”

Inihayag ni Jesus ang Pagtataksil sa Kanya
(Mt. 26:20-25; Mc. 14:17-21; Lu. 22:21-23)

21Pagkasabi nito, si Jesus ay labis na
nabagabag at nagpahayag sa kanila,
“Pakatandaan ninyo: ako'y pagtataksilan
ng isa sa inyo.”
22Nagsimulang magtinginan ang mga
alagad sapagkat hindi nila alam kung sino
ang kanyang tinutukoy.

23Katabi noon ni Jesus ang alagad na
minamahal niya,

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

24 a esse fez Simão Pedro sinal, dizendo-lhe: Pergunta a quem ele se refere.

25 Então, aquele discípulo, reclinando-se sobre o peito de Jesus, perguntou-lhe: SENHOR, quem é?
26 Respondeu Jesus: É aquele a quem eu der o pedaço de pão molhado. Tomou, pois, um pedaço de pão e, tendo-o molhado, deu-o a Judas, filho de Simão Iscariotes.

27 E, após o bocado, imediatamente, entrou nele Satanás. Então, disse Jesus: O que pretendes fazer, faze-o depressa.

28 Nenhum, porém, dos que estavam à mesa percebeu a que fim lhe dissera isto.

29 Pois, como Judas era quem trazia a bolsa, pensaram alguns que Jesus lhe dissera: Compra o que precisamos para a festa ou lhe ordenara que desse alguma coisa aos pobres.
30 Ele, tendo recebido o bocado, saiu logo. E era noite.

O novo mandamento

31 Quando ele saiu, disse Jesus: Agora, foi glorificado o Filho do Homem, e Deus foi glorificado nele;

32 se Deus foi glorificado nele, também Deus o glorificará nele mesmo; e glorificá-lo-á imediatamente.

24kaya't sinenyasan siya ni Simon Pedro at sinabihan, “Itanong mo nga kung sino ang tinutukoy niya.”
25Humilig ang alagad na ito sa dibdib ni Jesus at nagtanong, “Panginoon, sino po ba iyon?”
26“Siya ang taong aabutan ko ng tinapay na aking isinawsaw, ” sagot ni Jesus. Nagsawsaw nga siya ng tinapay at ibinigay iyon kay Judas na anak ni Simon Iscariote.
27Nang matanggap ni Judas ang tinapay, pumasok sa kanya si Satanas. Sinabi ni Jesus kay Judas, “Gawin mo na ang dapat mong gawin.”
28Walang sinuman sa mga kasalo ni Jesus ang nakaunawa kung bakit niya sinabi iyon.
29Dahil si Judas ang may hawak ng kanilang salapi, akala nila'y pinapabili siya ni Jesus ng kakailanganin nila sa pagdiriwang, o kaya'y pinapabigyan niya ng limos ang mga dukha.
30Nang makain na ni Judas ang tinapay, kaagad itong umalis. Noon ay gabi na.

Ang Bagong Utos

31Pagkaalis ni Judas ay sinabi ni Jesus, “Ngayo'y mahahayag na ang karangalan ng Anak ng Tao, at sa pamamagitan niya ay mahahayag din ang karangalan ng Diyos.
32At kapag nahayag na ang karangalan ng Diyos sa pamamagitan ng Anak ng Tao, ang Diyos naman ang maghahayag ng karangalan ng Anak, at ito'y gagawin niya agad.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

33 Filhinhos, ainda por um pouco estou convosco; buscar-me-eis, e o que eu disse aos judeus também agora vos digo a vós outros: para onde eu vou, vós não podeis ir.

34 Novo mandamento vos dou: que vos ameis uns aos outros; assim como eu vos amei, que também vos ameis uns aos outros.
35 Nisto conhecerão todos que sois meus discípulos: se tiverdes amor uns aos outros.

Pedro é avisado
Mateus 26.31-35; Marcos 14.27-31; Lucas 22.31-34

36 Perguntou-lhe Simão Pedro: SENHOR, para onde vais? Respondeu Jesus: Para onde vou, não me podes seguir agora; mais tarde, porém, me seguirás.

37 Replicou Pedro: SENHOR, por que não posso seguir-te agora? Por ti darei a própria vida.
38 Respondeu Jesus: Darás a vida por mim? Em verdade, em verdade te digo que jamais cantará o galo antes que me negues três vezes.

João 14

Jesus conforta os discípulos

1 Não se turbe o vosso coração; credes em Deus, crede também em mim.

2 Na casa de meu Pai há muitas moradas. Se assim não fora, eu vo-lo teria dito. Pois vou preparar-vos lugar.

33Mga anak, kaunting panahon na lamang ninyo akong makakasama. Hahanapin ninyo ako, ngunit sinasabi ko sa inyo ngayon ang sinabi ko noon sa mga Judio, ‘Hindi kayo makakapunta sa pupuntahan ko. ’
34“Isang bagong utos ang ibinibigay ko sa inyo ngayon, mag-ibigan kayo! Kung paano ko kayong inibig, gayundin naman, mag-ibigan kayo.

35Kung kayo'y mag-iibigan, makikilala ng lahat na kayo'y mga alagad ko.”

Inihayag ni Jesus ang Pagkakaila ni Pedro
(Mt. 26:31-35; Mc. 14:27-31; Lu. 22:31-34)
36“Saan po kayo pupunta, Panginoon?” tanong ni Simon Pedro. Sumagot si Jesus, “Sa pupuntahan ko'y hindi ka makakasunod ngayon, ngunit susunod ka pagkatapos.”
37Sumagot si Pedro, “Bakit po hindi ako makakasunod sa inyo ngayon? Buhay ko ma'y iaalay ko para sa inyo.”
38Sumagot si Jesus, “Iaalay mo ang iyong buhay dahil sa akin? Pakatandaan mo: bago tumilaok ang manok, tatlong beses mo akong ikakaila.”

Juan 14

Si Jesus ang Daan

1“Huwag na kayong mabalisa; sumampalataya kayo sa Diyos, sumampalataya din kayo sa akin.

2Sa bahay ng aking Ama ay maraming silid. Kung hindi ito totoo, sasabihin ko ba

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

3 E, quando eu for e vos preparar lugar, voltarei e vos receberei para mim mesmo, para que, onde eu estou, estejais vós também.

4 E vós sabeis o caminho para onde eu vou.

5 Disse-lhe Tomé: SENHOR, não sabemos para onde vais; como saber o caminho?

6 Respondeu-lhe Jesus: Eu sou o caminho, e a verdade, e a vida; ninguém vem ao Pai senão por mim.

7 Se vós me tivésseis conhecido, conheceríeis também a meu Pai. Desde agora o conheceis e o tendes visto.

8 Replicou-lhe Filipe: SENHOR, mostra-nos o Pai, e isso nos basta.

9 Disse-lhe Jesus: Filipe, há tanto tempo estou convosco, e não me tens conhecido? Quem me vê a mim vê o Pai; como dizes tu: Mostra-nos o Pai?

10 Não crês que eu estou no Pai e que o Pai está em mim? As palavras que eu vos digo não as digo por mim mesmo; mas o Pai, que permanece em mim, faz as suas obras.

11 Crede-me que estou no Pai, e o Pai, em mim; crede ao menos por causa das mesmas obras.

sa inyong pupunta ako roon upang ipaghanda ko kayo ng inyong matitirhan?
3At kapag naipaghanda ko na kayo ng matitirhan, ako'y babalik at isasama ko kayo upang kayo'y makapiling ko kung saan ako naroroon.
4At alam na ninyo ang daan papunta sa pupuntahan ko."
5Sinabi sa kanya ni Tomas, "Panginoon, hindi po namin alam kung saan kayo pupunta, paano naming malalaman ang daan?"
6Sumagot si Jesus, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makakapunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko.
7Kung ako'y kilala ninyo, kilala na rin ninyo ang aking Ama. Mula ngayon ay kilala na ninyo siya at inyo nang nakita."
8Sinabi sa kanya ni Felipe, "Panginoon, ipakita po ninyo sa amin ang Ama at masisiyahan na kami."
9Sumagot si Jesus, "Felipe, kaytagal na ninyo akong kasama, hanggang ngayo'y hindi mo pa ako kilala? Ang nakakita sa akin ay nakakita na sa Ama. Bakit mo sinasabing 'Ipakita mo sa amin ang Ama'?
10Hindi ka ba naniniwalang ako'y nasa Ama at ang Ama ay nasa akin? Hindi sa akin galing ang sinasabi ko sa inyo. Ngunit ang Ama na nasa akin ang siyang gumaganap ng kanyang gawain.

11Maniwala kayo sa akin; ako'y nasa Ama at ang Ama ay nasa akin. Kung ayaw

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

ninyong maniwala sa sinasabi ko, maniwala kayo dahil sa mga ginagawa ko.

12 Em verdade, em verdade vos digo que aquele que crê em mim fará também as obras que eu faço e outras maiores fará, porque eu vou para junto do Pai.

12Pakatandaan ninyo: ang nananalig sa akin ay makakagawa ng mga ginagawa ko, at higit pa kaysa rito, sapagkat babalik na ako sa Ama.

13 E tudo quanto pedirdes em meu nome, isso farei, a fim de que o Pai seja glorificado no Filho.

13At anumang hilingin ninyo sa aking pangalan ay gagawin ko upang maparangalan ang Ama sa pamamagitan ng Anak.

14 Se me pedirdes alguma coisa em meu nome, eu o farei.

14Kung hihiling kayo ng anuman sa aking pangalan, ito ay aking gagawin.”

Ang Pangako Tungkol sa Espiritu Santo

15 Se me amais, guardareis os meus mandamentos.

15“Kung iniibig ninyo ako, tutuparin ninyo ang aking mga itinuturo.

Jesus promete outro Consolador

16 E eu rogarei ao Pai, e ele vos dará outro Consolador, a fim de que esteja para sempre convosco,

16Dadalangin ako sa Ama, upang kayo'y bigyan niya ng isa pang Tagapagtanggol na magiging kasama ninyo magpakailanman.

17 o Espírito da verdade, que o mundo não pode receber, porque não o vê, nem o conhece; vós o conheceis, porque ele habita convosco e estará em vós.

17Siya ang Espiritu ng katotohanan, na hindi matanggap ng sanlibutan sapagkat siya ay hindi nakikita ni nakikilala ng sanlibutan. Ngunit nakikilala ninyo siya, sapagkat siya'y nasa inyo at siya'y mananatili sa inyo.

18 Não vos deixarei órfãos, voltarei para vós outros.

18“Hindi ko kayo iiwang nangungulila; babalik ako sa inyo.

19 Ainda por um pouco, e o mundo não me verá mais; vós, porém, me vereis; porque eu vivo, vós também vivereis.

19Kaunting panahon na lamang at hindi na ako makikita ng mundong ito. Ngunit ako'y makikita ninyo; sapagkat mabubuhay ako, at mabubuhay rin kayo.

20 Naquele dia, vós conhecereis que eu estou em meu Pai, e vós, em mim, e eu, em vós.

20Sa araw na iyon ay malalaman ninyong ako'y nasa Ama, at kayo nama'y nasa akin at ako'y nasa inyo.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

21 Aquele que tem os meus mandamentos
e os guarda, esse é o que me ama; e aquele
que me ama será amado por meu Pai, e eu
também o amarei e me manifestarei a ele.

22 Disse-lhe Judas, não o Iscariotes: Donde
procede, SENHOR, que estás para
manifestar-te a nós e não ao mundo?

23 Respondeu Jesus: Se alguém me ama,
guardará a minha palavra; e meu Pai o
amará, e viremos para ele e faremos nele
morada.
24 Quem não me ama não guarda as
minhas palavras; e a palavra que estais
ouvindo não é minha, mas do Pai, que me
enviou.
25 Isto vos tenho dito, estando ainda
convosco;

26 mas o Consolador, o Espírito Santo, a
quem o Pai enviará em meu nome, esse
vos ensinará todas as coisas e vos fará
lembrar de tudo o que vos tenho dito.

27 Deixo-vos a paz, a minha paz vos dou;
não vo-la dou como a dá o mundo. Não se
turbe o vosso coração, nem se atemorize.

28 Ouvistes que eu vos disse: vou e volto
para junto de vós. Se me amásseis, alegrar-
vos-íeis de que eu vá para o Pai, pois o Pai
é maior do que eu.

21"Ang tumatanggap sa mga utos ko at
tumutupad nito ang siyang umiibig sa
akin. Ang umiibig sa akin ay iibigin ng
aking Ama; iibigin ko rin siya at ako'y
lubusang magpapakilala sa kanya."
22Tinanong siya ni Judas (hindi si Judas
Iscariote), "Panginoon, bakit po sa amin
lamang kayo magpapakilala nang lubusan
at hindi sa sanlibutan?"
23Sumagot si Jesus, "Ang umiibig sa akin
ay tumutupad ng aking salita; iibigin siya
ng aking Ama, at kami'y tatahan at
mananatili sa kanya.
24Ang hindi tumutupad sa aking mga
salita ay hindi umiibig sa akin. Ang
salitang narinig ninyo ay hindi sa akin,
kundi sa Ama na nagsugo sa akin.
25"Sinabi ko na sa inyo ang mga bagay na
ito habang kasama pa ninyo ako.
26Ngunit ang Tagapagtanggol, ang
Espiritu Santo na isusugo ng Ama sa
pangalan ko, ang siyang magtuturo sa
inyo ng lahat ng bagay at magpapaalala
ng lahat ng sinabi ko sa inyo.
27"Kapayapaan ang iniiwan ko sa inyo.
Ang aking kapayapaan ang ibinibigay ko
sa inyo; hindi ito katulad ng kapayapaang
ibinibigay ng mundo. Huwag na kayong
mabalisa; huwag na kayong matakot.
28Sinabi ko na sa inyo, 'Ako'y aalis, ngunit
ako'y babalik. ' Kung iniibig ninyo ako,
ikagagalak ninyo ang pagpunta ko sa
Ama, sapagkat higit na dakila ang Ama
kaysa sa akin.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

29 Disse-vos agora, antes que aconteça, para que, quando acontecer, vós creiais.

30 Já não falarei muito convosco, porque aí vem o príncipe do mundo; e ele nada tem em mim;

31 contudo, assim procedo para que o mundo saiba que eu amo o Pai e que faço como o Pai me ordenou. Levantai-vos, vamo-nos daqui.

João 15

A videira e os ramos

1 Eu sou a videira verdadeira, e meu Pai é o agricultor.

2 Todo ramo que, estando em mim, não der fruto, ele o corta; e todo o que dá fruto limpa, para que produza mais fruto ainda.

3 Vós já estais limpos pela palavra que vos tenho falado;

4 permanecei em mim, e eu permanecerei em vós. Como não pode o ramo produzir fruto de si mesmo, se não permanecer na videira, assim, nem vós o podeis dar, se não permanecerdes em mim.

5 Eu sou a videira, vós, os ramos. Quem permanece em mim, e eu, nele, esse dá muito fruto; porque sem mim nada podeis fazer.

29Sinasabi ko na ito sa inyo bago pa mangyari, upang kung mangyari na ay manalig kayo sa akin.
30Hindi na magtatagal ang pagtuturo ko sa inyo dahil dumarating na ang pinuno ng mundong ito. Wala siyang kapangyarihan sa akin.
31Gayon pa man ipinahintulot ito upang malaman ng mundong ito na iniibig ko ang Ama at ang ginagawa ko'y ang iniutos niya sa akin. Tayo na! Lumakad na tayo!”

Juan 15

Ang Tunay na Puno ng Ubas

1“Ako ang tunay na puno ng ubas at ang aking Ama ang tagapag-alaga.
2Inaalis niya ang bawat sangang hindi nagbubunga, at kanya namang pinuputulan at nililinis ang bawat sangang nagbubunga upang magbunga pa nang lalong sagana.
3Nalinis na kayo sa pamamagitan ng salitang sinabi ko sa inyo.
4Manatili kayo sa akin at mananatili din ako sa inyo. Hindi magbubunga ang sangang hindi nananatili sa puno. Gayundin naman, hindi kayo magbubunga kung hindi kayo mananatili sa akin.
5“Ako nga ang puno ng ubas at kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa akin, at ako sa kanya, ang siyang nagbubunga nang sagana, sapagkat wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa akin.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

6 Se alguém não permanecer em mim, será lançado fora, à semelhança do ramo, e secará; e o apanham, lançam no fogo e o queimam.

7 Se permanecerdes em mim, e as minhas palavras permanecerem em vós, pedireis o que quiserdes, e vos será feito.

8 Nisto é glorificado meu Pai, em que deis muito fruto; e assim vos tornareis meus discípulos.

9 Como o Pai me amou, também eu vos amei; permanecei no meu amor.

10 Se guardardes os meus mandamentos, permanecereis no meu amor; assim como também eu tenho guardado os mandamentos de meu Pai e no seu amor permaneço.

11 Tenho-vos dito estas coisas para que o meu gozo esteja em vós, e o vosso gozo seja completo.

12 O meu mandamento é este: que vos ameis uns aos outros, assim como eu vos amei.

13 Ninguém tem maior amor do que este: de dar alguém a própria vida em favor dos seus amigos.

14 Vós sois meus amigos, se fazeis o que eu vos mando.

15 Já não vos chamo servos, porque o servo não sabe o que faz o seu senhor; mas tenho-vos chamado amigos, porque tudo

6Ang hindi nananatili sa akin ay matutuyo at itinatapon, gaya ng sanga. Ang ganoong mga sanga ay tinitipon, inihahagis sa apoy at sinusunog.

7Kung nananatili kayo sa akin at nananatili sa inyo ang aking mga salita, hingin ninyo ang anumang nais ninyo at ibibigay iyon sa inyo.

8Napaparangalan ang aking Ama kung kayo'y masaganang nagbubunga bilang aking mga alagad.

9Kung paanong inibig ako ng Ama, gayundin naman, iniibig ko kayo; manatili kayo sa aking pag-ibig.

10Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, mananatili kayo sa aking pag-ibig; tulad ko, tinutupad ko ang mga utos ng aking Ama at ako'y nananatili sa kanyang pag-ibig.

11"Sinabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang mapasainyo ang kagalakan ko at nang sa gayon, malubos ang inyong kagalakan.

12Ito ang aking utos: magmahalan kayo gaya ng pagmamahal ko sa inyo.

13Walang pag-ibig na hihigit pa kaysa pag-ibig ng isang taong nag-aalay ng kanyang buhay para sa kanyang mga kaibigan.

14Kayo'y mga kaibigan ko kung tinutupad ninyo ang aking mga utos.

15Hindi ko na kayo itinuturing na mga alipin, sapagkat hindi alam ng alipin ang ginagawa ng kanyang panginoon. Sa halip, itinuring ko kayong mga kaibigan,

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

quanto ouvi de meu Pai vos tenho dado a conhecer.
16 Não fostes vós que me escolhestes a mim; pelo contrário, eu vos escolhi a vós outros e vos designei para que vades e deis fruto, e o vosso fruto permaneça; a fim de que tudo quanto pedirdes ao Pai em meu nome, ele vo-lo conceda.
17 Isto vos mando: que vos ameis uns aos outros.

18 Se o mundo vos odeia, sabei que, primeiro do que a vós outros, me odiou a mim.

19 Se vós fôsseis do mundo, o mundo amaria o que era seu; como, todavia, não sois do mundo, pelo contrário, dele vos escolhi, por isso, o mundo vos odeia.

20 Lembrai-vos da palavra que eu vos disse: não é o servo maior do que seu senhor. Se me perseguiram a mim, também perseguirão a vós outros; se guardaram a minha palavra, também guardarão a vossa.
21 Tudo isto, porém, vos farão por causa do meu nome, porquanto não conhecem aquele que me enviou.

22 Se eu não viera, nem lhes houvera falado, pecado não teriam; mas, agora, não têm desculpa do seu pecado.

23 Quem me odeia odeia também a meu Pai.

sapagkat sinabi ko sa inyo ang lahat ng narinig ko sa aking Ama.

16Hindi ninyo ako pinili, kayo ang pinili ko. Pinili ko kayo upang kayo'y magbunga at manatili ang inyong bunga upang ang anumang hingin ninyo sa Ama, sa aking pangalan, ay ibibigay sa inyo.

17Ito nga ang utos ko sa inyo: magmahalan kayo.”

Ang Pagkapoot ng Sanlibutan

18“Kung napopoot sa inyo ang sanlibutan, alalahanin ninyong ako muna ang kinapootan nila bago kayo.
19Kung kayo'y taga-sanlibutan, mamahalin nila kayo, sapagkat kayo'y kabilang sa kanila. Hindi kayo taga-sanlibutan. Sila'y napopoot sa inyo dahil pinili ko kayo.
20Alalahanin ninyo ang sinabi kong ito: walang aliping nakakahigit kaysa sa kanyang panginoon. Kung ako'y inusig nila, uusigin din nila kayo. Kung sinunod nila ang aking sinabi, susundin rin nila ang inyong sasabihin.
21Subalit ang lahat ng ito'y gagawin nila sa inyo dahil sa akin, sapagkat hindi nila kilala ang nagsugo sa akin.
22Kung hindi ako naparito at nangaral sa kanila, hindi sana mapatutunayang nagkasala sila. Ngunit ngayo'y hindi na sila makakaiwas na panagutan ang kanilang kasalanan.
23Ang napopoot sa akin ay napopoot din sa aking Ama.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

24 Se eu não tivesse feito entre eles tais obras, quais nenhum outro fez, pecado não teriam; mas, agora, não somente têm eles visto, mas também odiado, tanto a mim como a meu Pai.

25 Isto, porém, é para que se cumpra a palavra escrita na sua lei: Odiaram-me sem motivo.

26 Quando, porém, vier o Consolador, que eu vos enviarei da parte do Pai, o Espírito da verdade, que dele procede, esse dará testemunho de mim;

27 e vós também testemunhareis, porque estais comigo desde o princípio.

João 16

A missão do Consolador

1 Tenho-vos dito estas coisas para que não vos escandalizeis.

2 Eles vos expulsarão das sinagogas; mas vem a hora em que todo o que vos matar julgará com isso tributar culto a Deus.

3 Isto farão porque não conhecem o Pai, nem a mim.

4 Ora, estas coisas vos tenho dito para que, quando a hora chegar, vos recordeis de que eu vo-las disse. Não vo-las disse desde o princípio, porque eu estava convosco.

24Kung hindi ko sana ginawa sa kanilang kalagitnaan ang mga gawaing hindi pa nagagawa ninuman, wala sana silang kasalanan. Ngunit nakita na nila ang aking mga gawa subalit sa kabila nito'y kinapootan pa rin nila ako at ang aking Ama.

25Subalit nangyari ito upang matupad ang sinasabi sa kanilang Kautusan, ‘Napoot sila sa akin nang walang dahilan. ’

26“Ngunit sa pagdating ng Tagapagtanggol, ang Espiritu ng katotohanan, na susuguin ko mula sa Ama, magpapatotoo siya tungkol sa akin.

27At magpapatotoo rin kayo tungkol sa akin, sapagkat sa pasimula pa'y kasama ko na kayo.

Juan 16

1“Sinasabi ko ito sa inyo upang huwag kayong mawalan ng pananalig sa akin.

2Ititiwalag nila kayo sa mga sinagoga. Darating ang panahon na ang sinumang pumatay sa inyo ay mag-aakalang naglilingkod siya sa Diyos.

3At gagawin nila ito sapagkat hindi nila ako kilala, ni ang Ama.

4Subalit sinabi ko na ito sa inyo upang kapag ito'y nangyari, maaalala ninyo ang sinabi ko sa inyo.”

Ang Gawain ng Espiritu Santo

“Hindi ko ito sinabi sa inyo noong una sapagkat kasama pa ninyo ako.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

5 Mas, agora, vou para junto daquele que
me enviou, e nenhum de vós me pergunta:
Para onde vais?
6 Pelo contrário, porque vos tenho dito
estas coisas, a tristeza encheu o vosso
coração.

7 Mas eu vos digo a verdade: convém-vos
que eu vá, porque, se eu não for, o
Consolador não virá para vós outros; se,
porém, eu for, eu vo-lo enviarei.

8 Quando ele vier, convencerá o mundo do
pecado, da justiça e do juízo:

9 do pecado, porque não crêem em mim;

10 da justiça, porque vou para o Pai, e não
me vereis mais;

11 do juízo, porque o príncipe deste mundo
já está julgado.

12 Tenho ainda muito que vos dizer, mas
vós não o podeis suportar agora;

13 quando vier, porém, o Espírito da
verdade, ele vos guiará a toda a verdade;
porque não falará por si mesmo, mas dirá
tudo o que tiver ouvido e vos anunciará as
coisas que hão de vir.

5Ngunit ngayo'y pupunta na ako sa
nagsugo sa akin at wala ni isa man sa inyo
ang nagtatanong kung saan ako pupunta.

6Ngayon sinabi ko na sa inyo, lubha
naman kayong nalungkot.

7Subalit dapat ninyong malaman ang
katotohanan. Ang pag-alis ko'y sa
ikabubuti ninyo, sapagkat hindi paparito
sa inyo ang Tagapagtanggol kung hindi
ako aalis. Ngunit kung wala na ako,
isusugo ko siya sa inyo.
8Pagdating niya ay kanyang patutunayan
sa mga taga-sanlibutan na mali ang
pagkakilala nila tungkol sa kasalanan,
tungkol sa pagiging matuwid, at tungkol
sa paghatol ng Diyos.
9Mali sila tungkol sa kasalanan sapagkat
hindi sila nananalig sa akin.
10Mali sila tungkol sa pagiging matuwid
sapagkat ako'y pupunta sa Ama at hindi na
ninyo makikita;
11at tungkol sa paghatol ng Diyos,
sapagkat hinatulan na ang pinuno ng
mundong ito.
12"Marami pa akong sasabihin sa inyo
subalit hindi pa ninyo kayang unawain
ngayon.
13Ngunit pagdating ng Espiritu ng
katotohanan, papatnubayan niya kayo sa
lahat ng katotohanang galing sa Diyos.
Sapagkat ang sasabihin niya ay hindi mula
sa kanyang sarili, kundi ang kanyang
narinig; at ipahahayag niya sa inyo ang
mga mangyayari sa hinaharap.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

14 Ele me glorificará, porque há de receber
do que é meu e vo-lo há de anunciar.

15 Tudo quanto o Pai tem é meu; por isso
é que vos disse que há de receber do que
é meu e vo-lo há de anunciar.

16 Um pouco, e não mais me vereis; outra
vez um pouco, e ver-me-eis.

17 Então, alguns dos seus discípulos
disseram uns aos outros: Que vem a ser
isto que nos diz: Um pouco, e não mais me
vereis, e outra vez um pouco, e ver-me-eis;
e: Vou para o Pai?

18 Diziam, pois: Que vem a ser esse – um
pouco? Não compreendemos o que quer
dizer.

19 Percebendo Jesus que desejavam
interrogá-lo, perguntou-lhes: Indagais
entre vós a respeito disto que vos disse:
Um pouco, e não me vereis, e outra vez
um pouco, e ver-me-eis?

20 Em verdade, em verdade eu vos digo
que chorareis e vos lamentareis, e o
mundo se alegrará; vós ficareis tristes, mas
a vossa tristeza se converterá em alegria.
21 A mulher, quando está para dar à luz,
tem tristeza, porque a sua hora é chegada;
mas, depois de nascido o menino, já não
se lembra da aflição, pelo prazer que tem
de ter nascido ao mundo um homem.

14Pararangalan niya ako sapagkat
tatanggapin ng Espiritu mula sa akin ang
ipahahayag niya sa inyo.
15Ang lahat ng sa Ama ay sa akin, kaya ko
sinabing tatanggapin ng Espiritu ang mula
sa akin at ipahahayag niya ito sa inyo.”

Kalungkutang Magiging Kagalakan

16“Kaunting panahon na lamang at hindi
na ninyo ako makikita, at pagkaraan ng
kaunti pang panahon, ako'y inyong
makikitang muli.”
17Nag-usap-usap ang ilan sa mga alagad,
“Ano kaya ang ibig niyang sabihin? Bakit
niya sinabing kaunting panahon na
lamang at hindi na natin siya makikita, at
pagkaraan ng kaunti pang panahon ay
makikita natin siyang muli? Sinabi pa
niya, ‘Sapagkat ako'y pupunta sa Ama. ’
18Ano kaya ang kahulugan ng, ‘kaunting
panahon na lamang’? Hindi natin
maunawaan ang kanyang sinasabi!”
19Alam ni Jesus na ibig nilang magtanong,
kaya't sinabi niya, “Nagtatanungan kayo
tungkol sa sinabi kong ‘kaunting panahon
na lamang at hindi na ninyo ako makikita,
at pagkaraan ng kaunti pang panahon,
ako'y makikita ninyong muli. ’
20Pakatandaan ninyo: iiyak kayo at
mahahapis, ngunit magagalak ang
sanlibutan. Labis kayong malulungkot,
subalit iyan ay mapapalitan ng kagalakan.
21“Kapag naghihirap na ang isang babaing
manganganak, siya'y nahahapis, sapagkat
dumating na ang oras ng kanyang
paghihirap. Ngunit pagkapanganak niya,
hindi na niya naaalala ang hirap;

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

22 Assim também agora vós tendes tristeza; mas outra vez vos verei; o vosso coração se alegrará, e a vossa alegria ninguém poderá tirar.

23 Naquele dia, nada me perguntareis. Em verdade, em verdade vos digo: se pedirdes alguma coisa ao Pai, ele vo-la concederá em meu nome.

24 Até agora nada tendes pedido em meu nome; pedi e recebereis, para que a vossa alegria seja completa.

Palavras de despedida

25 Estas coisas vos tenho dito por meio de figuras; vem a hora em que não vos falarei por meio de comparações, mas vos falarei claramente a respeito do Pai.

26 Naquele dia, pedireis em meu nome; e não vos digo que rogarei ao Pai por vós.

27 Porque o próprio Pai vos ama, visto que me tendes amado e tendes crido que eu vim da parte de Deus.

28 Vim do Pai e entrei no mundo; todavia, deixo o mundo e vou para o Pai.

29 Disseram os seus discípulos: Agora é que falas claramente e não empregas nenhuma figura.

nagagalak siya dahil sa pagsilang ng isang sanggol sa sanlibutan.

22"Gayundin naman kayo, nalulungkot kayo ngayon, ngunit muli tayong magkikita, at mag-uumapaw sa inyong puso ang kagalakang hindi maaagaw ninuman.

23Sa araw na iyon, hindi na kayo kailangang magtanong sa akin. Pakatandaan ninyo: anumang hingin ninyo sa Ama sa aking pangalan ay ibibigay niya sa inyo.

24Hanggang ngayo'y wala pa kayong hinihingi sa kanya sa aking pangalan. Humingi kayo, at kayo'y tatanggap upang malubos ang inyong kagalakan."

Pagtatagumpay sa Pangalan ni Jesus

25"Ang mga ito'y sinabi ko sa inyo nang patalinhaga. Subalit darating ang panahong hindi na ako magsasalita sa inyo sa ganitong paraan; tuwiran ko nang sasabihin sa inyo ang tungkol sa Ama.

26Sa araw na iyon ay hihingi kayo sa kanya sa aking pangalan, at hindi ko sinasabing ako mismo ang hihiling sa Ama para sa inyo.

27Mahal kayo ng Ama; minamahal niya kayo sapagkat ako'y minahal ninyo at naniwala kayo na ako'y nagmula sa Diyos.

28Ako nga'y nanggaling sa Ama at naparito sa daigdig; ngayo'y aalis na ako sa daigdig at babalik na sa Ama."

29Sinabi ng kanyang mga alagad, "Ngayon po'y tuwiran na ang inyong pangungusap sa amin at hindi na patalinhaga!

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

30 Agora, vemos que sabes todas as coisas
e não precisas de que alguém te pergunte;
por isso, cremos que, de fato, vieste de
Deus.

31 Respondeu-lhes Jesus: Credes agora?

32 Eis que vem a hora e já é chegada, em
que sereis dispersos, cada um para sua
casa, e me deixareis só; contudo, não estou
só, porque o Pai está comigo.

33 Estas coisas vos tenho dito para que
tenhais paz em mim. No mundo, passais
por aflições; mas tende bom ânimo; eu
venci o mundo.

João 17

A oração sacerdotal de Jesus

1 Tendo Jesus falado estas coisas, levantou
os olhos ao céu e disse: Pai, é chegada a
hora; glorifica a teu Filho, para que o Filho
te glorifique a ti,

2 assim como lhe conferiste autoridade
sobre toda a carne, a fim de que ele
conceda a vida eterna a todos os que lhe
deste.

3 E a vida eterna é esta: que te conheçam
a ti, o único Deus verdadeiro, e a Jesus
Cristo, a quem enviaste.

30Ngayon alam na po naming alam ninyo
ang lahat ng bagay, at hindi na kailangang
tanungin pa kayo ninuman. Dahil dito,
naniniwala po kami na kayo'y mula sa
Diyos.”
31Sumagot si Jesus, “Talaga bang
naniniwala na kayo?
32Darating ang oras, at ngayon na nga, na
magkakawatak-watak kayo. Magkakanya-
kanya kayo ng lakad, at iiwanan ninyo
ako. Gayunman, hindi ako tunay na nag-
iisa sapagkat kasama ko ang Ama.
33Sinabi ko ito sa inyo upang kayo'y
magkaroon ng kapayapaan sa pakikipag-
isa sa akin. Magdaranas kayo ng
kapighatian sa mundong ito, ngunit
tibayan ninyo ang inyong loob!
Napagtagumpayan ko na ang sanlibutan!”

Juan 17

Idinalangin ni Jesus ang Kanyang mga Alagad

1Pagkasabi ni Jesus ng mga pananalitang
ito, tumingala siya sa langit at kanyang
sinabi, “Ama, dumating na ang oras;
parangalan mo na ang iyong Anak upang
maparangalan ka niya.
2Sapagkat binigyan mo ako ng
kapangyarihan sa sangkatauhan upang
bigyan ko ng buhay na walang hanggan
ang lahat ng ibinigay mo sa Anak.
3Ito ang buhay na walang hanggan: ang
makilala ka nila, ang iisa at tunay na
Diyos, at ang makilala si Jesu-Cristo na
iyong isinugo.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

4 Eu te glorifiquei na terra, consumando a
obra que me confiaste para fazer;

5 e, agora, glorifica-me, ó Pai, contigo
mesmo, com a glória que eu tive junto de
ti, antes que houvesse mundo.
6 Manifestei o teu nome aos homens que
me deste do mundo. Eram teus, tu mos
confiaste, e eles têm guardado a tua
palavra.
7 Agora, eles reconhecem que todas as
coisas que me tens dado provêm de ti;
8 porque eu lhes tenho transmitido as
palavras que me deste, e eles as
receberam, e verdadeiramente
conheceram que saí de ti, e creram que tu
me enviaste.

9 É por eles que eu rogo; não rogo pelo
mundo, mas por aqueles que me deste,
porque são teus;

10 ora, todas as minhas coisas são tuas, e
as tuas coisas são minhas; e, neles, eu sou
glorificado.

11 Já não estou no mundo, mas eles
continuam no mundo, ao passo que eu vou
para junto de ti. Pai santo, guarda-os em
teu nome, que me deste, para que eles
sejam um, assim como nós.

12 Quando eu estava com eles, guardava-
os no teu nome, que me deste, e protegi-
os, e nenhum deles se perdeu, exceto o

4Inihayag ko sa lupa ang iyong
karangalan; natapos ko na ang
ipinapagawa mo sa akin.
5Kaya, Ama, ipagkaloob mo sa akin
ngayon ang kaluwalhatiang taglay ko sa
piling mo bago pa likhain ang daigdig.
6“Ipinakilala na kita sa mga taong ibinigay
mo sa akin mula sa daigdig. Sila'y iyo at
ibinigay mo sila sa akin, at tinupad nila
ang iyong salita.
7Alam na nila na ang lahat ng ibinigay mo
sa akin ay mula sa iyo;
8dahil itinuro ko sa kanila ang mga aral na
ibinigay mo sa akin, at tinanggap naman
nila. Natitiyak nilang ako'y tunay na
galing sa iyo, at naniniwala silang ikaw
nga ang nagsugo sa akin.
9“Idinadalangin ko sila; hindi ang
sanlibutang ito ang idinadalangin ko,
kundi ang lahat ng ibinigay mo sa akin,
sapagkat sila'y sa iyo.
10Ang lahat ng sa akin ay sa iyo, at ang
lahat ng sa iyo ay sa akin; at
napaparangalan ako sa pamamagitan nila.
11At ngayon, ako'y papunta na sa iyo;
iiwanan ko na ang sanlibutang ito, ngunit
sila ay nasa sanlibutan pa. Amang banal,
ingatan mo po sila sa pamamagitan ng
kapangyarihan ng iyong pangalan, ang
pangalang ibinigay mo sa akin, upang
kung paanong ikaw at ako ay iisa,
gayundin naman sila'y maging isa.
12Habang kasama nila ako, iningatan ko
sila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng
iyong pangalan, ang pangalang ibinigay

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

filho da perdição, para que se cumprisse a Escritura.

13 Mas, agora, vou para junto de ti e isto falo no mundo para que eles tenham o meu gozo completo em si mesmos.

14 Eu lhes tenho dado a tua palavra, e o mundo os odiou, porque eles não são do mundo, como também eu não sou.

15 Não peço que os tires do mundo, e sim que os guardes do mal.

16 Eles não são do mundo, como também eu não sou.

17 Santifica-os na verdade; a tua palavra é a verdade.

18 Assim como tu me enviaste ao mundo, também eu os enviei ao mundo.

19 E a favor deles eu me santifico a mim mesmo, para que eles também sejam santificados na verdade.

20 Não rogo somente por estes, mas também por aqueles que vierem a crer em mim, por intermédio da sua palavra;

21 a fim de que todos sejam um; e como és tu, ó Pai, em mim e eu em ti, também

mo sa akin. Pinangalagaan ko sila at walang napahamak sa kanila, maliban sa taong humanap ng kanyang kapahamakan, upang matupad ang kasulatan.

13Ngunit ngayon, ako'y papunta na sa iyo, at sinasabi ko ito habang ako'y nasa sanlibutan pa upang mapuspos sila ng aking kagalakan.

14Naibigay ko na sa kanila ang iyong salita, at kinapootan sila ng mga tao sa sanlibutang ito, sapagkat hindi na sila taga-sanlibutan, tulad ko na hindi taga-sanlibutan.

15Hindi ko idinadalanging kunin mo sila sa daigdig na ito, kundi iligtas mo sila sa Masama!

16Hindi sila taga-sanlibutan, tulad ko na hindi rin taga-sanlibutan.

17Italaga mo sila sa pamamagitan ng katotohanan; ang salita mo ang katotohanan.

18Kung paanong isinugo mo ako sa sanlibutan, gayundin naman, isinusugo ko sila sa sanlibutan.

19At alang-alang sa kanila'y itinalaga ko sa iyo ang aking sarili, upang maitalaga rin sila sa pamamagitan ng katotohanan.

20“Hindi lamang sila ang idinadalangin ko; idinadalangin ko pati ang mga mananalig sa akin dahil sa pahayag ng aking mga tagasunod.

21Ama, maging isa nawa silang lahat. Kung paanong ikaw ay nasa akin at ako'y nasa iyo, gayundin naman, maging isa

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

sejam eles em nós; para que o mundo creia que tu me enviaste.

22 Eu lhes tenho transmitido a glória que me tens dado, para que sejam um, como nós o somos;

23 eu neles, e tu em mim, a fim de que sejam aperfeiçoados na unidade, para que o mundo conheça que tu me enviaste e os amaste, como também amaste a mim.

24 Pai, a minha vontade é que onde eu estou, estejam também comigo os que me deste, para que vejam a minha glória que me conferiste, porque me amaste antes da fundação do mundo.

25 Pai justo, o mundo não te conheceu; eu, porém, te conheci, e também estes compreenderam que tu me enviaste.

26 Eu lhes fiz conhecer o teu nome e ainda o farei conhecer, a fim de que o amor com que me amaste esteja neles, e eu neles esteja.

João 18

Jesus no Getsêmani

Mateus 26.47-56; Marcos 14.43-50; Lucas 22.47-53

1 Tendo Jesus dito estas palavras, saiu juntamente com seus discípulos para o outro lado do ribeiro Cedrom, onde havia um jardim; e aí entrou com eles.

2 E Judas, o traidor, também conhecia aquele lugar, porque Jesus ali estivera muitas vezes com seus discípulos.

nawa sila sa atin upang ang mga tao sa daigdig ay maniwala na ikaw ang nagsugo sa akin.

22Ibinigay ko na sa kanila ang karangalang ibinigay mo sa akin upang sila'y ganap na maging isa, tulad mo at ako na iisa.

23Ako'y nasa kanila at ikaw ay nasa akin, upang lubusan silang maging isa. Dahil dito, makikilala ng mga tao sa daigdig na isinugo mo ako at sila'y minamahal mo, katulad ng pagmamahal mo sa akin.

24"Ama, sila ay ibinigay mo sa akin at nais kong makasama sila sa kinaroroonan ko upang makita nila ang karangalang ibinigay mo sa akin, sapagkat minahal mo na ako bago pa nilikha ang daigdig.

25Mapagmahal na Ama, hindi ka kilala ng mga tao sa daigdig, ngunit kilala kita, at alam rin ng mga ibinigay mo sa akin na ikaw ang nagsugo sa akin.

26Ipinakilala na kita sa kanila, at patuloy kitang ipapakilala, upang ang pagmamahal mo sa akin ay manatili sa kanila, at ako ay manatili rin sa kanila."

Juan 18

Ang Pagdakip kay Jesus

(Mt. 26:47-56; Mc. 14:43-50; Lu. 22:47-53)

1Pagkatapos ng panalanging ito, umalis si Jesus kasama ang kanyang mga alagad. Tumawid sila sa batis ng Kidron at pumasok sa isang halamanan doon.

2Alam ng taksil na si Judas ang lugar na iyon sapagkat doon madalas magpunta si Jesus at ang kanyang mga alagad.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

3 Tendo, pois, Judas recebido a escolta e,
dos principais sacerdotes e dos fariseus,
alguns guardas, chegou a este lugar com
lanternas, tochas e armas.

4 Sabendo, pois, Jesus todas as coisas que
sobre ele haviam de vir, adiantou-se e
perguntou-lhes: A quem buscais?
5 Responderam-lhe: A Jesus, o Nazareno.
Então, Jesus lhes disse: Sou eu. Ora, Judas,
o traidor, estava também com eles.
6 Quando, pois, Jesus lhes disse: Sou eu,
recuaram e caíram por terra.
7 Jesus, de novo, lhes perguntou: A quem
buscais? Responderam: A Jesus, o
Nazareno.

8 Então, lhes disse Jesus: Já vos declarei
que sou eu; se é a mim, pois, que buscais,
deixai ir estes;

9 para se cumprir a palavra que dissera:
Não perdi nenhum dos que me deste.

10 Então, Simão Pedro puxou da espada
que trazia e feriu o servo do sumo
sacerdote, cortando-lhe a orelha direita; e
o nome do servo era Malco.

11 Mas Jesus disse a Pedro: Mete a espada
na bainha; não beberei, porventura, o
cálice que o Pai me deu?

Jesus perante Anás

12 Assim, a escolta, o comandante e os
guardas dos judeus prenderam Jesus,
manietaram-no

3Pumunta doon si Judas, kasama ang ilang
pinuno ng mga bantay sa Templo at isang
grupo ng mga kawal Romano na padala ng
mga punong pari at mga Pariseo. May dala
silang mga lampara, ilawan at sandata.
4Alam ni Jesus ang lahat ng mangyayari sa
kanya kaya't sila ay sinalubong niya at
tinanong, “Sino ang hinahanap ninyo?”
5“Si Jesus na taga-Nazaret, ” sagot nila. At
sinabi niya, “Ako si Jesus.” Kaharap nila
noon si Judas na nagtaksil sa kanya.
6Nang sabihin niyang, “Ako si Jesus, ”
napaurong sila at natumba.
7Muli siyang nagtanong, “Sino nga ba ang
hinahanap ninyo?” “Si Jesus na taga-
Nazaret, ” sagot nila.
8Sumagot si Jesus, “Sinabi ko na sa inyong
ako si Jesus. Kung ako ang hinahanap
ninyo, hayaan ninyong umalis ang mga
taong ito.”
9Sa gayon, natupad ang kanyang sinabi,
“Ama, walang napahamak kahit isa sa
mga ibinigay mo sa akin.”
10Binunot ni Simon Pedro ang kanyang
tabak at tinaga ang kanang tainga ni
Malco na isa sa mga alipin ng
pinakapunong pari ng mga Judio.
11Sinabi ni Jesus kay Pedro, “Ibalik mo sa
lalagyan ang iyong tabak! Dapat kong
danasin ang paghihirap na ibinigay sa
akin ng Ama.”

12Dinakip nga si Jesus at iginapos ng mga
bantay sa Templo at ng mga kawal na
Romano na pinamumunuan ng isang
kapitan.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

13 e o conduziram primeiramente a Anás;
pois era sogro de Caifás, sumo sacerdote
naquele ano.

14 Ora, Caifás era quem havia declarado
aos judeus ser conveniente morrer um
homem pelo povo.

Pedro nega a Jesus
Mateus 26.69-75; Marcos 14.66-72; Lucas 22.55-62

15 Simão Pedro e outro discípulo seguiam
a Jesus. Sendo este discípulo conhecido do
sumo sacerdote, entrou para o pátio deste
com Jesus.

16 Pedro, porém, ficou de fora, junto à
porta. Saindo, pois, o outro discípulo, que
era conhecido do sumo sacerdote, falou
com a encarregada da porta e levou a
Pedro para dentro.
17 Então, a criada, encarregada da porta,
perguntou a Pedro: Não és tu também um
dos discípulos deste homem? Não sou,
respondeu ele.

18 Ora, os servos e os guardas estavam ali,
tendo acendido um braseiro, por causa do
frio, e aquentavam-se. Pedro estava no
meio deles, aquentando-se também.

Anás interroga a Jesus

19 Então, o sumo sacerdote interrogou a
Jesus acerca dos seus discípulos e da sua
doutrina.
20 Declarou-lhe Jesus: Eu tenho falado
francamente ao mundo; ensinei

13Siya'y dinala muna kay Anas na biyenan
ni Caifas, ang pinakapunong pari nang
taóng iyon.
14Si Caifas ang nagpayo sa mga pinuno ng
mga Judio na mas mabuti para sa kanila
na isang tao lamang ang mamatay para sa
bayan.

Ikinaila ni Pedro si Jesus
(Mt. 26:69-70; Mc. 14:66-68; Lu. 22:55-57)

15Sumunod kay Jesus si Simon Pedro at
ang isa pang alagad. Ang alagad na ito ay
kilala ng pinakapunong pari kaya't
nakapasok siyang kasama ni Jesus
hanggang sa patyo ng bahay ng
pinakapunong pari.
16Naiwan naman si Pedro sa labas ng
pintuan, kaya lumabas ang alagad na
kilala ng pinakapunong pari, kinausap ang
dalagang nagbabantay sa pinto at
pinapasok si Pedro.

17Si Pedro'y tinanong ng dalaga, “Hindi
ba't isa ka sa mga alagad ng taong iyan?”
“Hindi, ” sagot ni Pedro.

18Maginaw noon, kaya't nagsiga ang mga
utusan at ang mga bantay, at nag-
umpukan sila sa paligid ng apoy upang
magpainit. Nakihalo sa kanila si Pedro at
nagpainit din.

Tinanong si Jesus sa Harapan ng Pinakapunong Pari
(Mt. 26:59-66; Mc. 14:55-64; Lu. 22:66-71)

19Tinanong si Jesus ng pinakapunong pari
tungkol sa kanyang mga alagad at sa
kanyang mga itinuturo.
20Sumagot si Jesus, “Hayagan akong
nagsasalita sa madla, at lagi akong

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

continuamente tanto nas sinagogas como no templo, onde todos os judeus se reúnem, e nada disse em oculto.
21 Por que me interrogas? Pergunta aos que ouviram o que lhes falei; bem sabem eles o que eu disse.
22 Dizendo ele isto, um dos guardas que ali estavam deu uma bofetada em Jesus, dizendo: É assim que falas ao sumo sacerdote?

23 Replicou-lhe Jesus: Se falei mal, dá testemunho do mal; mas, se falei bem, por que me feres?

24 Então, Anás o enviou, manietado, à presença de Caifás, o sumo sacerdote.

De novo, Pedro nega a Jesus

25 Lá estava Simão Pedro, aquentando-se. Perguntaram-lhe, pois: És tu, porventura, um dos discípulos dele? Ele negou e disse: Não sou.

26 Um dos servos do sumo sacerdote, parente daquele a quem Pedro tinha decepado a orelha, perguntou: Não te vi eu no jardim com ele?

27 De novo, Pedro o negou, e, no mesmo instante, cantou o galo.

Jesus perante Pilatos
Mateus 27.1-2; Marcos 15.1; Lucas 23.1

28 Depois, levaram Jesus da casa de Caifás para o pretório. Era cedo de manhã. Eles não entraram no pretório para não se

nagtuturo sa mga sinagoga at sa Templo na pinagtitipunan ng mga Judio. Wala akong sinabi nang palihim.
21Bakit ako ang tinatanong ninyo? Ang tanungin ninyo'y ang mga nakarinig sa akin; alam nila kung ano ang sinabi ko.”
22Pagkasabi nito'y sinampal siya ng isa sa mga pinuno ng mga bantay na naroroon. “Bakit mo sinasagot nang ganyan ang pinakapunong pari?” tanong niya.
23Sumagot si Jesus, “Kung may nagawa akong masama, patunayan mo! Ngunit kung totoo ang sinabi ko, bakit mo ako sinampal?”
24Matapos ito, si Jesus ay nakagapos pa rin na ipinadala ni Anas kay Caifas, ang pinakapunong pari.

Muling Ikinaila ni Pedro si Jesus
(Mt. 26:71-75; Mc. 14:69-72; Lu. 22:58-62)

25Habang nagaganap ito, si Simon Pedro ay patuloy na nagpapainit sa tabi ng apoy. Siya'y tinanong ng mga naroon, “Hindi ba't alagad ka rin ng taong iyan?” “Hindi!” kaila ni Pedro.
26Tinanong naman siya ng isa sa mga utusan ng pinakapunong pari ng mga Judio at kamag-anak ng lalaking natagpasan niya ng tainga, “Hindi ba ikaw ang nakita kong kasama ni Jesus sa halamanan?”
27Muling ikinaila ito ni Pedro, at narinig na tumilaok ang manok.

Dinala si Jesus kay Pilato
(Mt. 27:1-2, 11-14; Mc. 15:1-5; Lu. 23:1-5)

28Maaga pa nang dalhin si Jesus sa palasyo mula sa bahay ni Caifas. Hindi pumasok ang mga pinuno ng mga Judio sa palasyo

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

contaminarem, mas poderem comer a Páscoa.

29 Então, Pilatos saiu para lhes falar e lhes disse: Que acusação trazeis contra este homem?

30 Responderam-lhe: Se este não fosse malfeitor, não to entregaríamos.

31 Replicou-lhes, pois, Pilatos: Tomai-o vós outros e julgai-o segundo a vossa lei. Responderam-lhe os judeus: A nós não nos é lícito matar ninguém;

32 para que se cumprisse a palavra de Jesus, significando o modo por que havia de morrer.

Pilatos interroga a Jesus

Mateus 27.11-26; Marcos 15.1-15; Lucas 23.1-7,13-25

33 Tornou Pilatos a entrar no pretório, chamou Jesus e perguntou-lhe: És tu o rei dos judeus?

34 Respondeu Jesus: Vem de ti mesmo esta pergunta ou to disseram outros a meu respeito?

35 Replicou Pilatos: Porventura, sou judeu? A tua própria gente e os principais sacerdotes é que te entregaram a mim. Que fizeste?

36 Respondeu Jesus: O meu reino não é deste mundo. Se o meu reino fosse deste mundo, os meus ministros se empenhariam por mim, para que não fosse eu entregue aos judeus; mas agora o meu reino não é daqui.

upang sila'y huwag maituring na di karapat-dapat kumain ng hapunang pampaskwa.

29Kaya't si Pilato ay lumabas sa palasyo at tinanong sila, “Ano ang paratang ninyo laban sa taong ito?”

30Sila'y sumagot, “Hindi po namin siya dadalhin sa inyo kung hindi siya gumawa ng masama.”

31Sinabi sa kanila ni Pilato, “Dalhin ninyo siya at hatulan ayon sa inyong batas.” Subalit sumagot ang mga Judio, “Wala po kaming kapangyarihang humatol ng kamatayan kaninuman.”

32Sa gayon, natupad ang sinabi ni Jesus nang ipahiwatig niya kung sa anong paraan siya mamamatay.

33Si Pilato ay pumasok uli sa palasyo at ipinatawag si Jesus. “Ikaw ba ang Hari ng mga Judio?” tanong niya.

34Sumagot si Jesus, “Iyan ba'y sarili mong palagay, o may ibang nagsabi sa iyo?”

35Tugon ni Pilato, “Hindi ako Judio. Ang mga kababayan mo at ang mga punong pari ang nagdala sa iyo rito. Ano ba ang ginawa mo?”

36Sumagot si Jesus, “Ang kaharian ko'y hindi sa daigdig na ito. Kung sa daigdig na ito ang aking kaharian, ipinakipaglaban sana ako ng aking mga tauhan at hindi naipagkanulo sa mga Judio. Ngunit hindi sa daigdig na ito ang aking kaharian!”

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

37 Então, lhe disse Pilatos: Logo, tu és rei? Respondeu Jesus: Tu dizes que sou rei. Eu para isso nasci e para isso vim ao mundo, a fim de dar testemunho da verdade. Todo aquele que é da verdade ouve a minha voz.

38 Perguntou-lhe Pilatos: Que é a verdade? Tendo dito isto, voltou aos judeus e lhes disse: Eu não acho nele crime algum.

39 É costume entre vós que eu vos solte alguém por ocasião da Páscoa; quereis, pois, que vos solte o rei dos judeus?

40 Então, gritaram todos, novamente: Não este, mas Barrabás! Ora, Barrabás era salteador.

João 19

1 Então, por isso, Pilatos tomou a Jesus e mandou açoitá-lo.

2 Os soldados, tendo tecido uma coroa de espinhos, puseram-lha na cabeça e vestiram-no com um manto de púrpura.

3 Chegavam-se a ele e diziam: Salve, rei dos judeus! E davam-lhe bofetadas.

37"Kung ganoon, isa ka ngang hari?" sabi ni Pilato. Sumagot si Jesus, "Ikaw na ang nagsasabing ako'y hari. Ito ang dahilan kung bakit ako ipinanganak at naparito sa daigdig, upang magsalita tungkol sa katotohanan. Nakikinig sa aking tinig ang sinumang nasa katotohanan."
38"Ano ba ang katotohanan?" tanong ni Pilato.

Hinatulang Mamatay si Jesus
(Mt. 27:15-31; Mc. 15:6-20; Lu. 23:13-25)

Pagkasabi nito, muling lumabas si Pilato at sinabi sa mga Judio, "Wala akong makitang kasalanan sa taong ito.
39Ngunit ayon sa inyong kaugalian, dapat akong magpalaya ng isang bilanggo sa Pista ng Paskwa. Ibig ba ninyong palayain ko ang Hari ng mga Judio?"

40"Hindi!" sigaw nila. "Hindi siya, kundi si Barabbas!" Si Barabbas ay isang tulisan.

Juan 19

1Kaya't ipinakuha ni Pilato si Jesus at ipinahagupit.

2Ang mga kawal ay kumuha ng sangang matinik, ginawa itong korona at ipinutong kay Jesus. Siya rin ay sinuotan nila ng balabal na kulay ube at
3bawat isa'y lumalapit sa kanya at patuyang bumabati, "Mabuhay ang Hari ng mga Judio!" At kanilang pinagsasampal si Jesus.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

4 Outra vez saiu Pilatos e lhes disse: Eis que eu vo-lo apresento, para que saibais que eu não acho nele crime algum.

5 Saiu, pois, Jesus trazendo a coroa de espinhos e o manto de púrpura. Disse-lhes Pilatos: Eis o homem!

6 Ao verem-no, os principais sacerdotes e os seus guardas gritaram: Crucifica-o! Crucifica-o! Disse-lhes Pilatos: Tomai-o vós outros e crucificai-o; porque eu não acho nele crime algum.

7 Responderam-lhe os judeus: Temos uma lei, e, de conformidade com a lei, ele deve morrer, porque a si mesmo se fez Filho de Deus.

8 Pilatos, ouvindo tal declaração, ainda mais atemorizado ficou,

9 e, tornando a entrar no pretório, perguntou a Jesus: Donde és tu? Mas Jesus não lhe deu resposta.

10 Então, Pilatos o advertiu: Não me respondes? Não sabes que tenho autoridade para te soltar e autoridade para te crucificar?

11 Respondeu Jesus: Nenhuma autoridade terias sobre mim, se de cima não te fosse dada; por isso, quem me entregou a ti maior pecado tem.

12 A partir deste momento, Pilatos procurava soltá-lo, mas os judeus clamavam: Se soltas a este, não és amigo

4Lumabas muli si Pilato at sinabi sa mga tao, “Ihaharap ko siya sa inyo upang malaman ninyo na wala akong makitang kasalanan sa kanya!”
5At inilabas nga si Jesus na may koronang tinik at balabal na kulay ube. Sinabi sa kanila ni Pilato, “Sige! Pagmasdan ninyo siya!”
6Pagkakita sa kanya ng mga punong pari at ng mga bantay, sila'y nagsigawan, “Ipako siya sa krus! Ipako sa krus!” Sinabi ni Pilato, “Kunin ninyo siya, bahala kayong magpako sa kanya dahil wala akong makitang kasalanan sa kanya.”
7Sumagot ang mga Judio, “Ayon sa aming kautusa'y nararapat siyang mamatay, sapagkat siya'y nagpapanggap na Anak ng Diyos.”
8Nang marinig niya ang sinabi nila, lalong natakot si Pilato.
9Muli siyang pumasok sa palasyo at tinanong si Jesus, “Tagasaan ka ba?” Subalit hindi tumugon si Jesus.
10Muling nagtanong si Pilato, “Ayaw mo bang makipag-usap sa akin? Hindi mo ba alam na may kapangyarihan akong palayain ka o ipapako sa krus?”
11Sumagot si Jesus, “Magagawa mo lamang iyan sapagkat ipinagkaloob sa iyo ng Diyos ang kapangyarihang iyan, kaya't mas mabigat ang kasalanan ng nagdala sa akin dito sa harapan mo.”
12Nang marinig ito ni Pilato, lalo pa niyang hinangad na palayain si Jesus. Ngunit nagsigawan ang mga tao, “Kapag

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

de César! Todo aquele que se faz rei é contra César!

13 Ouvindo Pilatos estas palavras, trouxe Jesus para fora e sentou-se no tribunal, no lugar chamado Pavimento, no hebraico Gabatá.

14 E era a parasceve pascal, cerca da hora sexta; e disse aos judeus: Eis aqui o vosso rei.

15 Eles, porém, clamavam: Fora! Fora! Crucifica-o! Disse-lhes Pilatos: Hei de crucificar o vosso rei? Responderam os principais sacerdotes: Não temos rei, senão César!

16 Então, Pilatos o entregou para ser crucificado.

A crucificação
Mateus 27.33-44; Marcos 15.22-32; Lucas 23.33-43

17 Tomaram eles, pois, a Jesus; e ele próprio, carregando a sua cruz, saiu para o lugar chamado Calvário, Gólgota em hebraico,

18 onde o crucificaram e com ele outros dois, um de cada lado, e Jesus no meio.

19 Pilatos escreveu também um título e o colocou no cimo da cruz; o que estava escrito era: JESUS NAZARENO, O REI DOS JUDEUS.

pinalaya mo ang taong iyan, hindi ka kaibigan ng Emperador! Ang sinumang nagpapanggap na hari ay kalaban ng Emperador."

13Pagkarinig ni Pilato sa mga salitang ito, inilabas niya si Jesus at siya'y umupo sa hukuman, sa dakong tinatawag na "Plataporma, " Gabatha sa wikang Hebreo.

14Araw noon ng Paghahanda sa Paskwa, at mag-aalas dose na ng tanghali. Sinabi ni Pilato sa mga Judio, "Narito ang inyong hari!"

15Sumigaw sila, "Patayin siya! Patayin! Ipako sa krus!" "Ipapako ko ba sa krus ang inyong hari?" tanong naman ni Pilato. Sumagot ang mga punong pari, "Wala kaming hari kundi ang Emperador!"

16Kaya't ibinigay sa kanila ni Pilato si Jesus upang siya'y maipako sa krus.

Ipinako si Jesus sa Krus
(Mt. 27:32-44; Mc. 15:21-32; Lu. 23:26-43)

Kinuha nga nila si Jesus.

17Inilabas siyang pasan ang kanyang krus papunta sa lugar na kung tawagi'y "Lugar ng Bungo, " Golgotha sa wikang Hebreo.

18Pagdating doon, siya'y ipinako sa krus, kasama ng dalawa pa; isa sa gawing kanan at isa sa kaliwa.

19Isinulat ni Pilato ang ganitong mga salita at ipinalagay sa krus: "Si Jesus na taga-Nazaret, ang Hari ng mga Judio."

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

20 Muitos judeus leram este título, porque
o lugar em que Jesus fora crucificado era
perto da cidade; e estava escrito em
hebraico, latim e grego.

21 Os principais sacerdotes diziam a
Pilatos: Não escrevas: Rei dos judeus, e
sim que ele disse: Sou o rei dos judeus.

22 Respondeu Pilatos: O que escrevi
escrevi.

Os soldados deitam sortes

23 Os soldados, pois, quando crucificaram
Jesus, tomaram-lhe as vestes e fizeram
quatro partes, para cada soldado uma
parte; e pegaram também a túnica. A
túnica, porém, era sem costura, toda
tecida de alto a baixo.

24 Disseram, pois, uns aos outros: Não a
rasguemos, mas lancemos sortes sobre ela
para ver a quem caberá – para se cumprir
a Escritura: Repartiram entre si as minhas
vestes e sobre a minha túnica lançaram
sortes. Assim, pois, o fizeram os soldados.

25 E junto à cruz estavam a mãe de Jesus,
e a irmã dela, e Maria, mulher de Clopas,
e Maria Madalena.

26 Vendo Jesus sua mãe e junto a ela o
discípulo amado, disse: Mulher, eis aí teu
filho.

20Nasusulat ito sa mga wikang Hebreo,
Latin, at Griego. Marami sa mga Judio ang
nakabasa nito sapagkat malapit lamang sa
lunsod ang dakong pinagpakuan kay
Jesus.
21Kaya't ipinagpilitan ng mga punong pari
kay Pilato, “Hindi sana ninyo isinulat ang
‘Ang Hari ng mga Judio’, kundi, ‘Sinabi ng
taong ito, Ako ang Hari ng mga Judio. ’”
22Ngunit sumagot si Pilato, “Ang naisulat
ko'y naisulat ko na.”

23Nang si Jesus ay maipako na ng mga
kawal, kinuha nila ang kanyang panlabas
na kasuotan at pinaghati-hati sa apat.
Kinuha rin nila ang kanyang mahabang
panloob na kasuotan; ito'y walang tahi at
hinabi nang buo mula sa itaas hanggang
sa ibaba.
24Kaya't nag-usap-usap ang mga kawal,
“Huwag nating punitin ito; daanin na
lamang natin sa palabunutan para
malaman kung kanino ito mapupunta.” Sa
gayon, natupad ang isinasaad ng
Kasulatan, “Pinaghati-hatian nila ang
aking kasuotan; at nagpalabunutan sila
kung kanino mapupunta ang aking
damit.” Ganoon nga ang ginawa ng mga
kawal.
25Nakatayo sa tabi ng krus ni Jesus ang
kanyang ina at ang kapatid nitong babae,
si Maria na asawa ni Cleopas, at si Maria
Magdalena.

26Nang makita ni Jesus ang kanyang ina at
ang minamahal niyang alagad na nasa tabi

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

27 Depois, disse ao discípulo: Eis aí tua mãe. Dessa hora em diante, o discípulo a tomou para casa.

A morte de Jesus
Mateus 27.45-56; Marcos 15.33-41; Lucas 23.44-49

28 Depois, vendo Jesus que tudo já estava consumado, para se cumprir a Escritura, disse: Tenho sede!

29 Estava ali um vaso cheio de vinagre. Embeberam de vinagre uma esponja e, fixando-a num caniço de hissopo, lha chegaram à boca.

30 Quando, pois, Jesus tomou o vinagre, disse: Está consumado! E, inclinando a cabeça, rendeu o espírito.

Um soldado abre o lado de Jesus com uma lança

31 Então, os judeus, para que no sábado não ficassem os corpos na cruz, visto como era a preparação, pois era grande o dia daquele sábado, rogaram a Pilatos que se lhes quebrassem as pernas, e fossem tirados.

32 Os soldados foram e quebraram as pernas ao primeiro e ao outro que com ele tinham sido crucificados;
33 chegando-se, porém, a Jesus, como vissem que já estava morto, não lhe quebraram as pernas.

34 Mas um dos soldados lhe abriu o lado com uma lança, e logo saiu sangue e água.

nito, sinabi niya, “Ina, iturin mo siyang sariling anak!”
27At sinabi niya sa alagad, “Iturin mo siyang iyong ina!” Mula noon, sa bahay na ng alagad na ito tumira ang ina ni Jesus.

Ang Pagkamatay ni Jesus
(Mt. 27:45-56; Mc. 15:33-41; Lu. 23:44-49)

28Alam ni Jesus na naganap na ang lahat ng bagay. Kaya't upang matupad ang kasulatan ay sinabi niya, “Nauuhaw ako!”
29May isang mangkok doon na puno ng maasim na alak. Inilubog nila rito ang isang espongha, ikinabit iyon sa isang tangkay ng hisopo at idiniit sa kanyang bibig.
30Nang masipsip na ni Jesus ang alak, sinabi niya, “Naganap na!” Iniyuko niya ang kanyang ulo at nalagot ang kanyang hininga.

Sinaksak ng Sibat ang Tagiliran ni Jesus

5Nais ko sanang kayong lahat ay makapagsalita ng iba't ibang wika, ngunit higit na gusto kong kayo'y makapagpahayag ng mensaheng mula sa Diyos. Higit na mahalaga ang nagpapahayag ng mensaheng mula sa Diyos kaysa nagsasalita sa iba't ibang mga wika, maliban na lamang kung may magpapaliwanag ng kanyang sinasabi upang makatulong sa pag-unlad ng iglesya.

6 Agora, porém, irmãos, se eu for ter convosco falando em outras línguas, em que vos aproveitarei, se vos não falar por meio de revelação, ou de ciência, ou de profecia, ou de doutrina?

6Kaya, mga kapatid, kung pumunta man ako riyan at magsalita sa inyo sa iba't ibang mga wika, ano ang mapapakinabang ninyo sa akin? Wala! Makikinabang lamang kayo kung tinuturuan ko kayo ng mga pahayag ng Diyos, ng nalalaman ko tungkol sa kanya, ng mga mensaheng mula sa Diyos, at ng mga aral.

7 É assim que instrumentos inanimados, como a flauta ou a cítara, quando emitem sons, se não os derem bem distintos, como se reconhecerá o que se toca na flauta ou cítara?

7Maging sa mga instrumentong walang buhay tulad ng plauta at alpa, paanong malalaman ninuman kung ano ang tinutugtog kung hindi malinaw ang tunog ng mga nota?

8 Pois também se a trombeta der som incerto, quem se preparará para a batalha?

8At kung hindi malinaw ang tunog ng trumpeta, sino ang maghahanda sa pakikipaglaban?

9 Assim, vós, se, com a língua, não disserdes palavra compreensível, como se

9Gayundin naman, paanong malalaman ninuman ang nais ninyong sabihin kung

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

entenderá o que dizeis? Porque estareis como se falásseis ao ar.

10 Há, sem dúvida, muitos tipos de vozes no mundo; nenhum deles, contudo, sem sentido.
11 Se eu, pois, ignorar a significação da voz, serei estrangeiro para aquele que fala; e ele, estrangeiro para mim.

12 Assim, também vós, visto que desejais dons espirituais, procurai progredir, para a edificação da igreja.

13 Pelo que, o que fala em outra língua deve orar para que a possa interpretar.

14 Porque, se eu orar em outra língua, o meu espírito ora de fato, mas a minha mente fica infrutífera.

15 Que farei, pois? Orarei com o espírito, mas também orarei com a mente; cantarei com o espírito, mas também cantarei com a mente.

16 E, se tu bendisseres apenas em espírito, como dirá o indouto o amém depois da tua ação de graças? Visto que não entende o que dizes;

magsasalita kayo sa pamamagitan ng wikang hindi naman nila nauunawaan? Para kayong nakikipag-usap sa hangin.

10Maraming iba't ibang wika sa daigdig, at bawat isa ay may kahulugan,

11ngunit kung hindi ako marunong ng wikang ginagamit ng aking kausap, hindi kami magkakaintindihan.
12Dahil nananabik kayo sa mga kaloob ng Espiritu, sikapin ninyong sumagana kayo sa mga kaloob na makakapagpaunlad sa iglesya.
13Dahil dito, kailangang manalangin ang nagsasalita ng iba't ibang mga wika na bigyan din siya ng kaloob na makapagpaliwanag nito.
14Kung nananalangin ako sa wikang iyan, nananalangin nga ang aking espiritu ngunit walang pakinabang ang aking pag-iisip.
15Ano ang dapat kong gawin? Mananalangin ako sa pamamagitan ng aking espiritu, ngunit gagamitin ko rin ang aking pag-iisip sa aking pananalangin. Ako'y aawit sa pamamagitan ng espiritu, ngunit gagamitin ko rin ang aking pag-iisip sa aking pag-awit.
16Kung nagpapasalamat ka sa Diyos sa pamamagitan ng espiritu lamang, paanong makakapagsabi ng “Amen” ang isang taong naroroon kung hindi niya nauunawaan ang iyong sinasabi?

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

17 porque tu, de fato, dás bem as graças,
mas o outro não é edificado.

18 Dou graças a Deus, porque falo em
outras línguas mais do que todos vós.

19 Contudo, prefiro falar na igreja cinco
palavras com o meu entendimento, para
instruir outros, a falar dez mil palavras em
outra língua.

Os dons em face dos visitantes na igreja

20 Irmãos, não sejais meninos no juízo; na
malícia, sim, sede crianças; quanto ao
juízo, sede homens amadurecidos.

21 Na lei está escrito: Falarei a este povo
por homens de outras línguas e por lábios
de outros povos, e nem assim me ouvirão,
diz o SENHOR.

22 De sorte que as línguas constituem um
sinal não para os crentes, mas para os
incrédulos; mas a profecia não é para os
incrédulos, e sim para os que crêem.

23 Se, pois, toda a igreja se reunir no
mesmo lugar, e todos se puserem a falar
em outras línguas, no caso de entrarem

17Mabuti ang iyong pagpapasalamat,
ngunit hindi nakakatulong sa pag-unlad
ng buhay espirituwal ng iba.
18Nagpapasalamat ako sa Diyos sapagkat
ako'y nakakapagsalita sa iba't ibang mga
wika, higit kaysa sa inyong lahat.
19Ngunit sa pagtitipon ng iglesya, mas
gusto ko pang magsalita ng limang
katagang mauunawaan at makakapagturo
sa iba, kaysa libu-libong salitang wala
namang nakakaunawa.

20Mga kapatid, huwag kayong maging
isip-bata. Maging tulad kayo ng mga
batang walang malay kung tungkol sa
kasamaan, ngunit sa inyong pang-unawa,
maging tulad kayo ng matatanda.
21Ganito ang nakasulat sa Kautusan:
“Sinabi ng Panginoon, ‘Magsasalita ako sa
bayang ito, sa pamamagitan ng mga taong
may ibang wika, sa pamamagitan ng labi
ng mga banyaga, ngunit hindi pa rin nila
ako papakinggan. ’”
22Kung gayon, ang kaloob na
makapagsalita sa iba't ibang mga wika ay
isang palatandaan para sa mga di
sumasampalataya, hindi para sa mga
mananampalataya. Ngunit ang kaloob na
makapagpahayag ng mensaheng mula sa
Diyos ay palatandaan para sa mga
mananampalataya at hindi sa mga di
sumasampalataya.
23Kaya't kung sa pagtitipon ng iglesya ay
nagsasalita ng iba't ibang mga wika ang
lahat, at may dumating na mga taong di
nakakaunawa o di sumasampalataya,

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

indoutos ou incrédulos, não dirão, porventura, que estais loucos?

24 Porém, se todos profetizarem, e entrar algum incrédulo ou indouto, é ele por todos convencido e por todos julgado;

25 tornam-se-lhe manifestos os segredos do coração, e, assim, prostrando-se com a face em terra, adorará a Deus, testemunhando que Deus está, de fato, no meio de vós.

A necessidade de ordem no culto

26 Que fazer, pois, irmãos? Quando vos reunis, um tem salmo, outro, doutrina, este traz revelação, aquele, outra língua, e ainda outro, interpretação. Seja tudo feito para edificação.

27 No caso de alguém falar em outra língua, que não sejam mais do que dois ou quando muito três, e isto sucessivamente, e haja quem interprete.
28 Mas, não havendo intérprete, fique calado na igreja, falando consigo mesmo e com Deus.

29 Tratando-se de profetas, falem apenas dois ou três, e os outros julguem.

hindi kaya nila sasabihing sira ang ulo ninyo?
24Ngunit kung ang lahat ay nagpapahayag ng mensaheng mula sa Diyos, at dumating doon ang isang di nakakaunawa, o di sumasampalataya, makikilala niyang siya'y makasalanan, madarama ang kanyang tunay na kalagayan,

25at malalaman niya ang mga lihim ng kanyang puso. Kaya't luluhod siya, sasamba sa Diyos, at sasabihing, “Talagang ang Diyos ay nasa inyo.”

Kaayusan sa Iglesya

26Ano ngayon ang kahulugan ng lahat ng iyon, mga kapatid? Kung sa inyong pagtitipon ay may umaawit, may nagtuturo, may naghahayag ng kalooban ng Diyos, may nagsasalita sa iba't ibang mga wika, at mayroon namang nagpapaliwanag noon, gawin ninyo ang lahat ng iyan sa ikauunlad ng iglesya.
27Kung may magsasalita sa iba't ibang mga wika, sapat na ang dalawa o tatlo, salit-salitan sila, at kailangang may magpapaliwanag ng kanilang sinasabi.
28Ngunit kung walang magpapaliwanag, manahimik na lamang ang bawat isa at makipag-usap nang sarilinan sa Diyos.
29Hayaang magsalita ang dalawa o tatlong tao na tumanggap ng kaloob na makapagpahayag ng mensaheng mula sa Diyos, at timbangin naman ng iba ang mga sinasabi nila.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

30 Se, porém, vier revelação a outrem que esteja assentado, cale-se o primeiro.

31 Porque todos podereis profetizar, um após outro, para todos aprenderem e serem consolados.

32 Os espíritos dos profetas estão sujeitos aos próprios profetas;

33 porque Deus não é de confusão, e sim de paz. Como em todas as igrejas dos santos,

34 conservem-se as mulheres caladas nas igrejas, porque não lhes é permitido falar; mas estejam submissas como também a lei o determina.

35 Se, porém, querem aprender alguma coisa, interroguem, em casa, a seu próprio marido; porque para a mulher é vergonhoso falar na igreja.

36 Porventura, a palavra de Deus se originou no meio de vós ou veio ela exclusivamente para vós outros?

37 Se alguém se considera profeta ou espiritual, reconheça ser mandamento do SENHOR o que vos escrevo.

30At kung ang isa sa mga nakaupo roon ay tumanggap ng pahayag mula sa Diyos, tumigil muna ang nagsasalita.
31Sapagkat kayong lahat ay maaaring isa-isang magpahayag ng mensaheng mula sa Diyos upang matuto ang lahat at mapalakas ang loob nila.
32Ang kaloob na pagpapahayag ng mensaheng mula sa Diyos ay dapat napipigil ng tumanggap ng kaloob na iyon,
33sapagkat ang Diyos ay di nalulugod sa kaguluhan dahil siya ang Diyos ng kaayusan at kapayapaan. Gaya ng dapat mangyari sa lahat ng iglesya ng mga hinirang ng Diyos,
34ang mga babae ay kailangang manahimik sa mga pagtitipon sa iglesya. Sapagkat hindi ipinapahintulot sa kanila sa ganoong mga pagtitipon ang magsalita; kailangang sila'y pasakop, gaya ng sinasabi ng Kautusan.
35Kung mayroon silang nais malaman, magtanong sila sa kanilang asawa pagdating nila sa bahay; sapagkat kahiya-hiyang magsalita ang isang babae sa loob ng iglesya.
36Inaakala kaya ninyong sa inyo nagmula ang salita ng Diyos, o kayo lamang ang tumanggap nito?
37Kung inaakala ninuman na siya'y tumanggap ng pahayag mula sa Diyos, o anumang kaloob ng Espiritu, dapat niyang kilalanin na ang isinusulat ko sa inyo ay utos ng Panginoon.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

38 E, se alguém o ignorar, será ignorado.

39 Portanto, meus irmãos, procurai com zelo o dom de profetizar e não proibais o falar em outras línguas.

40 Tudo, porém, seja feito com decência e ordem.

38Ang ayaw kumilala nito ay huwag din ninyong kilalanin.
39Kaya, mga kapatid ko, hangarin ninyo na makapagpahayag ng mensaheng mula sa Diyos, ngunit huwag naman ninyong ipagbawal ang pagsasalita sa iba't ibang mga wika.
40Kaya lang, gawin ninyo ang lahat ng bagay sa wasto at maayos na paraan.

1 Coríntios 15

A ressurreição de Cristo, penhor da nossa ressurreição

1 Irmãos, venho lembrar-vos o evangelho que vos anunciei, o qual recebestes e no qual ainda perseverais;

2 por ele também sois salvos, se retiverdes a palavra tal como vo-la preguei, a menos que tenhais crido em vão.

3 Antes de tudo, vos entreguei o que também recebi: que Cristo morreu pelos nossos pecados, segundo as Escrituras,

4 e que foi sepultado e ressuscitou ao terceiro dia, segundo as Escrituras.

5 E apareceu a Cefas e, depois, aos doze.

6 Depois, foi visto por mais de quinhentos irmãos de uma só vez, dos quais a maioria

1 Mga Taga-Corinto 15

Ang Muling Pagkabuhay ni Cristo

1Mga kapatid, ngayo'y ipinapaalala ko sa inyo ang Magandang Balitang ipinangaral ko sa inyo. Iyan ang Magandang Balitang inyong tinanggap at naging saligan ng inyong pananampalataya.
2Naligtas kayo sa pamamagitan nito, kung matatag ninyong pinanghahawakan ang salitang ipinangaral ko sa inyo; dahil kung hindi, walang kabuluhan ang inyong pananampalataya.
3Sapagkat ibinigay ko sa inyo itong pinakamahalagang katuruan na tinanggap ko rin: si Cristo'y namatay dahil sa ating mga kasalanan, bilang katuparan sa sinasabi sa Kasulatan;
4inilibing siya at muling nabuhay sa ikatlong araw, ayon din sa Kasulatan;
5at siya'y nagpakita kay Pedro, at saka sa Labindalawa.
6Pagkatapos, nagpakita siya sa mahigit na limandaang kapatid na nagkakatipon.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

sobrevive até agora; porém alguns já dormem.
7 Depois, foi visto por Tiago, mais tarde, por todos os apóstolos
8 e, afinal, depois de todos, foi visto também por mim, como por um nascido fora de tempo.

9 Porque eu sou o menor dos apóstolos, que mesmo não sou digno de ser chamado apóstolo, pois persegui a igreja de Deus.

10 Mas, pela graça de Deus, sou o que sou; e a sua graça, que me foi concedida, não se tornou vã; antes, trabalhei muito mais do que todos eles; todavia, não eu, mas a graça de Deus comigo.

11 Portanto, seja eu ou sejam eles, assim pregamos e assim crestes.

12 Ora, se é corrente pregar-se que Cristo ressuscitou dentre os mortos, como, pois, afirmam alguns dentre vós que não há ressurreição de mortos?
13 E, se não há ressurreição de mortos, então, Cristo não ressuscitou.

14 E, se Cristo não ressuscitou, é vã a nossa pregação, e vã, a vossa fé;

15 e somos tidos por falsas testemunhas de Deus, porque temos asseverado contra Deus que ele ressuscitou a Cristo, ao qual

Marami sa kanila'y buháy pa hanggang ngayon, subalit patay na ang ilan.
7At nakita rin siya ni Santiago, at ng lahat ng mga apostol.
8Sa kahuli-huliha'y nagpakita rin siya sa akin, kahit na ako'y tulad ng isang batang ipinanganak nang di-kapanahunan.
9Sapagkat ako ang pinakahamak sa mga apostol; ni hindi nga ako karapat-dapat tawaging isang apostol, sapagkat inusig ko ang iglesya ng Diyos.
10Ngunit dahil sa kagandahang-loob niya, ako'y naging isang apostol, at hindi naman nawalan ng kabuluhan ang kaloob niyang ito sa akin. Katunayan, nagpagal ako nang higit kaysa sinuman sa kanila, subalit hindi ito dahil sa sarili kong kakayahan kundi sa dahil sa kagandahang-loob ng Diyos na nasa akin.
11Kaya't maging ako o sila, ito ang ipinapangaral namin, at ito ang pinaniwalaan ninyo.

Ang Muling Pagkabuhay ng mga Patay

12Ngayon, kung ipinapangaral naming si Cristo'y muling nabuhay, bakit sinasabi ng ilan sa inyo na hindi bubuhaying muli ang mga patay?
13Kung totoo iyan, lilitaw na hindi muling binuhay si Cristo.
14At kung si Cristo'y hindi muling binuhay, walang kabuluhan ang aming pangangaral at walang katuturan ang inyong pananampalataya.
15Kung ganoon, lilitaw na kami'y mga sinungaling na saksi ng Diyos dahil pinatotohanan namin na muling binuhay

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

ele não ressuscitou, se é certo que os mortos não ressuscitam.

16 Porque, se os mortos não ressuscitam, também Cristo não ressuscitou.

17 E, se Cristo não ressuscitou, é vã a vossa fé, e ainda permaneceis nos vossos pecados.

18 E ainda mais: os que dormiram em Cristo pereceram.

19 Se a nossa esperança em Cristo se limita apenas a esta vida, somos os mais infelizes de todos os homens.

Cristo, as primícias dos que dormem

20 Mas, de fato, Cristo ressuscitou dentre os mortos, sendo ele as primícias dos que dormem.

21 Visto que a morte veio por um homem, também por um homem veio a ressurreição dos mortos.

22 Porque, assim como, em Adão, todos morrem, assim também todos serão vivificados em Cristo.

23 Cada um, porém, por sua própria ordem: Cristo, as primícias; depois, os que são de Cristo, na sua vinda.

24 E, então, virá o fim, quando ele entregar o reino ao Deus e Pai, quando houver destruído todo principado, bem como toda potestade e poder.

ng Diyos si Cristo ngunit hindi naman pala, kung talagang walang muling pagkabuhay ng mga patay.

16Kung hindi muling binuhay ang mga patay, hindi rin muling binuhay si Cristo.

17At kung hindi muling binuhay si Cristo, kayo'y hindi pa nalilinis sa inyong mga kasalanan at walang katuturan ang inyong pananampalataya.

18Hindi lamang iyan, lilitaw pa na ang lahat ng namatay na sumasampalataya kay Cristo ay napahamak.

19Kung ang pag-asa natin kay Cristo ay para lamang sa buhay na ito, tayo na ang pinakakawawa sa lahat ng tao.

20Ngunit ngayong si Cristo'y muling binuhay, ito'y katibayan na muling bubuhayin ang mga patay.

21Kung paanong dumating ang kamatayan sa pamamagitan ng isang tao, gayundin naman, dumating ang muling pagkabuhay sa pamamagitan din ng isang tao.

22Sapagkat kung paanong mamamatay ang lahat dahil sa kanilang kaugnayan kay Adan, gayundin naman, mabubuhay ang lahat dahil sa kanilang kaugnayan kay Cristo.

23Ngunit ang bawat isa'y may kani-kanyang takdang panahon. Si Cristo ang pinakauna sa lahat; pagkatapos, ang mga kay Cristo sa panahon ng pagparito niya.

24At darating ang wakas, kapag naibigay na ni Cristo ang kaharian sa Diyos Ama, pagkatapos niyang malupig ang lahat ng paghahari, pamahalaan at kapangyarihan.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

25 Porque convém que ele reine até que haja posto todos os inimigos debaixo dos pés.
26 O último inimigo a ser destruído é a morte.

27 Porque todas as coisas sujeitou debaixo dos pés. E, quando diz que todas as coisas lhe estão sujeitas, certamente, exclui aquele que tudo lhe subordinou.

28 Quando, porém, todas as coisas lhe estiverem sujeitas, então, o próprio Filho também se sujeitará àquele que todas as coisas lhe sujeitou, para que Deus seja tudo em todos.

A ressurreição em relação à vida prática

29 Doutra maneira, que farão os que se batizam por causa dos mortos? Se, absolutamente, os mortos não ressuscitam, por que se batizam por causa deles?

30 E por que também nós nos expomos a perigos a toda hora?

31 Dia após dia, morro! Eu o protesto, irmãos, pela glória que tenho em vós outros, em Cristo Jesus, nosso SENHOR.

32 Se, como homem, lutei em Éfeso com feras, que me aproveita isso? Se os mortos não ressuscitam, comamos e bebamos, que amanhã morreremos.

25Sapagkat si Cristo'y dapat maghari hanggang sa malupig niya at lubusang mapasuko ang kanyang mga kaaway.
26Ang kahuli-hulihang kaaway na kanyang lulupigin ay ang kamatayan.
27Ganito ang sinasabi ng kasulatan, “Ang lahat ng bagay ay lubusang ipinailalim ng Diyos sa kanyang kapangyarihan.” Ngunit sa salitang “lahat ng bagay, ” maliwanag na hindi kasama rito ang Diyos na siyang naglagay ng lahat ng bagay sa ilalim ng kapangyarihan ni Cristo.
28At kapag ang lahat ay nasa ilalim na ng kapangyarihan ni Cristo, ang Anak naman ang papailalim sa kapangyarihan ng Diyos na naglagay ng lahat ng bagay sa ilalim ng kapangyarihan niya. Sa gayon, lubusang maghahari ang Diyos sa lahat.

29Kung hindi gayon, ano ang halaga ng pagpapabautismo ng mga tao para sa mga patay? Kung talagang hindi bubuhaying muli ang mga patay, bakit pa nagpapabautismo ang mga tao alang-alang sa kanila?
30At bakit pa kami nalalagay sa panganib sa lahat ng oras?
31Walang araw na di ako nabibingit sa kamatayan, mga kapatid! Sinasabi ko ito sapagkat ikinararangal ko kayo alang-alang kay Cristo Jesus na ating Panginoon!
32Kung ang pakikipaglaban ko sa mababangis na kaaway sa Efeso ay para sa tao lamang, ano ang mapapala ko? Kung hindi rin lamang bubuhaying muli ang

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

33 Não vos enganeis: as más conversações corrompem os bons costumes.

34 Tornai-vos à sobriedade, como é justo, e não pequeis; porque alguns ainda não têm conhecimento de Deus; isto digo para vergonha vossa.

Os ressuscitados terão corpo

35 Mas alguém dirá: Como ressuscitam os mortos? E em que corpo vêm?

36 Insensato! O que semeias não nasce, se primeiro não morrer;

37 e, quando semeias, não semeias o corpo que há de ser, mas o simples grão, como de trigo ou de qualquer outra semente.

38 Mas Deus lhe dá corpo como lhe aprouve dar e a cada uma das sementes, o seu corpo apropriado.

39 Nem toda carne é a mesma; porém uma é a carne dos homens, outra, a dos animais, outra, a das aves, e outra, a dos peixes.

40 Também há corpos celestiais e corpos terrestres; e, sem dúvida, uma é a glória dos celestiais, e outra, a dos terrestres.

41 Uma é a glória do sol, outra, a glória da lua, e outra, a das estrelas; porque até

mga patay, mabuti pa'y sundin na lamang natin ang kasabihang ito, “Kumain tayo at uminom, sapagkat bukas tayo'y mamamatay.”

33Huwag kayong paloloko. “Ang masasamang kasama'y nakakasira ng magagandang ugali.”

34Magpakatino kayo at talikuran ang pagkakasala. Ang iba sa inyo'y hindi kilala ang Diyos. Sinasabi ko ito upang mapahiya kayo.

Ang Uri ng Katawan sa Muling Pagkabuhay

35Subalit may magtatanong, “Paano bubuhaying muli ang mga patay? Ano ang magiging uri ng katawan nila?”

36Hangal! Hindi mabubuhay ang binhing itinatanim hangga't hindi iyon namamatay.

37At ang itinatanim ay hindi halamang malaki na, kundi binhi, tulad ng butil ng trigo, o ng ibang binhi.

38Ang Diyos ang nagbibigay ng katawan sa binhing iyon, ayon sa kanyang kagustuhan; bawat binhi'y binigyan niya ng angkop na katawan.

39At hindi pare-pareho ang laman ng mga nilikhang may buhay; iba ang laman ng tao, iba ang laman ng hayop, iba ang sa mga ibon, at iba ang sa mga isda.

40May mga katawang panlangit at mayroon namang panlupa; iba ang kagandahang panlupa at iba ang kagandahang panlangit.

41Iba ang liwanag ng araw, iba naman ang liwanag ng buwan, at iba rin ang liwanag

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

entre estrela e estrela há diferenças de esplendor.
42 Pois assim também é a ressurreição dos mortos. Semeia-se o corpo na corrupção, ressuscita na incorrupção. Semeia-se em desonra, ressuscita em glória.

43 Semeia-se em fraqueza, ressuscita em poder.

44 Semeia-se corpo natural, ressuscita corpo espiritual. Se há corpo natural, há também corpo espiritual.

45 Pois assim está escrito: O primeiro homem, Adão, foi feito alma vivente. O último Adão, porém, é espírito vivificante.

46 Mas não é primeiro o espiritual, e sim o natural; depois, o espiritual.

47 O primeiro homem, formado da terra, é terreno; o segundo homem é do céu.

48 Como foi o primeiro homem, o terreno, tais são também os demais homens terrenos; e, como é o homem celestial, tais também os celestiais.
49 E, assim como trouxemos a imagem do que é terreno, devemos trazer também a imagem do celestial.

Os vivos serão transformados

50 Isto afirmo, irmãos, que a carne e o sangue não podem herdar o reino de Deus, nem a corrupção herdar a incorrupção.

ng mga bituin, sapagkat maging ang mga bituin ay magkakaiba ang liwanag.
42Ganyan din sa muling pagkabuhay. Ang katawang inilibing ay mabubulok, ngunit di mabubulok kailanman ang katawang muling binuhay;
43pangit at mahina nang ilibing, maganda't malakas kapag muling nabuhay;
44inilibing na katawang panlupa, muling mabubuhay bilang katawang panlangit. Kung may katawang panlupa, mayroon ding katawang panlangit.
45Ganito ang sinasabi sa kasulatan, “Ang unang tao, si Adan, ay nilikhang binigyan ng buhay; ” ang huling Adan ay Espiritung nagbibigay buhay.
46Ngunit hindi nauna ang panlangit; ang panlupa muna bago ang panlangit.
47Ang unang Adan ay mula sa lupa, sapagkat nilikha siya mula sa alabok; ang pangalawang Adan ay mula sa langit.

48Ang katawang panlupa ay katulad ng nagmula sa lupa; ang katawang panlangit ay katulad ng nagmula sa langit.

49Kung paanong tayo'y naging katulad ng taong nagmula sa lupa, matutulad din tayo sa taong nanggaling sa langit.

50Ito ang ibig kong sabihin, mga kapatid, ang binubuo ng laman at dugo ay hindi maaaring makabahagi sa kaharian ng Diyos, at ang katawang panlupa ay di maaaring magmana ng buhay na walang hanggan.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

51 Eis que vos digo um mistério: nem todos dormiremos, mas transformados seremos todos,

52 num momento, num abrir e fechar de olhos, ao ressoar da última trombeta. A trombeta soará, os mortos ressuscitarão incorruptíveis, e nós seremos transformados.

53 Porque é necessário que este corpo corruptível se revista da incorruptibilidade, e que o corpo mortal se revista da imortalidade.

54 E, quando este corpo corruptível se revestir de incorruptibilidade, e o que é mortal se revestir de imortalidade, então, se cumprirá a palavra que está escrita: Tragada foi a morte pela vitória.

55 Onde está, ó morte, a tua vitória? Onde está, ó morte, o teu aguilhão?

56 O aguilhão da morte é o pecado, e a força do pecado é a lei.

57 Graças a Deus, que nos dá a vitória por intermédio de nosso SENHOR Jesus Cristo.

58 Portanto, meus amados irmãos, sede firmes, inabaláveis e sempre abundantes na obra do SENHOR, sabendo que, no SENHOR, o vosso trabalho não é vão.

51Isang hiwaga ang sinasabi ko sa inyo, hindi lahat tayo'y mamamatay ngunit lahat tayo'y babaguhin,
52sa isang sandali, sa isang kisap-mata, kasabay ng huling pag-ihip ng trumpeta. Sapagkat sa pagtunog ng trumpeta, ang mga patay ay muling bubuhayin at di na muling mamamatay. Babaguhin tayong lahat.
53Ang ating katawang nabubulok ay mapapalitan ng hindi nabubulok, at ang katawang namamatay ay mapapalitan ng katawang hindi namamatay.
54Kapag ang nabubulok ay napalitan na ng di nabubulok, at ang may kamatayan ay napalitan na ng walang kamatayan, matutupad na ang sinasabi sa kasulatan: “Nalupig na ang kamatayan; lubos na ang tagumpay!”
55“Nasaan, O kamatayan, ang iyong tagumpay? Nasaan, O kamatayan, ang iyong kamandag?”
56Ang kamandag ng kamatayan ay ang kasalanan, at ang lakas ng kasalanan ay nagmumula sa Kautusan.
57Magpasalamat tayo sa Diyos, sapagkat tayo'y binibigyan niya ng tagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo!
58Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, magpakatatag kayo at huwag matinag. Maging masipag kayo sa paglilingkod sa Panginoon, dahil alam ninyong hindi masasayang ang inyong paghihirap para sa kanya.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

1 Coríntios 16

Acerca da coleta para os necessitados da Judeia

1 Quanto à coleta para os santos, fazei vós também como ordenei às igrejas da Galácia.

2 No primeiro dia da semana, cada um de vós ponha de parte, em casa, conforme a sua prosperidade, e vá juntando, para que se não façam coletas quando eu for.

3 E, quando tiver chegado, enviarei, com cartas, para levarem as vossas dádivas a Jerusalém, aqueles que aprovardes.
4 Se convier que eu também vá, eles irão comigo.

Os projetos de Paulo

5 Irei ter convosco por ocasião da minha passagem pela Macedônia, porque devo percorrer a Macedônia.
6 E bem pode ser que convosco me demore ou mesmo passe o inverno, para que me encaminheis nas viagens que eu tenha de fazer.
7 Porque não quero, agora, ver-vos apenas de passagem, pois espero permanecer convosco algum tempo, se o SENHOR o permitir.
8 Ficarei, porém, em Éfeso até ao Pentecostes;
9 porque uma porta grande e oportuna para o trabalho se me abriu; e há muitos adversários.

Acerca de Timóteo e Apolo

1 Mga Taga-Corinto 16

Tulong sa mga Kapatid sa Judea

1Tungkol naman sa tulong para sa mga kapatid sa Jerusalem, gawin ninyo iyon ayon sa sinabi ko sa mga iglesya sa Galacia.
2Tuwing unang araw ng sanlinggo, ang bawat isa ay maglaan ng bahagi ng kanyang kinikita at ipunin iyon upang huwag nang manghingi pa ng tulong pagpunta ko riyan.
3Pagdating ko riyan, bibigyan ko ng sulat ang mga taong pipiliin ninyo upang magdala ng inyong tulong sa Jerusalem.
4At kung kailangang pumunta rin ako, sasama ako sa kanila.

Mga Balak ni Pablo

5Pupunta ako riyan pagkagaling ko sa Macedonia, sapagkat binabalak kong dumaan doon.
6Magtatagal ako riyan at maaaring diyan na ako magpapalipas ng taglamig upang ako'y matulungan ninyo saan man ako pupunta.

7Ayaw kong ako'y dadaan lamang diyan; nais kong magtagal nang kaunti kung loloobin ng Panginoon.

8Titigil ako sa Efeso hanggang sa araw ng Pentecostes
9dahil may magandang pagkakataon dito para sa paglilingkod, kahit na maraming humahadlang.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

10 E, se Timóteo for, vede que esteja sem
receio entre vós, porque trabalha na obra
do SENHOR, como também eu;

11 ninguém, pois, o despreze. Mas
encaminhai-o em paz, para que venha ter
comigo, visto que o espero com os irmãos.

12 Acerca do irmão Apolo, muito lhe tenho
recomendado que fosse ter convosco em
companhia dos irmãos, mas de modo
algum era a vontade dele ir agora; irá,
porém, quando se lhe deparar boa
oportunidade.

As exortações finais

13 Sede vigilantes, permanecei firmes na
fé, portai-vos varonilmente, fortalecei-vos.

14 Todos os vossos atos sejam feitos com
amor.

Estéfanas, Fortunato e Acaico

15 E agora, irmãos, eu vos peço o seguinte
(sabeis que a casa de Estéfanas são as
primícias da Acaia e que se consagraram
ao serviço dos santos):

16 que também vos sujeiteis a esses tais,
como também a todo aquele que é
cooperador e obreiro.

17 Alegro-me com a vinda de Estéfanas, e
de Fortunato, e de Acaico; porque estes
supriram o que da vossa parte faltava.

10Pagdating diyan ni Timoteo, ipadama
ninyo ang inyong pagtanggap sa kanya
upang mapanatag ang kanyang kalooban,
sapagkat siya'y tulad kong naglilingkod sa
Panginoon.
11Huwag ninyo siyang maliitin, sa halip ay
tulungan ninyo upang makabalik siya sa
akin nang mapayapa, sapagkat hinihintay
ko siya kasama ng mga kapatid.
12Tungkol naman sa ating kapatid na si
Apolos, kinausap ko siyang mabuti upang
dalawin kayo kasama ng ibang mga
kapatid. Ngunit hindi pa siya
makakapunta ngayon. Saka na siya
dadalaw sa inyo kapag nagkaroon ng
pagkakataon.

Pangwakas na Pananalita

13Maging handa kayo at magpakatatag sa
inyong pananampalataya. Maging
matapang kayo at magpakatibay,
14at ang lahat ng ginagawa ninyo'y gawin
ninyo nang may pagmamahal.

15Mga kapatid, alam ninyong ang
sambahayan ni Estefanas ang unang
nakakilala sa Panginoon sa Acaya, at
itinalaga nila ang kanilang sarili sa
paglilingkod para sa mga hinirang ng
Diyos. Nakikiusap ako sa inyo na
16kayo'y pasakop sa mga tulad nila at sa
sinumang kasama nilang nagpapakahirap
sa paglilingkod.
17Nagagalak ako sa pagdating nina
Estefanas, Fortunato, at Acaico, sapagkat
ginagawa nila ang hindi ninyo magawâ
para sa akin.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

18 Porque trouxeram refrigério ao meu espírito e ao vosso. Reconhecei, pois, a homens como estes.

Saudações e a bênção

19 As igrejas da Ásia vos saúdam. No SENHOR, muito vos saúdam Áqüila e Priscila e, bem assim, a igreja que está na casa deles.

20 Todos os irmãos vos saúdam. Saudai-vos uns aos outros com ósculo santo.

21 A saudação, escrevo-a eu, Paulo, de próprio punho.

22 Se alguém não ama o SENHOR, seja anátema. Maranata!

23 A graça do SENHOR Jesus seja convosco.

24 O meu amor seja com todos vós, em Cristo Jesus.

18Sila ang nagpasigla sa akin, gayundin sa inyo. Pahalagahan ninyo ang ganitong uri ng mga tao.

19Kinukumusta kayo ng mga iglesya sa Asia. Kinukumusta rin kayo nina Aquila at Priscila, at ng mga kapatid na nagtitipon sa kanilang bahay sa pangalan ng Panginoon.

20Kinukumusta rin kayo ng lahat ng kapatid dito. Magbatian kayo bilang magkakapatid kay Cristo.

21Ako mismong si Pablo ang sumusulat ng pagbating ito.

22Sumpain ang sinumang walang pag-ibig sa Panginoon! *Marana tha*—Dumating ka nawa, Panginoon namin!

23Sumainyo nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus.

24Sumainyong lahat ang aking pagmamahal sa pangalan ni Cristo Jesus.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

Segunda epístola de Paulo aos Coríntios

2 Coríntios 1

Prefácio e saudação

1 Paulo, apóstolo de Cristo Jesus pela vontade de Deus, e o irmão Timóteo, à igreja de Deus que está em Corinto e a todos os santos em toda a Acaia,

2 graça a vós outros e paz, da parte de Deus, nosso Pai, e do SENHOR Jesus Cristo.

Ação de graças de Paulo pelo conforto divino

3 Bendito seja o Deus e Pai de nosso SENHOR Jesus Cristo, o Pai de misericórdias e Deus de toda consolação!

4 É ele que nos conforta em toda a nossa tribulação, para podermos consolar os que estiverem em qualquer angústia, com a consolação com que nós mesmos somos contemplados por Deus.

5 Porque, assim como os sofrimentos de Cristo se manifestam em grande medida a nosso favor, assim também a nossa consolação transborda por meio de Cristo.

6 Mas, se somos atribulados, é para o vosso conforto e salvação; se somos confortados, é também para o vosso conforto, o qual se torna eficaz, suportando vós com paciência os mesmos sofrimentos que nós também padecemos.

7 A nossa esperança a respeito de vós está firme, sabendo que, como sois

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil

2 Mga Taga-Corinto

2 Mga Taga-Corinto 1

1 Mula kay Pablo na isang apostol ni Cristo
Jesus ayon sa kalooban ng Diyos, at mula
rin sa ating kapatid na si Timoteo— Para
sa iglesya ng Diyos sa Corinto at sa mga
hinirang ng Diyos, na nasa buong Acaya.
2 Sumainyo nawa ang pagpapala at ang
kapayapaang mula sa Diyos na ating Ama
at sa Panginoong Jesu-Cristo.

Pasasalamat ni Pablo

3 Purihin natin ang Diyos at Ama ng ating
Panginoong Jesu-Cristo, ang mahabaging
Ama at Diyos na pinagmumulan ng lahat
ng kaaliwan.
4 Inaaliw niya tayo sa ating mga
kapighatian upang sa pamamagitan ng
kaaliwang tinanggap natin sa kanya ay
makatulong naman tayo sa mga
nahahapis.
5 Sapagkat kung gaano karami ang aming
paghihirap dahil sa aming pakikipag-isa
kay Cristo, gayundin naman karami ang
aming kaaliwan kay Cristo.
6 Kung naghihirap man kami, ito'y para sa
ikaaaliw at ikaliligtas ninyo. Kapag
naaaliw kami, kayo ma'y naaaliw rin at
lumalakas upang inyong matiis ang mga
kapighatiang dinaranas ninyo tulad
namin.
7 Kaya't matibay ang aming pag-asa para sa
inyo, sapagkat alam naming kung
paanong kahati kayo sa aming kahirapan,

Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

participantes dos sofrimentos, assim o sereis da consolação.

8 Porque não queremos, irmãos, que ignoreis a natureza da tribulação que nos sobreveio na Ásia, porquanto foi acima das nossas forças, a ponto de desesperarmos até da própria vida.

9 Contudo, já em nós mesmos, tivemos a sentença de morte, para que não confiemos em nós, e sim no Deus que ressuscita os mortos;

10 o qual nos livrou e livrará de tão grande morte; em quem temos esperado que ainda continuará a livrar-nos,

11 ajudando-nos também vós, com as vossas orações a nosso favor, para que, por muitos, sejam dadas graças a nosso respeito, pelo benefício que nos foi concedido por meio de muitos.

A sinceridade de Paulo

12 Porque a nossa glória é esta: o testemunho da nossa consciência, de que, com santidade e sinceridade de Deus, não com sabedoria humana, mas, na graça divina, temos vivido no mundo e mais especialmente para convosco.

13 Porque nenhuma outra coisa vos escrevemos, além das que ledes e bem compreendeis; e espero que o compreendereis de todo,

14 como também já em parte nos compreendestes, que somos a vossa glória,

magiging kahati rin kayo sa aming kaaliwan.

8Mga kapatid, nais naming malaman ninyo ang mga kapighatiang dinanas namin sa Asia. Napakabigat ng aming dinanas, anupa't akala namin ay mamamatay na kami.

9Para kaming hinatulan ng kamatayan. Subalit nangyari iyon upang huwag kaming manalig sa aming sarili, kundi sa Diyos na muling bumubuhay sa mga patay.

10Iniligtas niya kami sa malagim na kamatayan, at patuloy na ililigtas. Kami'y umaasa rin na patuloy niya kaming ililigtas

11sa tulong ng inyong mga panalangin. Sa gayon, marami ang magpapasalamat sa Diyos dahil sa pagpapala niya sa amin bilang tugon sa panalangin ng marami.

Nagbago ng Balak si Pablo

12Ito ang aming ipinagmamalaki at pinapatunayan naman ng aming budhi: tapat at walang pagkukunwari ang aming pakikisama sa lahat, lalo na sa inyo. Subalit nagawa namin ito sa tulong ng Diyos at hindi sa pamamagitan ng karunungan ng tao.

13Isinulat namin sa inyo iyon lamang kaya ninyong basahin at unawain. Gayon pa man, hindi pa rin ninyo kami lubos na maunawaan.

14Ngunit umaasa akong mauunawaan din ninyo kami, upang sa araw ng ating Panginoong Jesus ay maipagmalaki ninyo

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

como igualmente sois a nossa no Dia de Jesus, nosso SENHOR.

Paulo explica a sua demora em ir a Corinto

15 Com esta confiança, resolvi ir, primeiro, encontrar-me convosco, para que tivésseis um segundo benefício;

16 e, por vosso intermédio, passar à Macedônia, e da Macedônia voltar a encontrar-me convosco, e ser encaminhado por vós para a Judéia.

17 Ora, determinando isto, terei, porventura, agido com leviandade? Ou, ao deliberar, acaso delibero segundo a carne, de sorte que haja em mim, simultaneamente, o sim e o não?

18 Antes, como Deus é fiel, a nossa palavra para convosco não é sim e não.

19 Porque o Filho de Deus, Cristo Jesus, que foi, por nosso intermédio, anunciado entre vós, isto é, por mim, e Silvano, e Timóteo, não foi sim e não; mas sempre nele houve o sim.

20 Porque quantas são as promessas de Deus, tantas têm nele o sim; porquanto também por ele é o amém para glória de Deus, por nosso intermédio.

21 Mas aquele que nos confirma convosco em Cristo e nos ungiu é Deus,

22 que também nos selou e nos deu o penhor do Espírito em nosso coração.

kami kung paanong ipinagmamalaki namin kayo.

15Dahil sa natitiyak ko ito, binalak kong pumunta muna diyan upang lalo kayong pagpalain.

16Binalak kong dalawin muna kayo diyan bago pumunta sa Macedonia, at dumaan muli sa pagbabalik ko galing doon upang matulungan ninyo ako sa pagpunta ko sa Judea.

17Ako ba'y nagdadalawang-isip nang balakin ko ito? Ako ba'y nagpaplanong tulad ng mga taga-sanlibutan, na nagsasabi ng “Oo” at pagkatapos ay hindi naman pala?

18Kung paanong ang Diyos ay tapat, gayundin ang salita ko sa inyo, ang “Oo” ko ngayon ay mananatiling “Oo”.

19Ang Anak ng Diyos, na si Jesu-Cristo, na ipinangaral namin nina Silvano at Timoteo, ay hindi “Oo” at “Hindi” dahil lagi siyang “Oo, ”

20sapagkat kay Cristo, ang lahat ng pangako ng Diyos ay palaging “Oo”. Dahil sa kanya, nakakasagot tayo ng “Amen” para sa ikaluluwalhati ng Diyos.

21Ang Diyos ang nagpapatibay sa amin at sa inyo sa pamamagitan ng pakikipag-isa kay Cristo, at siya rin ang humirang sa amin.

22Nilagyan niya kami ng kanyang tatak at pinagkalooban ng kanyang Espiritu bilang patunay na tutuparin niya ang kanyang mga ipinangako.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

23 Eu, porém, por minha vida, tomo a Deus
por testemunha de que, para vos poupar,
não tornei ainda a Corinto;

24 não que tenhamos domínio sobre a
vossa fé, mas porque somos cooperadores
de vossa alegria; porquanto, pela fé, já
estais firmados.

2 Coríntios 2

1 Isto deliberei por mim mesmo: não
voltar a encontrar-me convosco em
tristeza.

2 Porque, se eu vos entristeço, quem me
alegrará, senão aquele que está
entristecido por mim mesmo?

3 E isto escrevi para que, quando for, não
tenha tristeza da parte daqueles que
deveriam alegrar-me, confiando em todos
vós de que a minha alegria é também a
vossa.

4 Porque, no meio de muitos sofrimentos e
angústias de coração, vos escrevi, com
muitas lágrimas, não para que ficásseis
entristecidos, mas para que conhecêsseis o
amor que vos consagro em grande medida.

O penitente deve ser readmitido na igreja

5 Ora, se alguém causou tristeza, não o fez
apenas a mim, mas, para que eu não seja

23Saksi ko ang Diyos, alam niya ang laman
ng aking puso. Hindi muna ako pumunta
riyan sa Corinto sapagkat kayo rin ang
inaalala ko.
24Hindi sa nais naming pangunahan kayo
sapagkat alam naming sinisikap ninyong
maging matatag sa pananampalataya.
Nais lamang naming tumulong upang
maging maligaya kayo.

2 Mga Taga-Corinto 2

1Sapagkat ipinasya kong huwag na
munang pumunta riyan upang hindi kayo
muling madulutan ng kalungkutan.

2Dahil kung dudulutan ko kayo ng
kalungkutan, sino pa ang aaliw sa akin?
Hindi ba't kayo rin?
3Kaya sumulat muna ako sa inyo, ayaw
kong sa pagpunta ko riyan ay dulutan ng
lungkot ang mga taong dapat magpaligaya
sa akin. Sapagkat natitiyak kong ang aking
kaligayahan ay kaligayahan din ninyong
lahat.
4Ang puso ko'y puno ng kalungkutan at
pag-aalala nang sulatan ko kayo, at
maraming luha ang tumulo habang
sinusulat ko iyon. Sumulat ako sa inyo
hindi upang kayo'y dulutan ng
kalungkutan kundi upang ipadama kung
gaano kalaki ang aking pagmamahal sa
inyo.

Patawarin ang Nagkasala

5Kung may nagdulot ng kalungkutan
kaninuman, hindi ito sa akin ginawa;
hindi sa pinalalaki ko ang bagay na ito,

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

demasiadamente áspero, digo que em parte a todos vós;

6 basta-lhe a punição pela maioria.

7 De modo que deveis, pelo contrário, perdoar-lhe e confortá-lo, para que não seja o mesmo consumido por excessiva tristeza.

8 Pelo que vos rogo que confirmeis para com ele o vosso amor.

9 E foi por isso também que vos escrevi, para ter prova de que, em tudo, sois obedientes.

10 A quem perdoais alguma coisa, também eu perdôo; porque, de fato, o que tenho perdoado (se alguma coisa tenho perdoado), por causa de vós o fiz na presença de Cristo;

11 para que Satanás não alcance vantagem sobre nós, pois não lhe ignoramos os desígnios.

A intranquilidade de Paulo não encontrando Tito

12 Ora, quando cheguei a Trôade para pregar o evangelho de Cristo, e uma porta se me abriu no SENHOR,

13 não tive, contudo, tranqüilidade no meu espírito, porque não encontrei o meu irmão Tito; por isso, despedindo-me deles, parti para a Macedônia.

A vitória de Cristo no ministério apostólico

14 Graças, porém, a Deus, que, em Cristo, sempre nos conduz em triunfo e, por meio

pero ang totoo, kayong lahat ang dinulutan niya ng kalungkutan.

6Sapat na ang parusang iginawad sa kanya ng nakararami sa inyo.

7Dapat na ninyo siyang patawarin at aliwin upang hindi naman siya tuluyang masiraan ng loob.

8Kaya nakikiusap akong ipadama ninyo sa kanya na siya'y mahal pa rin ninyo.

9Ang isa pang dahilan ng pagsulat ko sa inyo noon ay upang subukin kayo at alamin kung sinusunod ninyo ang lahat ng ipinangaral ko sa inyo.

10Ang sinumang pinatawad ninyo ay pinatawad ko na rin. Ang pinatawad ko, kung mayroon man akong dapat patawarin, ay pinatawad ko na sa harapan ni Cristo alang-alang sa inyo,

11upang hindi tayo malinlang ni Satanas at hindi naman lingid sa atin ang gusto niyang mangyari.

Hindi Mapanatag si Pablo sa Troas

12Nang dumating ako sa Troas upang mangaral ng Magandang Balita tungkol kay Cristo, binigyan ako ng Panginoon ng magandang pagkakataon upang maisagawa iyon.

13Ngunit hindi rin ako mapanatag sapagkat hindi ko natagpuan doon si Tito na ating kapatid. Kaya ako'y nagpaalam sa mga tagaroon at nagtuloy sa Macedonia.

Nagtagumpay Dahil kay Cristo

14Ngunit salamat sa Diyos at lagi niya kaming isinasama sa parada ng tagumpay ni Cristo, dahil sa aming pakikipag-isa sa

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

de nós, manifesta em todo lugar a fragrância do seu conhecimento.

15 Porque nós somos para com Deus o bom perfume de Cristo, tanto nos que são salvos como nos que se perdem.

16 Para com estes, cheiro de morte para morte; para com aqueles, aroma de vida para vida. Quem, porém, é suficiente para estas coisas?

17 Porque nós não estamos, como tantos outros, mercadejando a palavra de Deus; antes, em Cristo é que falamos na presença de Deus, com sinceridade e da parte do próprio Deus.

2 Coríntios 3

A excelência do ministério da nova aliança

1 Começamos, porventura, outra vez a recomendar-nos a nós mesmos? Ou temos necessidade, como alguns, de cartas de recomendação para vós outros ou de vós?

2 Vós sois a nossa carta, escrita em nosso coração, conhecida e lida por todos os homens,

3 estando já manifestos como carta de Cristo, produzida pelo nosso ministério, escrita não com tinta, mas pelo Espírito do Deus vivente, não em tábuas de pedra,

kanya. At sa pamamagitan namin ay pinalalaganap ng Diyos sa lahat ng dako ang mabangong halimuyak ng pagkakilala sa kanya.

15Para kaming mabangong samyo ng insensong inihahandog ni Cristo sa Diyos at nalalanghap naman ng mga naliligtas at ng mga napapahamak.

16Sa mga napapahamak, ito'y parang alingasaw na nakamamatay, ngunit sa mga naliligtas, ito'y halimuyak na nagdudulot ng buhay. Sino ang may sapat na kakayahang gumawa ng mga bagay na ito?

17Hindi kami katulad ng iba riyan na kinakalakal ang salita ng Diyos. Sa halip, bilang sugo ng Diyos at lingkod ni Cristo, buong katapatang ipinapangaral namin ito.

2 Mga Taga-Corinto 3

Mga Lingkod ng Bagong Tipan

1Akala ba ninyo'y pinupuri na naman namin ang aming sarili? Kami ba'y tulad ng iba na nangangailangan pa ng rekomendasyon para sa inyo o mula sa inyo?

2Kayo na mismo ang aming rekomendasyon, kayo na nakasulat sa aming puso at makikilala at mababasa ng lahat.

3Maliwanag na kayo ang sulat ni Cristo, ang sulat na ipinadala niya sa pamamagitan namin, hindi nakasulat sa pamamagitan ng tinta, kundi isinulat ng

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

mas em tábuas de carne, isto é, nos corações.

4 E é por intermédio de Cristo que temos tal confiança em Deus;

5 não que, por nós mesmos, sejamos capazes de pensar alguma coisa, como se partisse de nós; pelo contrário, a nossa suficiência vem de Deus,

6 o qual nos habilitou para sermos ministros de uma nova aliança, não da letra, mas do espírito; porque a letra mata, mas o espírito vivifica.

7 E, se o ministério da morte, gravado com letras em pedras, se revestiu de glória, a ponto de os filhos de Israel não poderem fitar a face de Moisés, por causa da glória do seu rosto, ainda que desvanecente,

8 como não será de maior glória o ministério do Espírito!

9 Porque, se o ministério da condenação foi glória, em muito maior proporção será glorioso o ministério da justiça.

Espiritu ng Diyos na buháy, at hindi sa mga tapyas na bato kundi sa puso ng mga tao.

4Nasasabi namin ito dahil kami ay may pagtitiwala sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo.

5Kung sa aming sarili lamang ay wala kaming kakayahang gawin ito; subalit ang aming kakayahan ay kaloob ng Diyos.

6Binigyan niya kami ng kakayahang maging lingkod ng bagong tipan, isang kasunduang hindi nababatay sa kautusang nakasulat kundi sa Espiritu. Sapagkat ang kautusang nakasulat ay nagdudulot ng kamatayan, ngunit ang Espiritu'y nagbibigay-buhay.

7Nang ibigay ang Kautusang nakaukit sa mga tapyas ng bato, nahayag ang kaluwalhatian ng Diyos, kaya nga hindi matingnan ng mga Israelita ang mukha ni Moises kahit na ang liwanag na iyon sa mukha niya ay pansamantala lamang. Kung ang paglilingkod na batay sa Kautusang nakaukit sa bato, at nagdadala ng kamatayan, ay dumating na may kalakip na gayong kaluwalhatian,

8gaano pa kaya ang kaluwalhatian ng paglilingkod ayon sa Espiritu?

9Kung may kaluwalhatian ang paglilingkod na nagdudulot ng hatol na kamatayan, lalo pang maluwalhati ang paglilingkod na nagdudulot ng pagpapawalang-sala.

Edição Revista e Atualizada
@1959, 1993 Sociedade Bíblica do Brasil
Sociedade Bíblica do Brasil
Magandang Balita Biblia Revised
© 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

10 Porquanto, na verdade, o que, outrora, foi glorificado, neste respeito, já não resplandece, diante da atual sobreexcelente glória.
11 Porque, se o que se desvanecia teve sua glória, muito mais glória tem o que é permanente.

Onde há o Espírito do Senhor, aí há liberdade

12 Tendo, pois, tal esperança, servimo-nos de muita ousadia no falar.
13 E não somos como Moisés, que punha véu sobre a face, para que os filhos de Israel não atentassem na terminação do que se desvanecia.

14 Mas os sentidos deles se embotaram. Pois até ao dia de hoje, quando fazem a leitura da antiga aliança, o mesmo véu permanece, não lhes sendo revelado que, em Cristo, é removido.

15 Mas até hoje, quando é lido Moisés, o véu está posto sobre o coração deles.

16 Quando, porém, algum deles se converte ao SENHOR, o véu lhe é retirado.

17 Ora, o SENHOR é o Espírito; e, onde está o Espírito do SENHOR, aí há liberdade.

